Philippine Normal University
Publication Office Online Commons
Graduate Dissertations
CGSTER

March 2015

# Kapangyarihan at Ideolohiya: Isang Kritikal Diskors Analisis sa mga Piling Talumpati ni Pnoy

Rico C. Tarectecan
*Philippine Normal University*

Follow this and additional works at
pnu-onlinecommons.org/omp/index.php



Online Commons Citation

Tarectecan, R.C., Ampil, R.D.L. (2015)
Kapangyarihan at ideolohiya: isang kritikal diskors analisis sa mga piling talumpati ni pnoy
(Dissertation, Philippine Normal University)
Retrieved from pnu-onlinecommons.org/omp/index.php/pnu-oc/catalog/book/311

# KAPANGYARIHAN AT IDEOLOHIYA: ISANG KRITIKAL DISKORS ANALISIS SA MGA PILING TALUMPATI NI PNOY

---

**Isang Disertasyon na iniharap sa**

**Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral at Pananaliksik sa Panggurong Edukasyon**

**Pamantasang Normal ng Pilipinas**

**Taft Avenue, Maynila**

---

**Bilang Bahaging Katuparan ng mga Pangangailangan sa**

**Pagtatamo ng Doktor ng Pilosopiya sa Filipino**

**ni**

**RICO CATUGAS TARECTECAN**

**MARSO 2015**

## DAHON NG PAGPAPATIBAY

Bilang bahaging katuparan sa mga pangangailangan sa pagtatamo ng titulong Doktor ng Pilosopiya, na may espesyalisasyon sa Filipino, ang disertasyon na ito na pinamagatang: **KAPANGYARIHAN AT IDEOLOHIYA: ISANG KRITIKAL DISKORS ANALISIS SA MGA PILING TALUMPATI NI PNOY** ay inihanda at iniharap ni **RICO C. TARECTECAN**at itinatagubilin ng tagapayo sa kaukulang Pasalitang Pagsusulit.

**ROBERTO DL. AMPIL, Ph.D.**
**Tagapayo**

Pinagtibay bilang bahagi ng mga gawaing kailangan sa pagtatamo ng titulong Doktor ng Pilosopiya, na may espesyalisasyon sa Filipino.

**ZENAIDA Q. REYES, Ph.D.**
Tagapangulo

**ARCELI M. AMARLES, Ph.D**
**Kagawad**

**AURORA E. BATNAG, Ph.D.**
**Kagawad**

**GINA O. GONONG, Ph.D.**
**Kagawad**

**EMMANUEL S. GONZALES, Ph.D.**
**Kagawad**

Tinanggap bilang isang bahagi ng mga kailangan sa pagtatamo ng titulong Doktor ng Pilosopiya sa Filipino.

___________________
Petsa

**ZENAIDA Q. REYES, Ph.D.**
Dekana
Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral at
Pananaliksik sa Panggurong Edukasyon

## PAGHAHANDOG

TAUS-PUSONG INAALAY KO ANG DISERTASYONG ITO SA AKING MGA MAGULANG

**NICOLAS ESPAÑOL TARECTECAN (+)**

**ADELAIDA CATUGAS TARECTECAN (+)**

SA AKING MGA KAPATID

**ANGELINA T. LEONCIO, ANGELITA T. ACALLAR,**
**RODOLFO C. TARECTECAN, ANDREA T. GUTIERREZ,**
**REYNALDO C. TARECTECAN, JUANITO C. TARECTECAN,**
**TRINIDAD T. JUBILO, MARIO C. TARECTECAN,**
**BLANCA T. ROSALES**

SA AKING ANAK

**XIAN EVAN KAEL R. TARECTECAN**

SA NAGING BAHAGI NG AKING BUHAY

**ANNA ERIKA R. REYES (+)**

SA AKING MGA PAMANGKIN

SA AKING MGA BAYAW AT HIPAG

SA AKING MGA MAG-AARAL

SA AKING MGA KAPWA GURO

SA MGA TAONG PATULOY NA NAGMAMAHAL SA **WIKANG FILIPINO**

AT

HIGIT SA LAHAT SA …

**DIYOS AMA, DIYOS ANAK AT DIYOS ESPIRITU SANTO**

***OCIR C. NACETCERAT***

***Pagkilala***

Isang Taos-pusong pasasalamat at pagkilala ang aking nais na ipinaabot sa mga taong nagbigay ng panahon at kanilang makakaya na walang pag-aalinlangan na tumulong sa akin upang matapos ko ang aking pag-aaral gaya ng mga sumusunod:

**Dr. Roberto De Lara Ampil** ng Pamantasan ng Sto. Tomas na aking kaklase, kaibigan, kumpare at Tagapayo sa kanyang mga tagubilin, paalala at matiyagang pagsubaybay, pagsusuri ng isinasagawang disertasyon upang matapos nang matagumpay ang naturang pananaliksik.

**Dr. Aurora E. Batnag** ang aking guro sa Pamantasang Normal ng Pilipinas sa kanyang mga payo at mungkahi kaugnay sa paksa na isasagawa sa pananaliksik.

**Dr. Merry Ruth Gutierrez** sa kanyang walang sawang pagsubaybay sa amin nina Demetrio at Alejandro upang matapos ang aming pasalitang pagsusulit.

**Dr. Demetrio Bautista** ng Lyceum of The Philippine-Batangas, ang aking kamag-aral na laging naririyan upang magbigay ng inspirasyon upang tapusin ang pag-aaral dahil sa kanyang mga kuwento, tawanan at mga bagay na magpapadali sa aming pag-aaral ng dokturado.

**Prof. Alejandro Rosales** ng Lyceum of The Philippine–Batangas, ang aking kamag-aral na walang sawang magbigay ng payo, opinyon at pag-aasikaso ng mga kinakailangan sa aming gawain sa pag-aaral sa pamantasan upang matapos ang naturang pag-aaral.

**Ma'am Edna Manginsay, Ma'm Elsa Borja, Ma'am Myrna Calmian, Ma'am Meryll Calindro, Ma'am Chona Navarro, Ma'am Malou Yogyog, Ma'am Ligaya Del Rosario, Ma'am Malou De Guzman** ang aking mga kamag-aral at batch mate sa Pamantasang Normal ng Pilipinas, na naging kasama ko sa pukpukan ng pag-aaral na may ngiti sa gitna ng napakaraming mga takdang- aralin, gawain at pananaliksik sa dokturado.

**Prof. Rossana Mendoza**, ang aking Department Head, College of Arts and Sciences sa University of the East (Caloocan) sa kanyang pagtitiwala sa aking kakayahan at pagbibigay ng payo na tapusin ang aking pag-aaral.

**Dr. Darwin M. Giuanan** ang aking kumpare at kasamang Prof. sa University of the East, Caloocan na naglalaan ng mga panahon upang mag-ambag ng mga konsepto upang maging malinaw ang sinagawang pananaliksik.

**Ma'am Gloria Zuñiga, Ma'am Evelyn Panti, Ma'am Marilou Alonzo, Ma'am Angelina Hugo, Sir. Enrico Pilonggo**, ang aking mga kapwa guro sa University of the East, Caloocan sa kanilang pagtitiwala sa akin at pagbibigay ng payo upang tapusin ang aking pag-aaral.

**Dr. Maria Cristina A. Robles,** ang aking Principal sa Navotas National High School na laging sumusuporta sa lahat ng aking gawaing pampaaralan upang hindi makadagdag sa aking alalahanin kaugnay sa isinasagawang pananaliksik.

**Josephine O. Fuentes** ang aking co-teacher sa Navotas National High School na naglaan ng panahon upang isalin sa wikang Ingles ang abstak ng aking pananaliksik.

**Gina B. Valdez,** ang aking kasamang guro sa kagawaran ng Filipino sa Navotas National High School na nagbigay ng panahon at nagpuyat upang isalin sa wikang Ingles ang ilang bahagi ng abstrak, gayundin ang pag-eedit ng naturang disertasyon.

**Betty D. Habig,** ang aking co-teacher sa Navotas National High School na tumulong upang isalin sa Ingles ang ilang bahagi ng aking isinasagawang pananaliksik.

**Juriz A. De Mesa,** ang aking kumare at co-teacher sa Navotas National High School na laging nariyan upang magbigay impormasyon ukol sa aking mga kagawaing pampaaralan gayundin sa araw ng pagpapatala sa Pamantasang Normal ng Pilipinas .

**Marco Meduranda** ang aking kumpare at co-teacher sa Navotas National High School na nag-ambag ng ilang konsepto upang maging komprehensibo ang sinagawang pananaliksik.

**Menchie Ramos,** ang aking co-teacher sa Navotas National High School na naglaan ng panahon upang isalin sa ingles ang mga datos na aking nakalap upang maisima sa isinagawang pananaliksik.

**Felix Ternida B. Jr**. ang aking kaibigan, kumpare at guro sa Navotas National High School na laging nagsusubaybay, nagbibigay ng payo na tapusin ko ang aking pag-aaral sa dokturado.

**Francis A. Hechanova,** ang aking kasamang guro sa Filipino sa Navotas National High School na laging tumutulong upang maging katuwang ko sa mga mabibigat na dalahin na kinakailangan ko para sa aking pasalitang pagsusulit.

**Dr. Florabel F. Santos, Mrs. Marita D. Aquino, Ms. Ann Laura G. Sengco, Mr. Ronaldo B. Hong, Mr. Mario M. Siason, Mr. Rolando C. Delgado, at Mr. Perfecto O. Cincollagas**, mga kapwa ko Puno ng Kagawaran sa Navotas National High School na laging nagpapaalala sa akin na tapusin ang pag-aaral ng dokturado.

**Trinidad Tarectecan Jubilo** ang aking kapatid na lagi kung nalalapitan upang humiram ng salapi upang maipantustos ko sa aking pag-aaral ng dokturado sa naturang pamantasan.

**Rea Gruta Tarectecan** ang aking pamangkin na madalas kung nauutusan upang mag tiyagang pumila nang sa ganoon ako’y ipatala sa naturang pamantasan.

**Mae Anne Lauren, at Alvin Batiancila,** ang aking mga pamangkin laging naririyan upang magbantay sa akin sa hospital tuwing ako’y may karamdaman, gayundin sa pag-aalaga at pagsubaybay sa aking anak na si Xian Evan Kael.

**Azalia Maisha at Aldwin Matews Batiancila,** ang aking mga apo na laging nagbibigay ng oras upang makipaglaro sa aking anak na si Xian Evan kael upang malibang pag ako'y wala sa kanyang tabi dahil abala sa pag-aaral at paghahanapbuhay.

**Andrea, Oliver John at Juancho Gutierrez** na aking kapatid, pamangkin at bayaw na laging nag-aalaga sa aking anak tuwing gabi upang akoy hindi mapuyat at makapasok sa aking hanapbuhay at makapasok pamantasan.

**Borj, Bea, Basti, Blanca at Elmer** ang aking mga pamangkin, kapatid at bayaw na lagi naming pinupuntahan ng aking anak na si Xian Evan Kael sa kanilang bahay upang doon makipaglaro at malibang kapag siya'y naiinip sa loob ng bahay.

**Maria Danganan, Marcela Danganan at Dan Villano** na aking mga kaibigan na laging kasa-kasama ko sa aking pagliliwaliw upang maibsan ang minsang mga suliranin at kalungkutan na dumadating sa aking buhay.

**Loida De Guzman Obusan** ang aking itinuturing na ate, kaibigan at nanay na laging naririyan upang tumulong at mag-aruga tuwing ako'y may karamdaman.

**Evan Joseph Obusan** ang aking mag-aaral, kumpare at anak-anakan na laging nagpapaalala, gumagabay at katuwang ko sa paghahanda ng mga kinakailangan ko sa aking pag-aaral gaya ng paggamit ng computer at mga website sa internet.

**Carl Justine S. Sarreal** ang aking kaibigan at kumpare na laging handang gamitin ang kanyang motor upang ako'y ihatid at makarating ng matiwasay sa Pamantasan.

At higit sa lahat ang **Diyos Ama, Diyos Anak At Diyos Ispiritu Santo** sa kanilang paggabay, pagbibigay ng kalakasan, talino at kakayahang matapos ang mga gawain ito ng aking pag-aaral.

**Muli, Maraming-Maring Salamat sa Inyong Lahat!**

***OCIR C. NACETCERAT***

# KAPANGYARIHAN AT IDEYOLOHIYA: ISANG KRITIKAL DISKORS ANALISISSA MGA TALUMPATI NI PNOY

*Rico C. Tarectecan*

***PAMANTASANG NORMAN NG PILIPINAS***

**ABSTRAK:**

*Malaki ang nagagawa ng Wika sa bawat tao. Buhat ng matuklasan ng tao ang esklusibong kapangyarihan ng wika naging paraan ito upang maipapasok sa isipan at damdamin ng kanyang kausap ang kanyang iniisip at maging kanyang saloobin; at kung paano niya ito tatanggapin upang mahikayat ang kanyang kausap*.

*Ang mga piling Talumpati ni PNoy ay kakikitaan ng mga layunin batay sa "2016 Development Plan". Ang mga talumpati o SONA na ito ay naaayon sa kanyang malawak na kapangyarihan bilang Pangulo ng bansa upang maipatupad ang mga isinusulong niyang ideolohiya upang mapalakas ang ekonomiya ng Pilipinas.*

*Bilang isang pangulo ng bansa, nagkaroon ng siya ng malasakit sa paggamit ng wikang Filipino, katunayan madalang siyang gumamit ng wikang Ingles; sa ganitong paraan masasabi kung paano ang kapangyarihan ng wika ay nagsilbing bagay upang maipahatid sa mga Pilipino ang kanyang mga Ideolohiya na makatutulong sa ikauunlad ng bansang Pilipinas*

*Gamit ang wikang Filipino, naging daan ito upang higit niyang maipaunawa o maipabatid sa sambayanang Pilipino (Tagapakinig) ang mga ninanais niyang proyekto at programa.*

*Nais ipakita sa pananaliksik na ito kung paano nagkaroon ng ugnayan ang Kapangyarihan at Ideolohiya sa mga piling talumpati ni PNOy batay sa kritikal na Pagsusuri ng Diskors. Kung bakit madalas bigkasin ng Pangulong PNoy ang mga salita o pahayag gaya ng: "Tayo na sa Daang Matuwid", "Kung walang Currupt, Walang Mahirap" at ang "Puwede na Muling Mangarap."*

*Sinuri rin sa pananaliksik na ito ang mga madalas banggitin ng Pangulong PNoy ang mga salita at pahayag sa kanyang mga talumpati. Gayundin ang modal na analisis, transitivity analisis, panahunan ng pandiwa at pandiwang modal. Sinuri rin ang panghalip panao at mga retorikang ginamit ni PNoy. Binigyang pansin din sa pagsusuri ang diskors bilang teksto, ang panlipunang kognisyon at ang konteksto ayon sa sosyo-kultural, politikal at kaligiran nito.*

*Sinuri din ang estruktura ng mga talumpati ni Pnoy at ang istilo nito sa kanyang pagpapahayag .*

**PANIMULA:**

Isang katotohanang hindi mapasusubalian na ang paraan ng paggamit ng wika ay maaaring magbunga ng pagbabago sa isip, damdamin at maging sa gawi ng mga tao. Samakatuwid, may taglay na kapangyarihan ang wika. Maaari itong magpakilos sa tao at lipunan. Maaari nitong baguhin ang kasaysayan. Maaari nitong salaminin ang nakaraan, ilarawan ang kasalukuyan at balangkasin ang kinabukasan.

Ang kapangyarihan ay gamiting konsepto at karaniwang nababatid ng tao. Laganap at kapuna-puna ito sa politika, sa paligsahan, sa pang-araw-araw na interaksyon, na kahit hindi malinaw na naipaliliwanag at nauunawaan. Tamang sabihin na napag-uusapan/nagagamit ito ng tao subalit hindi batid ang pagkaunawa sa katuturan nito. Ang konsepto ng kapangyarihan na layon ng pananaliksik na ito ay yaong kapangyarihan sa likod ng politika ng wika. Sa bawat larong-pangwika (language game) ay may tunggalian sa kapangyarihan (power struggle), may politika.

Malaki ang ugnayan ng mga ideolohiya sa wika sa dahilang ang paggamit ng wika ay pinaka-karaniwang anyo ng panlipunang gawi, at ang anyo ng panlipunang gawi na madalas nating ginagamit ay ang pagpapalagay na "common-sense". Bagaman, mahalaga sa wika, ang konsepto ng "ideolohiya" ay bihirang talakayin sa wika at kapangyarihan sa linggwistiks, na masasabing nagpapakita ng kanilang limitasyon.

Ang pag-aaral na ito ay nagtatangkang magsagawa ng isang kritikal na pagsusuri sa mga piling talumpati ni PNoy, sa kung paano nagkakaugnay ang kapangyarihan at ideolohiya sa pagkokonseptwalisa ng demokrasya sa Pilipinas.

Tiyak na sasagutin ng pag-aaral ng mananaliksik ang mga sumusunod na layunin:1.Nailalarawan ang konteksto bilang batayan ng mga piling talumpati ni PNoy: 1.1 masalimuot na praktis (discursive practice) **;**1.2 panlipunang kognisyonat1.3 sosyo-kultural, politikal, at kaligiran2. Nasusuri ang mga piling talumpati ayon sa sumusunod na linggwistikong kagamitan:2.1. Estruktura ng mga Talumpat 2.1.1. Pagtukoy sa mga salitang madalas banggitin ni pangulong PNoy2.1.2. Mga pahayag na madalas banggitin ni PNoy gaya ng 2.2. Transitivity**;** 2.3. Modality; 2.3.1 Pandiwang Modal;2.3.2 Panahunan ng Pandiwa **;** 2.4 Panghalip Panao**;** 2.5 Paraang Retorikal**;** 2.5.1. Pagtukoy sa istilo ng mga talumpati ni PNoy**;** at 2.5.2. Pagsusuri ng Retorikal na pagpapahayag ni PNoy. 3. Naipaliliwanag ang ugnayan ng kapangyarihan at ideolohiya sa pagkokonseptwalisa ng demokrasya sa Pilipinas.


Ang pag-aaral na ito ay ibinatay sa mga teoryang ibinahagi ng mga lingguwista at ilang mahahalagang personalidad sa panlipunan at politikang kaisipan ng ika-20 siglo. Pangunahin dito ang balangkas ng Kritikal Diskors Analisis (KDA). Gayundin, ginamit din ang ilang konsepto sa larangan ng linggwistika at agham panlipunan: diskors, genre, teksto, tekstwal na pagsusuri, intertekstwalidad, masalimuot na praktis (discursive practices), kognisyon, ideolohiya, kapangyarihan, paggagahum (hegemony), at konteksto.

Ipinapalagay ng Kritikal Diskors Analisis (KDA) na ang wika bilang isang anyo ng panlipunang praktis (Fairclough & Wodak, 1997; Fairclough, 1997; Van Dijk, 1993; Titscher, Meyer, Wodak & Vetter, 2000). Sinasabi na ang diskurso bilang "inherent part of society and partakes in all society's injustices, as well as the struggle against them" (Van Dijk, 1997c). Ito ang dahilan kung bakit ang nagsasagawa ng kritikal diskors analisis ay hindi lamang tumitingin, naglalarawan, o nagpapaliwanag ng diskurso – nagsasagawa sila ng isang malinaw na panlipunan at politikal na posisyon.

Mula sa mga nabanggit na teorya sa teoretikal na balangkas at mga kaugnay na literatura at pag-aaral, nilayon ng pag-aaral na ito na kritikal na masuri ang mga estratehiyang retorikal na ginamit ni PNoy sa kanyang mga talumpati, na sa huli ay makabuo ng panlipunang konstruksyon ng realidad.

Ang balangkas konseptwal ng pag-aaral na ito, na makikita sa paradimo 1, ay paglalapat ng mga pag-aaral sa kritikal diskors analisis nina Fairclough (1995) Textual Analysis, Halliday at Martin (1993) Systemic Functional Grammar, Teun Van Dijk, at Ruth Wodak. Tinutukoy nito ang pagkakaugnayan sa

gamit ng wika sa mga piling talumpati ni PNoy at ang malawakang panlipunang praktis sa bansa sa pamamagitan ng konteksto. Malinaw na ipinapakita na ang alinmang diskurso ay hindi mauunawaan nang bukod bagkus ay makikita sa ugnayan nito sa konteksto at sa lipunan. Hinuhubog ng mga talumpati ng pangulo ang kaisipan at pagtingin ng madla sa lipunan.



Ipinahayag naman ni Edwards (2006) na ang tao ay hindi tumutugon sa daigdig batay sa sensori input kundi sa kung ano ang pagtingin/pananaw natin sa kahalagahan ng input na iyon" (*react to the world on the basis of sensory input but, rather, of what we perceive that input to mean"*) (Edwards, 2006, p.324). Ito ay sa dahilang ang paggamit ng wika ay tumutugon sa pananaw sa kalagayang panlipunan ng gumagamit ng wika, kaya ang pagbibigay ng simpleng leybel na pupukaw sa panlipunang isteryotipo na lalagpas sa hangganan ng wika. Halimbawa, ang pakikinig sa isang varayti, ang akto bilang istimulus na pupukaw sa atityud o perhuwisyo o isteryotipo sa komunidad na kinabibilangan ng ispiker. Ayon kay Wareing (2004), ang epektibong gampanin ng wika ay may konsern sa kung sino ang pinahihintulutang magsalita sa sinuman, na may matibay na pagkakabigkis sa kapangyarihan at kalagayang panlipunan (Wareing, 2004, p.9). Ibig sabihin, kung paano pinipili at gumagamit ng magkakaibang sistemang pangwika ay nagkakaiba rin sa kung sino ang ispiker, paano nila tinitingnan ang kanilang sarili at kung anong identidad ang gusto nilang ipakita sa tao. Ang paggamit ng wika ay nagbabago rin ayon sa sitwasyon,maaaring pampubliko o pampribado, pormal o di pormal, sino ang kinakausap at sino ang nakikinig. Gayundin, sinabi ni Meyerhoff (2006) na nakikilala natin ang tao batay sa kung paano sila magsalita.

Ayon kina Jones at Peccei (2004), ang mga politiko sa mga nagdaang panahon ay naging matagumpay dahil sa kasanayan sa paggamit ng retorika, na kung saan ay nilayon nilang mahikayat ang awdyens sa balidit ng kanilang mga pananaw, maingat na paggamit ng wika. Ang retorika ay isang sining ng paggamit ng wika upang makahikayat o makaimpluwensya ng iba; mga tuntunin na kailangang obserbahan ng ispiker o manunulat upang makapagpahayag ng kanyang sarili nang may kahusayan (Oxford English Dictionary).

Binanggit din ni Wareing (2004) na ang mga salita ay may malakas na impluwensya sa ating atityud; anumang salita ang piliin ay makakaapekto sa pagtingin ng tao sa iba at gayundin sa kanilang mga sarili. Ganito rin ang ipinahayag nina Jones and Peccei (2004) sa pagsasabing ang wika ay magagamit hindi lamang para patnubayan ang kaisipan at paniniwala ng tao kundi makontrol din ito.

Ipinahayag ni Edelman (1977) na ang mga maalam na politiko ay nagiging matagumpay dahil sa paggamit ng kanyang kaalaman sa impluwensyang impormal (Edelman, 1977, p.123). Ayon naman kina Jones at Peccei (2004), mapagtatagumpayan lamang ito sa pamamagitan ng pagpapalagay (presupposition) at pagmumungkahi (implicature). Ang mga kagamitang ito ay nagbibigay sa mga tagapakinig ng pagpapalagay sa pag-iral ng mga impormasyon na hindi ginawang malinaw sa aktuwal na sinabi, subalit maaaring mahinuha sa kanyang sinabi.

Gaya ng pagpapalagay, ang pagmumungkahi (implicatures) ay nakatutulong sa tagapakinig na maghinuha ng bagay na hindi lantarang ibinigay o ipinahayag ng ispiker. Gayunman, hindi gaya ng pagpapalagay (presuppositions), ito ay maaaring higit sa isang parirala o pangungusap at higit na nakadepende sa kaalamang pinagsasaluhan ng ispiker at tagapakinig at sa konteksto ng diskors (Jones and Peccei, 2004, p.44).

Kritikal Diskors Analisis (KDA)

Nagsimula ang teorya ng Kritikal Diskors Analisis ayon kina Fairclough at Wodak (1997) mula sa kanluraning Marxismo o western Marxism. Dagdag pa nila kung susuriin ang politikal na ispektrum ng Marxismo sa kanluran, binibigyang kahalagahan nito ang papel ng kultura sa kalagayang pang-ekonomiya ng isang bansa (makapangyarihan ang wika bilang instrumento sa paghugis ng kultura). Batay sa mga talang pangkasaysayan, ang Kanluraning Marxismo ay binigyang-hugis ng mga kilalang tao at grupong pampolitika at panlipunan noong ika-20 siglo. Kinabibilangan ito ng mga sumusunod: Antonio Gramsci, Louis Althusser, Michael Foucault at ng Pampilosopiyang paaralan ng *Frankfurt*.

Ang teoryang panggagahum (hegemony) ni Antonio Gramsci (nasa Fairclough at Wodak, 1997) na *"domination by consent not by coercion"* ay makatutulong upang higit na maunawaan ang patuloy na pag-iral ng dominasyon sa lipunan (status quo). Sapagkat saklaw ng teoryang ito ang manipulasyon sa ekonomiya, politika at ideolohiya sa pamamagitan ng integrasyon sa paraan ng pagkuha ng loob (consent) at hindi ng paggamit ng dahas (coercion). Ito ay tungkol sa umiiral na ugnayan ng kapangyarihan (power relations) ng mga kalahok upang panatilihing normal, katanggap-tanggap at lehitimo ang ideolohiya ng mga makapangyarihan sa lipunan (ayon sa antas sa lipunan, kasarian, edad, edukasyon, relihiyon, at iba pa.) sa pamamagitan ng pagkontrol sa wika upang kusang maniwala o sumunod ang kausap.

Malaki naman ang naging kontribusyon ni Althusser (nasa Fairclough at Wodak, 1997) sa pagbuo ng teoryang ideolohiya. Ayon sa kanya, hindi ito isang malabo o maulap na realidad na hindi kayang maaninag. Malinaw itong makikita sapagkat mahigpit na nakabuhol ang mga ideya sa mga nangyayari sa lipunan na masasalamin sa mga institusyong panlipunan gaya ng unibersidad. Makapangyarihan ang ideolohiya sapagkat ito ang nagtatakda kung ano ang magiging kalagayan ng isang indibidwal/sektor sa lipunan, partikular sa pasalitang diskors.

Naiiba naman ang pag-aaral ni Michael Foucault tungkol sa diskors, tumutol ito sa Kanluraning Marxismo at teorya ng ideolohiya sapagkat para sa kanya ang diskors ay *"knowledge systems of the human sciences that inform the social and governmental technologies".* Dahil ito ay sistema, isang bahagi lamang ang wika at may iba pang nakaaapekto rito (hal. paraan ng pagdisenyo ng bilangguan/paaralan). Napukaw man ni Foucault ang interes ng maraming siyentipiko ng agham panlipunan tungkol sa Diskors Analisis (DA) ay hindi siya nakapaglatag ng malinaw na direksyon/paraan para sa higit na malaliman o malapitang pagsusuri ng teksto (puna at obserbasyon mula kina Fairclough at Wodak, 1997). Ang terminong kritikal (mapanuri) ay partikular na iniugnay sa pampilosopiyang paaralan ng Frankfurt. Ang pagturing sa produktong kultural (hb. Wika, tradisyon, atbp) bilang bahagi ng

*epiphenomena of economy* ay isang argumento para sa mga pilosopo ng nasabing paaralan. Ayon kay Jurgen Habermas, isang pilosopo, kailangang tingnan ang konteksto (hal. Kasaysayan) na kinapalooban ng kilos-lingguwistika at interaksyong panlipunan. Si Habermas ang nagdebelop ng konseptong "ideal speech situation" ang pananaw na utopian sapagkat hindi naapektuhan ng *power relations* ang naganap na interaksyon. Para sa kanya, "*rational discourse could overcome distorted communication, that is opaque and ideological discourse which deviates from the "ideal speech situation".*

Sa pagsusuri ng pasalitang diskurso ay magagamit ang sistematikong KDA ni Fairclough, na isang 'synergy' ng tatlong lebel ng analis (1) ang aktwal na teksto (na inilarawan bilang teksto) (2) paglikha, distribusyon, transpormasyon, at pagkunsumo ng teksto (*producing, distributing, transforming and consuming the texts*) (na inilarawan bilang isang *discursive practice*) at (3) ang kontekstong sosyal na nakaiimpluwensya sa paglikha ng teksto ( na inilarawan bilang *social-practice*) - na nagkukunsidera sa sosyo-kultural at estruktura ng kapangyarihan o lakas sa lipunan. Ipinakikita ng paradimo 1 ang isang representasyong grapikal ng prosesong ito, isang proseso na inilarawan ni Fairclough na isang kalagayang tuloy-tuloy, paroon-parito sa iba't ibang lebel ng analisis - deskriptibo, interpretatibo at eksplenatori:

Sa lebel na teksto, ay may tuon sa paglalarawan ng mga teksto (*language in text*) – ang *discursivecontent* – maging sa kung paano maiuugnay ang mga tekstong ito sa iba pang diskors, *genre* at istilo. Tinatawag itong *intertextuality* ni Fairclough. Sa lebel na ito ay titingnan ng mananaliksik kung ano ang nirerepresenta ng teksto. Sa puntong ito ang pagsusuri ay deskriptibo lamang gaya ng isang anyo ng pagsusuring lingguwistiko ng teksto sa pamamagitan ng pagtingin sa mga morpolohiya at sintaks upang matukoy ang *"representations, categories of participant, constructions of participant identity or participant relations"* (Fairclough, 1995: p. 58) ng *subjects, objects, social positions,* at kung paano ang *subject* at *object* ay inilalagay, gayundin ang ilang pagkakataon ng pagkakaugnayan ng lakas sa gamit ng wika. Mahalagang makita rin ang kolokasyon, padron ng *co-occurrences* ng mga salita (Fairclough,

2003:p.131). Sa lebel ding ito ay sinusuri ang genreng kinabibilangan ng diskurso, kung ang teksto ba ay umaayon sa partikular na genre, ang intertekstwal na pagkakaugnayan, semantikang pagkakaugnayan, at kung paano ang panlipunang kaganapan (proseso, kalahok, object, pamamaraan, panahon at lugar) ay nirepresinta (Fairclough, 2003: p. 133), ang kawalan at paglalagay ng isang tiyak na katangian ng genre, paglalahat, pagkakaayos ng pangyayari, ang anggulong pinagkunan, kung ano ang nakuha, binigyang-tuon (foregrounding) at kung ano ang hindi (backgrounding) at, higit sa lahat, ano ang asampsyon sa konpigurasyon ng *generic* at *discursive* ng teksto.

Ang pag-aanalisa ay lalawak sa lebel ng *discursive practice* ng diskurso, ang mananaliksik ay magsusuri sa mga salik na nakakaimpluwensya sa paglikha, distribusyon, transpormasyon at pagkokonsumo ng teksto. Sa lebel na ito ay ang interpretasyon ng *discursive practices* sa kaugnayan nito sa kaganapan, *inter-discursivity* (paanong magkakaugnay ang magkakaibang diskurso), pagkakaayos ng diskurso (isang network ng isang panlipunang kaayusan ng mga set ng genre, panlipunang gawi at mga diskursong may kaugnayan sa isang partikular na larang) at ang pagkakaugnay ng lakas sa pagitan ng tao sa isang kaganapan. Sa lebel na ito ay susuriin ang kilos, interaksyon, pagkakaugnayang panlipunan, ang materyal na daigdig, ritwal, paniniwala, atitiyud, pagpapahalaga, pangarap ng tao at institusyon, lakas at diskurso, anyo ng kamalayan, panahon at espasyo, bagay, instrumento, kalahok at panlipunang ugnayan, gawain at maging ng abstraktong estrukturang panlipunan at kongkretong kaganapang-sosyal ay binibigyang konsiderasyon sa kaugnayan nito sa paglikha, distribusyon, transpormasyon at pagkunsumo ng teksto.

Nakapokus ang Kritikal Diskors Analisis (KDA) sa pangungusap at mga salita, nakabatay ito sa analitikong pamamaraan ng “systemic functional linguistics”. Sinabi ni Halliday (1985) na ang leksikal at gramatikal na katangian ng mga teksto ay may kanya-kanyang gampanin: (a) kumakatawan ito sa panlipunan at natural na mundo ("field"); (b) lumilikha at nakakaapekto sa panlipunang ugnayan ("tenor"); at (c) lumilinang ito ng kumbensyon gaya ng kaisahan, natutukoy na mga teksto sa partikular

na media ("mode"). Luminang ito ng masaklaw na katangian ng gampanin ng wika. Ayon kay Kress (1990), ang pasulat at sinasalitang teksto ay kumakatawan sa partikular at piling pananaw sa daigdig o "subject positions" (hal. field) at iniuugnay sa lipunan "reading positions" (hal. tenor). Sa pamamagitan ng “reading positions”, maipapakita sa teksto ang ugnayan ng kapangyarihan at ahensya sa teksto.

**Ekonomiks, Ideolohiya at Retorika**

Sino mang politiko na gustong maging epektibong mananalumpati ay kailangang magtaglay ng tatlong erya o puntos: ekonomiks, ideolohiya at retorika. Tumutukoy ang ekonomiks sa potensyal ng isang politiko, ang kanyang pondo o makinarya (hindi ng mga patakaran o programang pang-ekonomiya, na kabilang sa ideolohiya). Ang ideolohiya naman ay tumutukoy sa pagtingin/pagpapakahulugan sa daigdig. Samantala, ang retorika ay kaugnay naman ng ekspresyon. Ang retorika ay ang wika, ang mga teknik ng pangungumbinsi, ang mensahe at ang paraan kung paano magpahayag ang ispiker sa kanyang awdyens. Maiuugnay din ang retorika sa dalawang erya. Magkakaugnay ang tatlong salita at kapwa nakakaimpluwensiya sa isa’t isa. Magkagayon, ang isang politiko ay maaaring ilarawan sa pamamagitan ng isang tatsulok, hindi ng gaya ng retorikal na tatsulok. Ang retorikal na tatsulok ay isang representasyon ng isang klasikal na sitwasyong retorikal kung saan bawat kalahok ay ipinapasok sa isang usapan sa harap ng awdyens.

Samantala, ang politikal na tatsulok ay nagpapakita ng mga elemento ng politikal na representasyon na kasama ang retorika bilang isa sa mga termino. Ipinapakita sa paradimo 3 na ang klasikal na retorikal na tatsulok ay nagpapakita ng elemento ng retorika, kabilang ispiker at kanyang kredibilidad (ethos), ang mensahe (logos) at awdyens (pathos). Ang tatlong salita ay magkakaugnay, kapag binago ang isa ay obligadong baguhin din ang iba pa (ang pagbabago ng ispiker at kanyang mensahe sa magkakaibang awdyens ay nagpapakita ng mapaghamong aspeto ng representasyong politikal.)

**Elemento ng Sitwasyong Retorikal**

Bawat sitwasyong retorikal ay may apat na batayang komponent/nilalaman: awtor, awdyens, teksto, at konteksto. Ang bawat isa ay magkakaugnay at nakakaimpluwensya sa bawat isa. Bawat isa ay may tiyak na katangiang nakakaapekto sa iba pang elemento. Maipapaliwanag ang mga ito sa ibaba:

"Awtor" ay tumutukoy sa sino mang gumagamit ng komunikasyon. Maaaring isang tao o marami. Maaaring gumamit ng pasulat na anyo gaya ng aklat/nobela/kuwento, pasalita gaya ng sa talumpati, debate, at pag-uulat; biswal sa mga komersyal sa tv; awdyo sa radyo; at maaari ding sa pagsalat gaya ng sa Braille bilang komunikasyon.

Anuman ang nilikha ng awtor ay may direktang epekto sa kanya: siya ay mga tiyak na layunin na gumagabay sa kanyang pagkilos sa pakikipagtalastasan, siya ay may tiyak na atityud na nakakaapekto sa kung ano at paano sila nakikipagtalastasan, at siya ay may tiyak na kaligiran na nagbibigay-impormasyon sa kalikasan ng kanilang pakikipagtalastasan.

Tinutukoy ng mga layunin ng awtor ang karaniwang rasyonale sa likod ng iba pang pagpapasiyang ginagawa ng awtor (gaya ng ano ang dapat isulat o sabihin, anong midyum ang gagamitin, atbp.) Ang layunin ng awtor ay magturo, manghikayat, magbigay ng impormasyon, manlibang, magsimula, magpasaya, magpalungkot, maglinaw, magbigay ng parusa, makiisa, makisimpatiya. Limitado lamang ang layunin ng awtor sa anumang nais na matugunan o maisagawa niya sa komunikasyon. Napakaraming maaaring maging layunin sa komunikasyon gaya ng dami rin ng mga salitang maglalarawan sa mga layuning yaon.

Ang atityud ay isa sa kinaliligtaang elemento ng sitwasyong retorikal, malaki ang epektong naidudulot nito sa kung paano mailalantad ang sitwasyong retorikal. Bigyang halimbawa natin ang isang awtor na may kabastusan taliwas sa seryosong atityud, o drama o komedi, o kalmante sa tuwangtuwa. Depende sa layunin ng awtor, tiyak na katangian ng mga awdyens, ang kalikasan ng konteksto, at iba

pang salik, alinman sa mga atityud na ito ay maaaring makatulong o maging sagabal sa awtor sa kaniyang pagsusumikap na makipagtalastasan depende sa iba pang salik sa alinmang ibinigay na sitwasyong retorikal.

Maraming salik ang nakakaapekto sa kaligiran ng awtor gaya ng edad, personal na karanasan, kasarian, lokasyon, etnisidad, paniniwalang politikal, mga magulang, kaibigan, antas ng edukasyon, atbp. Ang kaligiran ng awtor ay nakakaapekto sa mga bagay na pinaniniwalaan niya, ano at paano sila nakikipagtalastasan, at ang konteksto kung saan nagaganap ang usapan.

Ang salitang "teksto" ang pinakagamiting termino sa sitwasyong retorikal. Karaniwan, ang salitang "teksto" ay tumutukoy sa pasulat na dokumento. Sa sitwasyong retorikal, ito ay nangangahulugang ano mang anyo ng komunikasyon na nililikha ng tao. Kailanman ang tao ay nakikipagtalastasan, may teksto na nagsisilbing midyum ng komunikasyon. May tatlong karaniwang salik na nakakaapekto sa kalikasan ng bawat teksto: ang midyum ng teksto, ang kagamitang ginamit sa paglikha ng teksto, at kagamitang ginamit upang maunawaan ang teksto.

Ang teksto ay maaaring ilahad sa anumang uri ng midyum o mekanismo ng pakikipagtalastasan. Karaniwan ito ay nasa anyong media. Nakakaapekto ang iba't ibang media sa paraan kung paano nakikipagtalastasan ang awtor at awdyens. Ikunsidera kung paano ang iba't ibang uri ng media ay nakakaapekto sa komunikasyon sa iba't ibang sitwasyong retorikal: sulat-kamay, makinilyado, kompyuterisado, awdyo, biswal, berbal, di-berbal, grapiko, larawan, tactile, may salita, o walang salita.

Ilan sa mga tiyak na halimbawa ng media ay papel-pananaliksik, talumpati, liham, adbertisment, billboard, ulat, posterboard, cartoon, pelikula, painting, sculpture, email, Twitter tweet, Facebook page o wall post, usapan (face to face, cellphone, via text messages), graffiti. . . atbp.

Bawat teksto ay binubuo ng mga instrumento na nakakaapekto sa estruktura at nilalaman ng isang teksto. Ang instrumentong ito ay maaaring pisikal mula sa pinaka-beysik (gaya ng laringhe,

lalamunan, ngipin, labi, at dila na kailanganin sa berbal na komunikasyon) hanggang sa pinaka-kompleks (gaya ng laptop computer na may graphic-manipulating software). Ang mga instrumentong ito ay maaaring higit na konseptwal, na simple (gaya ng pidbak ng guro) hanggang sa komplikado (gaya ng iba't ibang sanggunian sa pananaliksik). Ang instrumento sa komunikasyon ay kadalasang tumutukoy sa uri ng komunikasyon na maaaring maganap sa ano mang sitwasyong retorika.

Gayunman, may iba't ibang instrumentong magagamit ang mga awdyens sa pagbabasa, panonood, pakikinig, at pagpapahalaga sa iba't ibang teksto. Ito ay maaaring aktwal na pisikal, na mula sa beysik (gaya ng mga mata at salamin sa mata na kailangan sa pagbabasa) hanggang sa pinaka-kompleks (gaya ng isang digital projector at screen upang makita ang isang powerpoint presentation). Maaari din namang konseptwal, na simple gaya ng mga prinsipyong natutuhan ng mga bata sa kani-kanilang magulang) hanggang pinaka-komplikado (isang Master's Degree sa Sining). Ang mga instrumentong taglay ng mga awdyens ay nakakaapekto sa pagpapahalaga nila sa iba't ibang teksto.

Sa huli, bawat sitwasyong retorikal ay nagaganap sa isang tiyak na konteksto, kapaligiran, o tagpuan. Ang tuwirang nakakaapekto sa anumang konteksto ay ang panahon, lugar, at komunidad na ginaganapan ng mga kalahok. Ang "panahon" ay tumutukoy sa tiyak na bahagi ng kasaysayan. Batid ng lahat na ang iba't ibang tao ay nakikipag-usap sa iba't ibang paraan sa iba't ibang panahon. Ang mga Pilipino noong 1950s ay iba sa kasalukuyang panahon. Iba ang pananalita ng kanilang henerasyon sa pananalita ng kasalukuyan. Iba ang wika ni Quezon, ni Magsaysay, ni Marcos, ni Erap, at ni PNoy.

Ang lugar ay nakakaapekto rin sa komunikasyon. Iba ang pagsasalita sa maliit na lugar gaya ng silid-aralan sa malaking lugar gaya awditoryum. Iba sa harap ng madla at iba rin kapag nasa telebisyon o radyo. Sa iba't ibang sitwasyong retorikal, ang komunidad o kumbersasyon ay nagagamit upang tukuyin ang isang tiyak na panlipunang interaksyon ng mga ispiker at awdyens. Sa ibang pagpapakahulugan, ang komunidad ay tumutukoy sa tiyak na pangkat ng tao na pinagkaisa labas ng lugar at proksimiti o layo

gaya ng kapitbahayan; at ang kumbersasyon naman ay tumutukoy sa pag-uusap ng maliit na pangkat ng mga tao.

Ang Retorika ay tinatawag ding pagtatalumpati (oratory sa Ingles) na nagmula sa Gresya noong 460 B.C. Nilangkapan ito ni Aristotle ng estilo para maging maayos ang gawaing pagdulog ng mananalumpati o orador. Nilangkapan din ng etikal at mga paraang lohikal para maging higit na matagumpayan ang pagganyak (Bisa et. Al 2008). Naging tanyag sa kalaunan ang pagtatalumpati sa harap ng madla noong panahong iyon. Si Demosthenes ang kinilalang pinakatanyag na orador na Griyego (Harkavey 1996).

Upang lubos na maging kaaya-aya at masining ang paraan ng pagtatalumpati, malaki ang nagagawa ng pagtukoy sa matatalinhagang salita. Ang patalinhagang pagpapahayag ay sinasadyang paglayo o pagtukoy sa paggamit ng mga pangkaraniwang salita upang maging kaakit-akit at maging mabisa ang pagpapahayag. Layunin din nito ang makadagdag ng kagandahan isang katha, pasalita man o pasulat.

**METODOLOHIYA**

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskriptib-analitik na pag-aaral na ang layunin ay suriin at matukoy ang pagkakaugnay ng wika, ideolohiya at kapangyarihan sa mga talumpati ni Pangulong Benigno Simeon “PNoy” Aquino III gamit ang modelo ni Fairclough (1995). Tatangkain ng pag-aaral na mailarawan ang wika sa antas ng paggamit nito. Pag-aaralan din ang teksto bilang kritikal na materyal (The Text as a Critical Object) sa pamamagitan ng Systemic Functional Grammar ni M.A.K Halliday at Martin (1993) at pagtingin sa politikal na ideolohiyang nilalaman ng mga ito gamit ang KDA. Aalamin din sa naturang pag-aaral ang mga tayutay na madalas na banggitin sa pagtatalumpati bilang retorikang pagdulog sa pagsasalita.

Masasabi rin ang disenyo ng kasalukuyang pag-aaral ay eklektik na nangangahulugang isinalig sa iba't ibang pag-aaral na naisagawa na, bagaman ang pangunahing batayan nito ay ang modelo ng konsepto ng KDA Kritikal Diskors Analisis ni Fairclough (1995) at Halliday at Martin (1993).

Sa unang yugto, Nagbasa ang mananaliksik ng mga aklat, journal, thesis at disertasyon upang magkaroon ng batayan ang kasalukuyang pag-aaral. Binigyang pansin din ng mananaliksik ang mga website, google, youtube at email mula sa internet na mapagkukuhanan ng mga mahahalagang tala at impormasyon batay sa isinasagawang pananaliksik.

Sa ikalawang yugto, isinagawa ang pangangalap ng mga datos. Naisagawa ito sa pamamagitan ng website, email at facebook. Sa paggagalugad ng mga datos ay natuklasan ang aklat na *"Kayo Ang Boss Ko Sa Daang Matuwid"* (2010-2012), isang kalipunan ng mga talumpati ni PNoy na tinipon nina Romulo P. Baquiran Jr. at Michael M. Coroza. Ito ang nagbigay ng inspirasyon upang maisagawa ang pag-aaral. Subalit, matapos basahin ang aklat ay napagpasyahan na ihambing ang mga talumpating ito sa opisyal na website ng pangulo ang http://www.president.gov.ph/speeches/ at natuklasan na may malaking kaibahan ang nasa aklat sa opisyal na website ng pangulo gaya ng pagpapalit ng baybay, at pagkakaltas ng mga detalye, kung kaya ipinasya ng mananaliksik na ang gamitin ay ang mga talumpati sa opisyal na website.

Sa ikatlong yugto naman, ibinatay ng mananaliksik ang mga piniling talumpating susuriin sa 2011-2016 Development Plan ni Pangulong PNoy kaugnay sa:

- Edukasyon
- Politika
- Ekonomiya
- Kalusugan
- Kalikasan
- Katahimikan
- Pabahay at iba pa.

Sa ikaapat na yugto naman, matapos mapili inaanalisa ng mananaliksik ang 10 talumpati ni "PNoy" batay sa bilang ng mga salita, bilang ng mga pangungusap, bilang ng mga titik, bilang ng mga talata, bilang ng mga panghalip at bilang ng mga pang-uri. Inalisa din ang teksto batay sa pagsusuri na "transitivity analysis" na nakapaloob dito ang pangkalahatang ideya sa mga uri ng proseso na hinati-hati ni Halliday sa anim na proseso gaya ng 1. Materyal na proseso, 2. Mental na proseso, 3. Pamanggit na proseso, 4. Berbal na proseso, 5. Pang-asal na proseso at 6. Eksistensyal na proseso.

Aanalisahin din ng mananalisik ang mga modal, panahunan ng pandiwa at panghalip panao na ginamit sa pagpapahayag ng pangulo.Magsasagawa din ng retorikal na pagsusuri ang mananaliksik gaya ng paggamit ng mga tayutay.

Sa ikalimang yugto naman, bibigyan ng masusing interpretasyon ang mga inalisang mga aytem upang maging maka-agham ang kalalabasan ng pagsusuring isinasagawa.

**RESULTA NG PAG-AARAL:**

Bunga ng mga natuklasan sa pag-aaral ng mga piling talumpati ng pangulo, nabuo ang mga sumusunod na kinalabasan ng naturang pag-aaral batay sa pagsagot ng layunin nito:

Gaya ng Konteksto sa , **1. 1. Masalimuot na praktis (discursive practice)** Naglahad ng ugnayan ng lakas o kapangyarihan (power) ang prodyuser (ang Pangulong PNoy) at ang konsyumer (ang kongreso at ang taong bayan o publiko) ng diskurso. Gaya din sa **1.2. Panlipunang Kognisyon.** Gumamit ng mga pamamaraang ideolohiya (Ideological Square) ang mga piling talumpati ni PNoy, hindi lamang paglalahad ng personal na hangarin kundi sa isang pagtalakay sa gampanin ng panguluhan bilang isang institusyon, at katangian ng mga talumpati ng pangulo ay nakatuon sa **"our good things" at "their bad things".** Sa 1.3.Naman ng **Konteksto: sosyo-kultural, political at kaligiran.** Ipinahayag sa mga piling talumpati ni pangulong PNoyna normal na makatanggap ng mga mabubuti at masasamang komento ang pangulo ukol sa kanyang mga pahayag sa SONA. Maraming may gusto at naniniwala sa kanyang kakayahan. Sa gitna ng hindi pantay na pagtingin o "power relations" at krisis pang-ekonomiya, sosyo kultural at pulitikal.

Batay sa 1.Linggwistikong kagamitan: **Estruktura ng mga Talumpati** gamit ang systemic functional grammar na teorya ni Halliday, ipinapakita ang mga salita, pangungusap at diskursong ginamit ni PNoy ay pawang mga payak, maiikli at madaling maintindihang wika. Napagtanto din na ang mga talumpati ng pangulo ay gumagamit ng simpleng salitang Filipino upang maabot ang puso at damdamin ng mga tagapakinig bukod sa naiuukol niya ang napapanahong mga mensahe para sa bawat

mamamayan. Mamamalas din ang karunungan at kakayahan ng pangulo na gamitin ang wika para maisulong ang kanyang mga sosyo-politikal na agenda para sa ikasusulong ng bansa.

Sa **Pagtukoy sa mga salitang madalas banggitin ng pangulong PNoy** Gamit ang tekstwal analisis, madalas banggitin ng pangulong PNoy sa kanyang development plan gaya ng "Pondo" o "Budget", "Programa", "Demokrasya", "Batas", "Kalayaan", "Tuwid na Daan" bilang pagpapakita na ang bansang Pilipinas ay may umuunlad na ekonomiya.Batay naman sa**Mga Pahayag na Madalas banggitin ni PNoy**Gamit ang tekstwal analisis, ang mga idelohiyang laging binibigkas ng pangulong PNoy ang mga katagang "**Tayo na sa Daang Matuwid", "Kung walang Corrupt, Walang Mahirap" at "Pwede na Muling Mangarap**" bilang pagbibigay pag-asa sa mga tagapakinig(consumer).

**Sa Transitivity Analisis 1.1.**Gamit ang transitivity analysis, Natuklasan ng mananaliksik na madalas gumamit ang pangulong PNoy ng mga "materyal na proseso", sinundan ng "mental na proseso" at "pamanggit na proseso" ng mga pananalita. Sinabi rin ni Halliday (1985) na ang materyal na proseso, Mental na proseso at Pamanggit na proseso ay ang tatlong pinakagamitin sa wika dahil ito'y karaniwang sumasakop sa halos 90% ng kabuuang estruktura.Sa**2.3 Modality Analisis**Gamit ang modality analysis, natuklasan ng mananaliksik na madalas gumamit ang pangulong Aquino ng "**mataas na paggalang**" ng mga pananalita sa kanyang mga piling talumpati batay sa pandiwang modal.

Pinatutunayan lamang ng mga pahayag na ito ng pangulo ang pagkakakilala sa ating mga Pilipino bilang isa sa mga pinakamagagalang na tao sa mundo dahil sa paggamit ng katagang "po" at "opo" at iba pang kahalintulad na pahayag. Ipinapakita rin ng ating pangulo na bilang isang may kapangyarihan at iginagalang na pinuno ng bansa dapat lamang niyang ipakita ang magandang katangian ng isang pinuno ang gumagalang sa kanyang nasasakupan at magsilbi siyang inspirasyon bilang isang magandang halimbawa lalong-lalo na sa mga kabataan sa kasalukuyan.

**Sa Panahunan ng Pandiwa 2.3.**Gamit ang tekstwal analysis, napag-alaman ng mananaliksik sa mga pagsusuri ng teksto sa mga talumpati ni PNoy na madalas niyang gamitin ang **"Panghinaharap na**

**panahunan ng pandiwa”**, sumunod naman ang **“Nakaraan na panahunan ng pandiwa”**at ang panghuli naman ay **“Pangkasalukuyan na panahunan ng pandiwa”**.Ito’y natural lamang na ang ginagawang panahunan ay mas madalas nababanggit sa mga talumpati ng pangulo upang mas ipahatid ang mga lokal at pangdaigdigang mga sitwasyon mula sa politikal, ekonomikal at kultural na mga aspeto sa panghinaharap. Ang gamit nito ay upang mabuo ang relasyon sa pagitan ng pangulo at nang kanyang mga tagapakinig at manunuod.Ganito rin ang sinabi ni Wang (2010) sa kanyang pag-aaral na: *“the use of simple present tence facilitates creation of a close relationaship between the president and his audience and the easy identification and acceptation of the validity of the assrtions contained in the speaking”.*

**Sa 2.4 namanPanghalip Panao**Gamit ang tekstwal analysis, Napag-alaman ng mananaliksik na malalagom sa mga pagsusuri sa teksto ng mga talumpati ni PNoy na madalas gamitin na panghalip panaong **“Natin”,** sumunod ang panghalip panaong **“Atin”,** gayundin ang panghalip panaong **“Tayo”**na nagpapakita lamang na hindi kumikilos ang Pangulong PNoy (prodyuser ng diskors) sa paglilingkod sa bansa na nag-iisa siya’y naniniwala na  lagi niyang kasama ang publiko. Sa 2.4. 1 **Pagtukoy sa Istilo ng mga talumpati ni PNoy**Gamit ang tekstwal analisis, napag-alaman ng mananaliksik na ang mga ideolohiya ni PNoy ay katatampukan ng limang bahagi:

Una at ang Introduksyon, Pangalawa ay ang pagtatampok ng mga mabuting nagawa ng kanyang administrasyon, Pangatlo ay ang pangangaral na nagbibigay pag-asa, Pang-apat ay ang pagtalakay sa magiging bunga ng polisiyang “Tuwid na Daan” at ang Panglima ay ang pagkita ng sinagtala o pagtatapos na may matalinhagang konotasyon.

Natukoy din ng mananaliksik ang iba pang estilo ni PNOy kaugnay sa paglalahad ng piling kaisipan, pangungusap at retorikang pamamaraan sa paghahatid ng mensahe sa kanyang tagapakinig o manonood batay sa mga piling sitwasyon, gaya ng pagbibigay halimbawa ng **“Rules of Three”,** pagtukoy sa halimbawa ng **“Kontrast”** at pagtukoy sa **“Nakalipas”.**

**Sa 2.4. naman batay sa Pagsusuri ng Retorikal na Pagpapahayag**Gamit ang tekstwal analisis, natuklasan ng mananaliksik sa mga pagsusuri sa teksto ng mga talumpati ni PNoy ang paggamit ng mga matatalinhagang pahayag o "tayutay". Madalas gumamit ang pangulo ng mga **Retorikal na Tanong** ng mga tayutay na salita. Nakita rin halos ng mananaliksik ang pinaka-karaniwan niyang ginagamit ay ang **Eupemismo o Paglulumanay**. Ang madalas niyang paggamit ng mga ito ay mainam upang maaabot niya ang puso ng kanyang mga manunuod o tagapakinig.

Sa paggamit niya ng eupemismo, nabibigyan ng lumanay at pagdadahan-dahan ang kanyang mga linya kahit na halata namang may mas nagaalab na damdaming nakapaloob dito at malamang ay ginagawa niya lang ito upang magpakita ng propresyunalismo sa kanyang trabaho ay hindi basta-bastang padadala sa mga panunuya sa kanya ng ibang mga kritiko. Maiinam din ang paggamit niya ng mga **retorikal na tanong** sapagkat naiiwanan nito ng bagay upang bulay- bulayin ang kanyang mga manunuod o tagapakinig at mas nailalagay nito ang mga tao sa posisyon niya bilang isang pangulo ng bansa, kung saan sila'y mas makapag-iisip ng malalim tungkol sa mga nasabing isyu o problemang kinakaharap ng ating bansa sa kasalukuyan.

Ayon sa aklat nina Bisa (2008) na ang retorika ay pagsaalang-alang sa maingat na pagpili ng mga salita, sa mabisang paghahanay ng mga ito at sa paggamit ng mga panretorika. May mga binanggit sina Alejandro (1970) at Susan Lardner (sa pagkasipi nina halsey at Friedman 1979) kaugnay ng mga alusyon o tukoy at mga talinhaga o tayutay.

**Sa 2. Ayon sa Ang Ugnayan ng Kapangyarihan at Ideolohiya**Ginagamit ng pangulo ang wika para mailahad ang mga atityud na nagpapamalas ng adhikaing maisulong ang mga adyendang politikal at maipahatid ng malinaw ang layunin ng tuwid na daan para mapaunlad ang bansa. Sa pangkalahatan, mailalarawan ang pagsusuri sa sumusunod na modelo.

Napatunayan ng mananaliksik na naging epektibo sa mga nakikinig o manonood ang paghahatid ni PNoy ng kanyang mga mensahe sa mga piling talumpati kaugnay sa mga ideolohiya na kanyang

ipinararating sa madla gayundin ang kapangyarihan ng wika kung paano nakuha ni Pangulong Pnoy ang tiwala ng mga nakararaming Pilipino batay sa mga lumabas na satisfactory rate ng pangulo.

Maliwanag kung ganoon na nailapit ni PNoy ang kanyang mga ideolohiya bilang pangulo gayundin ang kapangyarihan ng wika bilang kasangkapan ng komunikasyon. Mula sa kinalabasan ay mabubuo ang isang konsepto na ang isang diskursong pampolitika ay maaaring masuri sa pamamagitan ng tekstwal, sosyolohikal, at konseptwal, na ang paggamit ng wika ay matutukoy ang ideolohiya ng gumagamit at kung paano ang wikang ito ay magbibigay sa kanya ng kapangyarihang makakuha ng interes at simpatiya ng madla. Ipinapakita rin na kapag binago mo ang wika, magbabago ang ideolohiya at kapangyarihan. Samakatuwid ang bawat isa ay dumedepende sa isa't isa.

**KONKLUSYON**

Bunga ng mga natuklasan sa pag-aaral ng mga piling talumpati ni Pangulong PNoy, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon ng naturang pag-aaral gaya ng mga sumusunod: 1. Naisagawa ang pagbuo ng umuunlad na ekonomiya ng bansa sa pamamagitan ng kapangyarihang diskursiv ni Pangulong PNoy. 2. Sa paraang Linggwistika na ginamit ni Pangulong PNoy sa diskors ay bumubuo ng positibong paglalarawan na umuunlad na ekonomiya ng bansang Pilipinas. 3. Nagbibigay diin din ito sa kapangyarihang diskursiv ng pangulo. 4. Ang Pangulong PNoy ay may “Ideological Square” na ginamit niya sa pagtatalumpati upang mapalitaw ang positibong presentasyon sa atin **(Us**) atnegatibong presentasyon sa kanila **(Them). 5.** Sa pagpapahayag ng mga piling talumpati ni PNoy, ang magagalang nasalita ang siyang nagbibigay ng motibasyon sa (consumer) o tagapakinigbilang “Ideological Dimension”. 6. Ginagamit ng estratehiyang Legitimasyon ng mga piling talumpati ni PNoy upang igiit ang kapangyarihan ng (prodyuser) ng diskors sa bansa, kongreso at ng publiko.Ang mga Piling Talumpati ni PNoy ay nakatuon sa **“Over good things”** at **“Their bad things”,** bilang “Ideological Square”. 7. Ang mga piling talumpati ni PNoy ay may mapagmanipulang diskors na kaya nitong manipulahin ang sambayanang Pilipino upang lubos na isipin na ang bansang Pilipinas ay nasa mabuting kalagayan ng ekonomiya. 8. Masasabi na ang mga salita, pangungusap at diskursong ginamit ni PNoy ay pawang

payak, maikli at madaling maintindihang wika upang maabot ng pangulo ang puso at damdamin ng kanyang (consumer) o tagapakinig.

9. Naipakita rin na ang dalawang partido, ang kongreso at mamamayang Pilipino ay walang magkatulad na lakas o kapangyarihan gaya ng sa pangulo ng diskors. Sila ay kapwa tagapakinig lamang na walang kakayahang magbigay ng tugon gaya ng sa isang usapan o talakayan. 10. Naipahayag kung paano ipinakita ang wikang ginagamit ng Pangulong PNoy ang ideolohiya niya at nagagamit din ang wikang ito upang magpakita ng kapangyarihan o dominasyon sa pagkokonseptwalisa ng demokrasya sa bansang Pilipinas.

**REKOMENDASYON**

Batay sa kinalabasan ng isinagawang pag-aaral, ang mga sumusunod ay mga rekomendasyon na makapagpapalawak sa pag-aaral na ito:**Sa mga Posibilidad na Pananaliksik,**Ang kasalukuyang pag-aaral ay magagamit bilang batayan sa diskors analisis, sosyolinggwistik, saykolinggwistiks at antropolohiya bilang paksa ng pananaliksik sa mataas na pag-aaral.Magkaraoon ng kahawig na pag-aaral ngunit sa ibang mataas na kawani ng gobyerno, sa kilalang personalidad ng midya, sa mga religious leader , mga kilalang artista o sa iba pang mataas na personalidad sa lipunan.

Maaaring sikapin ng mga mananaliksik na suriin ang mga salitang mas binibigyang pansin batay sa kapangyarihan ng wika kung ano ang mas mangingibabaw sa aspetong panggagahum o Hegemony ng wika.**Sa Mga Posibilidad na Pedagohikal**, Maaaring suriin ang mga ilang mahahalagang paggamit ng mga matatalinhagang salita o tayutay bilang pagsusuri ng mga akdang pampanitikan.Maaaring maipabatid ng mga guro ang panghalip panao, kapanahunan ng pandiwa ay maging lunsaran o batayan sa pagbubuo ng mga batayang –aklat sa Filipino.

Dahil sa kinalabasan ng pag-aaral, maaaring isama ng guro sa kanilang pagtuturo ang kahalagahan ng wika kung paano nakakaapekto ang mga idelohiyang nais iparating ng speaker sa

kanyang tagapakinig.Maaaring isama ng mga guro sa kanyang pagtuturo kung paano maging mapanuri ang kanyang mga mag-aaral sa mga talumpating naririnig mula sa mga opisyal ng ating pamahalaan at maging sa iba pang kalahok sa usapan. Maaaring isama ng mga guro kung paano sumulat ng isang masining na talumpati gamit ang mga retorikang pamamaraan.**Sa mga Posibilidad na Pagpaplanong Pangwika:**Maaaring ikunsidera ng mga nagpaplano ng wika ang mga pagsusuri sa ginawang pag-aaral bilang kontribusyon sa pagsusuri ng mga panghalip, kapanahunan ng pandiwa at mga modal sa pagbubuo ng mga tuntunin sa gramatika at ortograpiyang Filipino.Maaaring pagbatayan din ang mga nabuong pananaliksik sa paraan ng pagsulat ng masining na talumpati batay sa istruktura nito.Maaaring pagbatayan ang mga piling salita, pahayag upang magamit ng wasto ang mga salitang makapagbibigay ng kasiningan ng pagtatalumpati.

# BIBLIOGRAPIYA


Alcoberes, Philip Jay N. (2010) Ang Retorika sa pagpapayong Paglalakbay. Disertasyon. PNU. Manila.

Ampil, Roberto L. (2010) Mga Panayam sa Radio at Telebisyon: Pagsusuri sa Pasalitang Diskors sa Media. Disertasyon PNU. Manila.

Basil Bernstein (1996). Pedagogy, symbolic control and identity. London: Taylor & Francis. In British Journal of Sociology of Education, 18(1), pp.119-124.

Bernstein, B. (1971). Class, Codes and Control (Volume 1). London: Routledge & Kegan Paul.

Bisa, Simplicio, at mga kasama. 2008. Masining na Pagpapahayag (Dulog Modyular) Lungsod Quezon: C & E Publishing, Inc.

Bloommaert, J. (2005) Discourse, A Critical Introduction. Cambrige University Press.

Bushman, J.H (2001). Honesty in Language: Is This the Way to Achieve Power? English Journal, National Council of Teachers of English

Cheng Yumin.(2007). An Analysis of Style Features of Inaugural Speeches Given by American presidents based on the Functional theory of Han Lide. From the thesis of a master. Tai Yuan Science University.

Chilton, Paul. 2004. Analysing Political Discourse. Theory and Practice. London: Routledge.

—. 2004. Analysing Political Discourse. Theory and Practice. London: Routledge.

Christie, F. (2002) Classroom Discourse Analysis: A Functional Perspective. Continuum.

Dai Weihua, Gao Jun. (2002). A Critical Discourse Analysis: Theory Comment and Examples Analysis. Foreign Language Issue 6.P85-88.

David, R.S. (1996) Politika ng Wika, Wika ng Politika. Daluyan 7 (1-2), 19-28.

De Leon, Veronidia L. (2000) An Analisis of Retoric of Written Discourse of Selected Business Management. Disertaion PNU Manila.

De Quiros, C. (1996)Ang Kapangyarihan ng Wika, Ang Wika ng Kapangyarihan. Daluyan 7 (1-2). 29-35.

Dellinger, B. (1995) Views of CNN Television News: A Critical Cross-Cultural Analysis of the American Commercial Discourse Style. Vaasa: Universitas Wasaensis.

Edelman, M.J (1977). Political Language: words that succeed and policies that fail, Academic Press.

Edwards, D.M (2006) Worship 365: The Power of A Worshipping Life. B&H Publishing Group.

Eggins, S. (2004) An Introduction to Systemic Functional Linguistics. Continuum.

Fairclough, N (2006). Language and Globalization. London and New York: Routledge.

Fairclough, N (2003). Analysing Discourse: Textual Analysis for Social Research. London and New York: Routledge.

Fairclough, N. (2000), *Language Power.* 2nd Edition New York: Longman.

Fairclough, N. L. and Wodak, R. (1997). Critical discourse analysis. In T. A. van Dijk (ed.), Discourse Studies. A Multidisciplinary Introduction, Vol. 2. Discourse as Social Interaction (pp. 258-84). London: Sage.

Fairclough, N. (1997). Critical discourse analysis: The critical study of language. London: Longman Group Limited.

Fairclough, N. &Wodak, R. (1997).Critical Discourse Analysis. In T. Van Dijk (Ed.) Discourse in Social Interaction. London: Sage.

Fairclough, N. (1996), “Rhetoric and Critical Discourse Analysis: A Reply to Titus Ensinkand Christoph Saucer”, Current Issues in Language and Society. 3(3):286-289.

Fairclough, N. (1995): *Critical Discourse Analysis*. London: Longman.

Fairclough, N. (1993): “Critical Discourse Analysis and the Commodification of Public Discourse”, Discourse & society. 4.2: 133-168.

Fairclough, N.(1992). Discourse and Text: Linguistic Intertextual Analysis Within Discourse Analysis. Discourse and Society 3(2): 193-217.

Fairclough, N. (1989): *Language and Power*. London: Longman.

Fasold, R. (2006). An Introduction to Language and Linguistics. Georgetown University, Washington D.C.

Foucault, M. (1976). “The Meshes of Power”(Lecture given at the University of Bahia, Brazil, November 1st 1976). Crampton, Jeremy W. &Elden, Stuart (Ed). (2007). Space, Knowledge and Power: Foucault and Geography. Ashgate Publishing, Limited. Abingdon, Oxon GBR.

Foucault, M. (1980a). Seksualities  Histories. Spartakus for Lag.

Foucault, M. (1980b). Power/Knowledge: Selected Interviews and Other Writings. Gordon, Colin (ed.). Pantheon Books. New York.

Friedman, Jaclyn &Valenti, Jessica. (2008). Yes Means Yes: Visions of Female Sexual Power and A World Without Rape. Seal Press. Jackson TN.

Filardo Llamas, L. ; Gonzales-Cascos Jimenez, E. and Riesco Canduela, L. (2011) On the Validity of Systemic Functional Approaches as a Tool for selecting Materials in CLIL Contexts. A Case Study. Porta Linguarum. Vol. 16, pp. 65-74.

Gilligan, Carol. (1982) In A Different Voice. Harvard University Press. Cambridge.

Gonong, Gina O.(2007) Image Construction of a Developing Nation in Presidential Rhetoric: A Critical Discourse Analysis. Disertation PNU. Manila.

Gramsci, Antonio. (1971). Selections from the Prison Notebooks. International Publishers Co. New York.

Halliday, M.A.K. & Martin, J.R. (1993). Writing Science: Literacy and Discursive Power. London: Routledge.

Halliday, M.A.K. (1985) Dimensions of Discourse Analysis: Grammar. In The Handbook of Discourse Analysis, Vol 2: Dimensions of Discourse. London: Academic Press. Reprinted in full in On Grammar, Volume 1 in the Collected Works of M.A.K. Halliday. London and New York: Continuum. p262.

Halliday, M.& Hasan, R.(1989) Language, Context and Text: A Social Semiotic Perspective. Oxford: Oxford University Press.

Halliday, M.A.K. (1985) 1994. An Introduction to Functional Grammar, London: Edward Arnold.

Halliday, M.A.K. (1979). Linguistic Function and Literary Style: An Inquiry Into The Language of William Golding’s The Inheritors. In Linguistic Studies of Text and Discourse. Ed. Jonathan J. Webster. 88-125. Peking; Peking University Press.

Holmes, J. (1992) An Introduction to Sociolinguistics. London: Longman.

Horvarth, J. (2009) Critical discourse analysis of Obama’s political discourse. Language, Literature and Culture in a Changing Transatlantic World International Conference Proceeding, University Library of Presov University, 22-23.

Hu Zhuanglin. (1988). A Course of Linguistics. Peking: Peking University Press.

--1988. "Poetry as Scientific Discourse", in Birch, David, & Michael O'Toole, eds., Functions of Style, London: Pinter Publishers.

Irvine, J. (1989)"When talk isn't cheap:Language and Political Economy.A" meican ethnologist,16: 248-2Labov, W.(1963) The Social Motivation of a Sound Change. Word 19:273-309.

Junling Wang. (2010). A Critical Discourse Analysis of Baracks Obama's Speeches. Journal of language Teaching and Research, Vol. 1, No.3, pp.254-261. Finland. Academy Publisher.

Kaplan, R. (1990) "Concluding Essay: On Applied Linguistics and Discourse Analysis," Robert Kaplan, ed., Annual Review of Applied Linguistics, Vol. II.

Kress, G. (1990) "Critical Discourse Analysis," Robert Kaplan, ed., Annual Review of Applied Linguistics, II.

Labov, W. (1970) The Study of Language in its Social Context. Studium Generale. 23: 66-84

Labov, W. (1966) The Social Stratification of English in New York City. Washington DC: Center for Applied Linguistics.

Lin Wei, Yang Yuchen. (2007). English Discourse Analysis. Shanghai; Fu Dan University Press.

Luo Li. (2007). A Critical Discourse Analysis of A Political Speech. Science and Education Collection P193-194.

Palma Joan P. (2008) The Retoric of Self-And Other Presentation in Computer-Mediated Communication (CMC) Context: A Discourse Analysis. Disertaion PNU. Manila.

Schaffner, C. (1996). Editorial: Political Discourse and Political Speeches. Current Issues in Language and Society 3(3):201-204

Shayegh Kamal, Nabifar Nesa (2012) Power in Political Discourse of Barak Obama, Journal of Basic Applied Scientific Research TextRoad Publication.

Titscher, S., Meyer, M., Wodak, R., Vetter, E. (2000) Methods of Text and Discourse Analysis: In Search. Sage.

Van Dijk, T. A. (2006): Discourse and Manipulation. Discourse & Society 17(3): 359-383.

____________ (2003) The discourse-knowledge interface. In: Weiss, G. and R. Wodak (eds.), Multidisciplinary CDA. (London, Longman), 85-109.

Van Dijk, T. A (2001). Critical discourse analysis. In Schiffrin et al. (Eds.) The handbook of discourse analysis. USA: Blackwell.

____________ (1999) Context models in discourse processing. In: Van Ostendorp, H. and S. R. Goldman (eds.), The Construction of Mental Repre- sentations during Reading. Mahwah, NJ, USA: Lawrence Erl- baum Associates, 123-148.

Van Dijk, T. A. (1998) Ideology. A Multidisciplinary Approach. London: Sage.

Van Dijk, T. A. (1993a). Elite Discourse and Racism. Newbury Park, CA: Sage.

Van Dijk, T. A (1993). Principles of Critical Discourse Analysis.Discourse and Society, 4. Retrieved October 2, 2006, from http://das.sagepub.com/

Van Dijk, (1985). A handbook of Discourse Analysis London Academic Press Limited. Volume 4.

Wang, J. (2010) A critical Discourse Analysis of Barak Obama's Speeches, Journal of language testing and Reasearch, 1(3), 254-261.

Wardhaugh, R. (1986) An Introduction to Sociolinguistics. Oxford: Basil Blackwell.

Wareing, S. (2004). What is Language and What Does It Do? In L. Thomas, S. Singh, J. Peccei J.

Wittgenstein, L. (1965) Philosophical Investigations. New York: The Macmillan Company.

Wei Fang. (2005). Language Feature Analysis and Translation Method of Political Speeches. Journal of Peking Printing College Volumn 13, Issue 6. P75-78.

Wodak, R. (2000); "What is CDA about- a summary of its history, important concepts and its developments", in R. Wodak and M. Meyer (Eds): *Methods of Critical Discourse Analysis*. London: Sage Publications, Inc.: 1-13.

Wodak.R. (1989). (Ed): *Language Power and Ideology: Studies in Political Discourse*. London: Benjamin Publishing Company.

Wolfram, W. & Schilling-Estes, N. (2006) "Language Evolution or Dying Traditions: The state of American Dialects." American Voices. Ed. Walt Wolfram and Ben Ward. Malden/Oxford: Blackwell, 1-7.

Wolfram, W. & Schilling-Estes, N. (2006). American English: Dialects and Variation, Second Edition. Malden, MA: Blackwell.

Xiong Li. (2004). A Study of Kennedy's Writing Style from Words of His Inaugural Speech. Journal of Southwest National University, Issue 6. P 407-410.

Xu Xiaoxia. (2008). A Critical Discourse Analysis of Sino-American Political News Report. From the thesis of a master. Shan Dong Normal University.

Zhuanglin, H. (1988) A course of Linguistics. Peking University Press.

http:// www.president.gov.ph/speeches/

## TALAAN NG MGA NILALAMAN

**NILALAMAN** **PAHINA**


Dahon ng Pagpapatibay ………………………………………………………………. i

Paghahandog …………………………………………………………………………. ii

Pagkilala ……………………………………………………………………………… iii

Abstrak ………………………………………………..…………………………… vi

Abstact ……………………………………………….……………………………… xxiii

**Kabanata 1 Ang Suliranin at Saligan ng Pag-aaral**

**1.1 Introduksyon………………………………………………………. 1**

**1.2 Teoretikal na Batayan ng Pag-aaral………………………... 10**

**1.3 Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral……………….......... 16**

**1.4 Paglalahad ng Layunin……………………………………… 17**

**1.5 Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral……………………… 18**

**1.6 kahalagahan ng Pag-aaral………………………………….. 21**

**1.7 Katuturan ng mga katawagang Ginamit sa Pag-aaral…… 22**

**Kabanata II Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

**2.1 Mga Kaugnay na Literatura………………………….. 28**

**2.1.1 Diskursong Politikal…………………………………… 28**

**2.1.2 Kritikal Diskors Analisis……………………………… 32**

**2.1.3 Ekonomiks, Ideolohiya at Retorika………………….. 40**

**2.1.4 Elemento ng Sitwasyong Retorikal………………….. 43**

**2.1.5 Retorika at Tayutay…………………………………. 48**

**2.2 Mga Kaugnay na Pag-aaral…………………………. 49**

**2.2.1 Mga Dayuhang Pag-aaral…………………………… 49**

**2.2.2. Mga Lokal na Pag-aaral…………………………….. 54**

**Kabanata III Disenyo at mga Pamamaraan ng Pananaliksik**

**3.1 Disenyo ng Pag-aaral…………………………………... 78**

**3.2 Disenyo ng Pananaliksik…………………………………. 79**

**3.3 Ang Pinagkunan ng mga Datos…………………………. 81**

**3.4 Pamamaraan ng Pagpili ng mga Datos………………… 82**

**3.5 Analisis ng mga Datos…………………………………… 84**

**Kabanata IV Paglalahad, Pagsusuri at Interpretasyon ng mga Datos**

**4.1. Konteksto ng mga talumpati ni PNoy…………….. 87**

**4.1.1 Diskors bilang teksto………………….………………… 87**

**4.1.2 Panlipunang Kognisyon………………………… 89**

**4.1.3 Konteksto: sosyo-kultural, political at**

**Kapaligiran ……………………………… 105**

**4.2. Linggwistikong katangian…………………………….. 126**

**4.2.1. Estruktura ng mga talumpati………………….. 126**

**4.2.2. Mga Salitang madalas gamitin ni Pangulong PNOy**

**Mga talumpati…………………………………….. 131**

**1.2.3. Mga pahayag na madalas banggitin ni PNoy….. 134**

**4.2.2. Transitivity Analisis ………………………………. 137**

**4.2.2.1 Materyal na Proseso…………………………………. 139**

**4.2.2.2 Pamanggit na Proseso……………………………….. 140**

**4.2.2.3 Mental na Proseso……………………………………. 141**

**4.2.3. Pagsusuri sa Modaliti…………………………………….. 143**

**4.2.3.1. Mga Pandiwang Modal………………………… 144**

**4.2.3.2. Panahunan ng Pandiwa………………………. 145**

**4.2.4 Panghalip Panao……………………………………….. 148**

**4.2.5 Paraang Retorika sa mga piling Talumpati ni PNoy…. 150**

**4.2.5.1. Pagtalakay sa Istilo ng mga Talumpati………………. 150**

**4.2.5.2 Pagsusuri ng mga Retorikang ginamit ni PNoy…….. 153**

**4.3 Pagsusuri sa Ugnayan ng Kapangyahiran at Ideolohiya sa**

**Pagpapalilala sa tunay na kalagayan ng Bansa……………… 162**

**Kabanata V Lagom, Kongklusyon at Rekomendasyon 188**

**5.1.1. Lagom…………………………………………… 188**

**5.1.2. Resulta ng Pag-aaral……………………………. 189**

**5.1.3. Konglusyon……………………………………………… 208**

**5.1.4. Rekomendasyon………………………………………… 210**

**Bibliograpiya……………………………………………………………….. 212**

**Appendiks A……………………………………………………………… 218**

**Appendiks B……………………………………………………………… 219**

**Apendiks C……………………………………………………………… 232**

**Curriculum Vitae………………………………………………………… 338**

# KABANATA I

# ANG SULIRANIN AT SALIGAN NG PAG-AARAL

## 1.1 INTRODUKSYON

Malinaw na mababasa sa Juan 1: 1-6 ng Banal na Aklat ang pahayag na *"nagsimula ang lahat sa salita."* At mula nang matuklasan ng tao ang ekslusibong katangiang ito na kaloob ng Maykapal, lumawak at gumanap na ito ng napakahalagang papel sa kanyang buhay. Simula noon hanggang sa kasalukuyan, wika ang pangunahing instrumento ng tao sa pakikipagtalastasan, pasalita at pasulat. Hindi maitatanggi na isang pangangailangan sa pag-iral ng tao ang wika. Sa pamamagitan ng wika ay naituturo ng magulang sa anak kung ano ang mabuti at masama. Wika rin ang ginagamit ng mga manananggol at peryodista sa pagsisiwalat ng mga makatotohanang pangyayari sa ating bansa. At oo, intrumento rin ang wika sa paghahatid ng mga salita ng Poong Maykapal.

Isang katotohanang hindi mapasusubalian na ang paraan ng paggamit ng wika ay maaaring magbunga ng pagbabago sa isip, damdamin at maging sa gawi ng mga tao. Samakatuwid, may taglay na kapangyarihan ang wika. Maaari itong magpakilos sa tao at lipunan. Maaari nitong baguhin ang kasaysayan. Maaari nitong salaminin ang nakaraan, ilarawan ang kasalukuyan at balangkasin ang kinabukasan.

Samantala, may malaki ring ugnayan ang wika sa tagumpay o kabiguan ng isang tao. Ang pag-aangkin ng iba't ibang antas ng kaalaman at kasanayang kaugnay nito ay maituturing ding sanhi ng iba't ibang antas ng tagumpay o kabiguan ng mga tao. Karamihan sa mga tao, kung hindi man lahat ay nagtatagumpay sa lipunan, ay may mataas na kaalaman at kasanayan sa paggamit ng wika o pagpapahayag. Kung tutuusin, ang mga kaalaman at kasanayang ito ay napag-aaralan o natututunan. Ang pag-aaral na kaugnay nito ay tinatawag na retorika.

Ang kapangyarihan ay gamiting konsepto at karaniwang nababatid ng tao. Laganap at kapuna-puna ito sa politika, sa paligsahan, sa pang-araw-araw na interaksyon, na kahit hindi malinaw na naipaliliwanag at nauunawaan. Tamang sabihin na napag-uusapan/nagagamit ito ng tao subalit hindi batid ang pagkaunawa sa katuturan nito. Ang konsepto ng kapangyarihan na layon ng pananaliksik na ito ay yaong kapangyarihan sa likod ng politika ng wika. Sa bawat larong-pangwika (language game) ay may tunggalian sa kapangyarihan (power struggle), may politika.

Kapag sumasakay tayo ng dyip ay karaniwang maririnig ang pahayag na "bayad" o "bayad po" at makikita na iniaabot ng tagapagsalita ang kanyang kamay papunta sa drayber. Pagkatapos, makikita ang ibang pasahero na inilalahad ang palad at inaabot ang bayad sa pasaherong malapit sa drayber. Ito ay karaniwang penomenon na makikita sa isang dyip. Subalit sa bago o walang alam sa kalakarang ito halimbawa sa dayuhan, ay magtataka sila sa pagkilos na ito. Ito ay maaaring sa tatlong dahilan: 1)

hindi narinig ang pahayag kaya hindi inabot o kinuha ang bayad; 2) hindi naunawaan ang pahayag; 3) narinig ang pahayag, naunawaan subalit iniwasan o sadyang inayawan na makilahok.

Ang unang dahilan ay miskomunikasyon ng mensahe dahil sa mga eksternal na salik gaya ng ingay sa labas ng dyip o kahinaan sa pandinig ng tao. Ang ikalawang dahilan ay suliranin sa wika. Hindi naunawaan ng dayuhan ang kahulugan ng mga salita. Ang ikatlong dahilan ay suliranin sa politika o tunggalian sa kapangyarihan. Kung naunawaan ng isang dayuhan ang kahulugan ng pagkilos at hindi nakilahok ito ay sa dahilang hindi niya naramdaman na obligado siyang gawin ito. Ito ay halimbawa ng ugnayan ng wika at politika.

May ugnayan nga ba ang wika at politika? Sa pahayag ni Bushman (2001) sa kanyang artikulong Honesty in Language: Is This the Way to Achieve Power?

> *"[t]hroughout the political arena, we are bombarded with language that clouds the issues and obfuscates meaning."*

Ang wika ay laging nariyan: sa mga aklat, sa media, sa pagtatalumpati, sa pag-uusap, at sa ating kaisipan. Sa katunayan, ginagamit ang wika sa lahat ng mga gawain, gaya ng sa dyip, sa panalangin. Walang duda na nananalangin ang tao sa Diyos sa wikang alam niya. Walang nag-iisip na 'di gumagamit ng wika at walang gawaing hindi gumagamit ng wika. Magkagayon, ano ang wika? Ang wika ay isang sistema ng

arbitraryong simbolo na ginagamit sa komunikasyon ng mga tao. Nakapagpapahayag ang tao sa pamamagitan ng wika.

Ipinahayag naman ni Wittgenstein (1965) na ang mga salita sa isang sistema ng wika ay may tuntunin at may iba't ibang pagpapakahulugan depende sa mga gawaing pinaggagamitan ng salita. Ito ang tinatawag niyang larong pangwika (language games). Bawat gawain ay may larong pangwika. Halimbawa, sa dyip, ang salitang "bayad" ay may ibang kahulugan kapag ginamit sa palengke. Ang "bayad" sa dyip ay nagpapahayag ng pag-uutos o pakiusap sa ibang pasahero. Samakatuwid ang "bayad" ay hindi lamang nangangahulugang pangngalan para sa "kabayaran" subalit isang pag-uutos o pakikiusap, na nangangahulugang "pakiabot po ang bayad sa drayber". Magkagayon ay masasabing isa itong estratehiya ng pangungumbinsi.

Unti-unti nating natutuhan ang wika ngunit paano kung ang isang institusyon ay lumikha ng isang wika na nagtatakda sa tao nang walang dahilan kundi ang kontrolin ang pag-iisip ng mga tao? Sinasabi nga na nag-iisip ang tao sa kanyang wika, nagpapakita ba ito na ang kamalayan ng tao ay limitado at maaari pang limitahan sa pamamagitan ng isang wika na may iilang salita?

Ganito ang pahayag ni David (1996) sa kanyang artikulong “Politika ng Wika, Wika ng Politika”,

> *“Ang politika ng wika ay isang perspektiba na sumusuri sa mga epekto sa wika ng tagisan ng kapangyarihan. Angkop na angkop ang ganitong perspektiba sa pag-unawa ng patakaran ng wika sa sitwasyong kolonyal. Ipinakikita nito, halimbawa, ang malalalalim na motibong politikal na nakakubli sa mga pinaka-inosenteng desisyon tungkol sa mga patakarang pangwika. Na ang mga ito’y hindi lamang simpleng pagsunod sa lohika ng mabisang komunikasyon, kundi manipestasyon ng isang malawak na estratehiya ng paglupig o dominasyon.”*

Samantala, ang mga ideolohiya ay maiuugnay sa kapangyarihan, sa dahilang ang kalikasan ng ideolohikal na pagpapalagay ay nakapaloob sa isang partikular na kumbensyon, at sa kalikasan ng mga ideolohiyang ito sa ganang sarili ay dumedepende sa ugnayan ng kapangyarihan na kinapapalooban ng kumbensyong ito; at dahil ito ang pamamaraan sa paglelehitimo ng kasalukuyang ugnayang panlipunan at pagkakaiba-iba ng kapangyarihan. Malaki ang ugnayan ng mga ideolohiya sa wika sa dahilang ang paggamit ng wika ay pinaka-karaniwang anyo ng panlipunang gawi, at ang anyo ng panlipunang gawi na madalas nating ginagamit ay ang pagpapalagay na “common-sense”. Bagaman, mahalaga sa wika, ang konsepto ng “ideolohiya” ay bihirang talakayin sa wika at kapangyarihan sa linggwistiks, na masasabing nagpapakita ng kanilang limitasyon.

Magkagayon, ang pagdulog estruktural sa pag-aaral ng media ay higit na mainam sa pagbubukas ng maraming oportunidad ng pagsusuri at pamumuna.

Gayunpaman, ang mga tanong tungkol sa mga pagpapalagay at pamamaraan ng mga estrukturalista ay mananatili pa rin, bagaman, may kakulangan pa sa mga sagot ay siyang pinakamainam na pagsimulan ng pag-aaral.

Gayundin, may paniniwala na ang madla (tagapakinig) ay kailangang bigyan ng mahalagang papel sa paksa, ito ay ang papel bilang aktibong ahente sa produksyon ng media, ang isa ay may kakayahang bumuo ng mga kahulugan mula sa wika ng media at mahalaga ring banggitin ang paniniwalang ang wika at kahulugan ay isang panlipunang konstruksyon (social constructs). Bagaman, ang karamihan sa mga metodo at layunin ng pananaliksik na ginamit sa pag-aaral ng wika ay tumututol sa ganitong kalakaran, sa kasalukuyan, ang lipunan at kritisismo ay itinuturing na susing salita sa iba’t ibang makabagong pagdulog sa pag-aaral ng wika at sa aplikasyon nito sa pagsusuri sa media bilang diskurso. Inilarawan ni Wodak (1989) ang kanyang larang, sa kanyang aklat na *“Writing in Language, Power and Ideology”*, na kanyang tinawag na "Critical Linguistics," bilang "isang interdisiplinaryong pagdulog sa pag-aaral ng wika na may kritikal na pananaw" at para sa layunin ng pag-aaral "Ang behebyor ng wika sa natural na pagsasalita na may kahalagahang panlipunan."

Binigyang-diin din ni Wodak ang kahalagahan ng "Diverse Theoretical and Methodological Concepts" at iminungkahi na maaari itong gamitin sa pagsusuri sa mga mahahalagang isyung panlipunan, habang sinusubukang ipakita ang “Kawalang katarungan at pagkakapantay-pantay."

Nilinaw at hinimok ni Wodak ang paggamit ng iba't ibang metodo sa pananaliksik pangwika habang binibigyang-tuon ang kahalagahan ng pagkilala sa "historikal at aspektong panlipunan."

Ang tuon sa estruktura at kontekstong panlipunan ng mga teksto ng media ay nagbibigay ng isang solusyon na magpapahintulot sa mga namumuna na i-denaturalize o ilantad ang "taken-for-grantedness" ng mga ideolohikal na mensahe na makikita at mababasa sa mga talumpati at, kapag napagsama sa bagong etnograpikong pag-aaral at metodo ng diskors analisis, ay lumilikha ng malawak na ugnayan ng estrukturalista at yaong nagsasabing ang media bilang tagamanipula. Ang paggamit ng kritikal diskors analisis (KDA) sa aplayd linggwistiks ay nangunguna sa paglinang ng isang makabagong pagdulog sa pag-unawa ng mga mensahe ng media. Ipinahayag ni Kaplan (1990) ang ilang makabagong konseptong ito nang kanyang isinulat:

> *"The text, whether written or oral, is a multidimensional structure," at "any text is layered, like a sheet of thick plywood consisting of many thin sheets lying at different angles to each other." The basics of a text consist of syntax and lexicon; its grammar, morphology, phonology, and semantics. Bagaman, "The understanding... of grammar and lexicon does not constitute the understanding...of text." "Rhetoric intent...,"ani ni Kaplan, "coherence and the world view that author and receptor bring to the text are essential."*

Ang pag-unawa sa kahulugan ... *"Lies not in the text itself, but in the complex interaction between the author's intent and his/her performative ability to encode that*

*intent, and the receptor's intent and his/her performative ability not only to decode the author's intent but to mesh his/her own intent with the author's."*

Ang wika ay isang anyo ng panlipunang praktis. Ano ang ibig sabihin nito? Una, na ang wika ay bahagi ng lipunan; ikalawa, na ang wika ay isang panlipunang proseso. At ikatlo, na ang wika ay isang proseso ng panlipunang kondisyon, kinondisyon ng iba (di linggwistiko) bahagi ng lipunan.

Ang linggwistikong penomena ay panlipunan sa dahilang sa bawat pagsasalita, pakikinig, pagbabasa, at pagsusulat ng tao ay matutukoy ang kanyang panlipunang kalagayan. Ibinabagay ng tao ang kanyang pananalita sa tagapakinig (madla) depende sa edad, kasarian, estado sa buhay, layunin, paksa, antas ng edukasyon, at pagkakaugnayan sa taong kinakausap. Samantala, ang panlipunang penomena ay isang linggwistikong penomena sa dahilang ang mga linggwistikong gawain sa panlipunang konteksto ay hindi lamang salamin o pagpapahayag ng panlipunang proseso at praktis, kundi isang bahagi ng mga proseso at praktis na yaon. Halimbawa ang pagtatalo sa kahulugan ng politikal na pahayag.

Ang diskursong politikal ay may mahalagang gampanin sa paghubog ng kaisipan at atityud ng mga tao, kung kaya, ang ilang mga politiko ay gumagamit ng kanilang kasanayan sa retorika at mga karanasan upang baguhin at kontrolin ang kaisipan at atityud ng mga ito. Upang maging matagumpay na politiko, ang isa ay kailangang maging mahusay sa pagtatalumpati upang makakuha ng pansin at interes ng

madla. Sinasabing ang politika ay*"tunggalian ng kapangyarihan ng isang gustong mapanatili ang kanyang lakas at ng isang umaayaw dito"* (Chilton, 2004). Nakasandig ang politika sa wika bilang midyum ng pag-iimpluwensya sa wika. Samakatuwid, may malakas na ugnayan ang wika at gawaing politika; ito ay hindi mapaghihiwalay (Chilton, 2004).

Sa pangkalahatan, ang diskursong politikal ay mabibigyang katuturan bilang nakasulat o sinasalitang wika, berbal o di berbal, ginagamit sa politika upang kontrolin, modipikahin, manipulahin ang damdamin ng awdyens at maapektuhan ang mga opinyon at atityud nito. Naiiba ito sa iba pang uri ng diskurso dahil ito ay intensyonal, fanksyonal, tuwiran sa isang tiyak na grupo ng tao, organisado, at mayaman sa mga tayutay gaya ng metapora at simili.

Ang politika ay tunggalian ng kapangyarihan sa pagsasagawa ng politikal, ekonomiko, at panlipunang ideya. Sa prosesong ito, krusyal ang gampanin ng wika, sa bawat paghahanda ng gawaing politikal ay ikinukunsidera ang impluwensiya at gampanin ng wika. Susuriin ng pananaliksik na ito ang diskurso ng mga piling talumpati ni Pangulong Benigno Simeon "PNoy" Aquino III, na sinasabing may malaking epekto sa pagpapatupad ng ekonomiko, politikal, at panlipunang adyenda. Bilang pinakamataas na tao sa bansa, tila isang bukas na aklat ang kanyang buhay, anuman ang kanyang sabihin, gaano man ito kahaba o kaikli ay maaaring palakihin o paliitin ng madla. Paano nga ba epektibong nailalahad o naipararating ng pangulo ang

kanyang talumpati? Nadadala nga ba ang tao sa kanyang pananalita? Ano ang mga katangiang ideolohikal ang makikita sa kanyang mga talumpati? Ang mga tanong na ito ang nag-udyok sa mananaliksik upang siyasatin at magsagawa ng kritikal na pagsusuri sa ugnayan ng kapangyarihan at ideolohiya sa mga piling talumpati ng Pangulong Benigno Simeon "PNoy" Aquino III.

## 1.2 TEORETIKAL NA BATAYAN NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay ibinatay sa mga teoryang ibinahagi ng mga lingguwista at ilang mahahalagang personalidad sa panlipunan at politikang kaisipan ng ika-20 siglo. Pangunahin dito ang balangkas ng Kritikal Diskors Analisis (KDA). Gayundin, ginamit din ang ilang konsepto sa larangan ng linggwistika at agham panlipunan: diskors, genre, teksto, tekstwal na pagsusuri, intertekstwalidad, masalimuot na praktis (discursive practices), kognisyon, ideolohiya, kapangyarihan, paggagahum (hegemony), at konteksto.

Ipinapalagay ng Kritikal Diskors Analisis (KDA) na ang wika bilang isang anyo ng panlipunang praktis (Fairclough & Wodak, 1997; Fairclough, 1997; Van Dijk, 1993; Titscher, Meyer, Wodak & Vetter, 2000). Sinasabi na ang diskurso bilang "inherent part of society and partakes in all society's injustices, as well as the struggle against them" (van Dijk, 1997c). Ito ang dahilan kung bakit ang nagsasagawa ng kritikal diskors analisis ay hindi lamang tumitingin, naglalarawan, o nagpapaliwanag ng diskurso – nagsasagawa sila ng isang malinaw na panlipunan at politikal na posisyon.

Mahalagang banggitin na hindi itinuturing ni Van Dijk (2001) ang diskors analisis bilang isang pamamaraan o isang teorya bagkus isang kritikal na pananaw sa pagsasagawa ng pananaliksik. Binigyang-pansin niya na ang diskors analisis ay ang "with an attitude." Ito ay may pagkiling at ipinagmamalaki niya ito.

Ang mga gawain ng kritikal diskors analisis ay nakabalangkas sa mga kilalang personalidad at panlipunan at pampolitikang pagkilos noong ika-20 siglo gaya nina Antonio Gramsci, ang paaralang Frankfurt (particular ni Jurgen Habermas) at Louis Althuser (Fairclough &Wodak, 1997).

Ikinatwiran naman ni Gramsci na ang estrukturang politikal ng isang lipunan ay nakabatay sa kumbinasyon ng politikal o institusyunal at lipunang sibil – ang nauna ay domeyn ng pagpigil (coercion), at ang huli ay domeyn ng paggagahum (hegemony). Para sa politikal na lipunan upang makakuha ng pagsang-ayon ng mayorya, isang kolektibong pagpapasya sa pamamagitan ng mga ideolohiya ang kailangang mabuo (Fairclough & Wodak, 1997; Titscher et al., 2000).

Lumikha naman si Althusser (1971 nasa Fairclough & Wodak, 1997) ng kahanga-hangang kontribusyon sa teorya ng ideolohiya. Sa kanyang pananaw sa ideolohiya bilang mga praktis na nakapaloob sa panlipunang institusyon. Ang pangunahing epekto ng mga ideolohiya ay paglalagay sa tao bilang panlipunang batayan.

Naimpluwensyahan naman ni Michel Foucault ang ilang personalidad ng KDA gaya ni Norman Fairclough. Para sa kanya, "discourses are knowledge systems of the

human sciences that inform the social and governmental 'technologies' which constitute power in modern society." Ang mga diskursong ito ay bahaginan lamang naisakatuparan gamit ang wika (Titscher et al., 2002; Fairclough & Wodak, 1997).

Samantala, ipinahayag ni Van Djik (2006) na ang sitwasyong politikal ay hindi simpleng dahilan upang magsalita ang mga politiko sa gayong paraan, bagkus nagkakaroon ito ng pangangailangan sa isang kognitibong kolaborasyon ng mga sitwasyon at usapan o teksto, ito ang tinatawag na konteksto. Sa ganitong konteksto binibigyang-katuturan kung paano ang mga kalahok ay nakararanas, nagbibigay ng interpretasyon, at nagrerepresenta ng mahahalagang aspekto ng sitwasyong politikal. Hindi lamang binigyang-katuturan ang diskursong politikal sa pamamagitan ng estruktura ng diskursong politikal kundi maging ng konteksto nito. Kaya, bilang pangulo, senador, kongresista, lider ng partido o demonstrador ay tipikal na nahihiwatigan ng mga ispiker o tagatanggap bilang isang mahalagang konteksto sa isang diskursong politikal. Sa lingguwistikong pagsusuri ng diskursong politikal sa pangkalahatan, at mga talumpating politikal, ay magiging matagumpay kung maiuugnay ang mga detalye ng lingguwistikong beheybyor sa politikal na beheybyor. Maisasakatuparan ito sa pamamagitan ng dalawang pananaw: maaaring simulan sa antas lingguwistiko (mikro) at itanong kung aling estratehiya ang gumaganap na espesipikong estruktura (hal. pagpili ng salita, espesipikong sintaktikong estruktura) ang kailangang punan. Sa kabilang banda, maaari tayong magsimula sa antas makro, hal.

ang komunikatibong sitwasyon at gampanin ng isang teksto at alamin kung aling estrukturang panlingguwistika ang napili upang tumugon sa gampaning ito. Ang gamit ng wika, diskors, berbal na interaksyon, at komunikasyon ay kabilang sa antas mikro ng panlipunang kaayusan (social order). Ang kapangyarihan (power), pangingibabaw (dominance), at di pagkakapantay-pantay (inequality) ng mga pangkat sosyal ay tipikal na mga termino na kabilang sa antas makro ng pagsusuri.

Sa pagbibigay ng kapangyarihan sa pasulat at pasalitang diskurso, ang Kritikal Diskors Analisis (KDA) ay magagamit sa paglalarawan, pagbibigay ng interpretasyon, pagsusuri, at panunuri sa buhay na taglay ng teksto. Layunin ng KDA na sistematikong magalugad ang pagkakaugnayan ng masalimuot na praktis, teksto, at pangyayari at ang malawak na panlipunan at kultural na estruktura, relasyon, at mga proseso. Ang angkop na pagsusuri at paglalarawan ng materyal na wika ay salik na katangian ng KDA. Sinisikap nitong magalugad kung paano ang mga di lantad na pagkakaugnayan ay salik sa pagtatamo ng kapangyarihan at paggagahum (hegemony), at nagpapakita ng di pantay na kapangyarihan, kawalang katarungan, di demokratikong praktis, at iba pang kawalang hustisya sa pag-asang maudyokan ang mga tao na maiwasto ang mga pagkakamali. Sinusubukan nitong maliwanagan ang mga paraan kung saan ang mga dominanteng lakas sa lipunan ay lumilikha ng sarili nilang bersyon ng realidad na papabor sa kanilang interest. Ayon sa pagpapakahulugan ni Van Dijk (2003), ang KDA ay teoretikal na nagdurugtong sa mikro at makrong pagdulog, na masasabing pagtatangi ng isang sosyolohikal na paglikha sa ganang sarili.

### 1.3 KONSEPTWAL NA BALANGKAS NG PAG-AARAL


Mula sa mga nabanggit na teorya sa teoretikal na balangkas at mga kaugnay na literatura at pag-aaral, nilayon ng pag-aaral na ito na kritikal na masuri ang mga estratehiyang retorikal na ginamit ni PNoy sa kanyang mga talumpati, na sa huli ay makabuo ng panlipunang konstruksyon ng realidad.

Ang balangkas konseptwal ng pag-aaral na ito, na makikita sa paradimo 1, ay paglalapat ng mga pag-aaral sa kritikal diskors analisis nina Fairclough (1995) Textual Analysis, Halliday at Martin (1993) Systemic Functional Grammar, Teun Van Dijk, at Ruth Wodak. Tinutukoy nito ang pagkakaugnayan sa gamit ng wika sa mga piling talumpati ni PNoy at ang malawakang panlipunang praktis sa bansa sa pamamagitan ng konteksto. Malinaw na ipinapakita na ang alinmang diskurso ay hindi mauunawaan nang bukod bagkus ay makikita sa ugnayan nito sa konteksto at sa lipunan. Hinuhubog ng mga talumpati ng pangulo ang kaisipan at pagtingin ng madla sa lipunan.

Bagaman, walang tuwirang ugnayang mabubuo sa mga piling talumpati ni PNoy at ang lipunan. Ipinapakita ng balangkas ang mahalagang pagtatagpo ng dalawang konteksto. Binubuo ito ng masalimuot na praktis, ang panlipunang kognisyon, at ang panlipunan, cultural, politikal, at historikal na kaligiran. Ang konteksto ay nakakaimpluwensya sa konstruksyon ng mga talumpati at aktibo itong nagbabahagi sa panlipunang praktis. Magkagayon, makatuwiran lamang na ipakita ang pagsasama ng mga katangian ng tatlong pangunahing dimension ng kritikal diskors analisis.

Ipinapakita ng balangkas ang mga piling talumpati ni PNoy bilang input sa pag-aaral. Ang mga piling talumpati ay sinuri ayon sa tatlong dimensyon ng kritikal diskors analisis, na ipinakita sa proseso: diskors analisis, interpretasyon ng konteksto, at panlipunang analisis. Ang nabuong pagsusuri ay magbibigay linaw kung paano naipapakita ng mga piling talumpati ni PNoy ang ugnayan ng ideolohiya at kapangyarihan sa pagpapakita ng tunay na kalagayan ng bansa.

## KAPANGYARIHAN AT IDEOLOHIYA : ISANG KRITIKAL DISKORS ANALISIS SA MGA PILING TALUMPATI NI PNOY




Paradimo 1: Balangkas Konseptwal

**1. 4 Paglalahad ng Layunin:**

Ang pag-aaral na ito ay nagtatangkang magsagawa ng isang kritikal na pagsusuri sa mga piling talumpati ni PNoy, sa kung paano nagkakaugnay ang kapangyarihan at ideolohiya sa pagpapakita ng tunay na kalagayan ng bansa. Tiyak na sasagutin ng pag-aaral ang mga sumusunod na layunin:

1. Nailalarawan ang konteksto bilang batayan ng mga piling talumpati ni PNoy:

    1.1 masalimuot na praktis (discursive practice)

    1.2 panlipunang kognisyon

    1.3 sosyo-kultural, politikal, at kaligiran

2. Nasusuri ang mga piling talumpati ayon sa sumusunod na linggwistikong kagamitan:

    2.1 Estruktura ng mga Talumpati

    2.1.1. Pagtukoy sa mga salitang madalas banggitin ni PNoy

    2.1.2 Mga pahayag na madalas banggitin ni PNoy

2.2 Transitivity Analisis

2.3 Modality Analisis

2.3.1 Pandiwang Modal

2.3.2 Panahunan ng Pandiwa

2.4 Panghalip Panao

2.5 Paraang Retorikal

2.5.1. Pagtukoy sa istilo ng mga talumpati ni PNoy

2.5.2. Pagtukoy sa Retorikal na pagpapahayag

3. Naipaliliwanag ang ugnayan ng kapangyarihan at ideolohiya sa pagpapakita ng tunay na kalagayan ng bansa.

**1.5 SAKLAW AT DELIMITASYON NG PAG-AARAL**

Sinaklaw ng kasalukuyang pag-aaral ang piling 10 talumpati ni Pangulong Benigno Simeon "PNoy" Aquino III na kinuha sa opisyal na website na http://www.president.gov.ph/speeches/, na pinili naman batay sa 2011-2016 Development Plan ng pangulo kaugnay sa:

- Edukasyon
- Politika
- Ekonomiya
- Kalusugan
- Kalikasan
- Katahimikan
- Pabahay at iba pa.

| Pamagat ng Talumpati | Petsa at Lugar | Paksa | A | B | C | D | E | F | G |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. PUWEDE NANG MULING MANGARAP | Batasang Pambansa Complex, Quezon City on July 26, 2010 | SONA | x | x | x | x | x | x | x |
| 2. NAKASANDAL ANG GOBYERNO SA TIWALA NG TAO | October 7, 2010, La Consolacion College, Manila | Sa unang isandaang araw ng kanyang panunungkulan bilang pangulo | x | x | x | x | x | x | x |
| 3. TAYO NA SA DAANG MATUWID | Quirino Grandstand, Liwasang Rizal, Maynila noong ika-30 ng Hunyo 2010 | Talumpati sa Pagtanggap ng Tungkulin | x | x | x | x | x | x | x |
| 4. HUWAG NATING SAYANGIN ANG NAKARAAN | People Power Monument sa Lungsod ng Quezon noong ika-25 ng Pebrero 2012 | ika-26 anibersaryo ng EDSA People Power Revolution: Flag Raising at Salubungan sa People Power Monument | | | x | | | x | x |
| 5. ITIGIL NA ANG TSUBIBONG WALANG PAKINABANG | Heroes Hall, Malacañan Palace noong ika-10 ng Pebrero 2011 | Paglalagda ng Memorandum of Agreement para sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program | x | | x | x | | | x |
| 6. PAGHARAP SA PANIBAGO AT MAS MALIWANAG NATING TADHANA | Kawit, Cavite noong Araw ng Kalayaan, ika-12 ng Hunyo 2011 | Anibersaryo ng Proklamasyon ng Kalayaan ng Pilipinas | | x | x | | | | |
| 7. PAGBABAGO AT PAG-ASA SA ARMM | Malacañan Palace noong ika-30 ng Hunyo, 2011 | Sa paglagda ng batas na magpapaliban sa eleksyon sa Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM) at | x | | x | x | x | x | |

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | magsasabay sa lokal at pambansang halalan sa 2013 | | | | | | | |
| 8. EDUKASYON ANG SUSI SA PANGMATAGALANG SOLUSYON | Bulwagang Rizal, Palasyo ng Malakanyang noong ika-27 ng Pebrero 2012 | Sa pormal na pagkakaloob ng Kindergarten Law | x | | x | | | | |
| 9. MAMUHUNAN SA SOLUSYONG PANGMATAGALAN | Heroes Hall, Palasyo ng Malakanyang, Lungsod ng Manila, noong ika-1 ng Mayo 2012 | Selebrasyon ng Araw ng Paggawa | | | x | | | x | |
| 10. TINATAWAG KAYONG SINAGTALA | Silang, Cavite, noong ika-24 ng Marso 2012 | Pagtatapos ng Philippine National Police Academy Batch Sinagtala 2012 | | | | | | x | |

* Legend **x** = saklaw

**A**- Edukasyon **B**- Politika **C**- Ekonomiya **D** – Kalusugan **E**- Kalikasan **F**- Katahimikan **G**- Pabahay atbp.

Inilalarawan nito ang konteksto na ibinatay sa mga piling talumpati ni PNoy: masalimuot na praktis (discursive practice), panlipunang kognisyon at panlipunan, kultural, politikal, at kaligiran. Gayundin, sinuri nito ang mga linggwistikong kagamitan na ginamit na kaugnay sa politikal na diskurso: estruktura ng mga talumpati, transitivity, modality, panghalip panao, at paraang retorikal. Ang pokus ng pagsusuri ay nasa mga linggwistikong kagamitan na ipinakita sa pagkakaugnayan ng kapangyarihan at ideolohiya sa mga piling talumpati ni PNoy. Sa huli, ipinaliliwanag nito ang

pagkakaugnayan ng kapangyarihan at ideolohiya sa pagkokonseptwalisa ng demokrasya sa Pilipinas.

**1.6 KAHALAGAHAN NG PAG-AARAL**

Ang pananaliksik na ito ay mahalaga sapagkat ito ang magiging daan upang malaman ng bawat isa na malaki ang nagagawa ng pagtatalumpati ng isang pangulo gamit ang wika, kaugnay din dito ang ilan sa mga diskursong ginagamit sa pagpapahayag ng mga ideolohiya upang higit na mapagtagumpayan ang pagpapanatili ng kaayusan ng isang bansa.

Ito rin ay magbibigay sa atin ng mga sapat na kaalaman, impormasyon, patunay at iba't ibang katotohanan ukol sa mga talumpating nagaganap sa mga piling sitwasyon o kaganapan ng makasaysayang pagdiriwang sa ating bansa. Ang pananaliksik na ito ay magpopokus sa mga piling talumpati ni PNoy ayon sa ginagamit na diskurso at retorika.

Naniniwala ang mananaliksik na mahalaga ang kalalabasan ng pag-aaral gaya ng mga sumusunod:

- Ang kasalukuyang pag-aaral ay maaaring makapagbigay ng mahalagang kontribusyon sa sosyolinggwistika, dahil ang pokus ng pag-aaral na ito ay nasa paglalarawan ng mga piling sitwasyon kaugnay sa pagtatalumpati ng pangulo ng ating bansa kaugnay sa diskursong politikal.
- Sa larangan ng pagtuturo ng wika, ang resulta ng kasalukuyang pag-aaral ay makapagbibigay ng kaalaman tungkol sa mga tiyak na disiplinang pangwika na magsisilbing batayan sa pagpili nila ng mga angkop na

paksang-aralin, sa paghahanda ng mga kinakailangang kagamitang panturo, at pagsasakatuparan ng mga silabus,

- Sa larangan ng pagpaplanong pangwika, ito'y maaaring makapagbigay ng mahalagang kontribusyon na may kaugnayan sa Modernisasyon, Istandardisasyon at Intelektwalisasyon ng wikang Filipino,
- Sa mga guro, magsisilbing gabay ang pananaliksik na ito upang magamit ang mga register/varayti ng wika sa talumpati at sa ikasusulong ng Wikang Pambansa, gayundin na maiugnay ang realidad na pagtatalumpati sa harap ng publiko.

## 1.7 KATUTURAN NG MGA KATAWAGANG GINAMIT SA PAG-AARAL

Upang maging malinaw ang isinasagawang pag-aaral, binigyang paliwanag ang mga sumusunod na termino:

**Diskurso-** ito ay isang padron ng mga berbal na beheybyor na maaaring tukuyin na isang verbal na anyo ng panlipunang gawi, sa mga pagkakataon sa komunikatibong gamit ng wika, at proseso ng paglalahad ng isang ideya sa teksto. Sa pag-aaral na ito, tumutukoy ito sa mga piling talumpati ni PNoy.

**Diskors Analisis** (DA)-pagtukoy sa estruktura ng daloy ng usapan, tungkuling pangwika at resulta ng interaksyon. Sa pag-aaral na ito, tumutukoy ito sa kagamitan upang makapagsagawa ng KDA.

**Elaborasyon-** ang pagdaragdag at pagpapalawak sa gamit ng wika, tulad ng paggamit nito sa bagong larangan gaya ng karunungang teknolohikal at siyentipiko.

**Etnoggrapiya ng Komunikasyon-** ito ay tumutukoy sa mga istrukturang linggwistika at ng mga pagsasalita batay sa mga sangkap ng sitwasyong komunikatibo.

**Filipino -** ang wikang kinikilala ng konstitusyon ng 1987 bilang pambansang linggwa franka ng Pilipinas na pinayayayaman pa ng mga wikang umiiral sa bansa. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang wikang Filipino sa pagsusuri ng mga piling talumpati ni PNoy.

**Grapikasyon -** ang paraan ng pagkakasulat o pagkakaimprenta ng salita o mga simbolo para kumatawan sa mga tunog at maghatid ng kahulugan.

**Ideolohiya -**ito ay isang paniniwala o paninindigang ng tao batay sa kanyang hangarin sa buhay. Tumutukoy ito sa pamamaraan upang katawanin ang lipunan na lumilikha ng di pantay na kapangyarihan. Sa pag-aaral na ito, binigyang pansin ang mga ideolohiya ng pangulong PNoy sa kanyang mga piling talumpati kung naipapahatid ba ang mensahe o tinatanggap ng nakakarami.

**Intelektwalisasyon -** ang kabuuang bokabularyo ng isang wika para magamit sa iba't ibang disiplina o larangan.

**Interperens -** ang pagpasok ng mga banyagang elemento sa istruktura ng isang wika gaya ng sistemang ponemiko at malaking bahagi ng morpolohiya.

**Interference Fenomenon -** Ito ay tumutukoy sa impluwensya sa bigkas, leksikon, morpolohiya gayundin sa sintaktika sa pagkatuto sa pangalawang wika.

**Interlanguage -** ito ay tumutukoy sa mental grammar na binubuo ng tao pagdating ng panahon sa proseso ng pagkatuto niya ng pangalawang wika na nababago niya ang gamit ng gramar ng wika sa pamamagitan ng pagdaragdag, pagbabawas, at pagbabago ng mga alituntunin.

**Intertextuality-** sa level na ito ay sinusuri ang genreng kinabibilangan ng diskurso, kung ang teksto ba ay umaayon sa partikular na genre, ang intertekstuwal na pagkakaugnayan, semantikang pagkakaugnayan, at kung paano ang panlipunang kaganapan (proseso, kalahok, objekt, pamamaraan, panahon at lugar) ay nirerepresenta (Fairclough, 2003. P. 133) ang kawalan at pagpapalagay ng isang tiyak na katangian ng genre, paglalahat, pagkakaayos ng pangyayari, ang angulong pinagkunan, kung ano nakuha, binigyang-tuon (foregrounding) at kung ano ang hindi (backgrounding) at higit sa lahat, ano ang asumsyon sa konpirmasyon ng generic at discursive ng teksto. Sa pag-aaral na ito, inalam ng mananaliksik ang mga piling talumpati ni PNoy kung may kaugnayang panlipunan ang kanyang ipinahahayag sa kanyang talumpati.

**Estandardisasyon -** ang isang proseso sa pagpaplanong panwika kung saan kinikilala, tinatanggap at pinauunlad ang isang wika ng mga gumagamit nito sapagkat tumutugon ito sa istandard na pamantayan ng paggamit, pagbabaybay at pagsulat.

**Hegenomy-** ang teoryang panggagahum na tinukoy ni Gramsci (nasa Fairclough at Wodak, 1997) na “domination by consent not by coercion” ay makakatulong upang higit na maunawaan ang patuloy na pag-iral ng dominasyon sa lipunan (status quo). Saklaw ng teoryang ito ang manipulasyon ng ekonomiya, politika at ideolohiya sa

pamamagitan ng integrasyon sa paraan ng pagkuha ng loob (consent) at hindi ng paggamit ng dahas (coercion).

**Leksikon -** ang kabuuang bokabularyo ng isang wika na kinapapalooban ng bigkas, kahulugan at pag-uri-uring sintaktiko.

**Kapangyarihan** (Power) ay isang kompleks at abstraktong ideya at may mahalagang impluwensya sa ating buhay. Ito ay isang "kakayahang may taglay nito na mapasunod ang iba ayon sa kanyang kagustuhan".  Sa pag-aaral na ito, sinuri ang kakayahan at kapangyarihan ng pangulo sa kanyang pagtatalumpati kung napapasunod niya o hindi ang kanyang tagapakinig.

**Kodipikasyon -** ang sistemang pagpili, pagsasaayos at pagpapaunlad ng istandard na barayti ng isang wika sa pamamagitan ng pagbuo at pagsulat ng mga diksyunaryo, grammar at patnubay sa wastong bigkas at baybay.

**Konteksto -** ang kaligiran ng teksto o mga pahayag na nagbibigay-interpretasyon at nagiging kagamitan para sa interpretasyon. Sa pag-aaral na ito, sinuri ang mga piling talumpati ni PNoy ayon sa kaisipan ng kanyang ipinahahayag sa kanyang mga talumpati.

**Kritikal Diskors Analisis (KDA) -** pagsusuri kung paano ginagamit ang wika, pagbibigay puna sa naging kilos- linggwistik ng mga kalahok at pag-uugnay nito sa nakagawiang sosyo-kultural na may kinalaman sa Ideolohiya, kasaysayan, relihiyon, ekonomiya, kultura, politika at iba pa. Sa pag-aaral na ito, tumutukoy sa pagsusuri at pamamaran ng mga piling talumpati ni PNoy.

**Modernisasyon -** ang pag-aangkop, pagbabago at pagdaragdag ng bolabularyo ng wika sa larangan ng agham, teknolohiya, kultura at kalagayang panlipunan upang makatugon sa mga pangangailangan ng kasalukuyang panahon.

**Pasalitang Diskors (PD) -** ito'y mga pahayag na verbal na nagaganap sa loob ng karaniwan o pang-araw-araw na sitwasyon ng isang sector sa lipunan. Sa pag-aaral na ito, tumutukoy ito sa mga piling talumpati ni PNoy.

**Register -** ang mga barayti ng isang wika na inaangkop sa ispesipikong mga sitwasyon ayon sa layunin, paksa, setting, at mga participants na kalahok.

**Retorika-** masining na pagpapahayag batay sa anyo at gamit ng wika, mga teknik ng pangungumbinsi, ang mensahe at ang paraan kung paano magpahayag ang ispiker sa kanyang awdyens. Sa pag-aaral na ito, tumutukoy sa paraan ng paggamit ng pangulo sa kanyang mga piling talumpati.

**Sitwasyong Komunikatibo -** ito ay tumutukoy sa mga pangyayari, kaalaman, at lugar sa isang tiyak na pamayanan na nagbibigay ng pagkakataon upang maisagawa ang mga pangyayaring komunikatibo at gawaing komunikatibo.

**State-of-the-Nation-Adress (SONA)**- ito ang talumpati na isinasagawa ng pangulo ng Pilipinas sa taunang pagbubukas ng Kongreso. Sa pag-aaral na ito, tumutukoy ito sa tekstong ipihahayag ng pangulong PNoy sa kanyang talumpati.

**Sosyolinggwistiks -** ito ay sistematikong pag-aaral ng wika sa aktwal na gamit nito sa iba't ibang sitwasyon sa lipunan, pribado o pampublikong domeyn (Gannaban, 2007).

**Talumpati -** pormal na pagsasalita sa harap ng maraming tao na ang layunin ay mahikayat ang kanyang mga tagapakinig tungkol sa isang paksa o isyu. Sa pag-aaral na ito, tumutukoy ito sa mga piling talumpati ni PNoy .

**Teksto -** ang tawag sa mga nakasulat na kagamitan na naisulat at nailimbag. Sa pag-aaral na ito, tumutukoy ito sa mga piling talumpati ni PNoy ayon sa teksto na kanyang ipinahayag sa lipunan.

**Terminolohiya -** ang leksikon sa isang larangan o domeyn, tulad ng terminong pang-agham o pang-matematika. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang mga katawagan na kinakailangang maipaliwanag ang katuturan at kahalagahan nito.

**Varayti -** ito ay set ng mga linggwistik aytem na may magkakaparehong deskripsyon. Halimbawa: varayti ng estudyante, istambay, tindero at iba pa. Tinatawag ding register nakikilala ang isang barayti sa paggamit ng katangiang pattern panlinggwistika na maaaring ponolohikal, sintaktik, leksikal o kumbinasyon ng mga padron sa higit sa isang lebel panlinggwistika. Sa pag-aaral na ito, tumutukoy ito sa mga piling talumpati ni PNoy ayon sa varayti ng wika na kanyang ginamit.

**Varyasyon -** tinalakay ito sa alinmang wika na may natatanging katangian, ang tatlong uri nito ay wika, diyalekto at register (Haugen, 1966). Ito ay isang maliit na grupo ng pormal o makabuluhang katangian na nauugnay sa partikular na uri katangian sa sosyo-kultural.(Catford,1991). Sa pag-aaral na ito, tumutukoy ito sa mga piling talumpati ni PNoy ayon sa varyasyon na wika na kanyang ginamit.

# KABANATA II

# MGA KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

## 2.1 MGA KAUGNAY NA LITERATURA

### 2.1.1Diskursong Politikal

Ang "Diskors" ay isang malawak na termino na may iba't ibang katuturan (Titscher et al., 2000, p.42), saklaw ang malaking erya mula lingguwistika, sosyolohiya, pilosopiya at iba pang larangan. Ayon kay Fairclough (1989) ang termino ay tumutukoy sa *"the whole process of interaction of which a text is just a part"* (Fairclough, 1989, p.24). Sa malaganap na pamamaraan ng pagdanas ng daigdig, ang diskors ay tumutukoy sa pagpapahayag ng sarili gamit ang mga salita. Nagagamit ang mga diskors sa paggigiit sa kapangyarihan at kaalaman, at pagtutol/pagsalag at pagkritik. Ipinapahayag ng ispiker ang kanyang ideolohiya sa teksto gaya rin ng lingguwistikong anyo ng teksto. Kung gayon, ang pagpili ng lingguwistikong anyo ay hindi isang buhay na proseso para sa isang ispiker, kundi ang diskors ay isang reproduksyon ng mga naunang natutuhang diskors.

Pinipili at inaayos ang teksto sa sintaktikong anyo na ang "nilalaman-estruktura" ay sumasalamin sa ideolohikal na organisasyon ng isang particular na erya ng panlipunang buhay (Dellinger, 1995). Ayon kay Schaffner (1996), ang diskursong politikal, bilang isang sub-kategoryang diskors sa pangkalahatan, ay nababatay sa dalawang krayterya: Panksyonal at Tematiko. Ang diskursong politikal ay bunga ng

politika at matutukoy ito sa kasaysayan at kultura. Tumutugon ito sa maraming gampanin ng gawaing politikal. Tematiko ito sa dahilang ang mga paksa ay kadalasang kaugnay sa politika gaya ng gawaing politikal, ideyang politikal, at mga ugnayang politikal.

Ang kapangyarihan (Power) ay isang kompleks at abstraktong ideya at may mahalagang impluwensya sa ating buhay. Ito ay isang “kakayahang may taglay nito na mapasunod ang iba ayon sa kanyang kagustuhan” (The New Fontana Dictionary of Modern Thoughts, 1999, p.678). Ayon naman kay Edelman (1977), ang may tangan ng kapangyarihan ay isang taong may kakayahang *“exercise influence outside the context of formal proceedings [thus wielding] real power”* (Edelman, 1977, p.123).

Malaki ang papel ng wika sa pagpapalitan ng pagpapahalagang moral/pantao sa buhay at ang transpormasyon ng kapangyarihan sa nararapat at pagsunod ay isang tungkulin. Maaari itong lumikha ng kapangyarihan at maging daan kung saan magagamit ang kapangyarihan. Ang mga pagpapahalagang panlipunan at paniniwala ay produkto ng mga institusyon at organisasyon sa ating paligid, at nilikha at pinagsasaluhan sa pamamagitan ng wika. Binigyang-diin ito ni Rousseau (2004) sa pagsasabing *“the strongest is never strong enough always to be master unless he transforms his power into right and obedience into duty”* (Rousseau, J.J., cited in The New Fontana Dictionary of Modern Thoughts, 1999, p.678). Ipinahayag naman ni Edwards (2006) na ang tao ay hindi tumutugon sa daigdig batay sa sensori input kundi sa kung ano ang pagtingin/pananaw natin sa kahalagahan ng input na iyon” (*react to the*

*world on the basis of sensory input but, rather, of what we perceive that input to mean"*) (Edwards, 2006, p.324). Ito ay sa dahilang ang paggamit ng wika ay tumutugon sa pananaw sa kalagayang panlipunan ng gumagamit ng wika, kaya ang pagbibigay ng simpleng leybel na pupukaw sa panlipunang isteryotipo na lalagpas sa hangganan ng wika. Halimbawa, ang pakikinig sa isang varayti, ang akto bilang istimulus na pupukaw sa atityud o perhuwisyo o isteryotipo sa komunidad na kinabibilangan ng ispiker. Ayon kay Wareing (2004), ang epektibong gampanin ng wika ay may konsern sa kung sino ang pinahihintulutang magsalita sa sinuman, na may matibay na pagkakabigkis sa kapangyarihan at kalagayang panlipunan (Wareing, 2004, p.9). Ibig sabihin, kung paano pinipili at gumagamit ng magkakaibang sistemang pangwika ay nagkakaiba rin sa kung sino ang ispiker, paano nila tinitingnan ang kanilang sarili at kung anong identidad ang gusto nilang ipakita sa tao. Ang paggamit ng wika ay nagbabago rin ayon sa sitwasyon, maaaring pampubliko o pampribado, pormal o di pormal, sino ang kinakausap at sino ang nakikinig. Gayundin, sinabi ni Meyerhoff (2006) na nakikilala natin ang tao batay sa kung paano sila magsalita.

Batid natin na ang politika ay nakatuon sa kapangyarihan: ang kapangyarihang gumawa ng pagpapasiya, kontrolin ang mga resorses, kontrolin ang beheybyor ng ibang tao at kadalasan ay kontrolin ang kanilang pagpapahalagang moral/pantao. Ayon kina Jones at Peccei (2004), ang mga politiko sa mga nagdaang panahon ay naging matagumpay dahil sa kasanayan sa paggamit ng retorika, na kung saan ay nilayon nilang mahikayat ang awdyens sa balididiti ng kanilang mga pananaw, maingat na

paggamit ng wika. Ang retorika ay isang sining ng paggamit ng wika upang makahikayat o makaimpluwensya ng iba; mga tuntunin na kailangang obserbahan ng ispiker o manunulat upang makapagpahayag ng kanyang sarili nang may kahusayan (Oxford English Dictionary).

Bagaman, ang paggamit ng wika ay walang dudang mahalagang elemento ng politika, nagpahayag si Fairclough (2006) ng ganito: *"misrepresent as well as represent realities, it can weave visions and imaginaries which can be implemented to change realities and in some cases improve human well-being, but it can also rhetorically obfuscate realities, and construe them ideologically to serve unjust power relations"* (Fairclough, 2006, p.1).

Binanggit din ni Wareing (2004) na ang mga salita ay may malakas na impluwensya sa ating atityud; anumang salita ang piliin ay makakaapekto sa pagtingin ng tao sa iba at gayundin sa kanilang mga sarili. Ganito rin ang ipinahayag nina Jones and Peccei (2004) sa pagsasabing ang wika ay magagamit hindi lamang para patnubayan ang kaisipan at paniniwala ng tao kundi makontrol din ito.

Ang pangunahing layunin ng mga politiko ay makahikayat ang kanilang awdyens sa balidad ng kanilang politikang pahayag o pag-aangkin. Ang impluwensyang politikal ay nagmumula sa paggamit ng resorses na humuhubog sa paniniwala at beheybyor ng iba. Ang mga karaniwang resorses ay ang kasanayan, restriksyon ng impormasyon, ang kakayahang magbigay ng pabor sa iba o makasakit sa kanila nang walang dahas, at manlinlang o manuhol. Ipinahayag ni Edelman (1977) na ang mga

maalam na politiko ay nagiging matagumpay dahil sa paggamit ng kanyang kaalaman sa impluwensyang impormal (Edelman, 1977, p.123). Ayon naman kina Jones at Peccei (2004), mapagtatagumpayan lamang ito sa pamamagitan ng pagpapalagay (presupposition) at pagmumungkahi (implicature). Ang mga kagamitang ito ay nagbibigay sa mga tagapakinig ng pagpapalagay sa pag-iral ng mga impormasyon na hindi ginawang malinaw sa aktuwal na sinabi, subalit maaaring mahinuha sa kanyang sinabi.

Ang pagpapalagay ay kaligirang pagpapalagay na nakapaloob sa isang pangungusap o parirala. Ang mga pagpapalagay na ito ay kinuha mula sa sinasabing totoo di alintana kung ang buong pangungusap ay makatotohanan o hindi. Ang ganitong teknik ay nakatutulong sa mga diskursong politikal sa dahilang maaari maging mahirap na matukoy at tutulan ng mga awdyens ang mga pananaw na ipinahayag. Gaya ng pagpapalagay, ang pagmumungkahi (implicatures) ay nakatutulong sa tagapakinig na maghinuha ng bagay na hindi lantarang ibinigay o ipinahayag ng ispiker. Gayunman, hindi gaya ng pagpapalagay (presuppositions), ito ay maaaring higit sa isang parirala o pangungusap at higit na nakadepende sa kaalamang pinagsasaluhan ng ispiker at tagapakinig at sa konteksto ng diskors (Jones and Peccei, 2004, p.44).

### 2.1.2 Kritikal Diskors Analisis (KDA)

Nagsimula ang teorya ng Kritikal Diskors Analisis ayon kina Fairclough at Wodak (1997) mula sa kanluraning Marxismo o western Marxism. Dagdag pa nila kung susuriin ang politikal na ispektrum ng Marxismo sa kanluran, binibigyang

kahalagahan nito ang papel ng kultura sa kalagayang pang-ekonomiya ng isang bansa (makapangyarihan ang wika bilang instrumento sa paghugis ng kultura). Batay sa mga talang pangkasaysayan, ang Kanluraning Marxismo ay binigyang-hugis ng mga kilalang tao at grupong pampolitika at panlipunan noong ika-20 siglo. Kinabibilangan ito ng mga sumusunod: Antonio Gramsci, Louis Althusser, Michael Foucault at ng Pampilosopiyang paaralan ng *Frankfurt*.

Ang teoryang panggagahum (hegemony) ni Antonio Gramsci (nasa Fairclough at Wodak, 1997) na *"domination by consent not by coercion"* ay makatutulong upang higit na maunawaan ang patuloy na pag-iral ng dominasyon sa lipunan (status quo). Sapagkat saklaw ng teoryang ito ang manipulasyon sa ekonomiya, politika at ideolohiya sa pamamagitan ng integrasyon sa paraan ng pagkuha ng loob (consent) at hindi ng paggamit ng dahas (coercion). Ito ay tungkol sa umiiral na ugnayan ng kapangyarihan (power relations) ng mga kalahok upang panatilihing normal, katanggap-tanggap at lehitimo ang ideolohiya ng mga makapangyarihan sa lipunan (ayon sa antas sa lipunan, kasarian, edad, edukasyon, relihiyon, at iba pa.) sa pamamagitan ng pagkontrol sa wika upang kusang maniwala o sumunod ang kausap.

Ang ginamit niyang modelo ay ang sistema ng edukasyon. Halimbawa, pag-iiral ng sistemang kapitalismo sa mga pribadong paaralan kaya ang resulta ay mga mag-aaral (bilang mga mamamayan) na sunud-sunuran sa umiiral na kalakaran sa lipunan: paglaganap ng kaisipang konsumerismo na epekto ng malayang kalakalan at suportado

ng mga batas na may pagkiling sa interes ng mga kapitalista o may hawak ng puhunan (saklaw ang domeyn ng kultura, ekonomiya at politika).

Malaki naman ang naging kontribusyon ni Althusser (nasa Fairclough at Wodak, 1997) sa pagbuo ng teoryang ideolohiya. Ayon sa kanya, hindi ito isang malabo o maulap na realidad na hindi kayang maaninag. Malinaw itong makikita sapagkat mahigpit na nakabuhol ang mga ideya sa mga nangyayari sa lipunan na masasalamin sa mga institusyong panlipunan gaya ng unibersidad. Makapangyarihan ang ideolohiya sapagkat ito ang nagtatakda kung ano ang magiging kalagayan ng isang indibidwal/sektor sa lipunan, partikular sa pasalitang diskors.

Naiiba naman ang pag-aaral ni Michael Foucault tungkol sa diskors, tumutol ito sa Kanluraning Marxismo at teorya ng ideolohiya sapagkat para sa kanya ang diskors ay *"knowledge systems of the human sciences that inform the social and governmental technologies".* Dahil ito ay sistema, isang bahagi lamang ang wika at may iba pang nakaaapekto rito (hal. paraan ng pagdisenyo ng bilangguan/paaralan). Napukaw man ni Foucault ang interes ng maraming siyentipiko ng agham panlipunan tungkol sa Diskors Analisis (DA) ay hindi siya nakapaglatag ng malinaw na direksyon/paraan para sa higit na malaliman o malapitang pagsusuri ng teksto (puna at obserbasyon mula kina Fairclough at Wodak, 1997). Ang terminong kritikal (mapanuri) ay partikular na iniugnay sa pampilosopiyang paaralan ng Frankfurt. Ang pagturing sa produktong kultural (hb. Wika, tradisyon, atbp) bilang bahagi ng *epiphenomena of economy* ay isang argumento para sa mga pilosopo ng nasabing paaralan. Ayon kay Jurgen

Habermas, isang pilosopo, kailangang tingnan ang konteksto (hal. Kasaysayan) na kinapalooban ng kilos-lingguwistika at interaksyong panlipunan. Si Habermas ang nagdebelop ng konseptong "ideal speech situation" ang pananaw na utopian sapagkat hindi naapektuhan ng *power relations* ang naganap na interaksyon. Para sa kanya, "*rational discourse could overcome distorted communication, that is opaque and ideological discourse which deviates from the "ideal speech situation".*

Sa pagsusuri ng pasalitang diskurso ay magagamit ang sistematikong KDA ni Fairclough, na isang 'synergy' ng tatlong lebel ng analis (1) ang aktwal na teksto (na inilarawan bilang teksto) (2) paglikha, distribusyon, transpormasyon, at pagkunsumo ng teksto (*producing, distributing, transforming and consuming the texts*) (na inilarawan bilang isang *discursive practice*) at (3) ang kontekstong sosyal na nakaiimpluwensya sa paglikha ng teksto ( na inilarawan bilang *social-practice*) - na nagkukunsidera sa sosyo-kultural at estruktura ng kapangyarihan o lakas sa lipunan. Ipinakikita ng paradimo 1 ang isang representasyong grapikal ng prosesong ito, isang proseso na inilarawan ni Fairclough na isang kalagayang tuloy-tuloy, paroon-parito sa iba't ibang lebel ng analisis - deskriptibo, interpretatibo at eksplenatori:

Sa lebel na teksto, ay may tuon sa paglalarawan ng mga teksto (*language in text*) – ang *discursivecontent* – maging sa kung paano maiuugnay ang mga tekstong ito sa iba pang diskors, *genre* at istilo. Tinatawag itong *intertextuality* ni Fairclough. Sa lebel na ito ay titingnan ng mananaliksik kung ano ang nirerepresenta ng teksto. Sa puntong ito ang pagsusuri ay deskriptibo lamang gaya ng isang anyo ng pagsusuring lingguwistiko

ng teksto sa pamamagitan ng pagtingin sa mga morpolohiya at sintaks upang matukoy ang *"representations, categories of participant, constructions of participant identity or participant relations"* (Fairclough, 1995: p. 58) ng *subjects, objects, social positions,* at kung paano ang *subject* at *object* ay inilalagay, gayundin ang ilang pagkakataon ng pagkakaugnayan ng lakas sa gamit ng wika. Mahalagang makita rin ang kolokasyon, padron ng *co-occurrences* ng mga salita (Fairclough, 2003:p.131). Sa lebel ding ito ay sinusuri ang genreng kinabibilangan ng diskurso, kung ang teksto ba ay umaayon sa partikular na genre, ang intertekstwal na pagkakaugnayan, semantikang pagkakaugnayan, at kung paano ang panlipunang kaganapan (proseso, kalahok, object, pamamaraan, panahon at lugar) ay nirepresinta (Fairclough, 2003: p. 133), ang kawalan at paglalagay ng isang tiyak na katangian ng genre, paglalahat, pagkakaayos ng pangyayari, ang anggulong pinagkunan, kung ano ang nakuha, binigyang-tuon (foregrounding) at kung ano ang hindi (backgrounding) at, higit sa lahat, ano ang asampsyon sa konpigurasyon ng *generic* at *discursive* ng teksto.

Ang pag-aanalisa ay lalawak sa lebel ng *discursive practice* ng diskurso, ang mananaliksik ay magsusuri sa mga salik na nakakaimpluwensya sa paglikha, distribusyon, transpormasyon at pagkokonsumo ng teksto. Sa lebel na ito ay ang interpretasyon ng *discursive practices* sa kaugnayan nito sa kaganapan, *inter-discursivity* (paanong magkakaugnay ang magkakaibang diskurso), pagkakaayos ng diskurso (isang network ng isang panlipunang kaayusan ng mga set ng genre, panlipunang gawi at mga diskursong may kaugnayan sa isang partikular na larang) at

ang pagkakaugnay ng lakas sa pagitan ng tao sa isang kaganapan. Sa lebel na ito ay susuriin ang kilos, interaksyon, pagkakaugnayang panlipunan, ang materyal na daigdig, ritwal, paniniwala, atitiyud, pagpapahalaga, pangarap ng tao at institusyon, lakas at diskurso, anyo ng kamalayan, panahon at espasyo, bagay, instrumento, kalahok at panlipunang ugnayan, gawain at maging ng abstraktong estrukturang panlipunan at kongkretong kaganapang-sosyal ay binibigyang konsiderasyon sa kaugnayan nito sa paglikha, distribusyon, transpormasyon at pagkunsumo ng teksto. At sa huli ay ang pag-unawa sa malawak na kontekstong sosyo-kultural, politikal, ideolohikal at historikal gayundin ang at estrukturang nakapalibot sa teksto at ang kaugnay na diskurso – sosyo-kultural praktis – ay isang mahalagang gawain sa pagsusuri sa dinamiko ng teksto at kung paano ang teksto ay nalikha, nalipat, nabago at nakunsumo. Sa kalagayang ito ay ang pagsusuri ay madali nang maipapaliwanag. Sa lebel na ito ay ikinukunsidera ang nakapailalim na pagkakaugnayan ng kapangyarihan o lakas na maaaring muling malikha, paano naabuso at namamaliit ang pangkat ng tao at maging mga posibilidad ng pagbabago at pag-aaklas. Ang proseso ay makatutulong din sa mananaliksik na matukoy, maunawaan at maipaliwanag ang dahilan at lohikang nagaganap – paano at bakit ang makapangyarihang diskurso at makapangyarihang ahente ay humuhubog sa paniniwala, pantasya at inaasam upang malimitahan ang mga praktis ng institusyon na nagseset ng kalagayan ng produksyon ng materyal at reproduksyon ng mga gawain na sa huli ay lumilikha ng pagkakaugnayang- sosyal na tumitiyak sa paggamit ng kapangyarihan (Harvey, 1996: p. 82).

Ang KDA ay nagsimula sa pagpapalagay na ang sistematikong kawalan ng simetriya ng kapangyarihan at mga resorses ng ispiker at tagapakinig, mambabasa at manunulat ay maiuugnay sa kanilang di pantay na akses sa lingguwistiko at panlipunang resorses. Sa ganito, ang pagpapalagay (presupposition) ng kritikal diskors analisis na ang institusyon gaya ng paaralan ay gumaganap bilang tagabantay ng masteri sa masalimuot na resorses: ang mga diskors, teksto, genre, leksikal at gramatikal na estruktura ng pang-araw-araw na gamit ng wika. Iminumungkahi nito ang muling pagbalangkas ng mga tanong ukol sa pagkakapantay-pantay sa edukasyon at kung paano ang kawalang sistematiko at ideolohikal na komunikasyon ay nagseset ng mga kondisyon para sa magkakaibang institusyonal na akses sa masalimuot na resorses, ang napakaedukasyonal na kasanayang kailangan sa panlipunan at ekonomikong pagkakaugnayan sa mga ekonomiyang nakabatay sa mga impormasyon (social and economic relations in information-based economies).

Ang diskors at wika sa pang-araw-araw na buhay ay ideolohikal na gumaganap. Nagagamit ito sa pagbuo ng di simetrikal na na pagkakaugnayan ng kapangyarihan at partikular na tekstuwal na pagganap ng panlipunan at biyolohikal na daigdig, praktikal na paghuhusga (commonsensical) at natural. Masasabi kung gayon na ang gampanin ng KDA ay magdekonstrak at magkonstrak. Sa pagdedekonstrak, nilalayon nito na magbuwag at magbigay ng problema sa tema at ugnayan ng kapangyarihan sa pag-araw-araw na usapan at pagsulat. Nilalayon naman ng pagkonstrak na na maisagawa ang kritikal na maisagawa ang debelopment ng kritikal na pagkatuto na naglalayong

mapalawak ang kakayahan ng mag-aaral na suriin at punahin ang mga diskurso at ang panlipunang ugnayan tungo sa higit na pantay na distribusyon ng resorses (Fairclough 1992a).

Ang pangunahing bahagi ng pagsusuri ng KDA ay ang teksto. Ang teksto ay ang panlipunang pagkilos, makabuluhan at magkaugnay na pangyayari sa pasalita at pasulat na paggamit ng wika. Ang ilang uri ng teksto ay nagbibigay ng kumbensyonal na panlipunang gamit at gampanin. May mga teksto na nagtatangkang isagawa ang ilang bagay sa panlipunang institusyon na may prediktabol na ideya at epektong materyal gaya ng mga nakasulat na teksto (hal. liham pangangalakal, pormularyo, polisiya, teksbuk), pasalita (harapan) (hal. usapan ng doktor-pasyente, abogado-kliyente, klase sa paaralan), at ang biswal at elektroniko (hal. internet). Ang lahat ng uri ng teksto ay maaaring suriin sa pamamagitan ng pagkakahanay ng mga estruktura ng proposisyon, ang tekstwal na makroestruktura. Ang estruktura ng pasalita at pasulat na naratibo ay may natutukoy na bahagi o pagkilos. Sa kaso ng pagbabasa ng mga bata o teksbuk sa agham, ang pagkakasunod-sunod ng mga aksyon, pagganap at pag-aangkin ay may sinusunod na pagkakaayos. Ang mga estruktura ng teksto ay nagaganap bilang malaking eskala "gramatika" ng aksyon at pangyayaring nakatanikala, gaya ng ekspresyon ng "lohikong kultural"at nagpapalagay ukol sa historikal at pantaong ahensya, panlipunan at natural na pananahilan. Ang naratibong pag-aaral ng mga estruktura ay ginagamit sa pag-aaral ng representasyon ng ugnayan ng kasarian, kultura

at ng mga pangkat kultural, digmaan at pangunahing kasasaysayan, at sibiko at politikong estruktura ng teksbuk (tingnan ang Luke 1995).


Nakapokus ang Kritikal Diskors Analisis (KDA) sa pangungusap at mga salita, nakabatay ito sa analitikong pamamaraan ng “systemic functional linguistics”. Sinabi ni Halliday (1985) na ang leksikal at gramatikal na katangian ng mga teksto ay may kanya-kanyang gampanin: (a) kumakatawan ito sa panlipunan at natural na mundo ("field"); (b) lumilikha at nakakaapekto sa panlipunang ugnayan ("tenor"); at (c) lumilinang ito ng kumbensyon gaya ng kaisahan, natutukoy na mga teksto sa partikular na media ("mode"). Luminang ito ng masaklaw na katangian ng gampanin ng wika. Ayon kay Kress (1990), ang pasulat at sinasalitang teksto ay kumakatawan sa partikular at piling pananaw sa daigdig o "subject positions" (hal. field) at iniuugnay sa lipunan "reading positions" (hal. tenor). Sa pamamagitan ng “reading positions”, maipapakita sa teksto ang ugnayan ng kapangyarihan at ahensya sa teksto.

### 2.1.4 Ekonomiks, Ideolohiya at Retorika

Sino mang politiko na gustong maging epektibong mananalumpati ay kailangang magtaglay ng tatlong erya o puntos: ekonomiks, ideolohiya at retorika. Tumutukoy ang ekonomiks sa potensyal ng isang politiko, ang kanyang pondo o makinarya (hindi ng mga patakaran o programang pang-ekonomiya, na kabilang sa ideolohiya). Ang ideolohiya naman ay tumutukoy sa pagtingin/pagpapakahulugan sa daigdig. Samantala, ang retorika ay kaugnay naman ng ekspresyon. Ang retorika ay ang

wika, ang mga teknik ng pangungumbinsi, ang mensahe at ang paraan kung paano magpahayag ang ispiker sa kanyang awdyens. Maiuugnay din ang retorika sa dalawang erya. Magkakaugnay ang tatlong salita at kapwa nakakaimpluwensiya sa isa't isa. Magkagayon, ang isang politiko ay maaaring ilarawan sa pamamagitan ng isang tatsulok, hindi ng gaya ng retorikal na tatsulok. Ang retorikal na tatsulok ay isang representasyon ng isang klasikal na sitwasyong retorikal kung saan bawat kalahok ay ipinapasok sa isang usapan sa harap ng awdyens.

Samantala, ang politikal na tatsulok ay nagpapakita ng mga elemento ng politikal na representasyon na kasama ang retorika bilang isa sa mga termino. Ipinapakita sa paradimo 3 na ang klasikal na retorikal na tatsulok ay nagpapakita ng elemento ng retorika, kabilang ispiker at kanyang kredibilidad (ethos), ang mensahe (logos) at awdyens (pathos). Ang tatlong salita ay magkakaugnay, kapag binago ang isa ay obligadong baguhin din ang iba pa (ang pagbabago ng ispiker at kanyang mensahe sa magkakaibang awdyens ay nagpapakita ng mapaghamong aspeto ng representasyong politikal.)




Paradimo 3: Retorikal at Politikal na Tatsulok

Nais ipakita ng paradimo na kailangang ikunsidera ng isang politiko ang retorikal na sitwasyon na kinabibilangan niya, ng awdyens at ang mensahe. Ang bawat salita ay kailangang palitan upang matanggap ang anumang pagbabago sa alinmang mga salita. Ang sitwasyong retorikal ay isinama sa politikal na tatsulok. Gayundin, ang dalawang pang termino sa politikal na tatsulok ay kailangan ding ipaliwanag. Ang ekonomik (pondo) ay hindi iisa kundi kasama ng maraming partido at mga uri ng partido (korporasyon, indibidwal, union, atbp.).

Maliban sa mga kaso ng pakikipag-usap sa sarili, walang ispiker na siya lamang ang awdyens ng kanyang pahayag. Magkagayon, ang mensahe o lohika ng argumento ay hindi katulad ng patetikong apila o apila sa awdyens. Kundi, ang bawat salita ay nakakaapekto sa isa't isa.

Gayundin, ang politikal na tatsulok, ang mga salita ay hindi maaaring pantayin o pag-isahin. Ang ideolohiya ng isang politiko ay kadalasang katulad ng kanyang retorika. Maging ang ideolohiya ay madaling ilapat sa pondo.

### 2.1.5 Elemento ng Sitwasyong Retorikal

Bawat sitwasyong retorikal ay may apat na batayang komponent/nilalaman: awtor, awdyens, teksto, at konteksto. Ang bawat isa ay magkakaugnay at nakakaimpluwensya sa bawat isa. Bawat isa ay may tiyak na katangiang nakakaapekto sa iba pang elemento. Maipapaliwanag ang mga ito sa ibaba:

- **Awtor/Ispiker**

"Awtor" ay tumutukoy sa sino mang gumagamit ng komunikasyon. Maaaring isang tao o marami. Maaaring gumamit ng pasulat na anyo gaya ng aklat/nobela/kuwento, pasalita gaya ng sa talumpati, debate, at pag-uulat; biswal sa mga komersyal sa tv; awdyo sa radyo; at maaari ding sa pagsalat gaya ng sa Braille bilang komunikasyon.

Anuman ang nilikha ng awtor ay may direktang epekto sa kanya: siya ay mga tiyak na layunin na gumagabay sa kanyang pagkilos sa pakikipagtalastasan, siya ay may tiyak na atityud na nakakaapekto sa kung ano at paano sila nakikipagtalastasan, at siya ay may tiyak na kaligiran na nagbibigay-impormasyon sa kalikasan ng kanilang pakikipagtalastasan.

- **Layunin ng Awtor**

Tinutukoy ng mga layunin ng awtor ang karaniwang rasyonale sa likod ng iba pang pagpapasiyang ginagawa ng awtor (gaya ng ano ang dapat isulat o sabihin, anong midyum ang gagamitin, atbp.) Ang layunin ng awtor ay magturo, manghikayat, magbigay ng impormasyon, manlibang, magsimula, magpasaya, magpalungkot, maglinaw, magbigay ng parusa, makiisa, makisimpatiya. Limitado lamang ang layunin ng awtor sa anumang nais na matugunan o maisagawa niya sa komunikasyon. Napakaraming maaaring maging layunin sa komunikasyon gaya ng dami rin ng mga salitang maglalarawan sa mga layuning yaon.

- **Atityud ng Awtor**

Ang atityud ay isa sa kinaliligtaang elemento ng sitwasyong retorikal, malaki ang epektong naidudulot nito sa kung paano mailalantad ang sitwasyong retorikal. Bigyang halimbawa natin ang isang awtor na may kabastusan taliwas sa seryosong atityud, o drama o komedi, o kalmante sa tuwangtuwa. Depende sa layunin ng awtor, tiyak na katangian ng mga awdyens, ang kalikasan ng konteksto, at iba pang salik, alinman sa mga atityud na ito ay maaaring makatulong o maging sagabal sa awtor sa kaniyang pagsusumikap na makipagtalastasan depende sa iba pang salik sa alinmang ibinigay na sitwasyong retorikal.

- **Kaligiran ng Awtor**

Maraming salik ang nakakaapekto sa kaligiran ng awtor gaya ng edad, personal na karanasan, kasarian, lokasyon, etnisidad, paniniwalang politikal, mga magulang, kaibigan, antas ng edukasyon, atbp. Ang kaligiran ng awtor ay nakakaapekto sa mga bagay na pinaniniwalaan niya, ano at paano sila nakikipagtalastasan, at ang konteksto kung saan nagaganap ang usapan.

- **Teksto**

Ang salitang “teksto” ang pinakagamiting termino sa sitwasyong retorikal. Karaniwan, ang salitang “teksto” ay tumutukoy sa pasulat na dokumento. Sa sitwasyong retorikal, ito ay nangangahulugang ano mang anyo ng komunikasyon na nililikha ng tao. Kailanman ang tao ay nakikipagtalastasan, may teksto na nagsisilbing midyum ng komunikasyon. May tatlong karaniwang salik na nakakaapekto sa kalikasan ng bawat teksto: ang midyum ng teksto, ang kagamitang ginamit sa paglikha ng teksto, at kagamitang ginamit upang maunawaan ang teksto.

- **Midyum ng teksto**

Ang teksto ay maaaring ilahad sa anumang uri ng midyum o mekanismo ng pakikipagtalastasan. Karaniwan ito ay nasa anyong media. Nakakaapekto ang iba’t ibang media sa paraan kung paano nakikipagtalastasan ang awtor at awdyens.

Ikunsidera kung paano ang iba't ibang uri ng media ay nakakaapekto sa komunikasyon sa iba't ibang sitwasyong retorikal: sulat-kamay, makinilyado, kompyuterisado, awdyo, biswal, berbal, di-berbal, grapiko, larawan, tactile, may salita, o walang salita.

Ilan sa mga tiyak na halimbawa ng media ay papel-pananaliksik, talumpati, liham, adbertisment, billboard, ulat, posterboard, cartoon, pelikula, painting, sculpture, email, Twitter tweet, Facebook page o wall post, usapan (face to face, cellphone, via text messages), graffiti. . . atbp.

- **Instrumento sa Paglikha ng Teksto**

Bawat teksto ay binubuo ng mga instrumento na nakakaapekto sa estruktura at nilalaman ng isang teksto. Ang instrumentong ito ay maaaring pisikal mula sa pinaka-beysik (gaya ng laringhe, lalamunan, ngipin, labi, at dila na kailanganin sa berbal na komunikasyon) hanggang sa pinaka-kompleks (gaya ng laptop computer na may graphic-manipulating software). Ang mga instrumentong ito ay maaaring higit na konseptwal, na simple (gaya ng pidbak ng guro) hanggang sa komplikado (gaya ng iba't ibang sanggunian sa pananaliksik). Ang instrumento sa komunikasyon ay kadalasang tumutukoy sa uri ng komunikasyon na maaaring maganap sa ano mang sitwasyong retorikal.

- **Instrumento sa Pag-unawa ng Teksto**

Gayunman, may iba't ibang instrumentong magagamit ang mga awdyens sa pagbabasa, panonood, pakikinig, at pagpapahalaga sa iba't ibang teksto. Ito ay maaaring

aktwal na pisikal, na mula sa beysik (gaya ng mga mata at salamin sa mata na kailangan sa pagbabasa) hanggang sa pinaka-kompleks (gaya ng isang digital projector at screen upang makita ang isang powerpoint presentation). Maaari din namang konseptwal, na simple gaya ng mga prinsipyong natutuhan ng mga bata sa kani-kanilang magulang) hanggang pinaka-komplikado (isang Master's Degree sa Sining). Ang mga instrumentong taglay ng mga awdyens ay nakakaapekto sa pagpapahalaga nila sa iba't ibang teksto.

- **Konteksto**

Sa huli, bawat sitwasyong retorikal ay nagaganap sa isang tiyak na konteksto, kapaligiran, o tagpuan. Ang tuwirang nakakaapekto sa anumang konteksto ay ang panahon, lugar, at komunidad na ginaganapan ng mga kalahok.

- **Panahon**

Ang "panahon" ay tumutukoy sa tiyak na bahagi ng kasaysayan. Batid ng lahat na ang iba't ibang tao ay nakikipag-usap sa iba't ibang paraan sa iba't ibang panahon. Ang mga Pilipino noong 1950s ay iba sa kasalukuyang panahon. Iba ang pananalita ng kanilang henerasyon sa pananalita ng kasalukuyan. Iba ang wika ni Quezon, ni Magsaysay, ni Marcos, ni Erap, at ni PNoy.

- **Lugar** Ang lugar ay nakakaapekto rin sa komunikasyon. Iba ang pagsasalita sa maliit na lugar gaya ng silid-aralan sa malaking lugar gaya awditoryum. Iba sa harap ng madla at iba rin kapag nasa telebisyon o radyo.

- **Komunidad/kumbersasyon**

Sa iba't ibang sitwasyong retorikal, ang komunidad o kumbersasyon ay nagagamit upang tukuyin ang isang tiyak na panlipunang interaksyon ng mga ispiker at awdyens. Sa ibang pagpapakahulugan, ang komunidad ay tumutukoy sa tiyak na pangkat ng tao na pinagkaisa labas ng lugar at proksimiti o layo gaya ng kapitbahayan; at ang kumbersasyon naman ay tumutukoy sa pag-uusap ng maliit na pangkat ng mga tao.

**2.1.6 Retorika at Tayutay**

Ang Retorika ay tinatawag ding pagtatalumpati (oratory sa Ingles) na nagmula sa Gresya noong 460 B.C. Nilangkapan ito ni Aristotle ng estilo para maging maayos ang gawaing pagdulog ng mananalumpati o orador. Nilangkapan din ng etikal at mga paraang lohikal para maging higit na matagumpayan ang pagganyak (Bisa et. Al 2008). Naging tanyag sa kalaunan ang pagtatalumpati sa harap ng madla noong panahong iyon. Si Demosthenes ang kinilalang pinakatanyag na orador na Griyego (Harkavey 1996).

Upang lubos na maging kaaya-aya at masining ang paraan ng pagtatalumpati, malaki ang nagagawa ng pagtukoy sa matatalinhagang salita. Ang patalinhagang pagpapahayag ay sinasadyang paglayo o pagtukoy sa paggamit ng mga pangkaraniwang salita upang maging kaakit-akit at maging mabisa ang pagpapahayag. Layunin din nito ang makadagdag ng kagandahan isang katha, pasalita man o pasulat.

**2.2 MGA KAUGNAY NA PAG-AARAL**

### 2.2.1 Mga Dayuhang Pag-aaral

Sa pag-aaral ni Juraj Horváth na may pamagat na "Critical Discourse Analysis of Obama's Political Discourse" sinuri niya ang mga estratehiya ng panghihikayat na ginamit ni Pang. Obama sa kanyang inagurasyon bilang pangulo ng Estados Unidos gayundin ang tagong ideolohiya niya. Alinsunod ang kanyang pag-aaral sa pagpapalagay ni Norman Fairclough sa KDA, na *"ideologies reside in texts"*na "*it is not possible to 'read off' ideologies from texts"* atang *"texts are open to diverse interpretations"* (Fairclough: 1995). Ang mga napiling korpus ng mga ideolohiya at panghihikayat ay sinuri at nakita ang estratehiya ng panghihikayat na kanyang ginamit. Gayundin, tinangkang tingnan ng pag-aaral ang diyakronikong pananaw ng paalis na administrasyon ni Pangulong George W. Bush. Ang mga sumusunod ay ang natuklasan sa pag-aaral:

1. Ipinapakita ng pagsusuri na ang susing ideolohiya sa talumpati ni Obama ay mailalagom sa sumusunod na konsepto: pragmatismo, liberalismo, inklusibo, pagtanggap sa relihiyon at etnikong pagkakaiba at pagkakaisa
2. Ipinakita rin ng pag-aaral na ang pangunahing salitang ginamit ni Obama ay ang 'nation', 'new' at 'America', at ang pangkalahatang nanguna ay ang panghalip na "we", na nagpapatunay sa inklusibong pananaw ni Obama at ang pangangailangan ng pagkakaisa, pagkakaunawaan sa panahon ng pambansang panganib.

3. Ang paggamit ni Obama ng mga sipi sa Bibliya na nagpapakita ng pangangailangan ng pagkakaisa at pagmamahalan ng iba't ibang pangkat ng Amerikano.

4. Sa pangkalahatan, batay sa tema ng talumpati ito ay nangangailangang magbigay ng inspirasyon at magpalakas *"By the strength from our heroic past"*, na magagamit bilang dulugan ng muling pagtatayo at pagbangon ng bansa sa panahon ng banta ng pandaigdigang terorismo.

5. Ang masalimuot na pangyayari at estruktura ay magkaugnay na ideyang iminungkahi ni Fairclough ay resulta ng pagsusuri. Ang inagurasyon, ang masalimuot na pangyayaring humuhubog sa teksto, ang masalimuot na estruktura, at ang diskors ang nagiging paksa ng interpretasyon ng mga awdyens, na humuhubog sa sumusunod na diskursong praktis ni Obama.

Samantala, sa pananaliksik ni Fatih Bayram (2010) na may pamagat na *"Ideology and Political Discourse: A Critical Discourse Analysis of Erdogan's Political Speech"* sinuri niya ang ideolohikal na komponent at kaligirang lingguwistikong ginamit sa talumpati sa isang debate ng Punong Ministro ng Turkey. Ang resulta ay kaugnay sa pagpapalagay ni Fairclough na ideolohiyang taglay ng teksto at na *"ideology invests language in various ways at various levels"* at ang ideolohiya ay kapwa may katangian ng estruktura at ng pangyayari. Sa kabila ng matinding kritisismo, napanatili ni Erdogan ang kanyang kaligiran sa kabuuan ng panahon ng kanyang pamamahala, kahit na sa katatapos na Davos debate, kung saan ay gumamit siya ng

wika na makapangyarihang panlipunang kasangkapan na magpapakita ng kanyang katangian. Ang kanyang atityud at lingguwistikong beheybyor ay salamin ng isang partikular na pangkat, at ang positibong atityud ng pangkat sa kanya. Ang ating atityud sa wika ay mahalaga, at ang ating pananaw sa mga katangian ng isang tao o pangkat ay maaaring maimpluwensyahan ng mga atityud na ito. Ang kabatiran sa mga atityud sa wika, hindi lamang nakatutulong na higit na maunawaan ang kanyang sarili at kanyang kakayahan sa lipunan kundi nakatutulong din sa kanya na masuri ang iba at ang impluwensya.


Sa pag-aaral ni El Mustapha Lahlali (2012) ay sinuri niya ang ideolohikal na gampanin ng leksikal na pag-uulit (lexical repetition) sa mga talumpati ni Hassan Nasrallah. Ayon nga sa kanyang papel, ang dalas ng pag-uulit sa Arabic ay matagal nang pinag-aaralan sa pamamagitan ng iba’t ibang dulog pormalistiko. Bagaman, kakaunti lamang ang nagbibigay-tuon sa ugnayan ng pag-uulit at ideolohiya. Batay sa kanyang papel ang pag-uulit ay malayang ginagamit upang palakasin ang iba’t ibang estratehiyang politikal ni Nasrallah. Ito rin ay sinadyang gamitin upang tukuyin ang iba’t ibang pangkat ng mga Lebanese. Nabanggit din na ang ispiker ay gumagamit ng iba’t ibang register sa iba’t ibang awdyens, gayundin upang ipakita ang kanyang ideolohiya at pananaw pampolitika. Sinuri ng pag-aaral ang mga talumpati ni Nasrallah noong may labanan ang Hizbollah at Israel ng taong 2006. Ang 34 na araw ng labanan ay nagsimula noong Hulyo 12, 2006 at nagtapos noong Agosto 16, sa pamamagitan ng United Nations Security Council Resolution 1701, na pinangangalagaan ng isang

puwersang multinational. Nakuha ang mga talumpati sa opisyal na website ng Hizbollah. Napili ang mga talumpati dahil tumutukoy ito sa mga Lebanese. Ang pagsusuri ay hindi nakatuon lamang sa dalas ng pag-uulit kundi maging sa gampanin, uri, at layunin ng pag-uulit sa mga talumpati ni Nasrallah. Tinukoy rin sa papel ang motibong ideolohikal sa pag-uulit. Ginamit ang balangkas konseptuwal ni Fairclough (1992) upang ipaliwanag ang ugnayan ng pag-uulit at ideolohiya. Nakita sa pag-aaral na ang pag-uulit ay ginamit upang palakasin ang iba't ibang estratehiya at makaimpluwensiya at makahikayat ng awdyens. Ang paggamit ng iba't ibang register na sinamahan ng ekstensibong paggamit ng pag-uulit ay malinaw na nagpapakita na ang wika bilang midyum ng komunikasyon ay maingat na nagamit hindi lamang upang ipakita ang estilo ng ispiker, kundi maipahayag ang kanyang pananaw. Ang mga register patungkol sa relihiyon ay nagamit din upang maipakita ang kanyang relihiyon sa kanyang mga tagasunod, samantala ang secular na diskurso naman ay isang pagtatangkang umapila sa malawakang awdyens na Lebanese.

Sa pananaliksik nina Yu, Kaufmann, at Diermeier (2007) tinalakay nila ang disenyo ng pagkaklasipika ng mga ideolohiya sa mga talumpati sa kongreso ng Estados Unidos. Sinuri nila ang "ideology classifiers' person-dependency" at "time-dependency." Nakita nila na ang "ideology classifiers" ng mga talumpati ng kongreso ng taong 2005 ay mailalahat sa mga talumpati sa senado, ngunit hindi ng senado sa kongreso. Lumalabas na higit na maganda ang mga talumpati ng kongreso ng taong

2005 kaysa ng mga naunang taon, nangangahulugang nakakaapekto ang panahon at ang pagbabago ng mga isyu o ng ideolohikal na komposisyon ng kongreso.

Nabanggit din sa kanilang pag-aaral na isa sa pinakamahalagang katangian ng talumpating pampolitika ay ang kahalagahan ng politikal na ideolohiya. Sa isang politikal na kalagayan, higit na nakikita ang nakatagong ideolohiya ng tao sa kanyang opinyon sa isyu sa halip na ang talumpati. (Tingnan ang pigura 1). Samakatuwid, hinuhubog ng ideolohiya ang bawat pananaw sa isyu at ang mga impluwensiyang ito ang naghihiwalay sa Liberal at Conservative.




Paradimo 4: Ugnayan ng ideolohiya at mga opinyon sa iba’t ibang isyu

Samantala, sa isang sanaysay ni Converse (1964) sinabi niya na ang mga ideolohiya bilang mga “belief systems” na nagbibigay-puwersa sa mga opinyon at atityud ng isang tao.

> *“Constraint may be taken to mean the success we would have in predicting, given an initial knowledge that an individual holds a special attitude, that he holds certain further ideas and attitudes (Converse 1964, p.207).”*

Sa pananaliksik ni Matić (2012) tinukoy at pinaghambing ang mga estruktura ng diskurso partikular ang paggamit ng mga ideolohikal na estratehiya sa mga talumpating binigkas ng dalawang kandidato sa pagkapangulo ng Estados Unidos noong 2008. Inobserbahan ang *semantic macrostructures* (paksa), lokal na kahulugan at estilong leksikal na ginamit sa *speech acts, rhetorical devices, forms of indirectness* at mga estratehiya upang maipaliwanag kung hanggang saan naipakita ng mga ispiker ang kanilang ideolohiya sa pamamagitan ng mga salitang ginamit. Nais patunayan kung ang mga talumpati ay alinsunod sa “ideological square” na ipinakita ni Van Dijk (1998, 2008).

### 2.2.2 Mga Lokal na Pag-aaral

Sa pag-aaral ni Hernandez (2006) tinangka niyang pag-aralan at ilarawan ang kulturang pang-organisasyon ng institusyon sa pamamagitan ng diskursong ginamit sa panahon ng pulong ng “University Council”, at ipinaliwanag niya ang mga implikasyon sa pamamahala sa edukasyon. Gumamit siya ng pananaliksik etnograpika sa diskurso ng mga miyembro ng “University Council.” Sa panahon ng kanyang imbestigasyon sa mga datos, binigyan din niya ng konsiderasyon ang ibang pamamaraan gaya ng pagsasaliksik

sa diskurso, kritikal na pagsasaliksik sa diskurso at pag-aaral sa kultura. Ginamit niya sa pag-aaral ang lahat ng 94 miyembro ng "University Council" mula sa 11 kolehiyo ng unibersidad. Ang paksa ng transkripto ay ang mga miyembro na aktibong nakikilahok sa pulong. Karamihan sa mga kalahok ay "faculty members" na may tungkuling dekano, kalihim at pinuno ng bawat akademya. Ang mga miyembrong walang designasyon ay pawang "passive" maliban sa mga "full professors" na kung minsan ay aktibong nakikilahok sa panahon ng pulong ng konseho. Isinagawa ng mananaliksik ang impormal na panayam sa panahon ng mga impormal na pag-uusap at hindi sinasadyang pagtatagpo sa mga kalahok sa pulong. Ang mga datos na nakalap ay nakatulong sa mananaliksik upang matuklasan ang pananaw ng mga miyembrong "passive" ukol sa partisipasyon ng mga miyembro sa panahon ng interaksyong verbal ng pulong. Sa kabuuan, natuklasan niya na karamihan sa mga aktibong kalahok sa interaksyon ay may mataas na ranggong "faculty member", opisyal ng unibersidad, at senior member ng "University Council". Ang hirarkiya at awtoridad sa ranggo, posisyon at panunungkulan ay napansin sa pulong. Samantala, karamihan sa intensyon ng mga kalahok ay upang lutasin ang mga problema na nananawagan sa positibong reaksyon, tensyon, paglaya at mapagkaibang pagkakaisa. Bukod dito, natuklasan din na ang dalawang "presiding officer": ang lalaki at babaeng pangulo ng unibersidad ay nagkakaisa sa kanilang estilo ng pamamagitan. Ang una ay may may malasakit sa pagkakaisa at ang huli ay nakapokus sa katuparan ng mga layunin. Nakita rin ng mananaliksik ang "conformity pressure" sa estilo ng pamamagitan na "task oriented" na kahit nag-iisa ang isang tao sa

kanyang pananaw, ang kanyang katayuan sa buhay ang nagpupuwersa sa iba pa na tanggapin ang kanyang ideya. Ang chairman ng "University Council" at ang presidente ng unibersidad ay maaaring hindi magtangkang ayusin ang pananaw ng mga miyembro ng konseho dahil sa sila ay tinitingala kung kaya't may mga kaso na pinipigil ng mga miyembro ang kanilang sariling pananaw at umayon sa ano mang sabihin ng "presiding officer". Kapansin-pansin din sa pananaliksik na ang nangingibabaw na miyembro ang humuhubog sa ideolohiya ng organisasyon at ang resulta ng monopolya sa ideolohiya ay isang relasyong hegemonika na kung saan ang senior at mataas na opisyal ng unibersidad ang may kontrol sa grupong tahimik sa pamamagitan ng pagtanggap. Ang wikang ginamit sa pulong ang nagdadala sa mga miyembro sa mga usapin ukol sa kapangyarihan/kontrol sa proseso ng sama-samang kaisipan. Pinanghahawakan ng ilang aktibong miyembro na kung ano ang tila nararapat na makapangyarihang papel na kumokontrol sa balangkas, nilalaman at sosyal na kinalabasan ng usapan. Nakita rin sa pananaliksik ang hindi pantay na ugnayan sa kapangyarihan sa panahon ng interaksyon. Kung kaya nirekomenda ng mananaliksik ang isang malalim na pag-aaral sa kung ano ang dahilan ng pananahimik ng ilang kalahok sa usapan nang sa ganuon ay mahikayat silang magsalita. Ang nasabing pananaliksik ay may pagkakatulad sa kasalukuyang pag-aaral sa punto ng estilo at gamit ng wika sa talumpati. Subalit magkaiba sa domeyn, ang unang pag-aaral ay nakatuon sa domeyn ng edukasyon at pamamahala samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay sa iba't ibang domeyn ng lipunan. Ang una ay nakatuon lamang sa wika sa pagpupulong partikular ng mga opisyales unibersidad samantalang

ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa mga piling talumpating binigkas ni PNoy at nailathala sa kaniyang opisyal na website.

Samantala, layunin naman ng pag-aaral ni Ampil (2010) na mailarawan ang pasalitang diskors ng media. Batay sa kinalabasan ng kanyang pag-aaral ay natuklasan na niya na ang mga programa sa radyo, ay masasabing transaksyonal kaysa interaksyonal. Inilahad din niya ang kanyang nakalap at nasuring datos na nanguna ang "informative" sa tatlong konteksto na nagpapatunay na ang media ay pangunahin sa pagbibigay ng impormasyon sa publiko. Samantala, pumangalawa naman ang "accept" na nagpapatunay na pasibo o nananatiling tagatanggap lamang ng impormasyon ang **Ir** at pumapangatlo lamang ang "inquire." Nagkaiba lamang ang panayam sa radyo at telebisyon sa pang-apat na akto ng diskors, sa radyo pumapang-apat ang comment na nagpapatunay na matatawag na higit na komentarista sa halip na tagapagulat ang Ir, sa telebisyon pumang-apt ang starter na nangangahulugan namn na higit na maligoy at kumplikado ang pagpapahayag sa dahilang bago pa ibigay ng Ir ang tanong ay kailangang sabihin muna ang kaligiran ng paksa. Kung ganito ang padronng akto ng diskors ay masasabi kung gayon, na ito ay istruktural at mekanikal, ang mga tanong ay inihanda upang magkaroon ng organisasyon. May iskrip na sinusunod, may proseso gaya ng: 1) pagpapakilala ng Ir sa Rs; 2) pagbibigay ng pagbati; 3) pagbibigay ng kaunting kaligiran o background sa usapin o paksa at 4) pagtatanong; 5) pagsagot sa tanong; 6) pagtanggap ng sagot.

Sa kanyang pagsusuri, maraming naitalang "comment" bilang follow-up move ng interviewer sa pahayag ng Rs, gaya ng makikita sa halimbawa sa ibaba. Masasabing mahirap ikategorya kung ito ba ay "comment" o "expatiate" o "informative", kung kaya minabuti ng mananaliksik na tingnan ang kabuuang diskors upang tukuyin ang aktong nababagay, gayunman, ang pagpapakahulugan ay maaaring mabago. Sa modelo ng IRF nina Sinclair at Coulthard ay guro ang nagpapasimula ng diskors, kung saan nagsisimula itong magtanong o magbigay ng impormasyon, ang mga mag-aaral naman ay tutugon o magbibigay ng reaksyon at sa huli ay magbibigay ng komento o ebalwasyon ang guro. Sa kasalukuyang pag-aaral, ang interviewer ang nagpapasimula ng diskors sa pamamagitan ng pagbati at susundan ng pagtatanong, ang respondent naman ang sasagot at magbibigay ng komento o ebalwasyon ang interviewer. Natuklasan din sa pag-aaral na naiba ito sa naunang natuklasan nina Sinclair at Coulthard na may 22 akto ng diskors samantalang 35 naman ang ginamit sa pag-aaral ni Ampil. Halimbawa, ang "initation move" ng "interviewer" ay dalawang akto, starter at inquire. Ang tugon ng respondent ay binubuo ng maraming akto gaya ng informative, "expatiate", "additive" at iba pa. Ang follow-up move naman ng "interviewer" ay isang "accept o comment", na nagpapakita na ang pahayag ay naririnig at naunawaan.

Sa kabilang banda, naobserbahan din ni Ampil sa mga datos na may ilang pandiwa na gumagamit ng kabilaang paglalapi gaya ng: inisponsaran (i- at -an) na ang hiram na salita ay binaybay sa Filipino (isponsor). Ngunit, lubhang may problema sa ilang salita gaya ng: dinodonate (-in) + reduplikasyon ng unang pantig salitang ugat

(do) + hiram na salita (donate) na kung susundin ang rekomendasyon ni Zafra lalabas na ganito: “dinodoneyt” na hindi na makikilala kaya minabuting panatalihin ang orihinal na baybay ng hiram na salita.

Samantala, karaniwan na ang unang pantig ng salitang-ugat ang inuulit. Ngunit sa ilang salita, mas madalas bigkasin ang pag-uulit sa huling pantig ng unlapi. Pero parehong tinatanggap ang dalawang paraan: nakakapag-organize vs. naka-rerecieve.

Nakita rin sa datos na ang padiwang binabanghay sa /i-/ o sa ibang anyo nito (ipag-, ipa-), hindi nawawala ang /i-/ anuman ang banghay ng pandiwa gaya ng ipaprocess, ipinaprocess, ipang-process at iba pa.

Naobserbahan din na ang mga pandiwang may klaster gaya ng: napepressure, nacha-challenge, nagbi-bleed at nagshu-shooting ay ang unang katinig lamang ng kambalan ang inuulit.

Natuklasan sa pagsusuri ng mga pahayag sa mga panayam na ang panghalip na pamatlig na “iyon” ay hindi lamang nagagamit upang tukuyin ang layo ng bagay na pinag-uusapan kundi tumatayo na itong pananda sa paksa sa pasalitang diskors na iba sa pamantayan sa pagsulat ng diskors.

Hindi lamang pokus ng wika ang linggwistiks kundi gumaganap din sa tungkulin ng lipunan. Ito ang dahilan kung bakit paraan ng pagsasalita ng tao ay indikasyon ng kanyang kaligirang panlipunan. Ang varyasyon sa wika ay nagpapakita na ito ay nagbabago. Ang mga sumisibol na wika o anyo ng wika ay hindi nagaganap sa komunidad sa magdamag, kundi unti-unti lumalaganap mula sa isang tao sa isa pang

tao, mula sa isang pangkat patungo sa iba pa. Ang media bilang instrumento ng komunikasyon ay isa sa pinakamakapangyarihang ahente sa pagpapalaganap ng pagbabago sa wika. Ang varyasyong ito ng wika ay maaaring pag-aralan gaya ng patingin sa kung paano sinasalita o pinapahayag ito sa isang kalagayan o konteksto o maaari rin sa katangian ng mga nagsasalita gaya ng estado nito sa lipunan (artista, politiko, manggagawa, propesyonal at iba pa) sa ganitong kalagayan ay makikita na ang varyasyon ay nagmumula sa iba't ibang elemento, mula sa lugar kung saan ito sinasalita, partikular na panahon, sa panlipunan, ekonomiko, at pang-edukasyon antas ng tao na gumagamit ng wika.

Mula sa kinalabasan ng pag-aaral ay napatunayan na maaaring suriin ang varyasyon o kasalukuyang anyo ng wika sa pamamagitan ng nga panayam sa media. Ang mga akto ng diskors na ginagamit ng mga interlokyutor sa mga panayam ay isang indikasyon sa katangian ng diskors bilang natural o artipisyal, may estruktura o wala, prediktabol o di prediktabol.

Mula sa datos ay pinakita na ang wika ng media ay Filipino at ang Ingles ay hinihiramang wika. Bagaman may ilang pagkakataon na kapag ang interlokyutor ay mahusay mag-Ingles ay nanghihiram naman ito ng ilang salita sa Filipino.

Kung pagbabatayan ang transkripto ng mga panayam, makikita na ang varayti ng wika sa media ay Taglish gaya ng obserbasyon nina Buban at Taylan. Bagaman maraming nakitang panghihiram ay nasasabing nagaganap lamang ito kung walang maisip na katumbas ang interlokyutor at mangyari pa ay limitado ang oras kung kaya

wala nang pagkakataon pang makapag-isip. Kung gayon, higit na personal ang layunin ng panghihiram o pagpapalit- koda sa domeyn ng media.

Samantala, sa pag-aaral ni Palma (2008) inilarawan niya ang retorika ng pansarili at pang-ibang presentasyon ng mga Pilipino sa konteksto ng kompyuter-mediated na komunikasyon gamit ng mga pamamaraan ng pagsusuring pandiskurso. Ginamit niya ang kwalitatib na pananaliksik sa kanyang pag-aaral. Natuklasan ang pangkalahatang iskematik na estruktura, lumalabas na kailangan at opsyonal na elementong istruktural, may tatlong pangunahing istruktural na elemento ang pansarili at pang-ibang presentasyon sa konteksto ng KMK: ang a. panimula, b. mga detalye at c. ang wakas. May baryasyon sa pag-enkoda ng panimula. Batay naman sa tungkuling komunikatibo nabuo ang mga sumusunod: 1. Napatunayang sa palarawang gamit ng retorika ng pansarili at pang-ibang presentasyon ng bawat indibidwal na mas pinipili nilang ilarawan ang kanilang sarili at maging ng iba pa sa subhetibo kaysa obhetibong pamamaraan; 2. Pinili ng mga awtor ng retorika na pansarili at pang-ibang presentasyon ang mga detalyeng sumusuporta sa impresyong nais nilang iwan sa mga mambabasa. Nabuo ang namamayaning impresyon mula sa pagpili ng mga detalye; 3. Naging daan ang retorika ng pansariling presentasyon sa konteksto ng KMK upang magkaroon ng personal na koneksyon sa iba pa na kapwa nasa KMK at harapang konteksto, sa pamamagitan nang pagsasama ng pribadong impormasyon tulad ng numero ng mobile phone, e-mail addresses, at personal na mga website; 4. Ginamit ang retorika na pang-ibang presentasyon sa konteksto ng KMK upang mapalakas ang ugnayan sa pagitan ng

awtor at ng taong paksa ng teksto. Sa estrukturang panlingguwistika, natuklasan din niya ang mga sumusunod: 1. Ang pinakapangkaraniwang paksa na ginamit sa retorika ng pansariling presentasyon ay ang sarili na tumutukoy sa awtor ng teksto, samantalang ang ibang tao at mambabasa ay lumabas din bilang paksa sa maliit na bilang ng mga pinag-aralan. Sa kabilang banda, ang pinaka-karaniwang paksa na ginamit sa retorika ng pang-ibang presentasyon ay ang taong paksa ng teksto kasunod ang awtor ng teksto. 2. Kaugnay ng sintaks, ang mga awtor ng pansarili at pang-ibang presentasyon ay mas ginamit ang "be-link" na estruktura ng pangungusap pati na rin ang pagkakaltas ng paksa at pandiwa at relatibong mga sugnay. 3. Ang ilang panandang kohesyong nakita sa korpus ay ang gamit ng batayang panghalip, paralelismo, pang-ugnay, at elipsis. Ginamit ang elementong ito upang gawing "magkasama' ang diskurso. 4. Natuklasan sa retorika na pansarili at pang-ibang presentasyon ang masinsinang gamit ng "electronic paralanguage" tulad ng maling baybay, *lexical surrogates*, mga panandang gramatikal, estratehiyang paggamit ng malaking letra, at emoticons. Batay naman sa estratehiya, gumamit ng iba't ibang estratehiya sa presentasyon ng kanilang sarili ang mga awtor ng retorikang pansariling presentasyon tulad ng self-build up, exemplification, intimidation, other-citation, self-abasement, at self-dissociation. Gayundin, gumamit naman ang mga awtor ng retorika ng pang-ibang presentasyon ng "other- build up", "other-regard", "self-attachment", at "other- promotion" sa kanilang diskurso.

Sa kabuuan ng kanyang pag-aaral, lumalabas na may pagkakaiba-iba ang paraan ng mga Pilipino sa presentasyong pansarili at pang-iba sa konteksto ng KMK. Sa

presentasyon ng kanilang sarili at ng iba pa, ang mga Pilipino ay hindi laging gumagamit ng pinakapangunahing “frame” ng pansarili at pang-ibang presentasyon. Gumamit din sila ng mga gawaing “out-of-frame” at “frame-breaking” na maaaring repleksibo at makakatawag ng atensyon sa mismo nitong *frame*. Ang retorika ng pang-ibang presentasyon ay nakitang mas maayos ang pagkakaplano kumpara sa retorika ng pansariling presentasyon na nagpapahayag ng pagpapahalaga ng mga Pilipino sa pagpi-presenta ng iba. Batay rin sa presentasyon ng kanilang mga sarili at ng iba pa sa konteksto ng KMK, tila mas pinahahalagahan ng mga Pilipino ang personalidad kaysa anyo. Dahil sa ang mga awtor ng retorika ng pansarili at pang-ibang presentasyon ang may kontrol sa kung anong mga detalye ang isasama sa kanilang diskurso, isinasama lamang nila ang mga detalye na konsistent sa impresyon na ibig nilang likhain. Daan ang konteksto ng KMK upang maipabatid ng mga indibidwal ang kanilang mga saloobin, iba’t ibang damdamin, at repleksyon sa kanilang sarili at sa iba pa, daan upang sila ay makagawa ng ugnayan sa mas marami sa paraang mas mabilis at mas maayos kumpara sa FTF o konteksto ng toong buhay. Ekstensyon ang konteksto ng KMK ng mga nagaganap sa totoong buhay kung saan ang indibidwal ay maaaring makakilala ng iba’t ibang tao katulad din ng marami pang indibidwal mula sa iba’t ibang panig ng mundo na hindi na kailangang umalis pa ng kanilang tahanan. Ang paggamit ng sarili bilang paksa (tulad ng “Ako”) ay naayon na gamiting palatandaan para sa *main frame* ng retorika ng pansariling presentasyon. Gayundin, ang paggamit ng pangngalan ng taong paksa ng teksto (tulad ng he, she, “ang babaeng ito: atbp.) ay naayon na gamiting

palatandaan para sa *main frame* ng retorika ng pang-ibang presentasyon. Ang gamit ng ilang estukturang sintaktika tulad ng pangungusap na *be-link* ay nagagawang magkaroon ng produksyon ng retorika na pansarili at pang-ibang presentasyon sapagkat naglalaan ito ng daan para sa mga pariralang pangngalan at pariralang pang-uri na mahalaga sa genre ng paglalarawan. Upang magawang maging makabuluhan ang kanilang pakikipagkomunikasyon sa kontekstong batay sa KMK, gumamit ang mga Pilipino ng iba't ibang teknik upang mapunan ang kawalan ng biswal at mga di berbal na palatandaan na karaniwang makikita sa konteksto ng *FTF* na komunikasyon. Gumagamit ang mga Pilipino ng malawak na antas ng mga estratehiya upang makabuo ng kaaya-ayang imahe ng kanilang sarili at ng iba pang indibidwal sa konteksto ng KMK.

Inerekomenda rin ng mananaliksik na maaaring ipabatid ng mga guro sa mga mag-aaral na ang pagbibigay ng interpretasyon sa anumang teksto ay maaaring i-*frame* at i-*reframe* sa iba't ibang paraan. Maaaring bigyan ng mga guro ang mga mag-aaral ng iba't-ibang nosyon ng framing cues o mga pananda upang makatulong sa interpretasyon ng binabasa nilang teksto. Sa ganito ring paraan, maaring gamitin ng mga mag-aaral ang mga framing cues na ito upang mas epektibong ma-frame ang kanilang komunikasyon sa mga gawaing pasulat sa loob ng klasrum. Maaaring isama ng mga guro sa kanilang pagtuturo ang paraan kung paano makipagkomunikasyon ang indibidwal sa konteksto ng KMK, maliban sa pagtuturo ng kaibahan ng pagsusulat at

pagsasalita. Hinihikayat din ng mananaliksik na alamin ang kabuluhan ng palit-wika o palit-koda sa pansarili at pang-ibang presentasyon sa konteksto ng KMK.

Sa pag-aaral naman ni De Leon (2000), sinuri niya ang retorika ng pasulat na diskurso sa pangangasiwa ng pangangalakal sa pamamagitan ng paggamit ng mga piling kabanata mula sa teksbuk o batayang-aklat pampangangasiwa at mga sanggunian. Ang metolodohiya na kanyang ginamit ay deskriptibo-analitikong pagmamamaraan. Ayon sa kinalabasan ng kaniyang pag-aaral mula sa pagsusuri ng teksto ang mga sumusunod na karaniwang pansamahang katangian ay nakikita : 1) ang pangunahing layunin ng mga manunulat ay maihayag ang isang teorya/impormasyon;2) ang teoryang/impormasyong ito ay isinusulat para talakayin ang iba't ibang konsepto sa pangangasiwa; 3) ang mga kaisipang ito ay tinitiyak sa pamamagitan ng depinisyon, deskripsyon, at mga relasyong biswal-berbal; 4) sa mga ito, ang mareretorikang gamit ng depinisyon, at mga relasyong biswal-berbal ay pinauunlad lalo't higit sa pamamagitan ng mareretorikang teknik ng pagtutulad at pag-iiba, sanhi at bunga, pagpapakitang-halimbawa, ilustrasyon, at pagkukronolohiya. Samakatuwid, ang pamamaraang ginamit sa teksbuk at mga sanggunian sa mga ito ay kinakailangan sa gayon makilala at maunawaang mabuti ang mga aklat at dyornal na ito ng mga mambabasa. Pinaliliwanag din sa pagsusuri ang iba't ibang senyal pansemantika na nakukuha sa teksbuk sanggunian at dyornal na ginamit sa pangangasiwa. Ang mga senyal na ito ay mga sumusunod:

1. Nagaganap ang kanolohiya sa panahon kapag ang manunulat ay gumagamit ng isang balangkas ng mga petsa.
2. Ang proseso nakapanahong-ayos ay inihuhudyat sa pamamagitan ng una, pangalawa, pagkatapos, panghuli, ngayon atbp.;
3. Pananhi ay ginagamit para bigyang-kahulugang ang mga kaisipan o magbigay-panuto. Mga halimbawa: sa gayon, agya sa gayon, samakatuwid, bilang kinalabasan, dahil sa /sanhi ng, kung gayon, gaya sa gayon, mula noon, mangyari, sa dahilang ito, dahil, sa gayong paraan,
4. Ang pagtutulad at pagsasalungat ay ginamit para ipakita ang mga pagkakapareho at pagkakaiba. Mga halimbawa ay: katulad sa, animo, mistula, kaiba sa, sa ibang banda, datapwat, gayunman, naiiba sa/ di tulad ng,
5. Ang ilustrasyon ay pangunahing ginagamit sa pagbibigay-interpretasyon sa mga tsart, pinalawak na pananaw, mga talahanayan, atbp.
6. Ang pagpapakitang-halimbawa ay pangunahing ginagamit sa pagbibigay ng mga halimbawa. Ang mga halimbawa ay: bilang halimbawa, halimbawa sa pamamagitan ng halimbawa, makikita sa/gaya ng nakikita sa nilahad din ng mananaliksik ang implikasyon ng kanyang pag-aaral gaya ng mga sumusunod:

1. Magagamit ng isang propesor sa Ingles ang mga katangiang pandiskurso ng pagsusuring ito ay makapagdidisenyo ng isang komunikatibong

silabus na makagagamit ng pansarili niyang piniling mga gawain upang paunlarin ang komunikatibong kakayahan ng mga mag-aaral;

2. Magagamit ng isang propesor sa Ingles ang mga katangiang pandiskurso ng pagsusuring ito sa paghahanda ng materyales sa pagtuturo;
3. Magagamit ng isang propesor sa Ingles ang pagsusuri sa paghahanda ng mga gawain sa pagbasa para maunlad ang pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ng pangangasiwa.
4. Maiaangkop ng isang propesor sa Ingles ang gaya nang metodolohiya sa paglalarawan ng mga teksto sa ibang disiplina.

Batay sa rekomendasyon ng mananaliksik inilahad ang mga sumusunod:

1. Magsuri pa ng mga pampangangasiwang teksbuk na ginagamitan ng katulad na padron/metodo sa gayon mapatunayan ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito:
2. Magsuri ng iba pang pang-agham na teksbuk na ginagamitan ng katulad na metodo saka paghambingin ang kanilang mga katangiang panretorikang diskurso sa mga katangiang pampangangasiwang diskurso sa gayon ay mapaunlad ang mga silabus para sa ibang grupo ng estudyante.
3. Gamitin ang pamamaraan ng pagsusuri para makapagsuri pa ng ibang teksto nang makadisenyo ng isang silabus ng kurso para sa isang espesipikong grupo ng mga estudyante.

4. Pagsamahin ang panunuring pandiskurso at iba pang metodolohiya ng panunuri pampangangailangan gaya ng pagmamasid sa klase at mga pakikipanayam sa mga mag-aaral ng pangangasiwa at mga propesor para makakuha ng holistikong pananaw ng mga pangangailangan pangwika ng mga mag-aaral ng pangangasiwa.
5. Magsuri ng iba pang teksto o "genre" na ginagamitan ng katulad na padron/ metodo upang patunayan ang bisa nito

Sa pag-aaral naman na isinagawa ni Alcoberes (2010) na may paksang "Ang Retorika sa Pagpapayong Paglalakbay" na ang layunin ay suriin ang retorika ng Pagpapayo sa Paglalakbay o Travel Advisories (TAs), partikular na ang mga Pampublikong Patalastas at mga Babala sa Paglalakbay mula sa Estados Unidos. Tiniyak niya na masuri ang mga piling pagpapahayag ng paglalakbay sa pamamagitan ng pagtingin sa mga sumusunod na katangiang panglinggwistika gaya ng a) estruktura b) mga tungkuling pananalita c) Kohisyon o pagdidikit-dikit. Binigyan pansin din niya na mailarawan ang mga piling pagpapahayag ng paglalakbay sa pamamagitan ng iba't ibang konteksto gaya ng: a) sitwasyonal o pangkalagyan b) pangkasaysayan c) pampolitika. Ipinaliwanag din niya kung paano ang mga sumusunod na elemento ng namamagitang teksto at sosyal na kinagawian sa retorikang pagpapayo sa paglalakbay: a) intertekswalidad b) maligoy na pagsasanay c) tamang ayos ng diskurso.

Sa kanyang pag-aaral, pumili siya ng walong (8) pagpapayong paglalakbay o travel advisories (apat ang Pampublikong palatastas at apat na babala sa Paglalakbay)

na inilabas ng Kagawaran ng Estados Unidos. Ang nasabing apat (4) na babala sa paglalakbay naman ay inilagay para mabasa ng publiko mula 2006-2009.

Sa pagsusuri ng korpus, ang kanyang pag-aaral ay gumamit ng dulog multi-disiplinaryo na hinango mula sa mga modelo ng CDA nina Norman Fairclough, Teun Van Djik, at Ruth Wodak gaya ng mga sumusunod:

1. *Pagsusuri ng Diskurso.* Ang pagsisikap na ito ay upang kritikal na maisalarawan at masuri ang pormal na katangiang panglinggwistika ng mga korpus. At upang tiyakin ang mga mahahalagang katangiang linggwistika ng CDA. Ang pag-aaral ay naglalantad ng kasangkapang panglinggwistika na maaaring magpakita ng lakas sa retorika ng mga pagpapayong paglalakbay.
2. *Paglalarawan at interpretasyon ng mga konteksto.* Ang mga pangangailangang ito ay laan upang mabigyang impormasyon sa iba't ibang konteksto ng "teksto" gaya ng pangkalagayan o sitwasyonal, pangkasaysayan o historikal, at pampolitikal. Sa pamamagitan ng mga kontekstong ito, ang kanyang pag-aaral ay makakakuha ng tamang dami ng impormasyon tungkol sa produksyon at konsumo ng mga pagpapayong paglalakbay.
3. *Pagsisiyasat ng mga namamagitang elemento.* Ito ay nagbibigay pahintulot sa mananaliksik na maipakita ang ugnayan sa pagitan ng teksto at ng kinagawiang pangsosyal. Kabilang sa mga pagsusuri ng teksto ang pangkalahatang istruktura, gamit sa pagsasalita at kohisyon, at ang pagsusuri

ng mga kinagawiang gawaing pangsosyal na naglalarawan ng pangkalagayan o sitwasyonal, pangkasaysayan o historical, at pampolitikal ng mga konteksto. Ang mga namamagitang elemento ay ang mga sumusunod: intertekstwalidad, kinagawiang pagpapaligoy-ligoy, at tamang ayos ng diskurso.

Batay sa kinalabasan ng kanyang pag-aaral, lumabas sa pagsusuri sa iba't ibang aspekto ng pagpapayong paglalakbay ng Estados Unidos, kasama sa mga aspektong ito ang mga katangiang panglinggwistika ng teksto (estruktura ng teksto, gamit sa pagsasalita at kohisyon), ang iba't ibang konteksto (pangkalagayan, pangkasaysayan at politikal) at mga elementong namamagitan sa "teksto" (intertekstwalidad, kinagawiang maligoy o paiba-iba ng paksa, at maayos na diskurso) tulad ng mga sumusunod:

1. **Mga Katangiang Metalinggwistika**

**Estruktura ng teksto**

- Ang pangkalahatang estruktura ng TAs ay sinusundan ng Babala, Pagpapatibay, Pag-uulit ng hulwarang instruktural, o Warning-Justification-Reiteration structural pattern.

Ang instruktura ng salitang pagbabala ay tuloy-tuloy sa pagbibigay ng Babalang mensahe o Warning essage na may katangiang maigsing-maigsi at binuod na presentasyon.

Ang maayos na pagpapaliwanag sa imahe ng Pilipinas bilang pook kung saan may hidwaan at pagbabanta sa mga Amerikano. Ang

maayos na pagpapaliwanag na ito ay *Pagpapatibay* ng mensaheng babala na makikita sa estruktura ng babala sa pamamagitan ng "Pag-uulat" sa insureksyon sa bansa.

Ang muling pagsasabi o Pag-uulit ay binubuo ng pag-aanyaya sa mga Amerikano o na magpalata at mungkahing karagdagang impormasyon sa mga serbisyo. Ang mungkahing estrukturang ito ay "pansariling lihitimasyon" ng tagagawa ng teksto na nagnananais na kontrahin ang kanyang bawat mamamayan.

Ang "pamagat" ng sinuring mga tatak ng TAs "awtorida" ng Estado ng Kagawaran bilang institusyong politikal na nararapat sundin ng mga tuwirang-mamimili ng TAs.

**Mga tungkuling pananalita**

- Ang mga "Direktiba" bilang tungkuling pananalita ay laganap na nagamit sa TAs. Makikita ang mga gamit kubling-pananalita sa mga teksto ang "Babala sa mga mamamayang Amerikano na magpatala" na nasa loob ng estruktura ng babala, "Pag-anyaya sa mga mamayang Amerikano na magpatala," " Babala sa mga mamamayang Amerikano" na matatagpuan sa estruktura ng muling pagsasabi, "Mungkahing dagdag na impormasyon serbisyo para sa mga mamamayang Amerikano." , "Hikayatin ang mga mamamayang Amerikano na maging mapagbantay." , "Pagpapaalala sa mga

mamamayang Amerikano sa panganib sa paglalakbay." at "Pag-oobliga sa mga mamayang Amerikano na repasuhin ang kanilang seguridad sa kanilang kinalalagyan." Ang mga "Direktiba" ay maaaring mangahulugan manindigan ng kanyang kapangyarihan at paglalapat ng awtoridad sa mga tuwirang konsyumer ng TAs.

- **Kohisyon**

Karamihan sa diskurso ng TAs ay makikita sa pantalasalitaan. Ang mga aytem na ito ay nabuo bilang babala sa imahe ng Pilipinas. Ito rin ang nagsisilbing paglilihitimo sa awtoridad ng gumagawa ng teksto. Karagdagan pa rito, may mga ilang uri ng referensya na hindi makita sa kagyat ng kapaligiran ng TAs. Samakatuwid, kailangan itong makuha sa ibang mga teksto. Karamihan sa mga pangungusap kung saan ang mga refente ay makikita sa ibang "teksto". Kung gayon, ang patuloy na paggamit ng leksikal at reperensyal na uri ay maisakatuparan ang intensyon ng tagapaggawa ng teksto na maging "maluwag" sa teksto sa ganitong paraan, ang pagpapakahulugan nito ay may kahirapang mapanghawakan ng mga tuwirang konsyumer ng TAs.

2. **Konteksto: Sitwasyonal, Historikal, at Politikal**

- **Sitwasyonal**

Ang kakayahang maging maligoy ng tagagawa ng teksto ay nakapagpapadala sa produksyon ng TAs na sanayin ang "kapangyarihan"

ng Amerika. Ang produksyon at kunsumo ng TAs ay isang panloob na komunikasyon sa pagitan ng Kagawaran ng Estado at ng mga mamamayang Amerikano. Samantala, ang Pilipinas ay isinasaalang-alang bilang di-tuwirang taga-konsumo ng teksto at wala itong kakayahang hamunin ang opisyal na teksto.

- **Pangkasaysayan/ Historikal**

Ang pangyayaring-pag-atake noong Setyembre 11, 2001 ay nagpasidhi ng kampanya ng Kagawaran ng Estado ng Estados Unidos upang paalalahanan ang mga mamamayan sa kanilang pangkaligtasan dahil sa terorismo. Ang Kagawaran ng Estado ng Estados Unidos ay tinukoy ang Pilipinas na isa sa mga bansang may kaguluhan dahil sa mga insureksyon na direktang may kaugnayan sa Al-Qaeda, na isang internasyonal na pangkat ng terorista.

Malinaw na sinabi ng TAs ang pagtataas ng babalang pangkaligtasan sa Pilipinas dahil sa mga lihim na pakana at pag-atake sa rehiyon ng mga terorista. Ang labanan sa pagitan ng pamahalaan ng Pilipinas at mga Muslim na nakapaghahati ng Mindanao na bantayan ng TAs.

- **Politikal/ Pampolitika**

Ang relasyong pampolitika ng Estados Unidos at Pilipinas ay ginagampanan ng TAs. Ang Pilipinas ay nakakakitang maging

"mahina" sa punto ng kalagayan dahil naging mabagal bago nila ito nakamit sa Estados Unidos at naging mahirap para sa kanila na maialis ang impluwensya ng Amerika.

3. **Mga namamagitang elemento: Intertekswalidad, maligoy na paggamit, at tamang ayos ng diskurso**

**Intertekstwalidad**

Ang iba't ibang uri ng mga diskurso ay mula sa hibrido ng TAs. Ang pagsulat ng mga sulating pangangalakal, pamamahayag, mga diskurso ay malinaw na makikita sa sinuring TAs. Pinapalakas ng TAs ang kapangyarihan ng boses ng pagmamay-ari o "awtoridad". Ang retorika ng TAs ay nagkakaroon ng iba't ibang paghahabi sa teksto sa kapaligiran mismo ng konteksto.

- **Maligoy na paggamit**

Isiniwalat ng maligoy na paggamit ng mga kalahok, ang tatawang teksto ang mangingibabaw o "mas makapangyarihan," at ang mahihina o "walang kapangyarihan" ay ang mga direktang- konsyumer at di-direktang konsyumer.

Ang tagagawa ng teksto ay gumagamit ng mga maligoy na paraan gaya ng pag-uuulat, gamit ang "nababahalang" tono ng wika, paghahabi ng mga teksto na may iba't ibang konteksto, at paghihirihido ng mga diskurso.

Ang tagagawa ng teksto ang siyang nagdidikta ng uri ng TAs. Ang kabuuang estruktura, gamit ng wika, at pagpapakita ng kohisyon ng pagdidiskurso sa sinuring teksto.

- **Kaayusan ng Diskurso**

Karaniwang pinipilit ng mga tagagawa ng teksto sa diskurso ang tamang ayos nito. Istrikto ito sa pagbibigay impormasyon at tamang pagtatagpo ng malapit na teksto upang maipakita nito sa sarili ang kanyang "pangingibabaw."

Ang mga TAs ay karugtong ng Kapangyarihan sa pagsanggulang ng Estado Unidos. Datapwa't walang direktang kaugnayan ito sa TAs, ang kontekstong ito ay naiuugnay sa pag-aaral upang matukoy ang pagkakaugnay ng Kagawaran ng Estado at Kagawaran ng Pagtatangol, na nasa ilalim ng institusyon ng Pamahalaan ng Estados Unidos.

Winasawasak din nito ang mga pagbibintang laban sa Pamahalaan ng Estados Unidos.

Sa pag-aaral naman na natuklasan ni Gonong (2007) na may paksang "Ang Pagbuo ng Imahe ng Isang Umuunlad na Bansa sa Pampanguluhang Retorika: Isang Kritikal na Pagsusuri ng Diskors". Tinangka niyang isagawa ang isang kritikal na pagsusuri sa retorika ng pangulo ng bansa, partikular na ang taunang ulat sa bayan ng Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo (2001-2006), kung paano nito binubuo ang imahe ng Pilipinas bilang isang umuunlad na bansa. Ginamit niya sa pag-aaral ng korpus ang kumbinasyon ng mga modelo ng

kritikal na pagsusuri ng diskors o “Critical Discourse Analysis” (CDA) nina Norman Fairclough, Teun van Dijk at Ruth Wodak.

Lumabas sa kanyang pag-aaral na nagpapakita ng isang asimetrikal na “power relation” ang prodyuser (ang pangulo) at ang konsyumer (ang kongreso at ang publiko) ng dikors. Lumabas din ang pamamaraang ideyolohiya (ideological strategies) ang ulat sa bayan upang magpakita ng positibo ukol sa sarili at negatibo ukol sa iba. Ipinahayag din na ang mga ulat sa bayan sa gitna ng hindi pantay na ‘power realations’ at krisis pang-ekonomiya gayundin ng pulitikal at panlipunang pagkabaha-bahagi.

Natuklasan din niya na nakatuon sa “I” na tumutukoy sa pangulo na isang instrumento ng pagbabago. Ang “we” ay naging paulit-ulit din na maaring “eksklusibo” o “di- ekslusibo” subalit parehong nagpapakita ng pinagbuklod na pagkakakilanlan ng mga Pilipino. Hindi naman gaanong pinaksa o kaya naman ay tuluyang hindi pinansin ang iba o “others” sa diskors. Nagpakita ng panimula-katawan-konklusyon na iskematikong organisasyon ang mga ulat sa bayan. Nakatulong ito sa prodyuser ng diskors upang bumuo ng isang positibong imahe ng Pilipinas. Gumamit ang diskors ng “referential” at “functional” na kaisahan upang makapagsaad ng kahulugang lokal na nagpapakita ng isang positibong imahe ng bansa. Itinago ang mga negatibong impormasyon sa pamamagitan ng paggamit ng presuposisyon. Sa lebel ng leksikalisasyon, gumamit ang diskors ng pamamaraang ideyolohikal na nagpapakita ng

positibong presentasyon ng sarili at negatibong presentasyon sa iba. Lantaran ang pagpapahayag ng positibong presentasyon samantalang madalas na tago naman ang negatibo. Natuklasan din na ang diskors bilang istilo nito ng dramatisasyon, pagtukoy sa ama, parallel na kayarian ng mga linya, cliché, pormal na rehistro, katatawanan at pagpapalit-wika. Ang diskors ng iba't ibang paraang retorikal: eksaherasyon (hyperbole), personipikasyon, "number game" metapora at retorikal na pagtatanong.sa mga nabanggit, ang "number game" ang madalas na gamitin sa diskors. Natuklasan din niya na gumamit din ng *Topoi,* o mga argumentong hindi na kailangang idepensa, ang diskors upang maitampok ang pagbuo ng positibong imahe ng pilipinas.

Sa panghuling kinalabasan ng kanyang pag-aaral ay tumukoy sa pagbuo ng Imahe ng Pilipinas. Positibo ang binuong imahe ng Pilipinas bilang isang umuunlad na bansa sa mga ulat sa bayan sa pamamagitan ng maingat na pagpili at paggamit ng mga paraang linggwistika sa gitna ng konteksto na kinakitaan ng hindi pantay na "power relations" at krisis pang-ekonomiya gayun din ng pagkahati-hating pampulitikal at panlipunan. Ang positibong imaheng ito ay nangyari sa pamamagitan ng paggamit ng mga pamamaraang ideyolohikal, partikular ang positibong presentasyon ng sarili at negatibong presentasyon naman ng iba. Nagawa ito dahil sa kapangyarihang diskursiv na nasa control ng prodyuser ng diskors.

# KABANATA III

# DISENYO AT MGA PAMAMARAAN NG PANANALIKSIK


Tatalakayin sa kabanatang ito ang disenyo at pamamaraan ng pananaliksik, pinagkunan at paraan ng pagsusuri sa mga datos.

## 3.1 DISENYO NG PAG-AARAL

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskriptib-analitik na pag-aaral na ang layunin ay suriin at matukoy ang pagkakaugnay ng wika, ideolohiya at kapangyarihan sa mga talumpati ni Pangulong Benigno Simeon “PNoy” Aquino III gamit ang modelo ni Fairclough (1995). Tatangkain ng pag-aaral na mailarawan ang wika sa antas ng paggamit nito. Pag-aaralan din ang teksto bilang kritikal na materyal (The Text as a Critical Object) sa pamamagitan ng “Systemic Functional Grammar” ni M.A.K Halliday at Martin (1993) at pagtingin sa politikal na ideolohiyang nilalaman ng mga ito gamit ang KDA. Aalamin din sa naturang pag-aaral ang mga tayutay na madalas na banggitin sa pagtatalumpati bilang retorikang pagdulog sa pagsasalita.

Masasabi rin ang disenyo ng kasalukuyang pag-aaral ay eklektik na nangangahulugang isinalig sa iba’t ibang pag-aaral na naisagawa na, bagaman ang pangunahing batayan nito ay ang Modelo ng konsepto ng KDA Kritikal Diskors Analisis ni Fairclough (1995) at Halliday at Martin (1993).

**3.2 Disenyo ng pananaliksik**



Sa unang yugto, inaalam ng mananaliksik ang mga babasahing maaaring mapagkunan ng mga datos kaugnay sa pag-aaral. Nagbasa ang mananaliksik ng mga aklat, Journal, thesis at disertasyon upang magkaroon ng batayan ang kasalukuyang pag-aaral. Binigyang pansin din ng mananaliksik ang mga website, google, youtube at email mula sa internet na mapagkukuhanan ng mga mahahalagang tala at impormasyon batay sa isinasagawang pananaliksik.

Sa ikalawang yugto, isinagawa ang pangangalap ng mga datos. Naisagawa ito sa pamamagitan ng website, email at facebook. Sa paggagalugad ng mga datos ay natuklasan ang aklat na *"Kayo Ang Boss Ko Sa Daang Matuwid"* (2010-2012), isang kalipunan ng mga talumpati ni PNoy na tinipon nina Romulo P. Baquiran Jr. at Michael M. Coroza. Ito ang nagbigay ng inspirasyon upang maisagawa ang pag-aaral. Subalit, matapos basahin ang aklat ay napagpasyahan na ihambing ang mga talumpating ito sa opisyal na website ng pangulo ang http://www.president.gov.ph/speeches/ at natuklasan na may malaking kaibahan ang nasa aklat sa opisyal na website ng pangulo gaya ng pagpapalit ng baybay, at pagkakaltas ng mga detalye, kung kaya ipinasya ng mananaliksik na ang gamitin ay ang mga talumpati sa opisyal na website.

Sa ikatlong yugto naman, ibinatay ng mananaliksik ang mga piniling talumpating susuriin sa 2011-2016 Development Plan ni Pangulong PNoy kaugnay sa:

- Edukasyon
- Politika
- Ekonomiya
- Kalusugan

- Kalikasan
- Katahimikan
- Pabahay at iba pa.

Sa ikaapat na yugto naman, matapos mapili inaanalisa ng mananaliksik ang 10 talumpati ni "PNoy" batay sa bilang ng mga salita, bilang ng mga pangungusap, bilang ng mga titik, bilang ng mga talata, bilang ng mga panghalip at bilang ng mga pang-uri. Inalisa din ang teksto batay sa pagsusuri na "transitivity analysis" na nakapaloob dito ang pangkalahatang ideya sa mga uri ng proseso na hinati-hati ni Halliday sa anim na proseso gaya ng 1. Materyal na proseso, 2. Mental na proseso, 3. Pamanggit na proseso, 4. Berbal na proseso, 5. Pang-asal na proseso at 6. Eksistensyal na proseso.

Aanalisahin din ng mananalisik ang mga modal, panahunan ng pandiwa at panghalip panao na ginamit sa pagpapahayag ng pangulo. Magsasagawa din ng retorikal na pagsusuri ang mananaliksik gaya ng paggamit ng mga tayutay.

Sa ikalimang yugto naman, bibigyan ng masusing interpretasyon ang mga inalisang mga aytem upang maging maka-agham ang kalalabasan ng pagsusuring isinasagawa.

**3.3 ANG PINAGKUNAN NG MGA DATOS**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa batay lamang sa mga piling talumpati ni Pangulong Benigno Simeon "PNoy" Aquino III sa kanyang opisyal na website http://www.president.gov.ph/speeches/ na kalipunan ng mga piling talumpati ng

Pangulo ng Pilipinas simula ng kanyang panunungkulan bilang pangulo noong ika-30 ng Hunyo, 2010 hanggang ika-23 ng Hulyo, 2012.

Ang pag-aaral ay sinimulan noong ika-11 ng Nobyembre, 2012. Sa panahon ng pag-aaral na ito, kabalikat ang mga piling talumpati ng pangulong Benigno “PNoy” Aquino sa kanyang panunungkulan bilang Pangulo ng Pilipinas simula noong ika- 30 ng Hunyo, 2010 hanggang sa kasalukuyan.

## 3.4 PAMAMARAAN NG PAGPILI NG MGA DATOS

### 3.4.1 Ang pagpili ng mga talumpati ni PNoy

Ginamit ng mananaliksik ang kalipunan ng mga talumpati ni Pangulong Benigno Simeon “PNoy” Aquino III mula sa opisyal na website nito noong ika-30 ng Hunyo, 2010 hanggang ika-23 ng Hulyo 2012.

Napili ang mga talumpati batay sa pamantayang binuo ng mananaliksik gaya ng: 1) pumapaksa sa politika, edukasyon, ekonomiya, kapayapaan, pahabay at pagkakaisa; 2) natatanging okasyon at/o mahahalagang pagdidiriwang na naging bahagi ng kasaysayan ng bansang Pilipinas.

Sampu lamang ang binigyang pokus ng mananaliksik bilang saklaw at delimitasyon ng naturang pag-aaral. Pinagtuonan din ng pansin ng mananaliksik ang mga ideolohiyang isinasaad ng naturang talumpati.

Hinanay ng mananaliksik ang mga napiling talumpati batay sa mga paksang may kaugnayan sa mga sumusunod:

- Edukasyon
- Politika
- Ekonomiya
- Kalusugan
- Kalikasan
- Katahimikan
- Pabahay at iba pa.

| Pamagat ng Talumpati | Petsa at Lugar | Paksa | A | B | C | D | E | F | G |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. PUWEDE NANG MULING MANGARAP | Batasang Pambansa Complex, Quezon City on July 26, 2010 | SONA | x | x | x | x | x | x | x |
| 2. NAKASANDAL ANG GOBYERNO SA TIWALA NG TAO | October 7, 2010, La Consolacion College, Manila | Sa unang isandaang araw ng kanyang panunungkulan bilang pangulo | x | x | x | x | x | x | x |
| 3. TAYO NA SA DAANG MATUWID | Quirino Grandstand, Liwasang Rizal, Maynila noong ika-30 ng Hunyo 2010 | Talumpati sa Pagtanggap ng Tungkulin | x | x | x | x | x | x | x |
| 4. HUWAG NATING SAYANGIN ANG NAKARAAN | People Power Monument sa Lungsod ng Quezon noong ika-25 ng Pebrero 2012 | ika-26 anibersaryo ng EDSA People Power Revolution: Flag Raising at Salubungan sa People Power Monument | | | x | | | x | x |
| 5. ITIGIL NA ANG TSUBIBONG WALANG PAKINABANG | Heroes Hall, Malacañan Palace noong ika-10 ng Pebrero 2011 | Paglalagda ng Memorandum of Agreement para sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program | x | | x | x | | | x |

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 6. PAGHARAP SA PANIBAGO AT MAS MALIWANAG NATING TADHANA | Kawit, Cavite noong Araw ng Kalayaan, ika-12 ng Hunyo 2011 | Anibersaryo ng Proklamasyon ng Kalayaan ng Pilipinas | | x | x | | | | |
| 7. PAGBABAGO AT PAG-ASA SA ARMM | Malacañan Palace noong ika-30 ng Hunyo, 2011 | Sa paglagda ng batas na magpapaliban sa eleksyon sa Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM) at magsasabay sa lokal at pambansang halalan sa 2013 | x | | x | x | x | x | |
| 8. EDUKASYON ANG SUSI SA PANGMATAGALANG SOLUSYON | Bulwagang Rizal, Palasyo ng Malakanyang noong ika-27 ng Pebrero 2012] | Sa pormal na pagkakaloob ng Kindergarten Law | x | | x | | | | |
| 9. MAMUHUNAN SA SOLUSYONG PANGMATAGALAN | Heroes Hall, Palasyo ng Malakanyang, Lungsod ng Manila, noong ika-1 ng Mayo 2012 | Selebrasyon ng Araw ng Paggawa | | | x | | | x | |
| 10. TINATAWAG KAYONG SINAGTALA | Silang, Cavite, noong ika-24 ng Marso 2012 | Pagtatapos ng Philippine National Police Academy Batch Sinagtala 2012 | | | | | | x | |

* Legend= x saklaw

**A**- Edukasyon **B**- Politika **C**- Ekonomiya **D** – Kalusugan **E**- Kalikasan **F**- Katahimikan **G**- Pabahay atbp.

## 3.5 ANALISIS NG MGA DATOS

Upang mapagtibay ang balididiti ng nabuong modelo ng KDA na ang teksto bilang isang kritikal na materyal (The Text as a Critical Object) at pagtingin sa politikal na idelohiyang nilalaman ng mga ito.

Una, susuriin ng mananaliksik ang teksto ayon sa atityud ng wika, ang iba't ibang isyu sa sosyolinggwistika na ipinakilala ng iba't ibang awtor (Fairclough: 1992;

Bernstein: 1996; Garret: 2001; Trudgil: 1992; at Labov: 1966). Natuklasang modelo ni M.A.K. Halliday na waring pinakamalapit na makatutugon sa layunin ng kasalukuyang pag-aaral. Ginamit din sa pagsusuri ang pag-aaral sa wika at politika ni Irvine (1989) na binigyang-katuturan ang *language ideology* bilang "the cultural system of ideas about social and linguistics relationship, together with their loading of moral and political interests".

Isinaalang-alang ng kasalukuyang mananaliksik ang aklat mula sa kalipunan ng mga talumpati ni PNoy simula 2010 hanggang 2012. Ang pagpili ng mga talumpati ay ayon sa paksa, selebrasyon batay sa interaksyon sa iba't ibang sitwasyong pagdidiskurso.

Bahagi rin ng paghahanda ng mananaliksik ang pagbuo ng kanyang pamantayang gagamitin sa pagsusuri ng mga talumpati ni PNoy batay sa sitwasyong pagdidiskursong politikal, kapangyarihan ng wika at idelohiya na ginamit niya sa pag-aaral.

Sa pagsusuri ng mga teksto sa mga talumpati ni PNoy, ang mananaliksik ay gagamit ng 'transitivity analysis'. Ang pag-analisa sa diskurso sa prosesong ito ay mga sumusunod na proseso:

1. *Material process* – pagsusuri sa layon ng pandiwa (actor and goal)
2. *Relational process* – pagsusuri sa mga hugnayang relasyon (attributive and identifying relation) sa pagitan ng mga 'abstract' na aytem na nakapaloob sa teksto

3. *Mental process*– pagsusuri sa mga pamamaraang pandamdamin, pangkaisipan at katalusan na sumasagisag sa mga pahiwatig na karanasan nakapaloob sa teksto.

Ginamit din ang 'modality analysis' para maunawaan ang mga saloobin o pakiwari ng ispiker hinggil sa katotohanan ng mga proposisyon ng pangugusap. Sa prosesong ito, inalisa ng mananaliksik ang mga sumusunod na aspeto ng wika sa talumpati ni PNoy:

1. Mga ginamit na modal o mga pantulong sa pandiwa sa panaganong pawatas.
2. Uri ng aspekto ng pandiwa
3. Mga ginamit na panghalip panao

Binigyang pansin din ng mananaliksik ang paggamit ng mga matatalinhagang pahayag ng ispiker upang maging masining ang pagpapahayag ng mga ideolohiyang nais iparating sa kanyang tagapakinig.

Ginamit din ang 'textual analysis' na tumutukoy sa mga mekanismong ginamit ng may-akda para mapalawak ang kaisipan ng wika tungo sa isang maliwanag at epektibong diskurso. Aanalisahin sa talumpati ang mga kagamitang ginamit para makabuo ng wasto, lohiko at magkakaugnay na pahayag.

# KABANATA IV

# PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS

Ayon sa layunin ng pananaliksik na ito, sinuri ng mananaliksik ang teksto batay sa "Systemic Functional Grammar" ni Halliday at Martin (1993), at modelo ng KDA ni Fairclough (1995). Sinuri rin ang "ideational function" na inirerepresenta bilang "transitivity" pagsusuri ng modal gayundin ang panahunan ng pandiwa. Bibigyang pansin din ang panghalip panao na ginamit ng nagsasalita. Aalamin ng mananaliksik ang mga retorikal na madalas gamitin ng speaker sa mga piling talumpati gayundin na pagtutuonan ng pansin ang madalas na gamiting salita ng speaker at mga pahayag sa piling sitwasyon ng pagsasalita. At sa huli ay matutukoy kung ano ang istilong o ginagamit ni pangulong PNoy kung paano niya nahihikayat ang kanyang mga manonood o tagapakinig.

## 4.1 KONTEKSTO NG MGA TALUMPATI NI PNOY

### 4.1.1 PAGSUSURI NG MGA TALUMPATI BATAY SA MODELO NI FAIRCLOUGH (Diskors bilang Teksto) Una at Ikalawang Yugto: Deskripsyon at Interpretasyon

Pinasimulan ni Fairclough ang isang batayan sa pagsusuri ng mga teksto sa loob ng isang kritikal diskors. Binigyang halaga niya ang isang masistemang pagsusuri ng pasalita o pasulat na wika (teksto), iminungkahi niya ang tatlong dimensyonal na balangkas na magagamit upang iugnay ang gamit ng wika (komunikatibo) sa malawakang aspekto ng panlipunang praktis (social practice). Ang panlipunang praktis

ay masusuri gamit ang kaayusan ng diskors, na tumutukoy sa pagsasama ng lahat ng anyo (genre) at diskurso na ginagamit sa isang tiyak na panlipunang domeyn o institusyon (gaya ng media, o pamahalaan).

Ang mga talumpati ng pangulo ay isang pamamaraan ng pag-uulat sa estado o kalagayan ng bansa. Inilalahad ang mga nagawa, ginagawa, at gagawing programa ng pamahalaan. Kadalasan ay binibigkas ito ng pangulo sa harap ng media bilang press conference, SONA, sa mga natatanging selebrasyon, at sa mga paglulunsad ng mga bagong programa ng pamahalaan.

Ang talumpati ng pangulo gaya ng SONA ay isang mahalagang gampanin ng pamamalakad ng pamahalaan bilang isang institusyon. Isa itong daan upang ilahad ang pambansang patakaran at magmungkahi sa kongreso ng ilang pamantayan. Bilang karagdagan, ito rin ay isang pagkakataon ng pangulo na "…reshape reality and to imprint that conception on the nation" (Campbell at Jamieson, 1990).

Hindi lingid sa kaalaman ng marami, ang pangulo ay hindi nag-iisang tagapaglikha (producer) ng diskurso, may mga manunulat na naghahanda ng talumpati (ghost writer) para basahin ng pangulo. Dahil ang mga talumpati ng pangulo ay isang pampublikong diskurso na kumakatawan sa panguluhan bilang isang institusyon, ito ay hindi isang produkto ng pangulo (PNoy), kundi ng tanggapan na kanyang pinaglilingkuran. Ang mga talumpati ng pangulo sa pangkalahatan ay institusyunal, hindi personal. Ang paglalahad ng mga talumpati ng pangulo ay isang malinaw na

mapagkukunan ng lakas o kapangyarihan (power). Ang ganitong realidad ng paglalahad ay nagpapakita ng ugnayan ng ideolohiya at kapangyarihan ng tagapagsalita (producer) upang pasunurin, hikayatin, impluwensyahan ang mga tagapakinig (consumer). Ang kapangyarihang manipulahin ang kaisipan at pagkilos ng tao. Ang pangulo (PNoy), kung gayon, ay may “ideological dimension” (Van Dijk). May gampanin siya sa pamamahalang pandiskurso sa kaisipan ng publiko. Ang tuwirang konsyumer ng mga talumpati ng pangulo ay ang Kongreso gaya ng isinasaad sa Konstitusyon ng Pilipinas na ang pangulo “shall address the Congress at the opening of its regular session.” Ang Kongreso, magkagayon, sa isang republikang anyo ng pamahalaan gaya ng Pilipinas, ay kumakatawan sa mamamayang Pilipino, na konsyumer na rin ng mga talumpati ng pangulo. Ang dalawang partido, ang Kongreso at mamamayang Pilipino, ay walang magkatulad na lakas o kapangyarihan gaya ng sa pangulo sa diskurso. Sila ay kapwa tagapakinig lamang, na walang kakayahang magbigay ng tugon gaya ng sa isang usapan o talakayan.

### 4.1.2 PANLIPUNANG KOGNISYON

May dalawang dahilan kung bakit ideolohikal ang mga talumpati ni PNoy: (1) ang producer, gaya ng nabanggit sa unahan, ay hindi lamang naglalahad ng personal na hangarin kundi isang pagtalakay sa gampanin ng panguluhan bilang isang institusyon tulad ng makikita sa sampung talumpati ng ating mahal na Pangulong Benigno Aquino III, Jr. na magpapatunay na hindi lamang pansariling hangarin ang dahilan kung bakit niya tinanggap ang tungkulin bilang pangulo ng bansang Pilipinas. Halimbawa ng mga

ito ay ang mga sumusunod: matutunghayan sa **Talumpati 1:** *"Sa isang banda po ay ang pagpili para sa ikabubuti ng taumbayan. Ang pagtanaw sa interes ng nakakarami; ang pagkapit sa prinsipyo; at ang pagiging tapat sa sinumpaan nating tungkulin bilang lingkod-bayan. Ito ang tuwid na daan."* Sa **Talumpati 2:** *"Ang patuloy ko pong panata: Hindi tayo titigil. Habang dumarami tayo sa tuwid na landas, dumadali naman po ang tungkulin nating itama ang mali. Hinding-hindi po tayo titigil sa tuwid na landas. Unti-unti na pong natutupad ang ating mga pangarap."* Mapapansin din sa **Talumpati 3:** *"Kung walang corrupt, walang mahirap". Hindi lamang ito pag slogan o pang poster – ito ang mga prinsipyong tinatayuan at nagsisilbing batayan ng ating administrasyon. Ang ating pangunahing tungkulin ay ang magsikap na maiangat ang bansa mula sa kahirapan, sa pamamagitan ng pagpapairal ng katapatan at mabuting pamamalakad sa pamahalaan - ipinamalas ni Pangulong Aquino ang kanyang husay sa paggamit ng wikang Filipino sa talumpating ito,* gayundin naman sa **Talumpati 4:** *"Tama na ang diktadurya, tama na ang kasakiman, tama na ang pang-aabuso ng mga may kapangyarihan. Saksi ang kalsadang ito sa kung ano ang kayang gawin ng mga karaniwang Pilipino para sa demokrasya't kalayaan: mga madreng sumasalubong sa mga dambuhalang tangke na tangan lamang ay bulaklak at rosaryo. Mga estudyante, mangagawa, at pamilyang nagkakapit-bisig, 'di alintana ang panganib sa paghahangad ng kalayaan."* Binigyan pansin sa **Talumpati 5:** *"Edukasyon ang susi sa pangmatagalang solusyon" Kaya naman, asahan niyo: Patuloy na maglalatag ang pamahalaan ng makabuluhang reporma upang higit na maiangat ang antas ng*

*edukasyon sa bansa. Katuwang ang DepEd patuloy nating isusulong ang mga hakbang sa pagsasakatuparan ng K to 12 program.* Sa **Talumpati 6:** *"Nakamit po ito dahil nanindigan tayong hindi na natin ipapamana ang mga problema sa susunod na administrasyon. Gagawin ko ito, 'di bale na kung may dambuhalang makabangga; 'di bale na kung may kaibigang masaringan sa ngalan ng taumbayan. At ngayon, 'di po ba't malasakit, sa halip na kamanhiran, ang itinugon natin sa problema ng bayan? Naalala po ba ninyo ang kalagayan bago natin naibalik sa tama ang pagtitimon ng gobyerno?* Makikita rin sa **Talumpati 7:** *Ngayong tayo na po ang nasa panunungkulan, hindi na po natin maaatim ang muling paghahari ng ganitong mga insidente at paghihirap ng ating mamamayan. Ang pinirmahan nga po nating batas ay isang malaking hakbang sa pagsasakongkreto sa katuparan ng pangarap natin sa ARMM. Ukol dito, ipinahayag naman ni Pangulong Aquino: "Hinihimok ko po kayong tumaya rin sa pag-asang makakamit natin ang malawakan at ganap na pagbabago sa ARMM. Tiyakin po nating hindi na tayo babalik pa sa dilim ng nakaraan, totoong maliwanag na kinabukasan po ang inyong matatanglawan", giit pa ng pangulo.* Gaya din sa **Talumpati 8:** *"Itigil na ang tsubibong walang pakinabang", Doble-kayod po ang ating administrasyon sa pagtitiyak na hindi magbabago ang pagpapatupad ng 4Ps. Ikinalulugod ko pong ibalita sa inyo na umuusad po tayo sa tamang direksyon."* Tulad din sa **Talumpati 9:** *"Bilang inyong Pangulo, layunin po nating tiyakin na ang kaunlaran ay makamit ng lahat uulitin ko po ng lahat. Obligasyon ko pong balansehin ang interes ng buong sambayanan."* At sa huling **Talumpati 10:** *"Kaliwa't*

*kanan po ang patunay na talagang matindi at lumalaban ang atin pong kapulisan sa kasalukuyan, at talagang nakahanda na silang tuparin ang kanilang tungkulin sa bayan. Isang halimbawa po rito si Police Senior Inspector Jay G. Dema-ala ng PNPA Class 2004. Kasama ang labintatlong pulis, pinamunuan niya ang pakikipagbakbakan at pagpapaatras sa humigit-kumulang tatlumpung rebeldeng sumalakay sa kanilang estasyon sa Panabo, Davao del Norte noong Marso 19, 2011. Mas kaunti man ang kanilang bilang, hindi umubra kina Police Senior Inspector Dema-ala ang mga sumalakay na miyembro ng CPP-NPA-NDF. At tila pangkaraniwan na nga po ang ganitong pagpapakitang gilas ng atin pong kapulisan."*at (2) ang katangian ng mga talumpati ng pangulo ay nakatuon sa "our good things" at ilan sa mga nagawang mabuti ng pamamahala ni Pangulong Benigno Aquino, Jr. tulad ng mga nabanggit niya sa kanyang bawat talumpati ay ang mga sumusunod: **Talumpati 1:** *"Natukoy na rin po ang salarin sa mga kaso nina Francisco Baldomero, Jose Daguio at Miguel Belen , tatlo sa anim na insidente ng extralegal killings mula nang umupo tayo."* **Talumpati 2:** *"Dahil na rin po sa panibagong tiwalang nangingibabaw sa pamahalaan, dumadami ang mga tumutulong sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tip tungkol sa katiwalian. Sumaksi sila sa maling pangyayari, para makatulong sa ating paghahabol ng demanda. Halimbawa, sa bagong-tayo ng Pera ng Bayan website, isa-isa nang lumilitaw ang mga taong makatutulong sa atin upang tugisin ang mga smuggler at tax evader; Ibinabalik ng mga hakbang na ito ang kompiyansa ng daigdig sa Pilipinas. Nagkakaisa nang muli ang ating lipunan, at ang nananatili na lang na parang sirang-plaka na paulit-ulit ang*

*reklamo ay ang mga gustong manumbalik sa poder upang ituloy ang kanilang ligaya na nagmumula sa ating pagkakaapi.Sila na nga mga kapatid, ang nagdulot sa atin ng mga problemang pinapasan natin ngayon, sila pa ang may ganang bumanat nang bumanat sa atin. Papansinin ba ninyo sila? Magpapalinlang ba kayo muli? Hindi po kami nagbibiro sa pagtahak ng tuwid na landas. Kayong mga mali ang palakad at pinipinsala ang mga kababayan natin, ginagarantiya ko sa inyo may taning kayong lahat."* **Talumpati 3:** *"Inaatasan natin si Secretary Alcala na magtayo ng mga trading centers kung saan diretso na ang magsasaka sa mamimili – lalaktawan natin ang gitna, kasama na ang kotong cop. Sa ganitong paraan, ang dating napupunta sa gitna ay maari nang paghatian ng magsasaka at mamimili."* **Talumpati 4:** *"Mga sundalong may lakas ng loob na suwayin ang utos ni Ginoong Marcos dahil matapos ang ilang dekada ng kahirapan at tahasang kurapsyon, napagtanto nilang ang tunay na Commander-in-Chief ng bansang ito ay hindi si Ginoong Marcos, kundi ang mamamayang Pilipino. Nagtagumpay si Juan dela Cruz na makamit ang demokrasya sa isang mapayapang rebolusyon, at hanggang ngayon, kinikilala pa rin ng buong mundo bilang milagro ang 1986 EDSA People Power. Matapos ang mahigit dalawa't kalahating dekada, ano na nga ba ang estado ng demokrasyang ipinaglaban sa abenidang ito? Oo, wala nang bumubusal sa mga radyo't telebisyon. Wala nang kumokontrol sa kung anong mababasa sa mga diyaryo't peryodiko. Subalit malaya na ba tayo sa gutom? Malaya na ba tayo sa kahirapan? Malaya na ba tayo sa mga tiwaling sadyang pinaglalaruan ang ating sistemang pangkatarungan? Ang rebolusyon*

*sa EDSA ang nagsilbing lunsaran sa kung saan natin gustong tumungo bilang isang bayan. At hanggang sa kasalukuyan, hindi pa rin tapos ang rebolusyong ito. Kalayaan mula sa gutom. Kalayaan mula sa kahirapan. Kalayaan sa kawalan ng pagkakataong umasenso. Kalayaan mula sa kawalang-katarungan. Ito ang ipinaglalaban natin ngayon. Maliwanag po: Ang himala sa EDSA ay mapupunta sa wala kung hindi natin ito pagyayamanin at paka-iingatan. Walang silbi ang demokrasya kung wala namang nangyayaring pagbabago sa nakararami."* **Sa Talumpati 5:** *"Itigil na ang tsubibong walang pakinabang" Siyempre po, kung tutulong din naman po tayo, lubus-lubusin na natin, hindi po ba? Kasabay nga ng ating pagpapatibay sa ating kasunduan sa CCT, narito din po tayo upang saksihan ang paglulunsad ng "NARS Program"—"NARS" po, iyong parang nurse, sa Tagalog lang ho: nars—ng DOH. Magdadagdag ito ng 10,000 community based volunteer nurses sa mga lugar na sakop ng 4Ps."* **Talumpati 6:** *"At dahil po dire-diretso na ang pagtatama natin sa sector ng agrikultura, dire-diretso na rin po tayo sa pag-abot sa mithiing lahat ng bigas sa merkado ay dito na sa Pilipinas ipupunla at aanihin; magsasakang Pilipino ang mabibigyan ng kabuhayan, hindi po ang ating mga kaibigan sa Vietnam o sa Thailand."* **Talumpati 7:** *"Sisiguraduhin nating dadaan sa public bidding ang mga procurement at magiging malinaw ang pagkakaloob nito sa mga intended beneficiaries para sa maayos na dokumentasyon."* **Talumpati 8:** *"Edukasyon ang susi sa pangmatagalang solusyon" Sa pagsasabatas natin sa Republic Act 10157 o ang Kindergarten Education Law, humahakbang tayo pasulong sa pagpapatibay sa sistemang pang-edukasyon ng bansa. Bahagi po ito ng*

*ibinabandila nating K to 12 Basic Education Program. Inilalapit din po tayo nito sa pagsusumikap na maabot ang ating Millennium Development Goal—ang makamit ang 100 percent primary education pagdating ng 2015."* **Talumpati 9:** *"Nagpatung-patong man po ang gulo sa Gitnang Silangan, hindi natin pinabayaan ang mga OFW na naipit doon. Hindi lang natin sinundo; binigyan pa po natin ng retraining at sinigurong may mapagkukunan pa rin sila ng kabuhayan pagbalik po dito sa atin."* **Talumpati 10:** *Isipin po natin:Kapag ang inaasahang magpatupad ng batas ang siya mismong pasimuno ng pag-shortcut sa batas, pihadong mawawalan ng gana ang taumbayang magtiwala dito. Kung may mga utak wang-wang pa ring traffic enforcer, na imbes na hulihin ang lumabag sa batas trapiko, ay hihingi lang ng lagay para maareglo ang usapan, magiging usad-pagong ang ating pag-asenso. Tandaan lang po nating hindi libre ang pagiging corrupt. Hayaan po ninyo akong magkwento ng bahagi tungkol diyan sa traffic enforcer na nasa isip ko ngayon. Mayroon po siyang sinita; pinaliwanag doon sa sinita kung ano ang violation, at sinabi kaagad:"Magse-seminar kayo ng ilang linggo, and laking abala sa inyo. Baka magandang mag-usap na lang tayo."* at "their bad things" na nagawa ng nakaraang administrasyon na pinipilit solusyunan ng kasalukuyang administrasyon na binanggit ni Pangulong Benigno Aquino, Jr. t*ulad na lang sa* ***Talumpati 1:****"Meron po tayong natuklasan. Limang araw bago matapos ang termino ng nakaraang administrasyon, nagpautos silang maglabas ng 3.5 billion pesos para sa rehabilitasyon ng mga nasalanta nina Ondoy at Pepeng. Walumpu't anim na proyekto ang paglalaanan dapat nito na hindi na sana idadaan sa*

*public bidding. Labingsiyam sa mga ito na nagkakahalaga ng 981 million pesos ang muntik ng makalusot."* Sa ***Talumpati 5:*** *"Ang termino ni Marcos" Sa kanyang termino, ang buong Pilipinas ay nasa ilalim ng Pasismo kaya lahat ng bagay ay napapasailalim ng dating Presidenteng si Marcos; sa panahong iyon ang Presidente lamang ang pwedeng masunod at makapangyarihan. Ang proyekto ng kanyang asawang si Imelda sa Pasay na Manila Film Center kung saan maraming namatay ay itinuloy parin ang proyekto at iniwang mamatay "tinabunan ng semento"  at inilibing ng buhay ang mga trabahador." Sa* ***Talumpati 6:*** *"Para lang makadelihensya, mag-aangkat ng doble sa kailangang bigas, na hahayaan namang mabulok sa bodega. Ang mga heneral ay napapabaunan ng trak-trak na salapi, habang ang mga naghaharang ng katawan sa bala—ang atin pong mga sundalo—ay nagtitiis sa butas-butas na bota. Pasasakayin ang taumbayan sa bangkang papel para lang lunurin sa dagat ng kasinungalingan at katiwalian."Sa* ***Talumpati 10:***, na gaya ng tinutukoy ni Van Dijk (1997a, 2000) na "ideological square". Makikita sa mga talumpati ni PNoy ang apat na posibilidad: (1) pagbibigay tuon sa mga positibo ukol sa atin (Us),  sa **Talumpati 1:** *"Buti na lang po ay natuklasan at pinigilan ni ito ni Secretary Rogelio Singsonng DPWH. Ngayon po ay dadaan na ang kabuuan ng 3.5 bilyon pesos sa tapat ng bidding, at magagamit na ang pondo na ito sa pagbibigay ng lingap sa mga nawalan ng tahanan kina Ondoy at Pepeng."* at*"Ito ang magiging solusyon: mga Public-Private. Kahit wala pa pong pirmahang nangyayari dito, masasabi kong maganda ang magiging bunga ng maraming usapin ukol dito."*

**Talumpati 2:** *"Nakita naman po natin ang katakut-takot na problemang minana natin, pero hindi po tayo natinag. Naisaayos at naisasaayos na natin sa loob lamang ng isandaang araw ang hindi nagawa ng dating administrasyon sa loob ng tatlong libo, apat na raan, apatnapu't walong (3,448) araw."* **Talumpati 3:** *"Dumoble na ang populasyong kanilang binabantayan, nananatili naman sila sa bilang; Pagkatapos ng bilangan, pinatunayan ninyo na ang tao ang tunay na lakas ng bayan."* **Talumpati 4:** *"Kitang-kita rin ang ganitong kompiyansa sa record-breaking na pagbuhos ng namumuhunan sa Philippine Economic Zone Authority o PEZA. Mantakin po ninyo: Ang kabuuang halaga ng puhunang pumasok sa PEZA mula 1995 hanggang Pebrero 2012 ay nagkakahalaga ng 2.003 trillion pesos. Noong nakaraang taon, naabot natin ang pinakamalakas na bugso ng puhunan sa PEZA sa halagang 288.3 bilyong piso. Umabot rin sa 439 bilyong piso ang kabuuang halaga ng investment na pumasok sa PEZA mula sa unang araw ng ating pagkakaluklok, hanggang sa pinakahuling datos na nakalap natin lamang nakaraang linggo. Samakatuwid, dalawampu't dalawang porsyento ng kabuuang kita ng PEZA sa nakalipas na labinganim taon ay pumasok nang tayo na ang namumuno po sa ating bansa."* **Talumpati 5:** "Itigil na ang tsubibong walang pakinabang" gaya ng kanyang pahayag " *Mula po sa unang araw ng ating panunungkulan, panata na nating labanan ang katiwalian at kahirapan sa lipunan. Malinaw ang hangarin natin: makamtan ang maunlad na pagbabago at tulungang maging marangal ang buhay ng bawat isang Pilipino. Wala tayong sinayang na panahon upang matupad ito, at sa loob lamang ng pitong buwan, hindi matatawaran*

*ang mga itinaguyod nating programang agad na makatutugon sa mga pangangailangan ng ating mamamayan."* **Talumpati 7:** *"Nasa inyo ang mayamang agrikultura, yamang dagat at mineral, langis at natural gas."* **Talumpati 8:** "Edukasyon ang susi sa pangmatagalang solusyon" tulad ng kanyang sina *"Kaya naman, asahan po ninyo: Patuloy na maglalatag ang pamahalaan ng makabuluhang reporma upang higit na maiangat ang antas ng edukasyon sa bansa. Katuwang ang DepEd, patuloy nating isusulong ang mga hakbang sa pagsasakatuparan ng K to 12 program. Bahagi rin po ng adhikaing ito ang pagtataas natin ng labinlimang porsiyento sa ating budget sa basic education—mula sa 207 bilyong piso noong taong 2011, patungo sa P238 billion sa kasalukuyang taon".* Sa **Talumpati 9:** *"...tunay na solusyon po ang ilalatag natin, solusyong pipilitin na walang maiwanan habang tumutulak tayo tungo sa landa ng kaunlaran at kasaganahan."* **Talumpati 10:** "*Sa bawat panandaliang ginhawa na mula sa katiwalian, pangmatagalan ang perwisyo nito sa publiko. Kapag nagkibit-balikat kayo sa masasamang elemento, parang hinayaan niyo na ring dumami pa ang maaagrabyadong Pilipino. Kung sa bawat paglapit sa inyo ng taumbayan, puro "depende" at "saka na lang" ang inyong sagot, itinataboy na rin ninyo ang kanilang tiwala at paggalang sa inyong hanay. Ang resulta: ang mga nagpapanggap na tagapagligtas ang kanilang tatakbuhan. Sa halip na tulungan nila kayong sugpuin ang mga kriminal, maaari pa silang kumampi sa mga kalaban ng estado. At kapag nagpatuloy ang ganito, hindi matatapos ang bakbakan ng Pilipino kontra Pilipino. Pero kapag tapat sa tungkulin ang nagpapatupad ng batas, at ramdam*

*ng mamamayan ang pag-iral ng katarungan, sigurado naman pong sa inyo papanig ang taumbayan."* (2) pagbibigay tuon sa mga negatibo ukol sa kanila (Them), **Talumpati 1:** *"Sulyap lamang ito; hindi pa ito ang lahat ng problemang haharapin natin. Inilihim at sadyang iniligaw ang sambayanan sa totoong kalagayan ng ating bansa." at iba pang mga halimbawa kagaya ng mga sumusunod:* **(1)***"... Kamakailan lamang, pumipila ang mga tao para lang makakuha ng tubig. Sa kabila nito, minabuti pa ng liderato ng MWSS na magbigay ng gantimpala sa sarili kahit hindi pa nababayaran ang pension ng mga retiradong empleyado."* **(2)** *"…ang buong payroll ng MWSS ay 51.4 million pesos. Pero hindi lang naman po ito ang sahod nila; may mga additional allowances at benefits pa sila na aabot sa 160.1 milyon pesos. Sa madaling sabi, nakatanggap sila ng 211.5 milyon pesos noong nakaraang taon."* **(3)** *"Sa MWSS, aabot sa katumbas ng mahigit sa 30 buwan ang sahod kasama na ang lahat ng mga bonuses at allowances sa kanila."* **(4)** *"Umupo ka lang sa Board of Trustees at Board Committee meeting, 14,000 na. Aabot ng 98,000 ito kada buwan. May grocery incentive pa sila na 80,000 kada taon."* **(5)** *"Hindi lang iyon: may mid-year bonus, productivity bonus, anniversary bonus, year-end bonus, at financial assistance. May Christmas bonus na, may additional Christmas package pa. Kada isa sa mga ito 98,000." at ang pang-huli* **(6)** *"Uulitin ko po. Lahat ng ito ay binigay nila sa kanilang mga sarili habang hindi pa nababayaran ang mga pension ng kanilang mga retirees.***Talumpati 2:** *"Hininto na po natin ang pagkatagal-tagal na sistema kung saan itinuloy nang itinuloy ang mga proyekto na walang sumisiyasat kung angkop ba o kung may katuwiran ba ang*

*mga ito."* **Talumpati 3:** *"Ngayon, sa araw na ito dito magwawakas ang pamumunong manhid sa mga daing ng taumbayan. Ang sinumang nagkamali ay kailangang humarap sa hustisya, hindi maaaring patuloy ang kalakaran ng walang pananagutan at tuloy na pang-aapi."* **Talumpati 4:** *"Oo, may mga lamat ang ating demokrasya. Pero may pagkakataon tayo ngayon para ituwid ang anumang pagkakamaling nakalipas, at punan ang anumang pagkukulang ng ating kasaysayan."* **Talumpati 5:** *"Itigil na ang tsubibong walang pakinabang" PPUR is the Puerto Princesa Underground River. I went there yesterday. We had a commercial which I think we'll be uploading on the Official Gazette amongst other entities. Tapos, we were demonstrating this campaign. It's another way to address our poverty issue. We have time; we have the opportunity to do so. I would really encourage you to visit this underground river, it's really awe-inspiring.* **Talumpati 7:** *"Ang ibang nahalal sa puwesto, naglalakihang mga mansyon ang inuuwian, samantalang ang mga kababayan nila, maalikabok at lubak-lubak pa rin ang kalsadang dinadaanan."* **Talumpati 8:** *"Edukasyon ang susi sa pangmatagalang solusyon" Ang naging resulta po nito sa mga nagdaang taon: Karamihan sa ating mga kabataang mag-aaral ay hindi nagkakaroon ng matibay na pundasyon sa basic education. Maaari nga po nating sabihin, na isa ito sa mga ugat sa kanilang napupurnadang pag-akyat sa mas mataas na antas ng edukasyon.* **Talumpati 9:** *"Una, ang mapanatili ang mga trabahong nandito na po. Ikalawa, ang lumikha ng mas marami pang trabaho. Ikatlo, ang dagdagan ang kakayahan ng ating mga manggagawa, nang sa gayon ay makakuha sila ng mga trabahong magbibigay ng mas*

*magandang kinabukasan." At "Ngayon po, hindi na kailangang kumapit sa five-six ang mga kuwalipikadong miyembro upang makapag-aral ang kanilang mga anak, mayroon na pong mas praktikal at mas patas na matatakbuhan ang mga manggagawang Pilipino upang mamuhunan sa kanilang kinabukasan."* **Talumpati 10:** *"Kapag ang inaasahang magpatupad ng batas ang siya mismong pasimuno ng pag-shortcut sa batas, pihadong mawawalan ng gana ang taumbayang magtiwala dito. Kung may mga utak wang-wang pa ring traffic enforcer, na imbes na hulihin ang lumabag sa batas trapiko, ay hihingi lang ng lagay para maareglo ang usapan, magiging usad-pagong ang ating pag-asenso."* (3) di-pagbibigay tuon sa mga negatibo ukol sa atin (Us), **Talumpati 1:** *"Kung naging matino ang pag-utang, sana'y nadagdagan ang ating kasiguruhan sa supply ng kuryente. Pero ang desisyon ay ibinatay sa maling pulitika, at hindi sa pangangailangan ng taumbayan. Ang taumbayan, matapos pinagsakripisyo ay lalo pang pinahirapan."* **Talumpati 2:** *"Mula pa noong kampanya, ibinato na po sa atin ang lahat ng puwedeng ibato sa loob at labas na yata ng Revised Penal Code. Pati po ang buhok ko ginawa nilang isyu. Sabi ho nila, at palagay ko dahil siguro binata pa tayo, hindi na tayo binigyan ng honeymoon. Payag po si Sister Imelda dyan. Gusto talaga tayong gibain ng mga taong nais mapanatili ang lumang sistema, kung saan para silang mga dambuhalang buwayang nagpapakasasa sa kaban ng bayan. Binabatikos lang naman po tayo dahil may iilan na naghahanap ng paraan para magpatuloy ang siklo ng mali. Alam din naman po nila ang tama, hindi pa nila maatim gawin. Mayroon po talagang mga nag-aambisyon na makabalik sa poder, nag-*

*aambisyon na panatilihin ang sistemang sila lang ang nakikinabang, mga kapit-tuko sa puwesto na nakikinabang sa lumang sistema—mga taong gusto lamang ituloy ang kanilang ligaya, habang binabalewala naman ang sakripisyo ng taumbayan. At tayo naman po: tuloy na tuloy ang laban. Hindi po tayo titigil."* **Talumpati 3:** *"Sa mga kapuspalad nating mga kababayan, ngayon,  ang pamahalaan ang inyong kampeon."* **Talumpati 4:** *"Mahigit apatnapu't limang libong pamilya bago matapos ang 2011. Ang Pantawid Pamilyang Pilipino program ay naramdaman ng pitumpu't walong mga lungsod, siyam na raan at animnapu't walong munisipalidad."* **Talumpati 5:** *"Itigil na ang tsubibong walang pakinabang" Gusto ko lang hong bigyan ng commercial ito, 'no? Si Secretary Ona po, tinutugunan iyong problema ng nakakarami nating mga kababayan na never, will never get to see a health professional. Ako nagulat po sa numero, 40 percent. Biruin po ninyo, kwarenta porsyento ng nobenta'y singkong milyong Pilipino will never get to see a health professional. So dito po, 10,000 idadagdag po natin professionals. Baka nagtataka po kayo, paano natin nabayaran ito? Dahil nga, binawasan po natin ang korupsyon. Mayroon po tayong savings, at iyong savings po hiningi po para pondo sa programang ito ay hindi bababa sa 800 million pesos. Next year po, nasa GAA na. Kaya sipsip po ako sa Senado at sa Kongreso. Baka gusto niyo pong ipagpatuloy ang programang ito?"* **Talumpati 7:** *"Ang Maguidanao ang may pinakamalubhang insidente ng kahirapan sa rehiyon na may naitalang 44.6 percent sa taon ding iyon."* **Talumpati 8:** *"Edukasyon ang susi sa pangmatagalang solusyon" Ngayon po, sa pagsasabatas natin ng Kindergarten Law, tinitiyak na nating*

*hindi malalampasan ang napakahagalang hakbang na ito. Bahagi na po ng ating basic education curricula, o ng ating K to 12 Program, ang Kindergarten. Ibig sabihin, lahat ng mga mag-aaral sa mga pampublikong paaralan, simula sa darating na School Year 2012-2013, ay kailangan nang dumaan sa preschool bilang panimula ng kanilang pormal na pag-aaral.* **Talumpati 10:** *"Sa bawat panandaliang ginhawa na mula sa katiwalian, pangmatagalan ang perwisyo nito sa publiko. Kapag nagkibit-balikat kayo sa masasamang elemento, parang hinayaan niyo na ring dumami pa ang maaagrabyadong Pilipino. Kung sa bawat paglapit sa inyo ng taumbayan, puro "depende" at "saka na lang" ang inyong sagot, itinataboy na rin ninyo ang kanilang tiwala at paggalang sa inyong hanay."* (4) di-pagbibigay tuon sa mga positibo ukol sa kanila (Them) **Talumpati 1:** *"Nasampahan na po ito ng kaso. Sa pangunguna nina Finance Secretary Cesar Purisima, Justice Secretary Leila de Lima, BIR Commissioner Kim Henares at Customs Commissioner Lito Alvarez, Bawat lingo po ay may kasong isinasampa kontra sa mga hindi nagbabayad ng tamang buwis."* **Talumpati 2:** *"Kung mayroon po tayong pagkukulang, ito marahil ay ang hindi natin naging kaugalian na ipamalita ang mga tagumpay na atin pong nakamit. Mas binigyan natin ng halaga ang paghahanap ng mga paraang makakatulong sa ating mga kababayan."* **Talumpati 3:** *"Sa tulong ng wastong pamamahala sa mga darating na taon, maiibsan din ang marami nating problema; Ang mandatong ito ay isa kung saan kayo at ang inyong pangulo ay nagkasundo para sa pagbabago – isang paninindigan na ipinangako ko noong kampanya at tinanggap ninyo noong araw ng halalan."* **Talumpati 4:**

*"Obligasyon nating alagaan ang ginintuang butil ng demokrasya na ipinunla ng milyun-milyong Pilipinong nagmartsa sa EDSA. Hindi ito lalago kung ito'y binabalewala. Hindi ito uusbong kung wala ritong nag-aaruga. Sakripisyo, katapatan, at dedikasyon: ito ang idilig natin upang yumabong ang diwa ng demokrasya. Pagkakaisa, malasakit, at pagmamahal sa bansa: ito ang ibuhos natin upang maging mabunga ang pamana ng EDSA. Huwag nating sayangin ang pagkakataong ito. Kinabukasan natin ang nakasalalay dito. Panahon na natin ito. EDSA natin ito. Tara na, mga Pilipino."* **Talumpati 5:** *"Itigil ang tsubibong walang pakinabang" Alam ho niyo sa Metro Manila alone, mayroon po tayong hindi bababa sa, over actually, over 500,000 informal settler families. It is estimated na there is something like 1.4 million informal settlers families throughout the country. For the 500,000 in the Metro Manila alone, if relocation is deemed the appropriate solution, it will cost the government 100 billion pesos just to relocate them.* **Talumpati 7:** *"Ang mga ganitong datos at palakad ang nagtulak sa atin upang umaksyon agad; Mahalaga pong sa bawat programa, kapag tinanong tayo kung ano ang nais nating mangyari, hindi tayo uutal – utal."* **Talumpati 8:** *"Edukasyon ang susi sa pangmatagalan na solusyon" Nakakalungkot nga pong isipin na ang Pilipinas ay nananatiling isa sa may pinakamaikling sistemang pang-edukasyon sa buong mundo. Hindi po kasali sa ten-year curriculum natin ang Kindergarten—na siyang itinuturing na unang hakbang ng bata sa edukasyon, at nagsisilbing preparasyon sa mga susunod pang taon ng kanyang pag-aaral. Ayon pa nga po sa mga pag-aaral, sa panahong ito pinakamainam na matuto ang bata, dahil sa*

*panahong ito mataas ang kanilang kapasidad na tumanggap ng kaalaman.* **Talumpati 10:** *"Pagpapanggap na tagapagligtas ang kanilang tatakbuhan. Sa halip na tulungan nila kayong sugpuin ang mga kriminal, maaari pa silang kumampi sa mga kalaban ng estado."*

### 4.1.3 KONTEKSTO: SOSYO-KULTURAL, POLITIKAL AT KALIGIRAN

**TALUMPATI 1: PUWEDE NANG MULING MANGARAP** (State of the Nation Address Of His Excellency Benigno S. Aquino III President of the Philippines to the Congress of the Philippines Session Hall of the House of Representatives [Delivered at the Batasang Pambansa Complex, Quezon City on July 26, 2010]

#### 4.1.3.1 Konteksto: sosyo-kultural, politikal, at kaligiran

Mula sa artikulong "kapirasong Kritika" ni Teo S. Marasigan noong Hulyo 31, 2010, ayon sa kanya; sa hanay ng mga kapanalig ni Presidente Noynoy Aquino, may isang paraan para mapag-iba ang mga sagad-sagarin sa mga kahit paano'y kritikal kung magsuri, iyung may katapatan pangunahin sa pangulo at iyung pangunahin sa bayan: Paano nila hinuhusgahan ang unang State of the Nation Address ni Noynoy? Kung puro papuri, nakahanay sila sa nauna; kung kahit paano'y may papitik-pitik na pagpuna, sa ikalawa. Paano, malaki talaga ang problema sa unang SONA ni Noynoy. Matapos ipagmalaki ng mga propagandista niya ang halaga ng kanyang "mandato" para sa "pagbabago," karaniwang klaseng SONA lang ang binigkas niya. Sa usapin ni Gloria Macapagal-Arroyo, kung saan tama ang tunguhin niya, napakalamya ng hakbangin niya. Kontra-mamamayan ang diin ng talumpati at napakaraming panawagang hindi tinugunan.Lumalabas na nasa unang hanay ang nagsulat ng editoryal na "We think not" ng Philippine Daily Inquirer. Sa titulo pa lang, halatang naobliga ang sumulat na

kilalaning marami ang tumutuligsa sa SONA, ipakitang panig siya sa kontra sa mga ito, at isantabi ang pagpapanggap na "obhetibo" ang pagtingin niya. Lumabas ang editoryal dalawang araw lang pagkatapos ng SONA – lalong patunay na depensibo ang opensibang ito. Idiniin ng editoryal ang halaga ng mga paglalantad ni Noynoy kontra sa rehimeng Arroyo at ikinahon ang mga tumutuligsa sa SONA sa mga nakinabang o namanhid na sa nasabing kabuktutan. Mahalaga ang mga inilantad, pero kapos pa rin sa inaasahan sa SONA na ito at kahit ang mga paglalantad, hindi itinuloy sa dapat kahantungan: ang malinaw na pagsasabing kakasuhan at paparusahan si Gloria at mga kasapakat niya.

Hindi na kasi kandidato sa pagkapangulo si Noynoy, na para manalo'y kailangang umupak nang umupak sa nakaupo. Presidente na siya, kaya kailangan ang mga kongkretong hakbangin niya kaugnay ng mga tinuligsa niya noong eleksyon. Sariwa pa ang pinapaniwalaan niyang "mandato" para sa "pagbabago," kaya dapat lang na matapang ang mga pahayag niya at mapagpasya ang mga hakbangin niya. Kaso, hindi. Mula sa pagiging kandidatong nangako ng "pagbabago," pangulo na siya ng bulok na sistema, kaya sangkot siya ngayon sa pagkontrol sa mga ekspektasyon ng mga tao – bagay na hinarap din ni Barack Obama sa US. Kaya nga hindi na siya nanawagan ng "boluntarismo" tulad noong eleksyon, sabi nga ni Conrado de Quiros– taliwas sa argumento ni Caffeine Sparks, bagaman tama ang huli sa isang punto: pagbawas din sa ekspektasyon ng mga tao ang paglalantad ni Noynoy na walang pondo ang gobyerno.

Tapos, iyun namang ipinangako niyang gagawin ay kontra-mamamayan. Kung mayroon mang tampok na mensahe ang unang SONA ni Noynoy, iyan ay walang iba kundi ang pagyakap niya sa mga patakarang neoliberal, ang pagtiyak niya sa mga imperyalista at mga naghaharing uri na sila ang boss niya. Ang tulungang gobyerno-pribadong sektor (public-private partnership) ay mas mabangong termino lang para rito.

**TALUMPATI 2: NAKASANDAL ANG GOBYERNO SA TIWALA NG TAO**
**(**Message of His Excellency Benigno S. Aquino III President of the Philippines On The First Hundred Days of his Administration ***[October 7, 2010, La Consolacion College, Manila]***

**4.1.3.2. Konteksto: sosyo-kultural, politikal, at kaligiran**

Ang unang 100 araw ni PNoy ang siyang pundasyon ng kanyang anim na taon ng panunungkulan bilang pangulo ng ating bansa. Noong Oktubre 8, 2010 ang kanyang ikasandaang araw. Parang bagong kasal na naglalaan ng panahon para sa pagdiriwang ng kanilang pag-iisang dibdib, itinuturing na panahon daw ng honeymoon ang unang 100 araw ng bagong pangulo.

Ngunit ang bagong administrasyong Benigno “PNoy” Aquino III, tila wala nang panahon para magdiwang. Sa unang araw pa lamang ng kanyang pag-upo sa poder sa Hunyo 30, agad na mahaharap si Aquino sa marami at malalalim na mga suliranin. Nangangailangan ang mga ito ng agarang tugon sa loob ng 100 araw. Alam naman natin na maraming iniwang suliranin ang nakaraang administrasyong Arroyo kay naman hindi biro na ayusin at maipakita agad ang pagbabago mula sa kinasadlakan nating dusa sa loob lamang ng isang daang araw. Kaya naman, sa talumpating ito ni PNoy, marapat lamang na magbanggit sya ng tulas ng mga naisaad kanina; mga pagbabagong nagawa

niya o iyon bang mga mumunting liwanag na magbibigay pag-asa sa ating bayan. Gayun din, sa talumpating ito ni PNoy ay dapat na makapagbigay sya ng mga pati-unang solusyon sa mga korapsyon na nangyayari sa iba't ibang ahensya ng gobyerno, dahil sa ayaw man niya o sa gusto, mayroon at mayroon pa ring mga halang ang bituka na mauupo sa ilalim niya at mang-iisa sa mga taong bayan naman na nasa baba nito.

Ilan sa mga nakalatag na hamon sa pangulo ay ang kabilaang pasaring sa kanya at sa kanyang administrasyon na siya naman ngang pinalalala lamang ng media. Ayon nga kay Nonoy Espina, Pangalawang tagapangulo, National Union of Journalists of the Philippines o (NUJP) na sa unang 100 araw ni Noynoy Aquino, inaasahan ng NUJP na bibigyan niya ng agarang pansin ang pagpapabilis na paglitis at pagparusa sa mga nasasakdal sa Ampatuan massacre at magbitiw ng isang matibay na kautusan na tigilan ang lahat ng karahasan laban sa pamamaslang di lamang ng mga kasapi ng media kundi ng iba't ibang sektor ng lipunan. Inaasahan din ng NUJP na maglabas siya ng kautusan sa lahat ng nauukol na ahensiya na imbestigahan na ang lahat ng mga kaso ng "media killings" at iba pang paglabag ng karapatang pantao at siguruhin na ang lahat na maysala, lalo na ang mga "mastermind", ay mahuli, malitis at maparusahan.

**TALUMPATI 3: TAYO NA SA DAANG MATUWID (**Talumpati sa Pagtanggap ng Tungkulin Ng Kagalang-galang Benigno S. Aquino III Pangulo ng Pilipinas [*Inihayag sa Quirino Grandstand, Liwasang Rizal, Maynila noong ika-30 ng Hunyo 2010*]

**4.1.3.3. Konteksto: sosyo-kultural, politikal, at kaligiran**

Ano nga ba ang ibig sabihin ng mga nilalaman ng "Inauguration Speech" ni Pangulong Noynoy Aquino? May ibig sabihin nga ba ito para sa ating mga karaniwang

tao? Ano ang posibilidad na matutupad niya ang kanyang mga sinasabi? Ipinamalas ni Pangulong Aquino ang kanyang husay sa paggamit ng wikang Filipino sa talumpating ito.

Sinalamin ng Inaugural Address ni Pangulong Aquino ang katotohanan na ang problema ng ating bayan ay hindi masosolusyunan kung isang tao lamang ang kikilos o kung ang pamahalaan lamang ang aasahan. Sa kabuuan ng kanyang talumpati paulit-ulit siyang nanawagan upang tulungan siyang sambayanan at ng bawat isa upang matupad ang pangarap ng bawat Filipino. Binigyan niya ng pansin sa kanyang talumpati ang edukasyon, kapayapaan sa Mindanao at higit sa lahat, ang katiwalian. Inutusan na niya si Sec. De Lima na siguraduhin na makakamtan ng bawat isa ang hustisya at siniguro din niya na pupursigihin niya ang kapayapaan sa Mindanao.

Nangako si Aquino na sa kanyang termino ay walang magnanakaw at babaguhin ng pamahalaan ang kalakaran ng lagayan, kotong at katiwalian. Sinabi rin ni Pangulong Aquino at malinaw sa simula na hindi niya hinangad ang puwesto. Sinabi niya na kailan man ay hindi niya pinangarap na maging Pangulo at maging tagapagpasan ng mga problema ng bayan. Marahil sinabi ito ni Noynoy upang ngayon pa may ay umiwas sa anumang sisi na mangyayari sapagka't totoo naman hindi niya talaga ito pinangarap.

**TALUMPATI 4: HUWAG NATING SAYANGIN ANG NAKARAAN (**Talumpati ng Kagalang-galang Benigno S. Aquino III Pangulo ng Pilipinas sa ika-26 anibersaryo ng EDSA People Power Revolution: Flag raising at Salubungan sa People Power Monument [*Inihayag sa People Power Monument sa Lungsod ng Quezon noong ika-25 ng Pebrero 2012*]

#### 4.1.3.4. Konteksto: sosyo-kultural, politikal, at kaligiran

Malamang karamihan sa mga bagong henerasyon ngayon ay nakikila lamang sa mga limandaang pisong perang papel ang taong nagngangalang Benigno "Ninoy" Aquino na katabi ng dating presidente at butihin niya ring maybahay na si Pres. Corazon Aquino sa bagong bank note ng Bangko Sentral ng Pilipinas. Ang tanong, sino nga ba siya? Siya lang naman ang ama ng ating presidente ngayon na si PNoy, ay ang mismong dahilan sa pagpapasiklab ng damdamin ng mga Pilipino noong rehimeng Marcos. Sa kanyang pagkamatay, nagkaroon ng lakas ng loob ang mga Pilipino na lumaban, sa unang pagkakataon, ng mapayapa at walang dumdanak na dugo laban sa diktaturyang naglugmok sa Pilipinas sa loob ng ilang taon. Dahil nga rin sa taong ito, hindi na rin nakapagtataka na ang paraang ito ng rebolusyon ng mga Pilipino ay pumukaw sa atensyon ng mundo at nakadagdag sa respeto na atin dapat na natatanggap maging noon pa.

Kaya naman, sa ikalawang beses ng paggunita sa EDSA people power ni PNoy, ito'y garantisadong hindi malilimutan at makapagbibigay patnubay at lakas bilang isang mamamayang Pilipino. Sa talumpating ito ni PNoy ay marapat lamang na makitaan ng mga bagong programa, mungkahi o mga adhikain na makapagpapadama muli sa atin bilang mga Pilpino na angat pa rin tayo sa mundo. Dahil talamak na rin at lalung tumataas ang bahagdan ng mahihirap sa Pilpinas ngayon, iba't ibang mga tulong ang malamang ay hinihitay ng marami sa atin dito.

Bilang isang nakasanayang gawi na rin ang pagsasabuhay muli ng tagpo sa EDSA People Power, na siya namang laging dinadaluhan ng magkakapatid na Aquino bilang paggunita sa EDSA at gayun na din sa kanilang mga magulang, sila'y inaasahang dadalo muli dito at muli at ipaparamdam sa mga tao na buhay na buhay pa rin ang diwa ng EDSA at ang pag-asang makaahon sa kahirapan ang bansang Pilipinas.

**TALUMPATI 5: ITIGIL NA ANG TSUBIBONG WALANG PAKINABANG** (Talumpati ni Benigno S. Aquino III Pangulo ng Pilipinas sa kanyang pagdalo sa Seremonyang paglalagda ng Memorandum of Agreement para sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program) *[Inihayag sa Heroes Hall, Malacañan Palace noong ika-10 ng Pebrero 2011]*

**4.1.3.5. Konteksto: sosyo-kultural, politikal, at kaligiran**

Hindi maipagkakailang ang Pilipinas ay lubog, lumulubog at lulubog pang lalo sa kahirapan dahil base sa mga istatistika ng NSO, mas bumibilis ang pagbulusok ng ekonomiya ng Pilipinas sa loob lamng ng mas paikli at pakli pang panahon. Kaya naman, bilang isa na nagtataguyod sa isang bayan na lagi na lamang kapos sa pamasahe, sa ulam, sa bigas, gatas at lahat lahat na, garantisadong hindi magiging madali ang pagpapaangat dito. Kaya naman, sa bagong programang ipinatutupad ngayon ng administrasyong Aquino na 4Ps o Pantawid Pamilyang Pilipino Program ay isang malaking galak at pag-asa ng pangulo na makakatulong ng husto sa ating bansa.

Nakapaloob sa programang ito ng pangulo ang pakikipaglaban niya para maipatupad ng CCT o Conditional Cash Transfer na sasagot sa pangangailangan ng mas mahihirap na tao lamang. Maliban dito, pangalan pa lamang mismo ng programang ito

ng pangulo ay nagpapahayag na na ang ito'y naglalayong kung hindi man umangat ay makasabay man lamang sa takbo ng buhay ang mga pinakamahihirap na pamilya sa Pilipinas na para ba kamong ito'y panawid gutom, ang programang pantawid pamilyang Pilipino ay nakalaaan para sa mga ito.

Tulad ng mga nakaraang mga problema ng ating bansa lalo na iyong mga pamilyang tila walang-wala talaga, madali na lamang aninagin sa ating mga isipan ang karaniwang itsura at kalagayan ng isang taong kailangan ng panawid gutom o talagang walang-wala; payat, sakitin, marumi, walang permanenteng tirahan, walang tirahan at luging-lugi sa mga korap na nasa puwesto. Dahil nga madali na lamang tukuyin ngayon ang mga pagkukulang at mga dapat punan sa isang pamilyang Pilipino na talagang wala na, malamang ay puro sagot sa mga bagay na ito ang nilalaman ng talumpating ito ni PNoy.

**TALUMPATI 6: PAGHARAP SA PANIBAGO AT MAS MALIWANAG NATING TADHANA (**Talumpati ni Benigno S. Aquino III Pangulo ng Pilipinas sa anibersaryo ng proklamasyon ng Kalayaan ng Pilipinas [*Inihayag sa Kawit, Cavite noong Araw ng Kalayaan, ika-12 ng Hunyo 2011*]

**4.1.3.6. Konteksto: sosyo-kultural, politikal, at kaligiran**

Madalas na kapag nagdiriwang ng Araw ng Kalayaan sa pamamagitan ng parada, mamahaling paputok, pagkalembang ng mga kampana, pagwagayway ng bandila o kaya isang programa na halos panay mga opisyales lang ng gobyerno at mayayaman ang dumadalo. Ang sinasabing kalayaan ay nakalimbag na lamang sa

mga *tarpaulin*. Ang diwa nito ay napabayaan sa limot at ningas kugon nating mga Pinoy. Kaya naghain ang ating Pangulo ng talumpati para sa mga Pilipino.

Nagpasalamat si Pangulong Benigno Simeon C. “PNoy” Aquino III sa mga bayani ng bansa na naging dahilan upang ipagdiwang kahapon ang ika-isang daa't labing tatlong anibersaryo ng kalayaan ng Pilipinas. Idinagdag ng pangulo na mula ng maideklara ang kalayaan ng bansa ay makailang-ulit itong nawala at nabawing muli ng mga Pilipino kaya't pinahahalagahan ito ng bawat mamamayan na maging malaya at maging simbolo nito sa bahaging ito ng daigdig. Bilang ganti sa mga bayaning nagbuwis ng buhay ay magpunyaging mapaunlad at higit na maayos ang buhay ng mga mamamayan at mapanatili ang kalayaan ng bansa.

Ipinahayag niya ang pagbubukas ng isang bagong yugto sa ating kasaysayan; kung saan ang bawat Pilipino ay mapipitas ang bunga mayaman; kung saan maaaring panghawakan ng lahat ang sarili niyang kapalaran; kung saan ang kalayaan ay may katuwang na karangalan. Dahil ito ang malayang Pilipinas. At tayo ang malayang Pilipino, hiwalay at kalag na kalag sa kambal na salot ng korapsyon at kahirapan, sumasalubong sa kinabukasan nang taas-noo at puno ng kagalakan.

**TALUMPATI 7: PAGBABAGO AT PAG-ASA SA ARMM (**Talumpati ng Kagalang-galang Benigno S. Aquino III Pangulo ng Pilipinas sa paglagda ng batas na magpapaliban sa eleksyon sa Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM) at magsasabay sa lokal at pambansang halalan sa 2013 [*Inilahad sa Malacañan Palace noong ika-30 ng Hunyo, 2011*]

**4.1.3.7. Konteksto: sosyo-kultural, politikal, at kaligiran**

"Pagkatapos nating sunod-sunod na nalagdaan ang mga bahagi ng Framework Agreement on the Bangsamoro, abot-kamay na natin ang ganap na pagtutuwid ng sistema sa rehiyong ito, at ang permanenteng pagbabago sa Lupang Pangako." Ito ang sinabi ni Pangulong Noynoy Aquino sa pagdalo nito sa 2nd Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM) Local Government Units (LGUs) Summit on Governance and Development. Kasabay nito ay tinukoy ng Pangulo ang kahalagahan ng pakikibahagi ng sambayanan sa pagsusulong ng kapayapaan sa rehiyon. Kinilala rin nito ang kasalukuyang liderato ni ARMM Gov. Mujiv Hataman na nagbuhos umano ng mga sakripisyo para sa mga pagbabago sa Mindanao.

"Ang pinamagandang payo na natanggap ko ay, 'We win when we think of how the other can win, instead of how we can win,'" pahayag ni Aquino. "Nananabik na po tayo sa araw na maipasa na ang Bangsamoro Basic Law, upang tuluyan na ngang mabuksan ang bagong kabanata ng kasaysayan sa Muslim Mindanao," dagdag pa nito. Makakaasa rin umano ang bayan na sa bawat kasunduang nilalagdaan ng pamahalaan ay nakataya ang dangal at pangalan ng administrasyon.

"Hinihimok ko po kayong tumaya rin sa pag-asang makakamit natin ang malawakan at ganap na pagbabago sa ARMM. Tiyakin po nating hindi na tayo babalik pa sa dilim ng nakaraan totoong maliwanag na kinabukasan po ang inyong matatanglawan," giit pa ng Pangulo.

**TALUMPATI 8: EDUKASYON ANG SUSI SA PANGMATAGALANG SOLUSYON** (Talumpati ng Kagalang-galang Benigno S. Aquino III Pangulo ng Pilipinas Sa pormal na pagkakaloob ng Kindergarten Law [*Inihayag sa Bulwagang Rizal, Palasyo ng Malakanyang noong ika-27 ng Pebrero 2012*]

**4.1.3.8. Konteksto: sosyo-kultural, politikal, at kaligiran**

Naging malaking isyung panlipunan ang K-to 12 kurikulum nang ipahayag ito sa buong kapuluan ng Pilipinas. Maraming samu't saring opinyon ang lumabas ukol dito. Naniniwala ang lahat ng kawani na bukod tanging ang Pilipinas ang may kurikulum na apat na taon sa High School. At upang makipagsabayan ang Pilipinas sa larangan ng Edukasyon ang naturang kurikulum ang naging tugon sa de Kalidad na edukasyon. Kung susuriin ang sitwasyon, mapalad ang Pilipinas sa pagkakaroon ng isang pamahalaan na determinadong solusyunan ang matagal nang problema kaugnay sa kakapusan ng silid-aralan sa buong bansa sa susunod na taon. Ginagawang posible ni Pangulong Noynoy "PNoy" Aquino sa pamamagitan ng mga reporma na ipatutupad sa iba't ibang programa, kabilang ang Public Private Partnership (PPP), as in simula nang manungkulan noong 2010, iniulat ng Department of Education (DepEd) ang 66,800 kakapusan sa silid-aralan. Lingid sa kaalaman ng nakakarami, dahan-dahang naibaba ng DepEd ang estadistika ng kakapusan nang bumuo ng 15,000 silid-aralan noong 2011 at

gagawa ng panibagong 35,000 ngayong taon. Maganda ang hangarin ng Pangulo na tuluyang mabura ang problema sa pamamagitan ng patuloy na konstruksyon sa susunod na taon ng karagdagang 15,000 silid-aralan sa tulong ng PPP at iba pang donasyon. Ipinapakita lamang ni PNoy ang kanyang malaking pagpapahalaga sa edukasyon sa pagbuo ng isang maunlad na bansa.

Ipagkakaloob ng pamahalaan sa ilalim ng Republic Act 10157 o "An Act Institutionalizing the Kindergarten Education into the Basic Education System and Appropriating Funds Therefore" ang libreng compulsory kindergarten education simula sa darating na school year na 2012-2013. Binibigyang importansya ng batas ang malaking kontribusyon ng kindergarten upang mas maging handa at matalino ang mga batang papasok sa grade school. Magkakaroon ang mga bata ng mas malakas na laban upang iangat ang kanilang mga buhay. Sa ilalim ng batas, obligado ang mga bata na kumuha ng kindergarten bago pumasok ang mga ito sa Grade 1. Tama ang posisyon at paniniwala ng Department of Education (DepEd) na mapapataas nito ang kakayahan ng mga bata na unawain ang kanilang mga aralin at mabawasan ang insidente ng dropout.

Napag-usapan ang good news, nakakatuwang marinig na pangunahing pinaglalagakan ng pamumuhunan sa rehiyon ang Pilipinas base sa P1.995-trilyong kinita ng Philippine Economic Zone Authority (PEZA) at pagkakaroon ng bansa ng paborableng pananaw mula sa Japan External Trade Organization (JETRO). Mismong si PNoy ang natuwa sa inihandang ulat ni PEZA Director General Lilia De Lima at mga opisyal ng JETRO tungkol sa magandang balita. Nangangahulugang malaking kita ng

PEZA na tama ang matuwid na landas na tinatahak para isulong ang interes ng publiko. Ang maganda pa rito, nakuha ng pamahalaan sa nakalipas lamang na 18 buwan o sa panahon ng administrasyong Aquino ang 22%, katumbas ng P413-bilyon ng kabuuang kinita ng PEZA sapul noong 1995.

**TALUMPATI 9: MAMUHUNAN SA SOLUSYONG PANGMATAGALAN**
(Talumpati ng Kagalang-galang Benigno S. Aquino III Pangulo ng Pilipinas Sa selebrasyon ng Araw ng Paggawa)

**4.1.3.9**. **Konteksto: sosyo-kultural, politikal, at kaligiran**

Nanawagan si Pangulong Noynoy Aquino sa mga manggagawa at namumuhunan na ituring na Good Jobs Day ang Araw ng Paggawa ngayong Mayo 1. Sa kanyang talumpati sa Pre – Labor Day dialogue sa mga labor leader sa Malacañang, sinabi ng Pangulo na sa halip na salubungin ng mga reklamo at hinaing ang Araw ng Paggawa, magdiwang sa naging magandang produkto ng pagtutulungan.

"Ngayong umaga mayroon akong hamon sa mga manggagawa at mamumuhunan, hindi po ba mas maganda na imbes na tratuhin ang Labor Day bilang araw ng alitan, ituring natin ito bilang selebrasyon," hikayat ng pangulo

"Isang araw na masayang nagdiriwang ang mga manggagawa at mga negosyante dahil sa matagumpay at produktibong taon. Isang araw na kinikilala natin ang sipag ng bawat empleyado at kung gaano kalaki ang biyaya na magkaroon ng isang trabahong marangal at bumubuhay sa pamilya. Mula ngayon, sana ituring natin ang Labor Day bilang Good Job Day!"

Tama na aniya ang panahon ng negatibismo at pagbabato ng alitan, "panahon na para batiin natin ang isa’t isa ng good job!". Tinalakay din ng Pangulo sa kanyang talumpati ang mga isyung malapit sa sikmura ng mga manggagawang Pinoy. Idinepensa rin ng Pangulo ang mga hakbang nito sa ilang panukala sa pagsasabing tinitiyak lamang nito ang pangmatagalang epekto. Panahon na rin aniya para amendyahan na ang Social Security System (SSS) pension scheme kung saan hugot aniya nang hugot ng pera ngunit wala namang ipinapasok sa bulsa.

Sa talumpati ng Pangulo, naging kapansin-pansin ang hindi magandang pakiramdam ni PNoy. Ilang beses itong napa-ubo at natigil sa pagsasalita. Ngunit, nagbiro na lamang ito na "hihingi muna ako ng paumanhin kung medyo kahalintulad tayo ni Kermit the Frog sa boses natin ngayong araw na 'to. Masyado yatang busy nitong mga nagdaang araw na pati pagkakasakit, kailangang iiskedyul na. Mga two weeks siguro, pwede na siguro."

**TALUMPATI 10: TINATAWAG KAYONG SINAGTALA** (Talumpati ng Kagalang-galang Benigno S. Aquino III Pangulo ng Pilipinas Sa pagtatapos ng Philippine National Police Academy Batch Sinagtala 2012 [*Inihayag sa Silang, Cavite, noong ika-24 ng Marso 2012*]

**4.1.3.10. Konteksto: sosyo-kultural, politikal, at kaligiran**

Hinamon ni Pangulong Benigno “Noynoy"Aquino III ang mga bagong pulis, bumbero at jail officers na mahusay na tuparin ang kanilang tungkulin at labanan ang korapsiyon para makuha ang tiwala ng publiko. Ang hamon ay nakapaloob sa talumpati ni Aquino sa Graduation Rites ng Sinagtala Class 2012 sa Philippine National Police

Academy (PNPA) noon na isinagawa sa Cavite. Ang mga nagtapos sa PNPA ay magsisilbi sa Philippine National Police, Bureau of Fire Protection, at Bureau of Jail Management and Penology.

Sinabi ni Aquino na dapat tularan ng mga bagong tapos na pulis ang katapangang ipinakita ng kanilang mga kasamahan na nakipaglaban sa mga rebelde. Ginawa niyang halimbawa ang nangyari kay Senior Inspector Jay Dimaala, na pinangunahan ang kanyang mga kasamahan sa pakikipaglaban sa may 30 rebelde na sumalakay sa isang outpost sa Panabo, Davao del Norte noong March 2011. Nabanggit din ni Aquino sa kanyang talumpati ang paglaban ng mga tauhan ng BJMP sa Kidapawan sa mga taong armado ng rocket-propelled grenades at matataas na kalibre ng baril na nais magtakas ang isang bilanggo. Nais din ni Aquino na kumilos ang pulisya na mapababa pa ang antas ng krimen sa bansa tulad ng pagbaba umano sa kalahati ng mga kaso ng carjacking mula 2009 hanggang 2011.

Binigyan-diin ng pangulo na hindi dapat magpadala sa tukso ng salapi at sa halip ay laging isipin ang mga bagong nagtapos sa PNPA ang kanilang karangalan.Binalaan din niya ang mga ito laban sa mga pang-aabuso na maaaring maging dahilan para mawala sa kanila ang respeto at suporta ng mamamayan.

Sa kabuoan, sa bawat talumpati ni PNoy, nagpakita ito ng iba’t ibang uri ng konteksto. At ang isa mga kontekstong ito ay ang ugnayan nito sa sosyo-kultural. Ayon sa unang talumpati, matapos ipagmalaki ng mga propagandista niya ang halaga ng

kanyang “mandato” para sa “pagbabago,” karaniwang klaseng SONA lang ang binigkas niya. Sa usapin ni Gloria Macapagal-Arroyo, kung saan tama ang tunguhin niya, napakalamya ng hakbangin niya. Kontra-mamamayan ang diin ng talumpati at napakaraming panawagang hindi tinugunan. Lumalabas na nasa unang hanay ang nagsulat ng editoryal na “We think not” ng Philippine Daily Inquirer. At ayon naman sa ikalawang talumpati ay “*alam naman natin na maraming iniwang suliranin ang nakaraang administrasyong Arroyo kaya naman hindi biro na ayusin at maipakita agad ang pagbabago mula sa kinasadlakan nating dusa sa loob lamang ng isandaang araw*”.

Kaya naman, sa talumpating ito ni PNoy, marapat lamang na magbanggit siya ng tulad ng mga naisaad kanina; mga pagbabagong nagawa niya o iyon bang mga mumunting liwanag na magbibigay pag-asa sa ating bayan. Sa ikatlong talumpati naman ay inutusan na niya si Sec. De Lima na siguraduhin na makakamtan ng bawat isa ang hustisya at siniguro din niya na pupursigihin niya ang kapayapaan sa Mindanao. Sa ika-apat na talumpati ni PNoy ay marapat lamang na makitaan ng mga bagong programa, mungkahi o mga adhikain na makapagpapadama muli sa atin bilang mga Pilpino na angat pa rin tayo sa mundo. Dahil talamak na rin at lalung tumataas ang bahagdan ng mahihirap sa Pilipinas ngayon, iba’t ibang mga tulong ang malamang ay hinihitay ng marami sa atin dito. Sa ikalimang talumpati, tulad ng mga nakaraang mga problema ng ating bansa lalo na iyong mga pamilyang tila walang-wala talaga, madali na lamang aninagin sa ating mga isipan ang karaniwang itsura at kalagayan ng isang taong kailangan ng panawid gutom o talagang walang-wala; payat, sakitin, marumi,

walang permanenteng tirahan, walang tirahan at luging-lugi sa mga korap na nasa puwesto. Ayon naman sa ika-anim na talumpati, bilang ganti sa mga bayaning nagbuwis ng buhay ay magpunyaging mapaunlad at higit na maayos ang buhay ng mga mamamayan at mapanatili ang kalayaan ng bansa. Sa ikapitong talumpati, giniit ni PNoy na *"Nananabik na po tayo sa araw na maipasa na ang Bangsamoro Basic Law, upang tuluyan na ngang mabuksan ang bagong kabanata ng kasaysayan sa Muslim Mindanao,"* dagdag pa nito. Makakaasa rin umano ang bayan na sa bawat kasunduang nilalagdaan ng pamahalaan ay nakataya ang dangal at pangalan ng administrasyon. Sa ikawalong talumpati, lingid sa kaalaman ng nakakarami, dahan-dahang naibaba ng DepEd ang estadistika ng kakapusan nang bumuo ng 15,000 silid-aralan noong 2011 at gagawa ng panibagong 35,000 ngayong taon. Maganda ang hangarin ng Pangulo na tuluyang mabura ang problema sa pamamagitan ng patuloy na konstruksyon sa susunod na taon ng karagdagang 15,000 silid-aralan sa tulong ng PPP at iba pang donasyon. Ipinapakita lamang ni PNoy ang kanyang malaking pagpapahalaga sa edukasyon sa pagbuo ng isang maunlad na bansa. Sa ika-siyam na talumpati, tama na aniya ang panahon ng negatibismo at pagbabato ng alitan, *"panahon na para batiin natin ang isa'isa ng good job!"*Tinalakay din ng Pangulo sa kanyang talumpati ang mga isyung malapit sa sikmura ng mga manggagawang Pinoy. At sa ikasampung talumpati ay sinabi ni Aquino na dapat tularan ng mga bagong tapos na pulis ang katapangang ipinakita ng kanilang mga kasamahan na nakipaglaban sa mga rebelde.

Maraming ugnayan ang kinabibilangan ng mga talumpati ni PNoy, isa na nga rito ang Pampolitikal na aspeto. Sinasabi sa unang talumpati na, presidente na siya, kaya kailangan ang mga kongkretong hakbangin niya kaugnay ng mga tinuligsa niya noong eleksyon. Sariwa pa ang pinapaniwalaan niyang "mandato" para sa "pagbabago," kaya dapat lang na matapang ang mga pahayag niya at mapagpasya ang mga hakbangin niya. Kaso, hindi. Mula sa pagiging kandidatong nangako ng "pagbabago," pangulo na siya ng bulok na sistema, kaya sangkot siya ngayon sa pagkontrol sa mga ekspektasyon ng mga tao – bagay na hinarap din ni Barack Obama sa US. Kaya nga hindi na siya nanawagan ng "boluntarismo" tulad noong eleksyon, sabi nga ni Conrado de Quiros– taliwas sa argumento ni Caffeine Sparks, bagaman tama ang huli sa isang punto: pagbawas din sa ekspektasyon ng mga tao ang paglalantad ni Noynoy na walang pondo ang gobyerno. At mababasa naman sa pangalawang talumpati na: Ayon nga kay Nonoy Espina, Pangalawang tagapangulo, National Union of Journalists of the Philippines o (NUJP) na sa unang 100 araw ni Noynoy Aquino, inaasahan ng NUJP na bibigyan niya ng agarang pansin ang pagpapabilis na paglitis at pagparusa sa mga nasasakdal sa Ampatuan massacre at magbitiw ng isang matibay na kautusan na tigilan ang lahat ng karahasan laban sa at pamamaslang di lamang ng mga kasapi ng media kundi ng iba't ibang sektor ng lipunan. Nangako si Aquino na sa kanyang termino ay walang magnanakaw at babaguhin ng pamahalaan ang kalakaran ng lagayan, kotong at katiwalian. Malamang karamihan sa mga bagong henerasyon ngayon ay nakikila lamang sa mga limandaang pisong perang papel ang taong nag ngangalang Benigno

“Ninoy” Aquino na katabi ng dating presidente at butihin niya ring maybahay na si Pres. Corazon Aquino sa bagong bank note ng Bangko Sentral ng Pilipinas. Ang tanong, sino nga ba siya? Siya lang naman ang ama ng ating presidente ngayon na si PNoy, ay ang mismong dahilan sa pagpapasiklab ng damdamin ng mga Pilipino noong rehimeng Marcos. Kaya naman, sa bagong programang ipinatutupad ngayon ng administrasyong Aquino na 4Ps o Pantawid Pamilyang Pilipino Program ay isang malaking galak at pag-asa ng pangulo na makakatulong ng husto sa ating bansa. Idinagdag ng pangulo na mula ng maideklara ang kalayaan ng bansa ay makailang-ulit itong nawala at nabawing muli ng mga Pilipino kaya't pinahahalagahan ito ng bawat mamamayan na maging malaya at maging simbolo nito sa bahaging ito ng daigdig. “Pagkatapos nating sunod-sunod na nalagdaan ang mga bahagi ng Framework Agreement on the Bangsamoro, abot-kamay na natin ang ganap na pagtutuwid ng sistema sa rehiyong ito, at ang permanenteng pagbabago sa Lupang Pangako.” Ito ang sinabi ni Pangulong Noynoy Aquino sa pagdalo nito sa 2nd Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM) Local Government Units (LGUs) Summit on Governance and Development. Ipagkakaloob ng pamahalaan sa ilalim ng Republic Act 10157 o “An Act Institutionalizing the Kindergarden Education into the Basic Education System and Appropriating Funds Therefore” ang libreng compulsory kindergarten education simula sa darating na school year na 2012-2013. Idinepensa rin ng Pangulo ang mga hakbang nito sa ilang panukala sa pagsasabing tinitiyak lamang nito ang pangmatagalang epekto. Panahon na rin aniya para amendyahan na ang Social Security System (SSS) pension

scheme kung saan hugot aniya nang hugot ng pera ngunit wala namang ipinapasok sa bulsa. Binigyan-diin ng pangulo na hindi dapat magpadala sa tukso ng salapi at sa halip ay laging isipin ang mga bagong nagtapos sa PNPA ang kanilang karangalan.Binalaan din niya ang mga ito laban sa mga pang-aabuso na maaaring maging dahilan para mawala sa kanila ang respeto at suporta ng mamamayan.

Di mawawala ang kaugnayan ng mga talumpati ni PNoy sa kaligiran ng kanyang pagtatalumpati. Makikita sa titulo pa lang, halatang naobliga ang sumulat na kilalaning marami ang tumutuligsa sa SONA, ipakitang panig siya sa kontra sa mga ito, at isantabi ang pagpapanggap na "obhetibo" ang pagtingin niya. Lumabas ang editoryal dalawang araw lang pagkatapos ng SONA – lalong patunay na depensibo ang opensibang ito. Idiniin ng editoryal ang halaga ng mga paglalantad ni Noynoy kontra sa rehimeng Arroyo at ikinahon ang mga tumutuligsa sa SONA sa mga nakinabang o namanhid na sa nasabing kabuktutan. Mahalaga ang mga inilantad, pero kapos pa rin sa inaasahan sa SONA na ito at kahit ang mga paglalantad, hindi itinuloy sa dapat kahantungan: ang malinaw na pagsasabing kakasuhan at paparusahan si Gloria at mga kasapakat niya. Gayun din, sa talumpating ito ni PNoy ay dapat na makapagbigay sya ng mga pati-unang solusyon sa mga kurapsyon na nangyayari sa iba't ibang ahensya ng gobyerno, dahil sa ayaw man nya o sa gusto, mayroon at mayroon pa ring mga halang ang bituka na mauupo sa ilalim nya at mang-iisa sa mga taong bayan naman na nasa baba nito.Sinalamin ng Inaugural Address ni Pangulong Aquino ang katotohanan na ang problema ng ating bayan ay hindi masosolusyunan kung isang tao lamang ang kikilos o

kung ang pamahalaan lamang ang aasahan. Kaya naman, sa ikalawang beses ng paggunita sa EDSA people power ni PNoy, ito’y garantisadong hindi malilimutan at makapagbibigay patnubay at lakas bilang isang mamamayang Pilipino. Nakapaloob sa programang ito ng pangulo ang pakikipaglaban niya para maipatupad ng CCT o Conditional Cash Transfer na sasagot sa pangangailangan ng mas mahihirap na tao lamang. Maliban dito, pangalan pa lamang mismo ng programang ito ng pangulo ay nagpapahayag na na ang ito’y naglalayong kung hindi man umangat ay makasabay man lamang sa takbo ng buhay ang mga pinakamahihirap na pamilya sa Pilipinas na para ba kamong ito’y panawid gutom, ang programang pantawid pamilyang Pilipino ay nakalaaan para sa mga ito. Nagpasalamat si Pangulong Benigno Simeon C.“PNoy” Aquino III sa mga bayani ng bansa na naging dahilan upang ipagdiwang kahapon ang ika-isang daa't labing tatlong anibersaryo ng kalayaan ng Pilipinas. “Hinihimok ko po kayong tumaya rin sa pag-asang makakamit natin ang malawakan at ganap na pagbabago sa ARMM. Tiyakin po nating hindi na tayo babalik pa sa dilim ng nakaraan totoong maliwanag na kinabukasan po ang inyong matatanglawan,” giit pa ng Pangulo. Naging malaking isyung panlipunan ang K-to 12 kurikulum nang ipahayag ito sa buong kapuluan ng Pilipinas. Maraming samu’t saring opinion ang lumabas ukol dito. Naniniwala ang lahat ng kawani na bukod tanging ang Pilipinas ang may kurikulum na apat na taon sa High School. At upang makipagsabayan ang Pilipinas sa larangan ng Edukasyon ang naturang kurikulum ang naging tugon sa de Kalidad na edukasyon. Nanawagan si Pangulong Noynoy Aquino sa mga manggagawa at namumuhunan na

ituring na Good Jobs Day ang Araw ng Paggawa ngayong Mayo 1. Sa kanyang talumpati sa Pre – Labor Day dialogue sa mga labor leader sa Malacanang, sinabi ng Pangulo na sa halip na salubungin ng mga reklamo at hinaing ang Araw ng Paggawa, magdiwang sa naging magandang produkto ng pagtutulungan. Hinamon ni Pangulong Benigno “Noynoy"Aquino III ang mga bagong pulis, bumbero at jail officers na mahusay na tuparin ang kanilang tungkulin at labanan ang korupsiyon para makuha ang tiwala ng publiko.

## 4.2. LINGGWISTIKONG KATANGIAN (Language in text)

### 4.2.1. Estruktura ng mga Talumpati

Mula sa datos na makikita sa “Talahanayan 1”, na ang kabuuang bilang ng mga salita sa talumpati 1***. “Puwede nang muling mangarap”*** ay umabot sa 3,845 na salita at 146 na pangungusap. Tulad ng mga sumusunod: *“Matagal pong naligaw ang pamahalaan sa daang baluktot.”, “Ang pinondohan po, 28 proyekto lang.”, “Ilan lang ito sa mga natuklasan nating problema.”, “Pananagutin natin ang mga mamamatay-tao.”,* at *“Pananagutin din natin ang mga corrupt sa gobyerno.”* Samantala, sa talumpati 2 ***“Nakasandal ang Gobyerno sa Tiwala ng Tao”,*** ay mayroon namang 2,389 at 36 na pangungusap. Halimbawa ng mga maiikling pangungusap ay ang mga sumusunod: *“Malalim at malawak po ang mga prblemang minana natin.”, “Bumalik na po ang kumpiyansa sa ating bansa.”, “Binibigyan natin ang katuturan ang paggastos.”, “Walang pisong dapat nasasayang.”,* at *“Naroon po dapat sila para*

*pangalagaan ang interes ng taumbayan."* Makikita rin sa talumpati 3 ***"Tayo na sa Daang matuwid***" umabot na 2,402 na salita at 36 na pangungusap halimbawa ng mga maiikling pangungusap ay ang mga sumusunod: *"Ang layunin ko sa buhay ay simple lang: maging tapat sa aking mga magulang at sa bayan bilang isang marangal na anak, mabait na kuya, at mabuting mamamayan.", " Tanyag man ang aking mga magulang at ang kanilang mga nagawa, alam ko rin ang problema ng ordinaryong mamamayan.", "Katulad ninyo ako.", Sigaw natin noong kampanya: " Kung walang corrupt, walang mahirap"* at *"Gagawin nating kaaya – aya sa mga negosyante ang ating bansa."*Ang halimbawa sa ikaapat (4) na talumpating ***"Huwag Nating Sayangin Ang Nakaraan"*** ay may 1,268 na salita at 65 na pangungusap tulad ng mga sumusunod: *"Ang rebolusyon sa EDSA ang nagsilbing lunsaran sa kung saan natin gustong tumungo bilang isang bayan.", " Ika-dalawampu't lima ng Pebrero noong 1986 nang nagtipon ang milyun-milyong Pilipino dito sa EDSA para sa nagkakaisang adhika", " Obligasyon nating alagaan ang ginintuang butil ng demokrasya na ipinunla ng milyun-milyong Pilipinong nagmartsa sa EDSA.", "Hindi ito uusbong kung wala ritong nag-aaruga.",* at *"Pagkakaisa, malasakit, at pagmamahal sa bansa.*" Para naman sa talumpati bilang lima na ***"Itigil na ang Tsubibong Walang Pakinabang"*** ay umabot sa 1,901 salita at 138 na pangungusap na masusuri ayon sa mga sumusunod: *"Marami pa tayong haharaping hamon.", "Hindi ko po ito kakayaning solusyunan nang mag-isa.", "Nasa inyo po ang susi ituloy po natin iyan.", "Dito po kababayan natin, kilala natin.",* at *"Idinudulog tayo sa kanilang mga problema* . Sa talumpati 6 na ***"Pagharap***

***Sa Mas Maliwanag Nating Tadhana"*** ay umabot lamang na 1,355 at 69 na pangungusap na mapapansin tulad ng mga sumusunod: *"Alam na naman po ninyo ang karaniwang retorika sa ganitong mga pagdiriwang.", "Hangga't hindi nauubos ang corrupt, hindi mauubos ang mahirap.", "Kung gusto nating palayain ang bayan, kailangan nating palayain ang gobyerno, at ang sarili, mula sa kasakiman.", "Alam ko pong may pangamba pa rin sa puso natin.",* at "*Marami pa po tayong kailangang gawin."* Sa Talumpati 7 na *"Pagbabago at Pag-asa sa ARMM"* na may 1,358 na salita at 60 na pangungusap gaya ng mga sumusunod: *"Sa araw pong ito, isinasakatuparan natin ang isang repormang magtatanglaw ng pagbabago at pag-asa sa ARMM.", "Isa pa rin ang ARMM sa pinakamahirap na rehiyon sa bansa.", " Ang mga ganitong datos at palakad ang nagtulak sa atin upang umaksyon agad.", "Pinosasan ang kalayaan ng mga taga-ARMM; hindi nabibigyan ng puwang ang tunay na boses ng mamamayan.",* at *" Sa pagpapaganap ng batas na nilagdaan natin ngayon, mas mapapaigting natin ang mabuting pamamahala at mas magiging malinaw ang ating patutunguhan."*Sa talumpati 8 naman na pinamagatang ***"Edukasyon ang susi sa Pangmatagalang Solusyon"*** at may 1,794 na salita at 89 na pangungusap ay: "Baka ho puwedeng balikan ko 'yung sarili kong kasaysayan noong ako'y kindergarten.", "Bahagi po ito ng ibinabandila nating K to 12 Basic Education Program.", "Noon din po, ang Kindergarten ay para sa pribadong paaralan lamang.", "Ang mapanghawakan ng mga kababayan nating Pilipino ang sarili nilang tadhana.", at "Ito na nga po ang Pilipinas na unti-unting inaabot sa tuwid na landas." Samantalang ang talumpati 9 na "***Mamuhunan***

***Sa Solusyong Pangmatagalan***" ay may 3,457 na salita at 167 na pangungusap: *"Baka ho puwedeng balikan ko 'yung sarili kong kasaysayan noong ako'y kindergarten.", "Bahagi po ito ng ibinabandila nating K to 12 Basic Education Program.", "Noon din po, ang Kindergarten ay para sa pribadong paaralan lamang.", "Ang mapanghawakan ng mga kababayan nating Pilipino ang sarili nilang tadhana.",* at *"Ito na nga po ang Pilipinas na unti-unting inaabot sa tuwid na landas."* Ang huling talumpati na ***"Tinatawag kayong Sinagtala"*** ay may kabuuang bilang ng mga salita na umabot sa 1,712 at 82 na pangungusap na mapapansin sa mga sumusunod na halimbawa: *"Iba na nga po ang kuwento sa kasalukuyan.", "Katahimikan at kapayapaan ang susi ng ating pag-unlad bilang isang bansa.", "Marami kayong pagsubok na dinaanan bilang mga mag-aaral ng akademyang ito.", Hindi po tayo papayag na muling magdusa ang maraming Pilipino.",* at *"Bunga po ito ng desisyon at malinaw na estratehiya ng ating kapulisan."*

Mula sa mga datos na ito ay makikita na halos karamihan sa mga salitang ginamit ng pangulo ay payak lamang at maiikling pangungusap. Nagpapatunay lamang na maingat siya sa pagbibitaw ng mga salita bagay na maaaring gamitin laban sa kanyang pamumuno. Gumamit din siya ng mga simpleng salita na mauunawaan ng madla. Bagay na hindi gaanong nagawa ng mga naunang pangulo sapagkat karamihan sa kanila ay sa wikang Ingles ipinahayag ang kanilang mga talumpati.

## TALAHANAYAN 1: PAGSUSURI SA PANGKALAHATANG ESTRUKTURA NG MGA TALUMPATI

| **Mga Bilang ng mga aytem** | **Estadistika** | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | **T1** “Puwede Nang Muling Mangarap” | **T2** “Nakasandal ang Gobyerno sa Tiwala ng Tao” | **T3** . “Tayo Na Sa Daang Matuwid” | **T4** “Huwag Nating Sayangin Ang Nakaraan” | **T5** “Itigil Na Ang Tsubibong Walang Pakinabang” | **T6** “Pagharap sa Panibago at Mas Maliwanag na Tadhana” | **T7** “Pagbabago at Pag-asa sa ARMM” | **T8** “Edukasyon ang Susi sa Pangmatagalang Solusyon” | **T9** “Mamuhunan sa Solusyong Pangmatagalan” | **T10** “Tinatawag Kayong Sinagtala” |
| **Salita** | **2354** | **2042** | **3830** | **1858** | **1268** | **1421** | **1315** | **1758** | **3,465** | **1712** |
| **Pangungusap** | **152** | **119** | **256** | **126** | **75** | **69** | **60** | **89** | **167** | **82** |
| **Letra** | **11874** | **10688** | **19993** | **9257** | **6748** | **7493** | **7028** | **9282** | **18062** | **9116** |
| **Talata** | **132** | **47** | **37** | **14** | **17** | **22** | **20** | **22** | **36** | **25** |

Maraming mga salitang ginamit ang ating Pangulo upang maipahayag niya ang kanyang mga saloobin. Sa bawat problema na kinakaharap ni PNoy at sa kung papaanong paraan niya ito binabalak solusyunan. At sa mga bawat salita ni PNoy ay nakabubuo siya ng mga pangungusap, ngunit ang mga pangungusap na ito ay hindi ganun kahabaan. Mas maraming maiikling pangungusap ang kanyang nabuo marahil siguro ay mas maiitindihan ng kanyang tagapakinig at mas mauunawaan siya kung mas maikling mga pangungusap na diretsong ibinibigay ang nais ipahayag ng ating pangulo.

**TALAHANAYAN 2: MGA SALITANG MADALAS GAMITIN NI PANGULONG PNOY SA MGA PILING TALUMPATI (Ekonomiya)**

| AGENDA | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| EKONOMIYA | SALITA | T1 | T2 | T3 | T4 | T5 | T6 | T7 | T8 | T9 | T10 | KABUUAN |
| | proyekto/project | 7 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 7 |
| | programa | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 2 |
| | **pondo/fund** | **15** | **0** | **0** | **0** | **0** | **2** | **0** | **2** | **0** | **0** | **19** |
| | budget | 7 | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 2 | 0 | 0 | 11 |
| | porsyento/percent | 8 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 4 | 0 | 2 | 0 | 14 |
| | trillion piso | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 4 | 0 | 6 |
| | **billion piso** | **12** | **8** | **0** | **2** | **2** | **0** | **0** | **2** | **3** | **0** | **29** |
| | million piso | 8 | 2 | 0 | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 12 |
| | million dollars | 0 | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 2 |
| | billion dollars | 2 | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 4 |
| | dollars | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 6 | 0 | 6 |
| | bonus | 6 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 6 |
| | utang/pautang | 11 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 11 |
| | buwis | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 2 |
| | sahod | 3 | | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 3 |
| | stock | 0 | 4 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 4 |
| | interest | 0 | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 2 |
| | kontrata | 0 | 3 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 3 |
| | **trabaho** | **0** | **0** | **3** | **0** | **2** | **0** | **0** | **4** | **11** | **0** | **20** |
| | kahirapan | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| | korapsyon | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 2 |
| | kinabukasan | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| | kahirapan | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 5 | 2 | 0 | 0 | 2 | 9 |
| | kinabukasan | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 3 | 0 | 0 | 3 |

Makikita sa talahayanan 2, na higit na gamitin ang salitang “billion piso” na may 29 na beses ginamit sa sampung talumpati. Malinaw na nagpapahiwatig na ang usapin sa pag-unlad ng ekonomiya ay patungkol sa bilyong piso gastusin sa programa at ang mga programa ay hindi madaling mapatupad dahil sa laki ng gastusin. Wari’y sinasabi ni PNoy na magtiis ang mga Pilipino. Pumangalawa naman ang “trabaho” na may 20 beses na ginamit. Ipinapakita ng datos na upang umunlad ang isang tao ang kailangan

niya ay trabaho. Bagay na isa sa mga programang tinututukan ni PNoy. Ikatlo naman ang "pondo/fund" na may 19 beses. Ipinapakita ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pondo ng pamahalaan upang maipatupad ang mga gawain at programa. Madali ang pag-unlad kung higit ang pondo ng bayan. Ang madalas na pagbanggit ng salitang ito ay isang pailalim na paraan upang maiparating sa madla na kung walang korapsyon ay malaki sana ang pondo ng pamahalaan. (Tingnan ang kabuuang pagsusuri sa Apendiks A, p. )

**TALAHANAYAN 3: MGA SALITANG MADALAS GAMITIN NI PANGULONG PNOY SA MGA PILING TALUMPATI (Kapayapaan)**

| KAPAYAPAAN | SALITA | T1 | T2 | T3 | T4 | T5 | T6 | T7 | T8 | T9 | T10 | KABUUAN |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | problema | 2 | | | | | | | | | | 2 |
| | suliranin | 1 | | | | | | | | | | 1 |
| | people power | | | 3 | | | | | | | | 3 |
| | **ARRM** | | | | | | **2** | **22** | | | | **24** |
| | relihiyon | | | | | | | 4 | | | | 4 |
| | krimen | | | | | | | | | | 6 | 6 |
| | carnapping | | | | | | | | | | 6 | 6 |
| | kapulisan | | | | | | | | | | 7 | 7 |
| | sumalakay | | | | | | | | | | 4 | 4 |
| | **EDSA** | | | | **8** | | | | | | | **8** |
| | **demokrasya** | | | | **8** | | | | | | | **8** |
| | **kalayaan** | | | | **5** | | **3** | | | | | **8** |
| | **solusyon** | | | | | | | | | **7** | | **7** |

Tunay na ang usapin sa kapayapaan ay hindi maiiwasang mabanggit ang salitang "ARRM" na may 24 beses na binanggit, sa dahilang matagal na panahon nang suliranin ang kapayapaan dito. Ang kaguluhan sa Mindanao ay nagreresulta sa kawalang tatag ng bansa at kahinaan ng pamahalaan na sugpuin ang kahirapan na

nagbubunga naman ng kaguluhan. Ang kawalang katapatan sa resulta ng eleksyon bunga ng pagmamalabis ng mga politiko, ang pagkakaroon ng mga ito ng private armies, ang kakulangan sa dekalidad na edukasyon na nagbubunga ng kawalang pagkakapantay-pantay ay ilan lamang sa mga hamon sa liderato ni PNoy.

**TALAHANAYAN 4: MGA SALITANG MADALAS GAMITIN NI PANGULONG PNOY SA MGA PILING TALUMPATI (Politika)**

| POLITIKA | SALITA | T1 | T2 | T3 | T4 | T5 | T6 | T7 | T8 | T9 | T10 | KABUUAN |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | **taumbayan** | **6** | **6** | | | **2** | **3** | | | **3** | | **20** |
| | **batas** | **4** | | **2** | | | | **5** | **12** | | **4** | **27** |
| | tuwid na daan/landas | 2 | | 3 | 3 | 1 | | 2 | | | | **11** |
| | daang baluktot | 2 | | | | | | | | | | **2** |
| | pangarap | 4 | | | | | | 3 | | | | **7** |
| | proyekto/project | | 3 | | | 2 | | | | | | **5** |
| | problema | | 4 | | | 4 | | | 2 | | | **10** |
| | demokrasya | | | 4 | | | | 5 | | | | **9** |
| | nagtiis | | | 6 | | | | | | | | **6** |
| | corrupt/korapsyon | | | 7 | 3 | 2 | | | | | | **12** |
| | katapatan | | | 7 | | | | | | | | **7** |
| | kahirapan | | | 3 | 6 | | | | | | | **9** |
| | tiis | | | 4 | | | | | | | | **4** |
| | gobyerno | | | 4 | | | 4 | | | 3 | | **11** |
| | tiwala | | | 3 | | | | | | | | **3** |
| | **programa** | | | | **6** | **19** | | | **3** | **6** | | **34** |
| | sistema | | | | 5 | | | | | | | **5** |
| | Pilipinas | | | | | | 5 | | | | | **5** |
| | Pilipino | | | | | | 13 | | 2 | 2 | | **17** |
| | administrasyon | | | | | | 2 | | | | | **2** |
| | pangako | | | | | | | 2 | | | | **2** |
| | reporma | | | | | | | 4 | | | | **4** |
| | balota | | | | | | | 4 | | | | **4** |
| | halalan/eleksyon | | | | | | | 8 | | | | **8** |
| | kabataan | | | | | | | | 13 | | | **13** |
| | katiwalian | | | | | | | | | | 3 | **3** |

Kitang-kita sa talahanayan 4 na nanguna ang salitang “programa” na may 34 na beses na nabanggit sa sampung talumpati. Ito ay nagpapakita na ang hatid ni PNoy sa

madla ay isang malinaw at kongkretong programa at ang mga ito ay kailangang isabatas kung kaya lumitaw sa pag-aaral na pumangalawa ang salitang “batas” na may 27 na beses, at dahil ang mga makikinabang sa mga programang isinabatas ay mga taumbayan kung kaya naman pumangatlo ito na may 20 beses. (Tingnan ang apendiks A, p. )

Maliwanag na mahihiwatigan ang mga pangunahing ideolohiya ni PNoy sa pagbanggit niya ng mga salitang maaaring makapagpabago sa isipan ng tao, gayundin ang kanilang maaaring asahan sa kanyang panunungkulan bilang mataas na pinuno ng bansa. Binigyan pansin niya ang mga agenda na kanyang inilahad kung paano nadarama at naisasakatuparan ng mga mamamayan ang naturang programa.

Madalas na inilalahad ni PNoy ang ***pondo ng bayan***. Dito ipinapakita niya kung ano ang kalagayan ng ***ekonomiya*** ng bansa. Gayundin ang mga halaga ng perang maaaring makaapekto sa isipan ng mamamayan. Nagiging epektibo ang ganitong estratehiya ng mga politiko kung mababanggit ang pondo o ekonomiya na siyang nagiging interes ng mga manood o tagapakinig.

### 4.2.1. MGA PAHAYAG NA MADALAS BANGGITIN NI PNOY

**TALAHANAYAN 5: MGA GAMITING PAHAYAG NI PNoy SA KANYANG MGA TALUMPATI**

| Mga piling talumpati | Madalas gamiting pahayag |
|---|---|
| Halimbawang talumpati 4<br>**Huwag nating sayangin ang nakaraan** | “Ang tawag dito: Tuwid na daan”.<br>“Sa Isang bansang Walang Corrupt. Isang Bansang walang mahirap”. |
| Halimbawang talumpati 1<br>**Puwede nang muling mangarap** | “Ang pagtanaw sa interes ng nakakarami; ang pagkait at prinsipyo; at ang pagiging tapat sa sinumpaan nating tungkulin bilang lingkod-bayan. Ito po ang tuwid na daan” |
| Halimbawang talumpati 2 | “Ang patuloy ko pong panata: hindi tayo titigil. Habang |

| | |
|---|---|
| **Nakasandal ang gobyerno sa tiwala ng tao** | dumarami tayo sa tuwid na landas,dumadali naman po ang tungkulin nating itama ang mali”<br><br>“Hinding-hindi po tayo titigil sa tuwid na landas”. Unti-unti na pong natutupad ang ating mga pangarap.”<br><br>Sigaw natin noong kompanya: “Kung walang corrupt, walang mahirap”<br><br>“Ang unang hakbang ay ang pagkakaroon ng tuwid at tapat na hanay ng mga pinuno”<br>“Ipagpatuloy natin ito sa tuwid at tapat na pamamahala”<br>“Tayong lahat ay kabilang sa isang bansa kung saan maari nang mangarap muli.”<br>“Kayo ang boss ko, kaya’t hindi ako maaring hindi ako makinig sa mga utos ninyo.”<br>“Layunin ko na sa pagbaba ko sa katungkulan, masasabi ng lahat na malayo na ang nararating natin sa pagtahak ng tuwid na landas at mas maganda na ang kinabukasang ipinamana natin sa susunod na henerasyon. Samahan ninyo ako sa pagtatapos ng laban na ito. Tayo na sa tuwid na landas.” |
| Halimbawang talumpati 5<br>**Itigil na ang tsubibong walang pakinabang** | “Manatili tayo sa tuwid na daan, at huwag nating pabayaan ang mga kapwa nating pinaluluhod ng kahirapan.” |
| Halimbawang talumpati 7<br>**Pagbabago at pag-asa sa ARMM** | “Talaga naman pong kaysarap sabihing: pwede na po muli tayong mangarap. Magkapit-kamay tayo sa pagtahak sa tuwid na daan tungo sa tauparan ng mga pangarap na ito”<br>“…. Talagang napalapit na nating makamtan ang ating mga pangarap” |
| Halimbawang talumpati 6<br>**Pagharap sa panibago at mas maliwanag nating tadhana.** | “Marahil, alam nap o ninyo ang sagot. Hangga’t hindi nauubos ang corrupt, hindi mauubos ang mahirap.” |
| Halimbawang talumpati 8<br>**Edukasyon ang susi sa pangmatagalang solusyon** | “Ito na nga po ang Pilipinas na unti-unting inaabot sa tuwid na landas.” |
| Halimbawang talumpati 10<br>**Tinatawag Kayong Sinagtala** | “Ito na nga po ang nagyayari sa kasalukuyan dahil sa pagtahak natin sa tuwid na daan.”<br>“… tangan na ninyo ang pambihirang oportunidad na makikiisa sa pagtahak sa tuwid na landas.” |

| | |
|---|---|
| | "Tandaan po nating hindi libre ang pagiging corrupt."<br>" Ngayon abot-kamay na ninyo ang inyong mga pangarap." |
| Halimbawang talumpati 1<br>**Puwede nang muling mangarap** | "pagbabayaran ng kinabukasan ang kasakiman ng nakaraan"<br>"Pananagutin natin ang mga mamamatay-tao. Pananagutin din natin ang mga corrupt sa gobyerno"<br>"Iba na talaga ang situwasyon. Puwede na muling mangarap" |
| Halimbawang talumpati 1<br>**Puwede na muling mangarap** | "Pagbabayaran ng kinabukasan ang kasakiman ng nakaraan"<br>"Hindi naman sila agad maaalis sa puwesto dahil kabilang sila sa Midnignt Appointees ni dating Pangulong Arroyo." |
| Halimbawang talumpati 7<br>**Pagbabago at pag-asa sa ARMM** | " Lahat po ng pambatong Senador ni Ginang Arroyo, panalo."<br>"Sa isip ko, ganoon na lang kaya kalaki ang fans club ng koponang Arroyo sa ARMM?" |
| Halimbawang talumpati 4<br>**Huwag nating sayangin ang nakaraan** | "Mga sundalong may lakas ng loob na suwayin ang utos ni Ginoong Marcos".<br>"napagtanto nilang ang tunay na Commander-in –Chief ng bansang ito ay hindi si Ginoong Marcos". |
| Halimbawang talumpati 8<br>**Edukasyon ang susi sa matagalang solusyon** | "Alam po n'yo, noong kasagsagan ng Martial Law," isang beses po, at aaminin ko sa inyo, noong high school…" |

Lumabas na sa lahat ng mga piling talumpati ni PNoy na madalas na nababanggit ang kanyang mga programa sa larangan politika, ekonomiya, kaunlaran, kapayapaan, edukasyon, pabahay at iba pa. Mas kapansin-pansin din ang lagi niyang sinasabi ang kanyang ideolohiyang pampolitika na "**Tayo na sa tuwid na daan",** na nagpapahiwatig na ang mga nagdaang administrasyon ay punong-puno ng katiwalian, na kasingkahulugan din ng baluktot at sangang-sangang daan; **"Kung walang corrupt walang mahirap"** na simpleng pagpapatotoo na kaya may mga mahirap ay dahil maraming korap at tiwaling opisyales sa pamahalaan na nagpapakasasa sa yaman ng

bansa; at **"Ang Puwede na Muling Mangarap"** na mabibigyan ng pagpapakahulugan na madilim ang pag-asa ng tao, na mahirap ang maging mahirap, na ang mga pangarap ay di matutupad kung kaya higit na pinipiling huwag nang mangarap dahil mabibigo lamang sa huli.

Kapansin-pansin din na hindi maiaalis na banggitin ang mga nakaraang administrasyon sa bawat kanyang pagpapahayag sa madla, maging ang mga tiwaling opisyal ng gobyerno ay hindi rin nakakaligtas na kanyang pagsasalita lumalabas na ang mga binabanggit niya ay pagpapatunay kung paano niya ipinapasok sa isipang ng kanyang tagapakinig ang kanyang mga ideolohiya sa bawat pahayag ang kanyang pagiging politiko ay lumalabas sa kanyang bibig gamit ang wika.

### 4.2.2. TRANSITIVITY ANALYSIS

Ang "Ideational function" ay inirerepresenta sa panulat bilang "transitivity". Ito'y isang patiuna sa sistema ng semantika, kung saan pinag-iisa ang mundo ng mga karanasan sa isang mas maayos na set ng uri ng mga proseso. Si Halliday (1988) ay hinati-hati ang mga ito sa anim na uri: prosesong materyal, prosesong mental, prosesong pamanggit, prosesong pang-asal, prosesong berbal at prosesong eksistensyal.

**TALAHANAYAN 6: PANGKALAHATANG-IDEYA SA MGA URI NG PROSESO**

| Uri ng Proseso | Ubod ng kahulugan | Mga kalahok |
|---|---|---|
| Materyal | 'ginagawa' 'nangyayari' | Aktor, Hangarin |
| Mental | 'pakikiramdam' | Nakikiramdam, penomena |
| Pamanggit | 'pagkatao' | |

| | | |
|---|---|---|
| Berbal | 'sinasabi' | Tagasabi, tagatanggap, mga salita |
| Pang-asal | 'pagkilos' | Kumikilos |
| Eksistensyal | 'umiiral na' | Umiiral |

**TALAHANAYAN 7: TRANSITIVITI SA MGA HALIMBAWANG TALUMPATI**

| Talumpati | Kabuuang bilang | Prosesong Materyal | Prosesong Mental | Prosesong Pamanggit | Proseso ng Pang-asal | Prosesong Berbal | Proses ong Eksiste nsyal |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. "Puwede nang muling Mangarap" | 233 | 108 | 40 | 26 | 4 | 52 | 3 |
| 2. "Nakasandal ang Gobyerno sa Tiwala ng Tao" | 148 | 50 | 43 | 29 | 7 | 10 | 9 |
| 3. "Tayo na sa Daang Matuwid" | 107 | 43 | 12 | 22 | 17 | 6 | 7 |
| 4."Huwag Nating Sayangin ang Nakaraan" | 78 | 34 | 24 | 6 | 9 | 3 | 2 |
| 5."Itigil na nga Tsubibong walang Pakinabang" | 101 | 37 | 26 | 14 | 15 | 6 | 3 |
| 6."Pagharap sa Panibago at mas Maliwanag nating Tadhana" | 56 | 18 | 12 | 4 | 12 | 8 | 2 |
| 7. "Pagbabago at Pag-asa sa ARMM" | 45 | 22 | 10 | 3 | 2 | 5 | 3 |
| 8. "Edukasyon ang Susi sa Pangmatagalang Kaunlaran" | 89 | 38 | 22 | 15 | 5 | 3 | 6 |
| 9. "Mamuhunan sa Solusyong Pangmatagalan" | 88 | 36 | 19 | 13 | 10 | 7 | 3 |
| 10. "Tinawag Kayong Sinagtala" | 82 | 32 | 16 | 12 | 16 | 5 | 1 |
| Kabuuan | 1,027 | 418 | 224 | 144 | 97 | 105 | 39 |

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Bahagdan | 100 | 40.70% | 21.81% | 14.02% | 9.44% | 10.22% | 3.80% |
| Ranggo | | 1 | 2 | 3 | 5 | 4 | 6 |

Mula sa talahanayan 6 at 7, makikita na ang pinakamadalas gamiting proseso ay ang **materyal** na may 418 (40.70%) sa mga talumpati ni PNoy. Samantala, pangalawa naman ang prosesong **mental** na may 224 (21.81%) at pangatlo ang prosesong **pamanggit** na may 144 (14.02%). Mula rito, bibigyang pansin ng mananaliksik ang tatlong pinakagamiting proseso batay sa nakuhang bahagdan ng pagsusuri.

#### 4.2.2.1. Materyal na Proseso

Ang materyal na proseso ay isang proseso ng "paggawa". Ang prosesong ito ay karaniwang maipapakita sa pamamagitan ng isang pandiwa, maaaring kongkreto o abstrakto. Ito'y kinapapalooban ng dalawang kalahok: aktor (actor) at hangarin (goal). Ang aktor ay maaaring ikumpara sa panaguri at ang hangarin naman ay tila ang paksa nito na karaniwang makikita bilang isang pariralang pangngalan. Kapag ang dalawang kalahok ay nariyan, ito'y karaniwang nasa aktibo o di naman kaya sa pasibong ayos.

### TALAHANAYAN 8: PAGSUSURI SA TRANSITIVITI NG MGA HALIMBAWANG TALUMPATI (MATERYAL NA PROSESO)

| AKTOR | PROSESO | HANGARIN |
|---|---|---|
| Ako | Tumatanggap, binabati, gumawa, kailangan, nagpapasalamat | Tawag, kapareha, boses, tulong |
| Tayo/ Mga Pilipino/ bawat isa sa atin/ lahat/atin | Kamit, simula, kuha, harapin, ibahagi, hanapin, tanggihan, piliin, tanggalin,dalhin, intindihin, gamit, itayo, makipagkita, ibalik, baguhin, lasapin,kunsumo, ipadala, boluntaryo, suporta | Pera, ang mga pagsubok, mga birtud, pagbabago, importante, tiwala, pag-asa, patutunguhan, regalo, siyensya, mga paaralan at kolehiyo, bagong mga pagsubok, bagong daan, pinagkukunan ng mundo, mensahe |

Mula sa talahanayan 8 ay makikita na ang mga aktor sa dalawang halimbawang talumpati ay “ako” at “tayo/mga Pilipino/ bawat isa sa atin/lahat/atin”. Ang materyal na proseso, bilang isang proseso ng paggawa ay isang magandang desisyon upang gamitin sa mga talumpati na nagpapakita kung ano ang mga nakamit ng isang gobyerno, ano ang kanilang gagawin at ano ang kanilang ginagawa sa iba’t ibang aspeto ng kanilang mga pakikipag-ugnayan mapa-lokal man o internasyunal. Ito’y maaari ring makapagpalutang ng tiwala ng mg tao sa pangulo at sa kanyang gobyerno gayundin upang makakuha ng suporta sa mga polisiya o mga batas sa loob ng anim na taon. Halimbawa,

*Ang pagtayo* ***(materyal na proseso)*** *ko* ***(aktor)*** *dito ngayon ay patunay na kayo* ***(aktor)*** *ang aking tunay na lakas* ***(hangarin).*** *Hindi ko* ***(aktor)*** *inakala* ***(materyal na proseso)*** *na darating tayo* ***(aktor)*** *sa puntong ito* ***(hangarin),*** *na ako’y* ***(aktor)*** *manunumpa* ***(materyal na proseso)*** *sa harap ninyo bilang inyong Pangulo* ***(hangarin)****. Hindi ko* ***(aktor)*** *pinangarap* ***(materyal na proseso)*** *maging tagapagtaguyod ng pag-asa* ***(hangarin)*** *at tagapagmana* ***(materyal na proseso)*** *ng mga suliranin* ***(hangarin)*** *ng ating* ***(aktor)*** *bayan* ***(hangarin).***

**4.2.2.2. Pamanggit na Proseso**

Ang pamanggit na proseso ay isang proseso ng kaganapan. Ito’y maaaring hatiin sa dalawang moda: ang pamanggit na katangian at ang pamanggit na pagkilala. Ang una ay nangangahulugan na kung saan dapat maaaring ihanay ang isang bagay o saan ito nabibilang. Ang pangalawa naman ay nangangahulugang ang dalawang bagay ay iisa.

Ito'y karaniwang ginagamit sa paglalarawan ng isang tao o bagay. Tingnan ang talahanayan 9:

**TALAHANAYAN 9: PAGSUSURI SA TRANSITIVITI NG MGA HALIMBAWANG TALUMPATI (PAMANGGIT NA PROSESO)**

| Pamanggit na Katangian | Pamanggit na Pagkilala |
|---|---|
| Ang pangarap ng ating mga ninuno ay buhay. | Ang Pilipinas ay kaibigan ng ibang nasyon.<br>Ang kaibigan ng ibang nasyon. |
| Ang mga pagsubok man natin ngayon ay bago. | Ang Pilipinas ay isang lugar kung saan lahat ay posible.<br>Isang lugar kung saan lahat ay posible ay sa Pilipinas. |

Ang prosesong pamanggit ay isang proseso ng kaganapan na angkop gamitin upang ipaliwanag ang ilang komplikadong relasyon sa pagitan ng ibang bagay na abstrakto. Bilang resulta, ang mga prosesong ito ay maaasahan sa malaking proporsyon ng ganitong mga patungkol upang bigyang-linaw ang relasyon sa pagitan ng mga tradisyonal na ideya, at kanilang mga paniniwala. Ang ganitong uri ng elaborasyon ay maaaring makapagkamit sa pangulo ng tagumpay upang gawing mas natural ang kanyang pagbibigay ng rason at sa di kamalayan ng mga tao ay natatanggap na pala nila ito. (Cheng Yumin, 2007)

**4.2.2.3. Mental na Proseso**

Ang mental na proseso ay isang proseso ng pakikiramdam, pag-iisip at pagmamasid. Ang aktor ay hindi ang tunay na simuno kundi ang pakiramdam. Ito'y nagrerepresenta ng mga nakapaloob na karanasan tulad ng persepsyon, reaksyon, at

kognisyon. Tinatawag natin ang dalawang kalahok bilang nakikiramdam at ang penomena o pangyayari. Halimbawa,

(1) *Sa pagtataguyod ng ating bansa, tayo* ***(nakikiramdam)*** *po ay umiintindi* ***(mental na proseso)*** *na ang kagalingan ay di basta-bastang nariyan.*

(2) *Habang tayo* ***(nakikiramdam)*** *ay kumukonsidera* ***(mental na proseso)*** *na ang tuwid na daan ay nasa atin na pong harapan, tayo* ***(nakikiramdam)*** *ay nakakatatanda* ***(mental na proseso)*** *nang may mababang loob na pasasalamat sa mga matatapang na Pilipinong, sa mga oras na ito, ay nasa malayong mga lupain at bulubundukin.*

(3) *At tayo* ***(nakikiramdam)*** *ay nakakaalam* ***(mental na proseso)*** *na hindi lahat ng problema ay kayang lutasin ng gobyerno.*

Mula sa mga halimbawa sa itaas na mental na proseso, bilang produkto ng pakikiramdam, ito'y nakapagpaparating sa puso ng mga manunuod ng mga paniniwalang politikal, mga ambisyon na may ekspektasyon, at pag-asa sa malinaw at klarong paraan. Sa ganitong paraan, ang emosyon ng mga manunuod ay tungo sa debosyon na nangingibabaw at tumitibay.

Sinabi ni Halliday (1988) na ang materyal, pamanggit at mental na mga proseso ay ang tatlong pinakagamitin sa wika dahil ito'y karaniwang sumasakop sa halos 90% ng kabuuang estruktura. Bilang isang pagpapasinayang talumpati sa bagong halal na Pangulo ng Pilipinas, ito'y kailangang tumupad sa mga tradisyonal na paggamit: magsabi ng mga katotohanan tungkol sa mga "domestic" o pandaigdigang sitwasyon at

mga mahahalagang polisiyang kailangan, upang makapagbigay ng kadahilanan sa relasyon ng bawat paniniwala tulad ng kalayaan, demokrasya, hustisiya, pagkakapantay-pantay, prinsipyo, pagkakaisa, kasiyahan at mga pangarap ng mga Pilipino at ang partisipasyon ng mga tao rito, responsibilidad, sakripisiyo, at iba pang pagbabago sa ekonomiya at marami pang ibang aspeto. (Cheng Yumin, 2007)

Halimbawa:

*(1)Malalim at malawak po ang problemang minana natin.*

*(2)Nakita naman po natin ang katakot-takot na problemang minana natin, pero hindi po tayo papatinag.*

Dito makikita natin na ang mga Pilipino ay hirap na hirap at sabi niya nga, marami siyang namanang problema galing sa nagdaang administrasyon.

*(3) Mali po ito, ngayon ay mayroon na po kayong gobyernong handang makipag-usap at magsabi ng totoo.*

*(4) Bumabalik na po ang kumpiyansa sa ating bansa.*

Sa dalawang halimbawang ito naman ay makikita natin na ang gobyerno ay gumagawa ng paraan upang maiahon sa kahirapan ang ating bansa at ang pag-asa ng mga Pilipino ay nabubuhay.

**4.2.3. PAGSUSURI SA MODALITI**

Ang Modaliti ay tumutukoy sa saloobin ng tagapagsalita o kanyang opinyon patungkol sa katotohanang nauukol sa nasabing pangungusap. Ito’y maari ring

palawigin bilang kanilang saloobin sa sitwasyon o kaganapang ipinapaliwanag ng isang pangungusap.

### 4.2.3.1 Mga Pandiwang Modal

**TALAHANAYAN 10: BERBAL NA MODAL (ZHANG GUOLING, 2006)**

| | Mababang Paggalang | Panggitnang antas ng Paggalang | Mataas na Paggalang |
|---|---|---|---|
| Positibo | Baka, nararapat, kaya, dapat | Pwede, kailangang | Paggamit ng po at opo, maari |
| Negatibo | Hindi dapat, hindi nararapat, hindi kaya | Hindi pwede | Hindi maaari, hindi po |

**TALAHANAYAN 11: PAGSUSURI SA MODALITI NG MGA HALIMBAWANG TALUMPATI**

| Halimbawang mga Talumpati | Mababang Paggalang | Panggitnang antas ng Paggalang | Mataas na Paggalang |
|---|---|---|---|
| 1. “Puwede Nang Muling Mangarap” | 6 | 14 | 105 |
| 2. “Nakasandal ang Gobyerno sa Tiwala ng Tao” | 2 | 2 | 121 |
| 3. “Tayo na sa Daang Matuwid” | 3 | 3 | 76 |
| 4. “Huwag Nating Sayangin Ang Nakaraan” | 1 | 1 | 21 |
| 5. “Itigil na Ang Tsubibong Walang Pakinabang” | 7 | 0 | 45 |
| 6. “Pagharap sa Panibago at Mas Maliwanag Nating Tadhana” | 7 | 4 | 47 |
| 7. “Pagbabago at Pag-asa sa ARMM” | 6 | 2 | 25 |
| 8. “Edukasyon ang Susi sa Pangmatagalang Kaunlaran” | 12 | 3 | 62 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 9. “Mamuhunan sa Solusyong Pangmatagalan” | 11 | 4 | 29 |
| 10. “Tinawag kayong Sinagtala” | 10 | 0 | 44 |
| Kabuuan | **65** | **33** | **575** |


Makikita sa talahanayan 11 na gumamit ng modal na may mataas na paggalang ang ating pangulo na may bilang na 575. Pinatutunayan lamang nito ang pagkakakilala sa ating mga Pilipino bilang isa sa mga pinakamagagalang na tao sa mundo dahil sa paggamit ng katagang “po” at “opo” at iba pang kahalintulad na pahayag. Ipinapakita rin ng ating pangulo na bilang isang may kapangyarihan at iginagalang na pinuno ng bansa dapat lamang niyang ipakita ang magandang katangian ng isang pinuno ang gumagalang sa kanyang nasasakupan at magsilbi siyang inspirasyon bilang isang magandang halimbawa lalong- lalo na sa mga kabataan sa kasalukuyan.

**4.2.3.2 Panahunan ng Pandiwa**

Ang panahunan ay nagsasaad ng kung saan sinasabi o tinutukoy ang oras, panahon o kailan naisagawa ng isang bagay. Tinukoy ni Halliday (1994) na ang primaryang mga panahunan ay ang nakaraan, kasalukuyan at ang panghinaharap na sa sandaling nagsasalita; o ito’y depende sa kung ano ang “ngayon”.

**TALAHANAYAN 12: PAGSUSURI SA PANAHUNAN NG PANDIWANG GINAMIT SA MGA TALUMPATI NI PNOY**

| PANAHUNAN NG PANDIWA | T1 | T2 | T3 | T4 | T5 | T6 | T7 | T8 | T9 | T10 | KABUUAN |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| NAKARAAN | 120 | 17 | 32 | 15 | 26 | 34 | 15 | 34 | 11 | 36 | 340 |
| KASALUKUYAN | 50 | 20 | 10 | 18 | 26 | 24 | 11 | 42 | 10 | 21 | 232 |
| PANGHINAHARAP | 72 | 27 | 26 | 15 | 41 | 49 | 28 | 40 | 35 | 39 | 372 |
| KABUUAN | 242 | 64 | 68 | 48 | 93 | 107 | 54 | 116 | 56 | 96 | 944 |




**Grap 1: Panahunan ng Pandiwang Ginamit sa mga Talumpati ni PNoy**

Mula sa talahanayan 12 at grap 1, makikita na mas karaniwang ginagamit ng ating pangulo ang **“Panghinaharap”** na panahunan na umabot sa **372** na sinundan naman ng **“Nakaraan”**bilang pangalawa na umabot sa **340** at ang huli ay ang

**"Kasalukuyan"** na panahunan na umabot sa **232**. Ito'y natural lamang na ang ginagawang panahunan ay mas madalas nababanggit sa mga talumpati ng pangulo upang mas ipahatid ang mga lokal at pangdaigdigang mga sitwasyon mula sa politikal, ekonomikal at kultural na mga aspeto sa panghinaharap. Ang gamit nito ay upang mabuo ang relasyon sa pagitan ng pangulo at nang kanyang mga tagapakinig at manunuod.

Ang panghinaharap na panahunan ay pinakagamitin na wari'y gustong ipakita ang mga plano at mga dapat asahan sa hinaharap. Ang panahunang ito ay nakakatulong sa pangulo upang mailatag niya o ng kanyang gobyerno ang mga sumusunod na reporma o hakbang na dapat gawin ng kanyang bansa upang tumibay ang kanyang nasyon at ang mga kaakibat na pagbabago o resulta ng mga hakbang na ito. Sa ganitong paraan, ang tunguhin ng gobyerno ay maipapakita rin kasabay ng pagtitiwala ng mga manunuod sa pagbuo ng inaasam-asam na kagandahan at yaman ng kanilang kinabukasan. Isang magiging natural na resulta na ang mga Pilipino ay susunod sa direksyon ng pamahalaan at gabay nito sa susunod na anim na taon at kung gayon nga ang hangarin ng mga talumpating ito ay kanilang makakamit. Ang nakaraan at kasalukuyang panahunan naman ay karaniwang tumutukoy sa mga bagay na ginagawa o ginawa na sa nakaraan. Ang gamit ng mga ito ay nakabase sa bagong halal na pangulo at sa kanyang mga pagbanggit sa mga nakamit ng nakaraang administrasyon o pagbabalik tanaw sa mga positibo o negatibong karanasan noong nakaraan bilang partisan sa mga gagawin niya pa lamang ngayon. Sa ganitong paraan, ang kanyang

paggalang sa nakaraan ay maipapakita at ang kanya ring mga plano ay maipapaliwanag niya ng buo. (Cheng Yumin, 2007)

### 4.2.4 Panghalip Panao

**TALAHANAYAN 13: PANGHALIP PANAO**

| Uri ng panghalip panao | Halimbawang Talumpati | | | | | | | | | | total |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Tal. 1 | Tal. 2 | Tal. 3 | Tal. 4 | Tal. 5 | Tal. 6 | Tal. 7 | Tal. 8 | Tal. 9 | Tal. 10 | |
| Salita | 2,402 | 3,845 | 2,389 | 1,901 | 1,268 | 1,355 | 1,358 | 1,794 | 1,712 | 3,457 | **21,481** |
| Ko | 22 | 9 | 9 | 13 | 5 | 0 | 18 | 9 | 10 | 10 | **105** |
| Kayo | 13 | 4 | 1 | 1 | 2 | 0 | 0 | 0 | 13 | 0 | **34** |
| Akin | 22 | 5 | 1 | 0 | 0 | 6 | 4 | 0 | 1 | 1 | **40** |
| Tayo | 11 | 34 | 18 | 19 | 16 | 15 | 9 | 10 | 5 | 11 | **148** |
| Ako | 10 | 2 | 1 | 1 | 3 | 5 | 8 | 11 | 10 | 6 | **57** |
| Niya | 1 | 0 | 0 | 0 | 0 | 1 | 2 | 1 | 3 | 0 | **9** |
| Atin | 28 | 36 | 6 | 3 | 32 | 9 | 1 | 4 | 23 | 10 | **152** |
| Natin | 32 | 77 | 41 | 33 | 46 | 33 | 28 | 21 | 15 | 30 | **356** |
| Nila | 2 | 20 | 10 | 1 | 2 | 1 | 1 | 5 | 4 | 3 | **49** |
| Sila | 5 | 10 | 10 | 0 | 1 | 1 | 3 | 2 | 5 | 13 | **50** |
| Kami | 1 | 2 | 2 | 1 | 0 | 1 | 0 | 1 | 0 | 2 | **10** |

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Ninyo | 6 | 3 | 4 | 2 | 7 | 1 | 1 | 0 | 21 | 11 | **56** |
| Amin | 1 | 1 | 0 | 0 | 3 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | **5** |
| Kanila | 2 | 3 | 2 | 1 | 0 | 3 | 9 | 7 | 8 | 2 | **37** |
| Inyo | 5 | 5 | 2 | 7 | 11 | 1 | 1 | 2 | 24 | 1 | **59** |
| Namin | 3 | 1 | 0 | 0 | 0 | 1 | 0 | 0 | 0 | 1 | **6** |
| Mo | 1 | 2 | 0 | 6 | 0 | 0 | 1 | 14 | 2 | 10 | **36** |

Mula sa talahanayan 13, makikita natin na mas madalas niyang gamitin ang panghalip panaong "natin" na may 356 na beses, sinundan ito ng panghalip panaong "atin" na may 152, gayundin ang panghalip panaong "tayo" na may 148. Dito ipinapakita ng pangulo sa kanyang manunuod o tagapakinig na iparamdam sa kanila na sino man sila o ano man ang estado nila sa buhay ay kasama siya anuman ang mangyayari at higit sa lahat katuwang siya sa pagpapatakbo ng ating bansa.

Ito'y karaniwang ginagawa ng mga politiko o nanunungkulan sa gobyerno upang mas mapalapit at mapaniwala sa kanyang kakayahan na may magagawa ang tagapagsalita sa kanyang mga manunuod o tagapakinig.

## 4.2.5. PARAANG RETORIKAL SA MGA PILING TALUMPATI

### 4.2.5.1. PAGTUKOY SA ISTILO NG MGA PILING TALUMPATI NI PNOY

Gamit pa din ang tekstwal analisis, natuklasan ng mananaliksik na ang mga talumpati ni PNoy ay katatampukan ng limang bahagi:

Una ay ang **Introduksyon**, gaya ng mga pahayag na ito:

**"*Sabi ko nga sa inyo, nagagalak akong Makita kayong lahat ngayon."***

**"*Kung ang makikita po natin tuwing eleksyon ay ganito: mga botanteng dinidiktahan kung sino ang isusulat sa balota, may demokrasya pa ba kaya?"***

***"Hayaan po ninyong simulan ko ang aking talumpati sa mungkahi ng isang dating hepe ng PNP nang siya ay nanunungkulan pa, na hanggang ngayon ay hindi ko po sigurado kung pabiro niyang sinabi…"***

Pangalawa ay ang pagtatampok ng mga mabuting nagawa ng kanyang administrasyon, gaya ng mga sumusunod na halimbawa:

***"Taos pusong pasasalamat sa kongreso para sa pagpapasa ng batas kasama na ang mga taong tumulong upang mabuo ito at maimplementa."***

***"Nakalaan na rin po ang pondo para dagdagan ang mga inspector ng DOLE para siguruhing nasusunod ang Department Order 18-A"***

Pangatlo ay ang pangangaral na nagbibigay pag-asa, gaya ng mga sumusunod na pahayag:

***"Edukasyon ang susi sa pangmatagalang kaunlaran ng bansa. Ang pagkakaraoon nga po ng matibay na pundasyon sa edukasyon ang siyang pagbubukas sa maraming pagkakataon upang umunlad sa buhay. Kapag nakapag-aral ka nang mabuti, kipkip mo rin ang kakayahang maghanap ng magandang trabaho o hanapbuhay, na siya namang magiging kasangkapan mo sa pagsisikap sa maginhawang buhay."***

Pang-apat ay ang pagtalakay sa magiging bunga ng polisiyang tuwid na daan gaya ng mga sumusunod na pahayag:

***"Magtuloy-tuloy lang po tayo sa pagtutulungan, at hindi po malayong maabot na natin ang maliwanag na bukas na ating inaasam".***

***"KATAHIMIKAN AT KAPAYAPAAN ANG SUSI NG ATING PAG-UNLAD BILANG ISANG BANSA"***

Pang-lima ay ang pagkita ng sinagtala, o pagtatapos na may matalinghagang konotasyon tulad ng mga sumusunod na pahayag:

***"Tinatawag kayong Sinagtala—liwanag na nasisilayan sa pagtingala natin sa kalangitan, na siyang kanlungan ng ating mga pinakamatayog na adhikain."***

Natukoy din ng mananaliksik ang iba pang estilo ni PNoy kaugnay sa palalahad ng piling kaisipan, pangungusap at retorikang pamamaraan sa paghahatid ng mensahe sa kanyang tagapakinig o manunood batay sa mga piling sitwasyon:

Pagbibigay halimbawa ng **“Rules of Three”**

- ***“…ang mahalaga sa taumbayan ay resulta: hindi pagpapapogi, hindi headline, at mas lalong hindi ang pagkapit sa kapangyarihan.”***
- ***“Pilipino ako, kaya na akong tulungan ng aking gobyerno, kaya na akong tulungan ng kapwa ko Pilipino, at kaya ko na ring tumulong sa buong mundo…”***
- ***“…sa pangalan ng buong Pilipinas ang karapatang makapamuhay nang malaya at nagsasarili, hiwalay at kalag na kalag sa kapangyarihan ng Espanya.”***
- ***“…kaya’t ipinakita natin sa mga namumuhunan na hindi natin sila gagatasan, hindi natin sila papahirapan, at hindi natin bubukulan***

Pagtukoy sa halimbawa ng “**Kontrast”**

- ***“Sila po ang tunay na bida sa kaso, ngunit death threats pa po ang ibinabayad sa kanila.”***
- ***“Nakita naman po natin ang katakot-takot na problemang minana natin, ngunit di po tayo patitinag.”***
- ***“…aminado silang hindi natin maiwawasto agad ang lahat ng problema, pero naniniwala silang patungo na tayo roon.”***

- ***"… mga taong gusto lamang ituloy ang kanilang kaligayahan, habang binabalewala naman ang sakripisyo ng taumbayan."***

Pagtukoy sa **"Nakalipas"**

- ***"Nilabanan ng aking ama ang diktatura at ibinuwis niya ang kanyang buhay para tubusin ang ating demokrasya. Inialay ng aking ina ang kanyang buhay upang pangalagaan ang demokrasyang ito."***
- ***"Sigaw natin noong kampanya: "Kung walang corrupt, walang mahirap."***
- ***"Bubuhayin natin ang programang "emergency employment" ng dating pangulong Corazon Aquino sa pagtatayo ng mga bagong imprastraktura na ito."***
- ***"Kung dati ay may fertilizer scam…"***
- ***"Binuhay natin ang diwa ng people power noong kampanya."***
- ***"Kamakailan lamang, ang bawat isa sa atin ay naninindigan sa presinto…"***

- **TALAHANAYAN 15: ESTRATEHIYA NG RETORIKANG GINAMIT SA MGA PILING TALUMPATI NI PANGULONG PNOY**

| **Talumpati** | **Rules of Three** | **Kontrast** | **Pagbanggit sa Nakalipas** |
|---|---|---|---|
| **Talumpati 1:** | "…bukod pa sa pakotse, technical allowance at pautang." (23)<br><br>"…Francisco Baldomero, Jose Daguio, at Miguel Belen, tatlo sa anim…" (59)<br><br>"…: Moro, Lumad at Kristiyano." (115) | "Kung naging matino ang pag-utang, sanay nadagdagan ang ating suplay ng kuryente." (27)<br><br>"Kasuklam-suklam ang kalakarang ito. Pera na naging bato pa." (37) | "Tapos na po ang panahon para dito." (21)<br><br>"Itong mga barkong ito, panahon pa ni Mc. Arthur." (52)<br><br>Nang bagyo pong Basyang…" (64) |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | "Kung ang sagot sa kawalan ng katarungan ay pananagutan, ang sagot naman sa kakulangan natin ng pondo ay mga makabago at malikhaing paraan…" (47)<br><br>"Kahit gaano po kalaki ang kakulangan… ganado pa rin ako dahil marami nang nagpakita ng panibagong interes at kumpiyansa sa Pilipinas." (49) | "Huwag po tayong pumayag na magkaroon ng isa pang NBN-ZTE." (68)<br><br>"Alalahanin po ninyo na noong taong 2009 hanggang 2010…" (71)<br><br>Iiwasan natin ang mga pagkakamaling nangyari sa nakaraang administrasyon…" (74) |
| **Talumpati 2:** | "…parang tatlong matsing na nagbibingi-bingihan, nagbubulag-bulagan at gumagawa ng sariling katotohanan." (2)<br><br>"… makipag-usap at magsabi ng totoo; handang makinig sa makabuluhang usapan; at handang iangat ang antas ng pampublikong diskurso." (3)<br><br>"…kuryente, kalsada, at malinis na tubig." (18)<br><br>"Kailangang magbukas ng kapihan, ng fast food, ng mga convenience store." (19) | "Sila po ang tunay na bida sa kaso, ngunit death threats pa po ang ibinabayad sa kanila." (7)<br><br>"Nakita naman po natin ang katakot-takot na problema ang minana natin, ngunit di po tayo patitinag." (13)<br><br>"…aminado silang hindi natin maiwawasto agad ang lahat ng problema, pero naniniwala silang patungo na tayo roon." (22)<br><br>"…mga taong gusto lamang ituloy ang kanilang kaligayahan, habang binabalewala naman ang sakripisyo ng taumbayan." (28) | May proyektong inaprubahan ng dating administrasyon,…" 10)<br><br>"Ang dating intermittent rainshowers across the country…" (11)<br><br>"…ang hindi nagawa ng dating administrasyon." (13)<br><br>"Ang dati-rati ay parang imposibleng maabot ng Philippine Stock Market…" (21)<br><br>"Mula pa noong kampanya ay ibinato na sa atin…" (27) |
| **Talumpati 3:** | "…died for nothing less than democracy, peace, and prosperity." (37) | "Hindi si Noynoy ang gumawa ng paraan, kayo ang dahilan kung bakit ngayon, magtatapos na | "Nilabanan ng aking ama ang diktatura at ibinuwis niya ang kanyang buhay para |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | "Walang lamangan, walang padrino, at walang pagnanakaw. Walang wang-wang, walang counterflow, walang tong. (32)<br><br>"We shall defeat the enemy by wielding the tools of justice, social reform, ang equitable governance leading to a better life." (25)<br><br>" …may they be Lumad, Bangsamoro, or Christian<br><br>"Tutulungan natin sila sa irigasyon, extension services at pagbenta ng kanilang produkto." (17)<br><br>"…pagdating sa mga kalye, tulay, at gusali." (1)<br><br>"…bilang isang marangal na anak, mabait na kuya, at mabuting mamamayan." (2)<br><br>"…ang pakiramdam na mapagkaitan ng hustisiya, ng mabalewala ng mga taong pinagkatiwalaan at inatasan nating maging ating tagapagtanggol." (3)<br><br>"…imprastraktura para sa transportasyon, turismo, at pangangalakal." (13) | ang pagtitiis ng sambayanan." (6)<br><br>"Kami ay narito para magsilbi at hindi para maghari." (8)<br><br>"Naniniwala akong hindi lahat ng nagsisilbi sa gobyerno ay corrupt. Sa katunayan, mas marami sa kanila ay tapat." (11)<br><br>"… hindi para tugunan ang interes ng mga naghahari-harian, kundi para proteksyonan ang mga mamamayan." (16) | tubusin ang ating demokrasya. Inialay ng aking ina ang kanyang buhay upang pangalagaan ang demokrasyang ito." (2)<br><br>"Sigaw natin noong kampanya: "Kung walang corrupt, walang mahirap."" (9)<br><br>"Bubuhayin natin ang programang "emergency employment" ng dating pangulong Corazon Aquino sa pagtatayo ng mga bagong imprastraktura na ito." (14)<br><br>"Kung dati ay may fertilizer scam…" (17)<br><br>"Binuhay natin ang diwa ng people power noong kampanya." (21)<br><br>"Kamakailan lamang, ang bawat isa sa atin ay naninindigan sa presinto…" (27) |
| **Talumpati 4** | "..-may takot, may nerbiyos at gutom…tinakot pa." (3)<br><br>"ang baril at rosaryo ay tinumbasan ng mga bulaklak at rosary ng mga sibilyan; ang mga sundalong pagod at gutom ay inalayang ng pagkain ng taumbayan; at bawat takot at | | Alam po ninyo, noong araw ay iniisip ko…"<br><br>"Dalawampu't limang taon na ang nakalilipas…"<br><br>"Talaga naman pong puno ng tensiyon ang |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | pangamba ay pinawi ng panalangin" (4)<br><br>"malaya tayong nakapagpapahayag ngayon ng ating saloobin; nakapagtitipon nang walang banta o panganib madakip; at may media tayong nag-uulat sa bayan ng mga nangyayri sa ating lipunan."<br><br>"Katabi natin marahil hindi man natin kakilala, baka hindi natinkaprobinsya, at ni hindi natin nakausap…" | | mga araw na iyon."<br><br>Subalit talaga naman pong ginagabayan tayo ng diwa ng Panginoon sa mga araw na iyon."<br><br>"…kahalagahan ng ating naging sakripisyo natin noong EDSA."<br><br>" Alam po ninyo, noong araw na ginugunita natin ngayon, noong nagdesisyun ang military, sila po ang namili." |
| **Talumpati 5** | "…walang kakayahan, hindi pagmatagalan ang trabaho at tatakbo kay Mayor, kay Governor para sa lahat ng problema." (12)<br><br>"…katabi mo estranghero, nagmalasakit ka at isinugal mo ang buhay mo sa taong di mo naman kakilala." (13) | "Hindi lamang ito pinirmahang kasunduan… Sa halip, ito ay isang bagong simula…" (5)<br><br>"Hindi tayo papasindak sa anumang kritisismo: ipagpapatuloy natin at palalakasin ang Conditional Cash Transfer Program." (6)<br><br>"Sa proyektong ito, hindi lang po natin matututukan ang kalusugan ng ating mga kababayan. Magagabayan pa natin ang ating nurse…" (9) | "Mula pa noong unang araw ngating panunungkulan…" (3)<br><br>"Nito lamang Disyembre, inakay natin ang isang milyong pamilya…" (6) |
| **Talumpati 6** | "…ang mahalaga sa taumbayan—ay resulta: hindi pagpapapogi, hindi headline, at mas lalong hindi ang pagkapit sa kapangyarihan." (13)<br><br>"Pilipino ako, kaya na akong | "At kung sa tingin ng iba ay napakalaking kasalanan ang aking panliligaw habang binata naman ako…" (13) | "Sinabi ng ating mga ninuno noon: "Ipinahahayag natin at pinasisinayaan sa pangalan ng buong Pilipinas ang karapatang |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | tulungan ng aking gobyerno, kaya na akong tulungan ng kapwa ko Pilipino, at kaya ko na ring tumulong sa buong mundo…" (18)<br><br>"…sa pangalan ng buong Pilipinas ang karapatang makapamuhay nang malaya at nagsasarili, hiwalay at kalag na kalag sa kapangyarihan ng Espanya." (20)<br><br>"…kaya't ipinakita natin sa mga namumuhunan na hindi natin sila gagatasan, hindi natin sila papahirapan, at hindi natin bubukulan ang kanilang mga kontrata." (7) | | makapamuhay nang malaya at nagsasarili, hiwalay at kalag na kalag sa kapangyarihan ng Espanya." (20)<br><br>"Noong isang buwan lang po, nag-groundbreaking tayo sa Bocaue…" (11) |
| **Talumpati 7** | "Walang public bidding; kapag gumastos, walang liquidation, at kapag sumahod ang ibang mga lokal na opisyal, halos hindi na magkasya sa calculator ang kanilang suweldo." (10)<br><br>"Kaakibat po ng repormang elektoral na ating isinusulong dito, lilinisin natin ang voters' list, sa pamamagitan ng muling pagpapatala ng mga botante, at pagiging moderno ng eleksyon." (14)<br><br>"Ipinahinto na rin po natin ang pagkakaloob ng cash advances ng ibang mga opisyal para sa procurement ng mga gamit, supplies, at mga ipamamahaging serbisyo para sa mga mamamayan...." (15) | "Kakaiba nga ho talaga ang ARMM: mayroon na pong "ghost school," ay kailangan po ng "ghost teacher." (11)<br><br>"…mga botanteng dinidiktahan kung sino ang isusulat sa balota, may demokrasya pa kaya ?" (5) | "Balikan din po natin ang ilang tagpo noong 2007 elections. Nang inihayag ang resulta ng halalan sa Maguindanao, ang lumabas: 12-0. Lahat po ng pambatong Senador ni Ginang Arroyo, panalo." (6)<br><br>"Ang naitala pong insidente ng kahirapan sa mga pamilya sa ARMM noong 2009 ay nasa 38.1 percent…" (9)<br><br>"Gaya ng sabi ng aking ama noon: ang unang kalayaan na dapat nating makamit ay ang kalayaan mula sa kagutuman." |
| **Talumpati 8** | "… sa geometry, sa physics at kung ano-ano pa" (17) | "Kung magtutuloy-tuloy lamang po tayo sa | sarili kong kasaysayan noong ako'y nasa |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | pagtutulungan, at hindi po malayong makamit natin ang mas maliwanag na kinabukasang ating inaasam" (16)<br><br>"…maghanda ng kinabukasan kung palagay mo'y wala kang kinabukasan." (17)<br><br>"…pag ngayon sikat ka, bukas laos ka na" (17)<br><br>"…ngayon mayaman ka, bukas mahirap ka na" (17)<br><br>"…kung nahihirapan kang magbasa, paano mo matututunan ang iyong leksyon paano mo mapaghahandaan ang iyong kinabukasan? " (18)<br><br>"Grade 6 hirap magbasa e dapat yata-grade 1 or grade 2 nakakaumpisa nang maayos na pagbabasa?" (18) | kindergartem…" (1)<br><br>"…noong panahon na iyon, ang tawag ay…" (1)<br><br>"Ang naging resulta po nito sa mga nagdaang taon…" (8)<br><br>"Noon din po, ang kindergarten ay para sa pribadong paaralan lamang." (11)<br><br>"Noong bata pa po, tayo ang madalas na tanong sa atin ng ating mga magulang." (14)<br><br>"…mula sa 207 bilyong piso noong 2011" (13)<br><br>"Alam nyo po noong kasagsagan ng Martial Law…" (17)<br><br>"Doon po sinabi sa akin ng aking ina "Kailangan mong mag-aral ng mabuti."" (17)<br><br>"…noong kami ay high school nagturo po kami…" (18) |
| **Talumpati 9** | "Bilang mga bagong pulis, bumbero, at warden…" (5)<br><br>"…sumailalim sa pagsasanay ang mahigit 37,000 kawani ng PNP, BJMP, at BFP…" (21)<br><br>"...muling bumabangon sa ngalan ng integridad, katarungan, at kasaganahan." | May ilan man pong nagdududa sa galing ng ating mga tagapagtanggol, at sinasabing baka swerte lang ang lahat ng ito, ako po ang mangungunang maghaharap sa kanila ng mga ebidensya."(6) | "Kasama ang labintatlong pulis, pinamunuan niya ang pakikipagbakbakan at pagpapaatras sa humigit-kumulang tatlumpung rebeldeng sumalakay sa kanilang estasyon sa Panabo, Davao del Norte noong |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | (24) | | Marso 19, 2011." (3)<br><br>"Nariyan din si Senior Inspector Charity Galvez na pinamunuan naman sa pakikipaglaban ang tatlumpung pulis nang sinalakay ang kanilang estasyon sa Agusan del Sur noong Hulyo 30, 2011". (3)<br><br>"Ang crime volume po noong 2009 na dati ay umabot sa mahigit 500,000, nangalahati sa halos 247,000 pagdating ng 2011." (6)<br><br>"Ang 2,200 kaso ng carnapping noong 2010, naging 966 na lang o mahigit sa kalahati ang ibinaba nitong 2011." (7) |
| **Talumpati 10** | "Nandoon ho tayo sa Benghazi, nandoon din tayo sa Tripoli; magkabilaang dulo po ng bansa. Mayroon pa ho doon sa disyerto." (10)<br><br>"...maliwanag na ho iyong lahat ng gulo sa Libya, sa Egypt, sa may Yemen rin ho…" (10)<br><br>"…hindi po pambobola ang ihaharap ko sa inyo, hindi po pagpapakyut, hindi po pamumulitika, at mas lalong hindi mga pangakong imposible namang matupad,…"(16)<br><br>"Una: Ang mapanatili ang mga trabahong nandito na po. | "Although humaharap sa inyo ang aking alter-ego ang aking alter-ego na si Secretary Baldoz. Pero kung gusto ho n'yong paharapin rin natin si Secretary Abad, very willing po siyang makiharap sa inyo" (13) | "Pagkatapos po noon, may iba-ibang intervention na gagawin" (7)<br><br>"…panibagong trabahong na-create noong 2011…" (35)<br><br>"…ay mukha nga ho, noong umpisa lalo na." (8)<br><br>"Pero lalo na noong umpisa they will raise the prices at the same time, to the same degree." (8) |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Ikalawa: Ang lumikha ng mas marami pang trabaho. Ikatlo: Ang dagdagan ang kakayahan ng ating mga manggagawa, nang sa gayon ay makakuha sila ng mga trabahong magbibigay ng mas magandang kinabukasan" (18)<br><br>"…habang sa Cambodia ay nasa two dollars, ang Vietnam ay naglalaro sa 2.24 hanggang 3.21 dollars, Indonesia ay nasa 3.05 dollars hanggang 5.27 dollars." (21)<br><br>"…na rin po ang nabigyan natin ng pagkakataong magamit ang kanilang pinag-aralan, mag-ipon ng karanasan, at magbigay ng agarang-lingap sa mga Pilipino sa kanayunan…" (31) | | "…noong umpisa ng break in ko dito sa trabahong ito, noong nagkagulo sa Korea" (9)<br><br>"Noong nag-umpisa ho sa Libya, …" (10)<br><br>"Ang sahod noong 2011 ay tumaas ng 5.44 percent, habang ang inflation ay nasa 4.8 percent…" (22) |

### 4.2.5.2. MGA RETORIKANG GINAMIT NI PNOY

Mula sa pagsusuri sa mga piling talumpati, makikita ang iba't ibang retorikang ginamit ni PNoy.

**TALAHANAYAN 14: RETORIKANG MADALAS GAMITIN SA MGA TALUMPATI**

| Retorikang Ginamit | Dalas ng Paggamit | Halimbawa |
|---|---|---|
| 1. Retorikal na Tanong | 14 | "Paano kung bumagyo bukas?" (T1)<br><br>"Handa na ba kayong maglaan ng konkretong mungkahi sa halip na pawang batikos lamang" (T2) |
| 2. Metapora | 9 | "Ang pagtayo ko dito ngayon ay patunay na kayo ang aking tunay |

| | | |
|---|---|---|
| | | na lakas" (T1)<br><br>"Kayo ang boss ko" (T1)<br><br>"Pinatutunayan ninyo na ang tao ang lakas ng bayan" (T1) |
| 3. Pagsusukdol | 8 | "Twenty-one thousand five hundred na nurse na rin po ang nabigyan natin ng pagkakataong magamit ang kanilang pinag-aralan, mag-ipon ng karanasan, at magbigay ng agarang lingap sa mga Filipino sa kanayunan" (T9) |
| 4. Personipikasyon | 7 | "Pinosasan ang kalayaan ng mga taga-ARMM" (T7)<br><br>"binuhay natin ang diwa ng people power noong kampanya" (T1) |
| 5. Hayperboli | 7 | wala nang estudyante ang papasok sa paaralan nang may tuyong lalamunan dahil sa kawalan ng malinis na tubig na maiinom;<br><br>wala nang guro ang napipilitang maghigpit ng sinturon dahil sa kakarampot na sweldo at sa puro pangakong benepisyo; at wala na ring amang wala nang ibang makitang paraan kundi kumapit na lang sa patalim para lang may maihain sa kanyang pamilya" (T7) |

Makikita sa talahanayan 14, na madalas gumamit ang pangulo ng mga retorikal na tanong na may 12 beses. Ang madalas niyang paggamit ng mga ito ay mainam upang maaabot niya ang puso ng kanyang mga manunood o tagapakinig. Sa paggamit niya ng eupemismo, nabibigyan ng lumanay at pagdadahan-dahan ang kanyang mga linya kahit na halata namang may mas nag-aalab na damdaming nakapaloob dito at malamang ay

ginagawa niya lang ito upang magpakita ng propresyunalismo sa kanyang trabaho ay hindi basta-bastang padadala sa mga panunuya sa kanya ng ibang mga kritiko. Maiinam din ang paggamit niya ng mga **retorikal na tanong** sapagkat naiiwanan nito ng bagay upang bulay-bulayin ang kanyang mga manunood o tagapakinig at mas nailalagay nito ang mga tao sa posisyon niya bilang isang pangulo ng bansa, kung saan sila'y mas makapag-iisip ng malalim tungkol sa mga nasabing isyu o problemang kinakaharap ng ating bansa sa kasalukuyan.

Gayundin ay nakitaan ng mga padron ng paggamit ng "Rules of Three", "Kontrast", at "Pagbanggit ng nakalipas" ang sampung piling talumpati. Makikita ito sa talahanayan 15.

### 4.3. PAGSUSURI SA UGNAYAN NG KAPANGYARIHAN AT IDEOLOHIYA SA PAGPAPAKITA NG TUNAY NA KALAGAYAN NG BANSA (Diskors bilang Panlipunang Praktis/KDA)

#### 4.3.1 Talumpati 1: PUWEDE NANG MULING MANGARAP

Ulat Tungkol sa Kalagayan ng Bansa
Batasang Pambansa, Lungsod ng Quezon
26 Hulyo, 2010

Mahahati sa siyam bahagi ang talumpating ito ni PNoy:

1. Introduksyon niya sa pagkakaiba ng mali sa tama (talata 1-3) kung saan ipinakita niya na siya ang tama at ang kanyang tuwid na daan at gayundin ang mali't baluktot na daan na iniwan ng nakaraang administrasyon.
2. Paglalahad ng mga bagay na natuklasan niya sa loob ng unang tatlong linggo ng kanyang panunungkulan (talata 4-33) na karamihan nga sa mga ito ay mga problema at korapsyon na naganap noong panahon ni Pres. Arroyo na naganap

sa iba't ibang ahensya ng gobyerno, wika nga niya : *"Inilihim at sadyang iniligaw ang ating mamamayan sa totoong kalagayan ng ating bansa… Pagbabayaran ng kinabukasan ang kasakiman ng nakaraan… Ang taumbayan, matapos pagsakripisyuhin ay lalo pang pinahirapan."*

*3.* Mga patiunang mungkahi naman ng mga solusyon ang binanggit niya (talata 34-50) at binanggit niya rin ang dapat sana na mas mabuting mapuntahan ng pondo ng gobyerno. Ayon sa kanya: "*Kasuklam-suklam ang kalakarang ito. Pera na naging bato pa… ang sagot… ay ang makabago at malikhaing mga paraan para tugunan ang mga pagkatagal-tagal nang problema."*

*4.* Mungkahi tungkol sa public-private partnership at conditional cash transfer (talata 51-60) kaakibat ang mga benepisyo nito ay binigyang pansin ni PNoy.

*5.* Pananawagan sa pakikiisa ng lokal na gobyerno (talata 61-63) ang tinukoy ni Pnoy kung saan binanggit niyang: *"Napakaganda po ng hinaharap natin… Kung ang gobyernong lokal ay makikiramay na sa ating mga adhikain…"*

*6.* Papuri para sa ilang ahensya ng gobyerno at mga kalihim nito (talata 64) na siyang nagpalihis pansamantala ng kanyang atensyon sa pagmumungkahi ng mga ipapatupad niya na batas at binigyang diin niya ang: "…gilas ng mga hinirang nating makatulong sa Gabinete."

*7.* Muli na siyang nagbalik sa mga mungkahing batas (talata 65-71) na kinabibilangan nga ng Fiscal Responsibility Bill, Procurement Law, National Land Use Bill, National Defense Act at Whistleblower's Bill na halos lahat ay

nagbibigay pansin sa mas maayos na hudikatura ng bansa at proteksyon sa mga tapat at matatapang na taong itinataya ang buhay nila para sa maisiwalat ang katotohanan sa marami. Wika nga ni PNoy: "*Makakaasa kayo na mananatiling bukas ang aking isipan, at ang ating ugnayan ay mananatiling tapat… Kailangang repasuhin ang ating mga batas. Nananawagan po akong umpisahan na ang rekodipikasyon ng ating mga batas, upang siguraduhing magkakatugma sila at hindi salu-salungat.*"

*8.* Pananawagan para sa kapayapaan sa gitna ng MILF, CPP-NPA-NDF at militar (talata 72-76) ang isa sa pinakahuling binigyang diin ni PNoy kung saan nanawagan siya na: "*Kung kapayapaan po ang hangad ninyo...Mag-usap tayo. Mahirap magsimulang usapan habang mayroon pang amoy ng pulbura sa hangin… Kapayapaan at katahimikan po ang pundasyon ng kaunlaran. Habang nagpapatuloy po ang barilan, patuloy po ang pagkagapos natin sa kahirapan*".

*9.* Ang pinakahuling mga salita niya sa talumpating ito (talata 77) ay ang pananawagan sa media na sila mismo ang magbantay ng kanilang hanay, dito nagbanggit siya ng ilan sa kanyang mga kahilingan na ang media dapat ay: "*…ang magbigay linaw sa mahahalagang isyu; ang maging patas at makatotohanan, at ang itaas ang antas ng pampublikong diskurso.*"

#### 4.3.2 Talumpati 2: NAKASANDAL ANG GOBYERNO SA TIWALA NG TAO

Sa ika-100 Araw ng Panunungkulan
La Consolacion College, Lungsod ng Maynila
7 Oktubre 2010

Nahahati sa anim na bahagi ang talumpating ito ni PNoy patungkol sa kanyang ika-100 na araw bilang pangulo ng bansa

1. Pagbabalik-tanaw sa mga problemang minana ng gobyerno ngayon at mga pagkakaiba na mayroon sa kanyang administrasyon ngayon (talata 1-4). Ilan sa winika niya ay: "*Hindi ko tatalikuran ang tiwalang ipinagkaloog nyo sa akin… mayroon na po kayong gobyernong handang makipag-usap at magsabi ng totoo… hindi kayo binabalewala o inaapi"*. Dito makikita rin natin ang pangako niyang **"Walang piso na dapat masayang".**
2. Kaakibat nga ng mga pangako niyang ito ay bumanggit siya ng ilan sa mga nasimulan niya nang batas na ipatupad at mga kahina-hinalang proyekto na napigil niya (talata 5-10) tulad ng sa Executive Order no.7, kontrata sa NAIA, negotiated contracts ng DPWH, anomalya sa Dep't of National Defense at sa pagpapalalim ng Laguna de Bay .
3. Pinakita niya naman ang mga inobasyon na nagawa niya agad sa parteng ito (talata 6-15) kung saan nabanggit niya ang mas "updated" na PAG-ASA, pagsupil sa mga kahina-hinalang programang pang-agrikultura, CCT at marami pang iba; wika nga niya: "*Ang punto po natin dito: walang maiiwan…"*
4. Rekognisyon o pagkilala sa pagtaas ng ekonomiya ng bansa (talata 16-18) ang tinukoy niya dito at nagwikang: **" Handang-handa na po talaga tayo sa pag-unlad."**

5. Lakas ng loob at tapang ang ipinakita ni PNoy sa kabila ng mga batikos sa kanya (talata 19-24) kung saan siya'y nagsabing bumalik na daw ang kumpiyansa ng daigdig sa Pilipinas. Gayundin, taas noo niyang sinabi na "*…Magpapalinlang ba tayong muli? Hindi po ako nagbibiro sa pagtahak sa tuwid na landas."*
6. Pagpapatibay ng mga Pilipino at pagsasabing tuloy tuloy ang laban (talata 25-26), ang patuloy niya daw na panata: **HINDI TAYO TITIGIL**.

### 4.3.3 Talumpati 3: TAYO NA SA DAANG MATUWID

Sa inagurasyon Bilang Pangulo ng Filipinas
Quirino Grandstand, Liwasang Rizal, Lungsod ng Maynila
30 Hunyo 2010

Mahahati sa anim na bahagi ang talumpating inagurasyon ni PNoy:

1. Pagbabalik-tanaw (1-3)
2. Pagtukoy sa mga krisis na kasalukuyang hinaharap (talata 4-5) tuwirang inilahad ni PNoy sa pamamagitan ng mga tanong na: *Kayo ba ay minsan ding nalimutan ng pamahalaang inyong iniluklok sa puwesto…Kayo ba ay nagtiis na sa trapiko para lamang masingitan ng isang naghahari-hariang de-wang-wang sa kalsada?... Kayo ba ay sawang-sawa na sa pamahalaang sa halip na nagsilbi sa taumbayan ay kailangan pa nila itong pagpasensyahan at tiisin?*
3. Pagpapahayag ng pag-asang masolusyunan ang mga krisis o suliranin ng bansa (talata 6-7) "… sa araw na ito, dito magwawakas ang pamumunong manhid sa daing ng taumbayan." Sa kabilang banda, ipinahayag din niya ang pasaning

haharapin, "Ito naman ang umpisa ng kalbaryo ko, ngunit marami tayong magpapapasan ng krus ay kakayanin natin ito, gaano man kabigat." At tinukoy niya ang islogan o tunguhin ng kanyang pamunuan (talata 8-11). ***"Kung walang corrupt,walang mahirap"***

4. Paglalahad ng kanyang mga plano o programa (talata 12-28) mapagkumbaba niyang inihain sa madla ang kanyang mga programa. Tinangka ni PNoy na himukin ang madla na suportahan ang kanyang mga programa sa paggamit ng susing pahayag na ***"Tayong lahat ay kabilang sa isang bansa na maari nang mangarap muli"***
5. Paghimok sa ibang bansa na mamuhunan sa Pilipinas (talata 29). Tiniyak ni PNoy na ligtas na mamumuhunan ang ibang bansa sa Pilipinas dahil sa kahandaan nito.
6. Ang panunumpa sa sarili bilang kabahagi sa solusyon sa krisis ng bansa (talata 30-39). Ipinahayag ng pangulo na "WALANG MAIIWAN"

### 4.3.4 Talumpati 4: HUWAG NATING SAYANGIN ANG NAKARAAN

Sa Pagsasadula ng Salubungan ng mga Sibilyan at
Militar sa EDSA 1986 People Power Monument, EDSA, Lungsod ng Quezon
25 Pebrero 2011

Ang talumpating ito ni PNoy ay mahahati sa anim na bahagi:

1. Introduksyon (talata 1)
2. Pagbabalik-tanaw sa mga kaganapan noong EDSA people power (talata 2-4) kung saan bukod sa inalala niya ang ilan sa mga mahahalagang pangyayari noon

ay nagpakita rin siya ng ilang mga pahayag na siyang nagpapakita ng masidhing damdamin ukol sa pangyayaring ito: *Talaga naman pong puno ng tensyon ang mga araw na iyon…Sa mga sandaling pong iyon, nasa bingit ng kapahamakan at pagkasawi ang marami nating kababayan. Subalit talaga naman pong ginabayan tayo ng diwa ng Panginoon sa mga araw na iyon.*

3. Binigyang pansin niya ang pagsasadula sa isang makabuluhang pagtatagpo noon (talata 5) kung saan ipinarating niya sa mga bagong henerasyon ngayon kung ano ang importansya ng EDSA People Power. Ang ganitong hakbang ay isang pagpapaalala na ang demokrasyang tinatamasa ng bansa ay dahil sa pagsasakripisyo ng mga tao noong EDSA people power.

4. Pagbibigay-pansin at benepisyo naman sa mga magigiting na sundalo at pulis naman ang tinutukan ni PNoy (talata 6-11) kung saan nabanggit niya ang ilan sa kanilang mga kagitingan at bilang tulong ang mga nasabi niyang: *"…itinataguyod na po natin ang programang pabahay para sa ating magigiting na pulis at sundalo…sa ganitong paraan, ang kakarampot na suweldo ng mga sundalo at pulis ay mapupunta na sa kanilang pamilya, dahil mas maliit na ang kailangan nilang bayaran para sa bahay…"* Gayun din nabanggit niya rin na: *"Siguro naman po nararapat lamang na iyong mga tapat nating kawal at pulis- sila ang nag-aaruga sa atin… panahon na po siguro na ang lipunan naman ang mag-alaga sa kanila.*

Sa ganitong kalagayan, ipinakita ni PNoy na marapat lamang suklian ang mga paghihirap ng mga sundalo sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga karampatang benepisyo. Ang ganitong hakbang ay isang pagtitiyak na mapapanatili ng punong ehekutibo ang simpatiya at katapatan ng mga sundalo sa kanya.

5. Dahil hindi pa tapos ang labang sinimulan sa EDSA (talata 12), nanawagan si PNoy na makiisa pa rin tayo sa pagsisikap na mapaunlad ang ating bansa.
6. Ipinaalala muli ni PNoy ang kahalagahan ng EDSA sa bawat isang Pilipino (talata 13-14) at sinabing **“Sana po ay huwag nating sayangin ang nakaraan, lalo na sa mga araw na ito.”**

### 4.3.5 Talumpati 5: ITIGIL NA ANG TSUBIBONG WALANG PAKINABANG

Sa Paglagda sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program
Bulwagan ng mga Bayani, Palasyo ng Malacanang, Lungsod ng Maynila
10 Pebrero 2011

Nahahati sa limang bahagi ang talumpating ito ni PNoy

1. Pagpapakita ng pagkagalak dahil sa maraming dumalo (talata 1) at paghingi ng tulong sa mga Pilipino: “*Sabi ko nga sa inyo, nagagalak akong Makita kayong lahat ngayon.”*
2. Matapang na pagharap sa mga batikos sa kanya sa media (talata 2- 4) at sa kanyang programang 4P’s ay “TANGAN NATIN ANG TIWALA NG MARAMING PILIPINO.”

3. Paghingi ng tulong o kooperasyon sa mga bagong halal na pinuno (talata 5-9) kasama na ang mga kalihim niya sa mga kagawaran, Senado at Kongreso na ipatupad na rin ang ilang mga batas na natitiyak niyang makatutulong sa buhay ng mga Pilipino.
4. Paghingi niya ng tulong sa mga mamamayan dahil gusto niyang makamit ang kaunlaran ng sabay-sabay (talata 10-12). Ipinakita ito sa pamamagitan ng kanyang mga sinabing: "*Marami pa tayong haharaping hamon… Huwag sana natin sayangin ang biyaya ng liwanag na matagal nating inasam na sa wakas ay nasisilayan na natin. Manatili tayo sa tuwid na daan, huwag pababayaan ang mga kababayan nating pinaluluhod ng kahirapan… Huwag na po tayong mag-merry go round na pasama ng pasama ang sitwasyon, habang dumadami tayo ng dumadami."* At ang pinakamahalaga niyang sinabi na **ITO ANG PAGKAKATAON NATIN. ITIGIL NA NATIN ANG TSUBIBONG WALANG PAKINABANG.**
5. Pagpapaliwanag sa kahalagahan ng pagkakaisa sa mga Pilipino na ikinumpara niya na mahalaga ang bawat isa tulad ng isang link sa kadenang matatag. Dito sinabi nya: "**Nasa inyo po ang susi… Dito po tigil na ang dating paulit-ulit na problema at mangyayari po iyan dahil kakayanin natin basta't tayo po ay nagkakaisa dito.**"

## 4.3.6 Talumpati 6: PAGHARAP SA PANIBAGO AT MAS MALIWANAG NATING TADHANA

Sa Parada sa Araw ng Kalayaan
Quirino Grandstand, Liwasang Rizal, Lungsod ng Maynila
12 Hunyo 2011

Ang talumpating ito ni PNoy ay mahahati sa pitong bahagi:

1. Ipinakita rito ang pagiging malaya natin talata (1-2) sinabi niya na tayo ngayon ay malaya at para kausapin ang mga taong malalaya para alamin ang problema: *"Pilipino kaharap ang kapwa malayang Pilipino, sa unang pagdiriwang ng Araw ng Kalayaan sa akin pong administrasyon."*
2. Ipinakita rito ang kahirapan sa Pilipinas talata (3-7) binanggit dito ang kahirapan ng Pilipinas kung saan nahihirapan tayong sugpuin ito, dahil nga sa mga corrupt kung kayat hindi umuunlad at nananatiling mahirap ang mga tao sa Pilipinas, kaya't binitiwan niya ang mga katagang: **HANGGA'T HINDI NAUUBOS ANG CORRUPT, HINDI MAUUBOS ANG MAHIRAP.**
3. Dito ipinakita ang kawalan ng mga turistang pumupunta talata (8-10) ipinahayag dito ang kawalang ng turistang pumupunta dahil sa konti ng bumbiyaheng eroplano: *"Di po ba't kayrami nang administrasyong hindi maabot ang buong potensyal sa turismo, dahil iilan lang ang eroplanong bumibiyahe sa ating bansa?"*

4. Dito ipinakita ang kalagayan ng mga pulis at sundalo at isiningit pa ang kanyang buhay pag-ibig talata ( 11 – 13) ibinanggit dito ang kahirapan sa pag-upa ng mga kapulisan at sundalo na naglilingkod para sa bayan kayat nagkaroon ng benepisyo para sa mga sundalo't kapulisan**, kung saan itatayo ang unang 4,000 pabahay para po sa ating mga magigiting na sundalo at kapulisan**
5. Ipinahayag dito ang ating agrikultura talata (14-15) ibinanggit dito ang pag-aangkat natin ng bigas ngunit bumaba kaysa dati ang pag angkat ng bigas, nasabi niya: *"Alam ko pong may pangamba pa rin sa puso natin. Umaangkat pa po tayo ng 860,000 toneladang bigas, bagaman may matutuwa naman siguro kung malaman nilang 2,380,000 tonelada ang naanangkat natin noong mga nakaraang taon."*
6. Ipinahayag dito ang mga mag-aaral at ang pagtulong ukol sa product design sa Brunei talata (16-17) dito niya isinambit na marami pa ring lugar sa Pilipinas na kulang pa din sa classroom kung kayat sa ilalim ng puno nag kaklase ang mga estudyante: *"Mayroon pa ring mga batang nag-aaral sa ilalim ng punong-kahoy tayo na ang nilalapitan ng Brunei para magpatulong sa product design at branding ng kanilang mga produkto."*

- Ang pagtatapos ng talumpati talata (18-22) dito ipinagmalaki ng pangulo na siya ay Pilipino at Malaya na, habang iwinawagayway ang bandila ng Pilipinas, wika niya: ***"Narito po tayo sa Cavite ngayon, kung saan unang***

***iwinagayway ang bandila ng Pilipinas. Dito, kung saan unang tumugtog ang Lupang Hinirang upang sabayan ang pintig ng puso ng mga rebolusyonaryong sawa na sa pang-aapi ng mga dayuhan. Dito, kung saan natin unang isinigaw sa mundo: Ito ang malayang Pilipinas; kami ang malayang Pilipino.”***

### 4.3.7 Talumpati 7: PAGBABAGO AT PAG-ASA SA ARMM

Sa paglagda ng batas na magpapaliban sa eleksyon sa Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM) at magsasabay sa lokal at pambansang halalan sa 2013
Palasyo ng Malakanyang, Hunyo 30, 2013

Mahahati sa limang bahagi ang talumpating ito ni PNoy:

1. Introduksyon at problema ng Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM) talata (1-5) ipinahayag dito ang problema ng Pilipinas sa ARMM na gawa ng mga rebeldeng grupong kinatatakutan ng mga dayuhan dahil na rin sa nangyari sa Maguindanao Masacre at ang walang patumanggang pandaraya tuwing halalan kaya naman winika niya: “*Kung ang makikita po natin tuwing eleksyon ay ganito: mga botanteng dinidiktahan kung sino ang isusulat sa balota, may demokrasya pa kaya?”*
2. Nagbalik tanaw sa halalan noong 2007 election talata (6-8) ipinahayag dito ang walang katarungang at walang kalayaang bumoto dahil dinidikta rin naman ng mga politiko doon sa Mindanao pinatunayan ito ng nanalo ang lahat ng kapartido ni Ginang Arroyo Nang inihayag ang resulta ng halalan sa

Maguindanao, ang lumabas: **12-0. Lahat po ng pambatong Senador ni Ginang Arroyo, panalo**.

3. Ang kahirapan sa ARMM (9-11) ipinahayag dito na ang ARMM ay isa sa mga pinakamahirap na rehiyon dito sa ating bansa. Na kahit na binibigyan ng pondo ng pamahalaan ang ARMM ay tila wala itong nagagawa at napupunta lang sa bulsa ng kung sino sino habang nag durusa ang mga kababayan nating Pilipino doon, ulat niya: *"Ang naitala pong insidente ng kahirapan sa mga pamilya sa ARMM noong 2009 ay nasa 38.1 percent, at lahat po ng probinsya sa rehiyon ay nasa ilalim ng national poverty incidence, na 20.9 percent..."*na siya ngang nagpapatunay na naaapektuhan ng husto ang mga mahihirap sa Mindanao.
4. Ang reporma o proyekto ng pangulo sa ARMM talata (12-15) ipinahayag dito ang reporma ng pangulo tulad ng pag papahinto sa eleksyon upang isabay ito sa ating lokal na halalan at gagawing moderno ang pag boboto dito upang magkaroon ng kaayusan sa eleksyon dito at marami pang iba, kaya naman iminungkahi ni PNoy: *"Upang mahinto ang mga iregularidad sa pamamahala sa ARMM, isinulong natin ang pagpapaliban ng ARMM elections para isabay na natin ito sa lokal at pambansang halalan"*
5. Ang pagtatapos at pagtitiwala na magiging maayos ang ARMM sa mga ipinanukala na reporma at batas talata (16-20) Ipinahayag dito na dapat daw ayusin muna ang sistema ng ARMM upang maipatupad ito ng maayos. Tiwala rin siyang maiaayos ang pag liban sa eleksyon at isabay sa lokal na halalan ng

ating bansa, winakasan niya ang kanyang talumpating ito sa pamamagitan ng pag-iiwan ng pag-asa sa kanyang mga tagapakinig at sinabing*:* **“TIWALA PO AKONG ANG PAGPAPALIBAN AT PAGSASABAY NG HALALAN SA ARMM SA LOKAL AT PAMBANSANG HALALAN AY SUSI UPANG MAISAGAWA ANG MGA KINAKAILANGANG REPORMA SA REHIYON…”**

### 4.3.8 Talumpati 8: EDUKASYON ANG SUSI SA PANGMATAGALANG KAUNLARAN

Sa Pormal na Pagkakaloob ng Kindergarten Law
Bulwagang Rizal, Palasyo ng Malacanang, Lungsod ng Maynila
27 Pebrero 2011

Nahahati sa walong bahagi ang talumpating ito ni PNoy

1. Isang pagbabalik tanaw sa kabataan ni PNoy nang siya’y nasa Kindergarten pa lamang (talata 1-2) kung saan nabanggit niya ang isa sa kanyang mga anekdota tungkol naman sa pagsisimula niya pa lamang noon sa pag-aaral.
2. Pagpapasalamat at pagbibigay pugay sa mga kabataan ngayong henerasyon (talata 3-4) at pagbanggit sa kanyang simumpaang tungkulin na: ***“Ang mabigyan ang mga kabataang Pilipino ng pagkakataon para sa mas magandang kinabukasan.”*** **.**
3. Taos pusong pasasalamat sa kongreso para sa pagpapasa ng batas kasama na ang mga taong tumulong upang mabuo ito at maimplementa (talata 5)

4. Mga kahulugan at nilalaman ng Republic Act 10157 o Kindergarten Education Law (talata 6-10) kung saan nakasaad kung anu-ano at paano madarama ng mga kabataan ngayon ang libre at kalidad na edukasyon sa kabila ng kahirapang nararanasan natin ngayon.
5. Pagbibigay ng isang natatangi't inpirasyonal na mensahe para sa mga kabataan ngayon at sa dapat na halaga ng eduksayon (talata 11-12). Dito nasabi niyang: ***"Edukasyon ang susi sa pangmatagalang kaularan ng bansa. Ang pagkakaraoon nga po ng matibay na pundasyon sa edukasyon ang siyang pagbubukas sa maraming pagkakataon upang umunlad sa buhay. Kapag nakapag-aral ka nang mabuti, kipkip mo rin ang kakayahang maghanap ng magandang trabaho o hanapbuhay, na siya namang magiging kasangkapan mo sa pagsisikap sa maginhawang buhay."***
6. Pagpapatunay niya sa mga Pilipino na ipagpapatuloy niya at ng kanyang administrasyon ang kanilang mabuting mga gawain (talata 13-16) at gayun din siya ay humingi ng pakikiisa sa bawat Pilipino nang bitiwan niya ang mga salitang: ***"Magtuloy-tuloy lang po tayo sa pagtutulungan, at hindi po malayong maabot na natin ang maliwanag na bukas na ating inaasam".***
7. Pagbabalik tanaw muli sa kabataang ni PNoy (talata 17-18) kung saan siya'y pinayuhan noon ng kanyang namayapang ama na si Ninoy Aquino tungkol sa kahalagahan ng eduksayon at dahil sa kabutihang taglay ng kanyang mga

magulang, winika niya: "***...dapat ipilit na magkaroon ng ganoong opurtunidad ang lahat ng mga Pilipino".***

8. Tunay na importansya ng bagong pasang batas at pagpapatunay sa mga Pilipino: **KAYA NAPAKAGANDA PO AT NAPAKATAYOG NITONG BATAS NA PINAGTULUNGAN NG NAPAKARAMING TAO.**

### 4.3.9 Talumpati 9: TINATAWAG KAYONG SINAGTALA

Sa pagtatapos ng Philippine National
Police Academy Batch Sinagtala 2012
Silang, Cavite, Marso 24, 2012

Mahahati sa limang bahagi ang talumpating ito ni PNoy:

1. Introduksyon ng pangulo talata (1-2) ipinahayag niya ang kanyang panimula sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa na salita ng isang hepe*:* ***"Hayaan po ninyong simulan ko ang aking talumpati sa mungkahi ng isang dating hepe ng PNP nang siya ay nanunungkulan pa, na hanggang ngayon ay hindi ko po sigurado kung pabiro niyang sinabi..."***
2. Ang pagbibida ng pangulo sa mabuting nagawa ng kapulisan talata (3-7) dito ipinahayag ang ibat ibang nagawang mabuti ng mga kapulisan at ipinarating na may nagagawa ding mabuti ang kapulisan hindi lang puro kapalpakan at katiwalian, binanggit niya: ***"May ilan man pong nagdududa sa galing ng ating mga tagapagtanggol, at sinasabing baka swerte lang ang lahat ng ito, ako po ang mangungunang maghaharap sa kanila ng mga ebidensya. Isa na nga rito ang patuloy na pagbaba ng crime volume sa buong bansa.***

***Ang crime volume po noong 2009 na dati ay umabot sa mahigit 500,000, nangalahati sa halos 247,000 pagdating ng 2011.”***

3. Ang pangangaral sa mga estudyante talata (8-18) Ipinahayag dito ang pangaral o payo na maggagabay sa kanila paglabas nila ng paaralan. Sa dami ng kanilang pag dadaanan pagsubok at hirap sa totoong laban ng buhay at ito ay ang pag labas nila sa paaralan at susubukin ang kanilang mga natutuhan sa loob ng paaralan upang maglingkod sa taumbayan kaya naman wika niya: “**siguro naman ay hindi ninyo mamasamain kung magbigay ako sa inyo ng kaunting payo…”,** at siya nga ay nagbanggit ng ilang sitwasyon tungkol sa mga problemang kakaharapin ng isa.
4. Ang pagtalakay sa totoong tuwid na daan talata (18-21) ipinahayag dito ang tunay na tuwid na daan kung saan walang katiwalian at kapayapaan at kaayusan ang mayroon : KATAHIMIKAN AT KAPAYAPAAN ANG SUSI NG ATING PAG-UNLAD BILANG ISANG BANSA
5. Ang pagsikat ng sinagtala talata (21-26) Ipinahayag dito na marami nang pinagdaanang pag subok ang mga estudyante ngunit mas marami pa ang kanilang pag dadaanan sa paglabas sa akademya at dapat ay maisasaalang-alang nila ang kapakanan ng bawat Pilipino at isa rin sila sa susi upang umunlad ang bansang Pilipinas, tinapos niya ito sa pamamagitan ng matatalinhagang salitang: ***“Tinatawag kayong Sinagtala, liwanag na***

***nasisilayan sa pagtingala natin sa kalangitan, na siyang kanlungan ng ating mga pinakamatayog na adhikain."***

### 4.3.10 Talumpati 10: MAMUHUNAN SA SOLUSYONG PANGMATAGALAN

Sa pagdiriwang ng Araw ng Paggawa
Heroes Hall, Palasyo ng Malakanyang, Lungsod ng Maynila
Mayo 1, 2012

Mahahati sa labing-isang bahagi ang talumpating ito ni PNoy:

1. Pinahayag dito ang tungkol sa imprastraktura (1-6) ipinaliwanag dito na nag karoon ng pondo at kasalukuyang tumataas ang rate nito dahil kapag daw dumating ang taong 2013 marahil tayo ay nag eexport na nang bigas sa agrikultura, wika niya*: "Sa katunayan po, as of the end of March, 87 percent na po ang na-release sa infrastructure budget, nagkakahalaga po ng 150 billion pesos…"*
2. Ipinaliwanag ang Climate mitigation at Low cost of electricity and fuel talata (7-8) ipinahayag ang ginagawang solusyon at aksyon sa mga nasabing kailangan ng mga tao. Ipinaliwanag din dito ang pag taas nito at pag unlad nito sa pamamagitan ng paggawa ng mga proyekto na tungkol dito, *"Mayroon na tayong inuumpisahang mga ginagawa dito, pero at the same time, ongoing pa ho iyong tinatawag na geohazard mapping, Siyempre iyong umpisa muna diyan, maghikayat tayo ng maraming magpro-produce ng*

*power para magkaroon ng maraming supplier. At 'pag nagkaroon na nga ng open access, ay mayroong na hong competition na mangyayari, magpapababaan ng presyo, lalo na sa mga lugar tulad ng Luzon na mayroong 2,000 megawatts na surplus ngayon…"*

3. Ipinaliwanag ang mangyayaring gulo sa bansang Korea, maging sa middle east. Talata (9-10) ipinaliwanag ang gulong mangyayari sa korea at maaring may mapahamak na mga Pilipino maging sa Middle East, winika niya na: *"…iyong 15,000 ng 50,000 na Pilipino nandoon mas malapit pa sa Demilitarized Zone: mas mataas kaysa sa Seoul. Kung sakaling lumusob iyong North Korea, ay sila ho ang talagang nasa unang hilera ng puwedeng mapinsala, mapahamak.*"
4. Pagbabalik ng mga pangyayari dati talata (11-13) dito isinambit ang kanyang karanasan noong bata pa ang nag papahayag ay nag karoon ng seminar sa kanila:

   ***"Noong ako po'y nag-umpisa sa kolehiyo, may orientation ho kami, ang isang speaker namin po doon, kung hindi ako nagkakamali, ay galing ho yata sa hanay n'yo, sa Federation of Free Workers".***
5. Introduksyon sa pag papaliwanag sa proyekto ng pamahalaan talata (14-18) Ipinaliwanag dito ang mga layunin ng pamahalaan sa mga manggagawa: *"Una: Ang mapanatili ang mga trabahong nandito na po. Ikalawa: Ang lumikha ng mas marami pang trabaho. Ikatlo: Ang dagdagan ang*

*kakayahan ng ating mga manggagawa, nang sa gayon ay makakuha sila ng mga trabahong magbibigay ng mas magandang kinabukasan"*

6. Pagpapaliwanag sa minimum wage ng mga manggagawa talata (19-24) dito ipinaliwanag ang ating minimum wage na kung ikukumpara sa ibang bansa sa asya ay di hamak na mas mataas ang minimum wage natin , "*Sino po ba ang nakakaalam na 'di hamak na mas mataas ang minimum wage sa Pilipinas kumpara sa ibang bansa sa Asya? Ngayon po ay nasa nine dollars to ten dollars ang minimum wage natin, habang sa Cambodia ay nasa two dollars, ang Vietnam ay naglalaro sa 2.24 hanggang 3.21 dollars, Indonesia ay nasa 3.05 dollars hanggang 5.27 dollars",* na siya ngang binanggit ni PNoy ukol dito.
7. Ipinaliwanag po dito ang pagbibigay halaga sa mga estudyante talata (25-27) ipinaliwanag po dito ang pag bibigay halaga sa mga estudyante sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng tamang edukasyon upang mag karoon ng sapat na kaalaman katalinuhan at karunungan at para makatulong din sa pag-unlad ng ekonomiya at pati na rin ng bansang Pilipinas, pagpapaliwanag niya: *"Kabuuang 1.1 billion pesos din po ang ibinuhos natin sa Training for Work Scholarship Program na maghahasa sa ating mga kabataan sa limang mahahalagang industriya: ang IT-BPO, construction, electronics, turismo, at agrikultura. Lahat ng ito ay para sa kahandaan nilang harapin ang hamon ng nagbabagong mundo."*

8. Ang pagtugon ng gobyerno ukol sa Department Order 18-A talata (28) tinutugunan ng pamahalaan ang kontraktuwalisasyon sa pamamagitan ng pagbawal sa pag-aabusong pagrenew ng kontrata kada limang buwan at dinadagdagan na rin ang pondo ng DOLE upang sa mga inspektor upang siguraduhin na natutupad and Department Order 18-A: *"Nakalaan na rin po ang pondo para dagdagan ang mga inspector ng DOLE para siguruhing nasusunod ang Department Order 18-A"*
9. Pahayag tungkol sa mga OFW talata ( 29-31) Ipinaliwanag dito ang mga nurse na hindi pinapabayaan ng gobyerno at ang mga nurse na nabigyan ng pag kakataon mag ibang bansa at ipakita ang galing ng mga Pilipino doon at makatulong sa kamag-anak at pati na rin sa bansang Pilipinas - na rin po ang nabigyan natin ng pagkakataong magamit ang kanilang pinag-aralan.
10. Pahayag tungkol sa pagpapataas ng sahod sa mga manggagawa ng mga pampubliko at gobyernong sektor talata (32-33) itinaas ang sahod sa mga manggagawa ng pampubliko at pang gobyernong sektor dahil sa napag-iiwanan nilang mga sahod, subalit binigyan niya ito ng malumanay subalit makahulugang pahayag na: ***"Huwag naman po sana itong masamain ng mga nasa pribadong sektor; alam naman po siguro ninyong matagal-tagal ding napag-iwanan ang mga sahod naming mga kawani ng gobyerno."***
11. Pagtatapos ng talumpati talata (34-35) ipinahayag dito na ang ugnayan at pag tutulungan ay siguradong makakapunta tayo sa gusto nating marating at

idinagdag din dito ang pagdaragdag ng trabaho- **"MAGPATULOY PA SANA ANG ATING PAG-UUGNAYAN, KUNG SAAN NANANAIG ANG KATUWIRAN AT PAGDADAMAYAN....KUNG SABAY-SABAY PO TAYONG SASAGWAN TUNGO SA IISANG DIREKSYON, TIYAK NA MAAABOT NATIN ANG MGA SOLUSYONG PANGMATAGALAN."**

Sa pangkalahatang pagsusuri ng mga piling talumpati ni PNoy, lumalabas na siya'y laging nagbibigay-galang o nagpupugay sa pagpapakilala sa mga taong dumalo sa kanyang talumpati sa madla gaya ng mga nagdaang pangulo ng bansa, sa mga kilalang politiko o mga mambabatas at sa mga kilalang personalidad bilang panimula ng kanyang pagtatalumpati. Sa kanyang pagpapahayag, bilang bahagi ng kanyang talumpati ay hindi maiiwasan ang pagtukoy niya sa nakaraan bilang pagpapahayag ng pagbabalik tanaw batay sa kanyang nakaraan o sa mga nakalipas na panahon. Bahagi rin ng kanyang talumpati ang pagtukoy sa sitwasyon ayon sa problema ng ating bansa ayon sa mga pangyayari, gayundin ang pagbibigay niya ng kanyang liderato na mga matagalang solusyon kaugnay sa mga suliraning kinahaharap ng kanyang panunungkulan.

Bahagi din ng kanyang pagtatalumpati ang pagpapahayag ng mga kontras o taliwas na pahayag sa mga sitwasyon sa kanyang panunungkulan. Kasama rin sa bahagi ng kanyang talumpati ang pagbibigay ng mga mareretorikang paggamit ng mga salita "tayutay" o pahayag na nakapagbibigay ng ibayong pagiging masining ng kanyang

pagtatalumpati at higit sa lahat ang pagbibigay ng pangulo ng isang mapanghikayat na pananalita upang sa ganitong pamamaraan ay makakasama niya ang kanyang tagapakinig o manonood upang samahan siya at sila'y makiisa sa kanyang mga ideolohiya na handang tumulong, handang sumunod at makinig gayundin ang pagtahak sa "Tuwid na Daan" na ang bawat Pilipino ay makikiisa sa pagsugpo ng "Korapsyon' upang maging maunlad ang Pilipinas na ang mga Pilipino'y handa na para sa "Muling pangarap" na magandang bukas. Sa likod ng mga magagandang salita (retorika) niya sa publiko ay nagkukubli ang tunay na kalagayan ng bansa. Wari'y pilit na itinatago sa bayan sa pamamagitan ng pagpuna sa dating pangulo at iba pang politikong bumabatikos sa kanya, na kaya ganito ang bayan ay dahil namana lamang niya ang mga problema. Gaya ng pahayag na *"sulyap lamang ito, hindi pa ito ang lahat ng problemang haharapin natin"*, ay nagpapahiwatig na kung ano't anu paman ay huwag siyang sisihin kung bakit ganito ang bansa dahil namana nga lamang niya ito. Tila isang pag-iwas at pagsalba sa kanyang pagkatao. Makikita kung gayon na kung papaano ipinapakita ng wikang ginagamit ng pangulo ang ideolohiya niya at nagagamit din ang wikang ito upang magpakita ng kapangyarihang o dominasyon. Tingnan ang ilang bahagi ng kanyang talumpati ni PNoy sa kanyang unang talumpati na may paksang "Puwede Nang Muling Mangarap" sa ibaba gaya ng mga sumusunod

[11]$_{a}$Sa unang tatlong linggo ng [M]aming panunungkulan, marami po[K]kaming **natuklasan.**

[12]$_{b}$Nais[A]ko pong ipahayag sa [O]inyo ang iilan lamang sa mga namana [H]nating suliranin at ang *ginagawa*[P]naming hakbang para lutasin ang mga #ito.

[13]$_{a}$Sulyap lamang po#ito; hindi pa #ito ang lahat ng problemang haharapin[H]natin.

[14]$_{b}$**Inilihim** at sadyang **iniligaw** ang sambayanan sa totoong kalagayan ng [G]ating bansa.


Ngayon, mayroon na po[B]kayong gobyernong handang makipag-usap at magsabi ng totoo; handang makinig sa makabuluhang usapan; handang iangat ang antas ng pampublikong diskurso ukol sa mga isyung makaaapekto sa [G]ating lahat, at maging sa mga darating na henerasyon.

[9]aAng **natamasa** po[H]natin ngayong unang isandaang araw ng [G]ating panunungkulan: Mayroon na po[B]kayong gobyernong hindi [B]kayo *binabalewala* o *inaapi.*

[10]c**Bumalik** na po ang kumpyansa sa [G]ating bansa.

Sa kabuuan, ang mananaliksik ay nakabuo ng isang modelo ng pagsusuri kaugnay sa mga talumpati ng Pangulo. Makikita ang modelo sa ibaba.

**MODELO SA PAGSUSURI NG MGA TALUMPATI NI PNOY**




Makikita sa paradimo ang nabuong modelo ng pagsusuri sa mga talumpati ng Pangulo. Gamit ang tekstwal na pag-aanalisa ay matutukoy ang estruktura at katangian ng teksto. Samantala, sa sosyolohikal na pagsusuri ay matutukoy naman ang ugnayan ng wika at lipunan. Ang huli, sa kontekstwal na pagsusuri ay mababatid kung ano ang sasabihin at paano sasabihin batay sa kontekstong kinapapalooban ng mensahe. Sa bawat paggamit ng wika nakapaloob din ang mga ideolohiyang nais iparating ayon sa

kapangyarihan ng wika kasabay din nito ang paggamit ng mga estratehiyang pangretorika na magsisilbing gabay upang higit na maging masining ang pagpapahayag ng talumpati.

Buhat sa sampung (10) piling talumpati ni PNoy natutunghayan ang kanyang 2010-2016 Development Plan na siyang magiging gabay sa kanyang panunungkulan.

Makikita rin sa teksto ang mga estratehiya ng Pangulo ang mga ideolohiya at kapangyarihan gamit ang wika sa pagpapahayag ng kanyang talumpati ayon sa mga sumusunod na estilo o patern ng kanyang pagpapahayag:

1) Pagpapakilala ng mga kilalang politiko o personalidad na nagsidalo sa kanyang pagtatalumpati.
2) Pagbati
3) Ang pagtatampok niya sa mabuting nagawa ng kanyang pamamahala
4) Ang pagtukoy sa nakaraan o nakalipas
5) Ang pagtukoy sa mga sitwasyon ng kanyang pamamahala
6) Ang pagtukoy sa kontras
7) Ang pagpapahayag ng mga problema at solusyon
8) Ang pangangaral na nagbibigay ng pag-asa/Pagbibigay ng hamon
9) Pangwakas.

Sa kabuuan, ang natuklasang modelo sa mga piling talumpati ng Pangulo ay magsisilbing gabay sa epektibo at episyenteng paghahatid ng mga mahahalagang balita, isyu pampulitika, ekonomiko at panlipunan sa madla.

# KABANATA V

# LAGOM, RESULTA NG PAG-AARAL, KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

## 5.1 LAGOM

Masuri ang mga piling talumpati ni Pangulong Benigno Semion “PNoy” Aquino III ang pag-aaral na ito. Sa pamamagitan ng mga piling talumpati ni “PNoy” simula sa kanyang panunungkulan bilang pangulo ng Pilipinas simula Ika-30 ng Hunyo, 2010 hanggang Marso 2, 2012. Upang higit na matagumpayan ang pag-aaral ng mga piling talumpati ni PNoy, ang mananaliksik ay nakalikom ng sampung talumpati (10) sa anyong pasulat mula sa website ng pangulo sa http:// www. president.gov.ph/speeches/. Ang pananaliksik na ito ay naglalayong suriin ang ideolohikal na komponent na taglay ng mga piling talumpati ni PNoy. Ito ay nakabatay sa palagay ni Fairclough na ang ideolohiya ay makikita sa teksto at na ang “ideology invests language in various ways at various levels” at na ang ideolohiya ay kapwa “property of structures and of events”. Tinangka rin ng pananaliksik na gamitin ang iba pang konsepto ni Fairclough, na ang “Kahulugan ay nalilikha sa pamamagitan ng interpretasyon.”

Isinalig din ang pag-aaral sa pagpapalagay nina M.A.K. Halliday at ni Martin (1993) ang M.A.K Halliday’s “ Systematic Functional Grammar” na karaniwang kinikilala bilang pundasyon ng “Critical Discourse Analysis” gayundin sa iba pang mga teorya ng pragmatika. Naglalayong maipakita naman ng “Functional Grammar” na ang

wika ay isang paraan upang magkaroon ng pakikisalamuhang pantao, batay sa posisyon ng Sistema ng wika at mga bagay na bumubuo dito ay mas madaling makilala sa pamamagitan ng mga gamit nito. (Hu, Zhuanglin, 1988:307).

## 5.2 RESULTA NG PAG-AARAL

Sa ganitong kalagayan, natukoy ng mananaliksik ang framework ng ideolohiya ni PNoy na matatagpuan sa teksto. Batay sa isinagawang pag-aaral ng mananaliksik mula sa isinagawang pagsusuri ng mga nakalap na piling talumapati ni Pangulong Benigno Simeon “PNoy” Aquino III natuklasan ang mga sumusunod:

### 5.2.1 MASALIMUOT NA PRAKTIS (discursive practice)

Inilahad ang talumpati ni PNoy sa kagustuhan niyang mapabuti ang kapakanan ng bansang Pilipinas na kanyang nasasakupan at mga mamamayan nito. Ang naging kinalabasan nito ay nagkaroon siya ng mga positibo at negatibong komento na kung minsan ay hindi lamang sa mga Pilipino nagmumula gayundin sa iba pang mga bansa. Ang ilan sa mga kadahilanan nito ay ang pamamaraan niya ng pagsasalita, pagsasaad ng kanyang talumpati o di kaya’y ang mismong linyang kanyang binabanggit sa kanyang talumpati. Ang paglalahad ng mga talumpati ng Pangulo ay isang malinaw na mapagkukunan ng lakas o kapangyarihan (power). Ang ganitong realidad ng paglalahad ay nagpapakita ng ugnayan ng ideolohiya at kapangyarihan ng tagapagsalita (produser) upang pasunurin, hikayatin, impluwensyahan ang mga tagapakinig

(consumer). Ang kapangyarihang manipulahin ang kaisipan at pagkilos ng tao. Ang Pangulo (PNoy), kung gayon ay may “ideological dimension”.

### 5.2.2. PANLIPUNANG KOGNISYON

Gumamit ng mga pamamaraang ideolohiya (Ideological Square) ang mga piling talumpati ni PNoy, hindi lamang paglalahad ng personal na hangarin kundi sa isang pagtalakay sa gampanin ng panguluhan bilang isang institusyon, at katangian ng mga talumpati ng pangulo ay nakatuon sa **“our good things” at “their bad things”.**

### 5.2.3.KONTEKSTO: SOSYO-KULTURAL, POLITIKAL AT KALIGIRAN

Ipinahayag sa mga piling talumpati ni pangulong PNoy na normal na makatanggap ng mga mabubuti at masasamang komento ang pangulo ukol sa kanyang mga pahayag sa SONA. Maraming may gusto sa kanya bilang pangulo at ang iba nama’y ayaw siyang maging pinuno ng bansa gayundin na may naniniwala sa kanyang kakayahan at ang iba nama’y hindi. Sa gitna ng hindi pantay na pagtingin o “power relations” at krisis pang-ekonomiya, sosyo kultural at pulitikal mahihiwatigan na ang pangulo ay naniniwala na may kakayahang siyang mapaunlad ang pamumuhay ng mga Pilipino na kasama niya ang kanyang tagapakinig sa pagsusulong ng kanyang “Development Plan” bilang namumunong lider ng bansa. (Van Dijk, 2007)

### 5.2.4. ESTRUKTURA NG MGA TALUMPATI

Gamit ang systemic functional grammar na teorya ni Halliday, ipinapakita rito sa kabuoan ng sampung (10) talumpati ng pangulo ay umabot sa 21,023 na salita at 1,195 na pangungusap, naitala rin ng mananaliksik ang mga talata na umabot sa 389. Masasabi na ang mga salita, pangungusap at diskursong ginamit ni PNoy ay pawang mga payak, maiikli at madaling maintindihang wika. Napagtanto din na ang mga talumpati ng pangulo ay gumagamit ng simpleng salitang Filipino upang maabot ang puso at damdamin ng mga takapakinig bukod sa naiuukol niya ang napapanahong mga mensahe para sa bawat mamamayan. Mamamalas din ang karunungan at kakayahan ng pangulo na gamitin ang wika para maisulong ang kanyang mga sosyo-politikal na agenda para sa ikasusulong ng bansa.

### 5.2.5. PAGTUKOY SA MGA SALITANG MADALAS BANGGITIN NI PNOY

Gamit ang tekstwal analisis, natuklasan ng mananaliksik na madalas banggitin ng pangulong PNoy ang kanyang development plan gaya ng *"Pondo", "Budget", "Interest", "Percent", "Porsyento", "Trabaho", " Trillion , Billion at Million Pesos"* para sa **Ekonomiya** ng bansa. Sa larangan naman ng **Politika** ang *"Programa", "Taumbayan", " Problema"*, *"Pilipinas", " Batas", "Demokrasya", "Tuwid na Daan", "Muling Mangarap"* at *"Kung Walang*

*kurap walang mahirap"* Sa larangan naman ng **Edukasyon,** madalas banggitin ang *"K to 12 kurikulum", " Edukasyon","Mga Kabataan" at "pag-aaral"*. Kung sa **Katahimikan** naman, mapapansin din ang mga salitang *" Kapulisan", "Sundalo", "Kalayaan", "Kapayapaan", "Edsa" at "batas"*. Sa aspetong **Kalikasan,** matutunghayan din ang salitang *" Laguna de bay", " Puwerto Prinsesa Underground River", "Thyphoon", "Pagbaha", at "bagyo".* Kung pag-uusapan naman ang **Kalusugan**, hindi mawawala ang salitang "DOH", "Nars", "DSWD" at "4P's". sa ganitong kalagayan, mas naipapahayag ni pangulong PNoy ang kanyang mga ideolohiya at kapangyarihan kung papaano nagiging interesado ang kanyang tagapakinig sa kanyang mga talumpati na maaaring magiging sandigan nila ang mga pahayag na ito na siyang magdadala ng magandang kinabukasan ng mga nakakaraming Pilipino, ang pag-asa na makakamit ang katahimikan ng sambayanan , matugunan ang nasisirang kalikasan upang maghatid ng panibagong pag-asa ng mga kabataan, gayon din sa ikasusulong ng ekonomiya ng bansang Pilipinas.

### 5.2.6. MGA PAHAYAG NA MADALAS BANGGITIN NI PNOY

Gamit ang textual analisis, Napag-alaman ng mananaliksik na ang mga ideolohiya ni PNoy ay laging mabibigkas ang mga katagang ***" Tayo na sa Daang Matuwid", " Kung Walang Corrupt, Walang mahirap" at " Pwede na Muling Mangarap"*** Ilan lamang ito sa mga pahayag ni PNoy sa siyang nagbibigay pag-asa sa kanyang mga tagapakinig kung paano niya

naiimpluwensyahan ang mga nakakaraming Pilipino. Higit din na mapapansin ang pagbigkas ng mga pangalan ng nakaraang presidente ng Pilipinas upang maingat ng pangulo ang kanyang mga nagawa at naisakatuparan sa kanyang liderato.

Ayon nga kay Fairclough (1989), *"... the more the number of interviewee's questions, the more powerful the person is."*

### 5.2.7. TRANSITIVITY ANALISIS

Gamit ang transitivity analysis, Natuklasan ng mananaliksik na madalas gumamit ang pangulong PNoy ng mga "material na proseso", sinundan ng "mental na proseso" at "pamanggit na proseso" ng mga pananalita. Ayon nga kay Eggins (2004), *"material processes are ones of doing or about actions, usually concrete and tangible ones. They express the notion that some entity does something; undertake some action which may be done to some other entity, whereas processes encoding meaning of thinking, feeling or perceiving are considered as mental processes."*

Binanggit din ni Wang (2010) na ang " *Material process, as a process of doing, is a good choice in the address to demonstrate what the government has achieved, what they are doing and what they will do in different aspects of affairs, home or abroad."*

Sinabi rin ni Halliday (1985) na ang Material na proseso, Mental na proseso at Pamanggit na proseso ay ang tatlong pinakagamitin sa wika dahil ito'y karaniwang sumasakop sa halos 90% ng kabuuang estruktura.

Tulad ng mga sumusunod na pahayag ni PNoy:

*"Ang pagtayo* ***(materyal na proseso)*** *ko* ***(aktor)*** *dito ngayon ay patunay na kayo* ***(aktor)*** *ang aking tunay na lakas* ***(hangarin).*** *Hindi ko* ***(aktor)*** *inakala* ***(materyal na proseso)*** *na darating tayo* ***(aktor)*** *sa puntong ito* ***(hangarin),*** *na ako'y* ***(aktor)*** *manunumpa* ***(materyal na proseso)*** *sa harap ninyo bilang inyong Pangulo* ***(hangarin)****. Hindi ko* ***(aktor)*** *pinangarap* ***(materyal na proseso)*** *maging tagapagtaguyod ng pag-asa* ***(hangarin)*** *at tagapagmana* ***(materyal na proseso)*** *ng mga suliranin* ***(hangarin)*** *ng ating* ***(aktor)*** *bayan* ***(hangarin)."***

*"Sa pagtataguyod ng ating bansa, tayo* ***(nakikiramdam)*** *po ay umiintindi* ***(mental na proseso)*** *na ang kagalingan ay di basta-bastang nariyan."*

*"Habang tayo* ***(nakikiramdam)*** *ay kumukonsidera* ***(mental na proseso)*** *na ang tuwid na daan ay nasa atin na pong harapan, tayo* ***(nakikiramdam)*** *ay nakakatatanda* ***(mental na proseso)*** *nang may mababang loob na pasasalamat sa mga matatapang na Pilipinong, sa mga oras na ito, ay nasa malayong mga lupain at bulubundukin."*

*"At tayo* ***(nakikiramdam)*** *ay nakakaalam* ***(mental na proseso)*** *na hindi lahat ng problema ay kayang lutasin ng gobyerno."*

Sa pag-aaral din nina Kamal Shayegh at Nesa Nabifar (2012) na ang materyal na proseso ang unang madalas din na ginagamit sa mga piling talumpati nang pangulo ng amerika na si Barak Obama sinundan ng mental na proseso at pangatlo naman ay pamanggit na proseso.

### 5.2.8. MODALITY ANALISIS

Gamit ang modality analysis, natuklasan ng mananaliksik na madalas gumamit ang pangulong Aquino ng "**mataas na paggalang**" ng mga pananalita sa kanyang mga piling talumpati batay sa pandiwang modal. Tinukoy ni Halliday (1985) na *"during conversation, speaker give something to addressee or ask something from him."*

Gaya ng mga sumusunod na pahayag:

"*Isandaang araw po ang nakalipas, nagpanata ako sa taumbayan: Hindi ko tatalikuran ang tiwalang kaloob ninyo sa akin".*

*"Matagal pong naligaw ang pamahalaan sa daang baluktot. Araw-araw po, lalong lumilinaw sa akin ang lawak ng problemang ating namana. Damang-dama ko ang bigat ng aking responsibilidad."*

*"Saan po dinala ang pera?"*

*"Sa akin lang po, kung ang isang lahi ay lumaya nga ngunit mas lalo naming malulubog sa pagdurusa, ano po ang silbi ng paglaya?"*

Pinatutunayan lamang ng mga pahayag na ito ng pangulo ang pagkakakilala sa ating mga Pilipino bilang isa sa mga pinakamagagalang na tao sa mundo dahil

sa paggamit ng katagang “po” at “opo” at iba pang kahalintulad na pahayag. Ipinapakita rin ng ating pangulo na bilang isang may kapangyarihan at iginagalang na pinuno ng bansa dapat lamang niyang ipakita ang magandang katangian ng isang pinuno ang gumagalang sa kanyang nasasakupan at magsilbi siyang inspirasyon bilang isang magandang halimbawa lalong-lalo na sa mga kabataan sa kasalukuyan.

### 5.2.9. PANAHUNAN NG PANDIWA

Gamit ang tekstwal analysis, napag-alaman ng mananaliksik sa mga pagsusuri ng teksto sa mga talumpati ni PNoy na madalas niyang gamitin ang “Panghinaharap na panahunan ng pandiwa”na may 372 beses, Sumunod naman ang “Nakaraan na panahunan ng pandiwa” na may 340 beses at ang panghuli naman ay “Pangkasalukuyan na panahunan ng pandiwa” na may 232 (tingnan ang kabuuang pagsusuri sa Apendiks B)

Ito’y natural lamang na ang ginagawang panahunan ay mas madalas nababanggit sa mga talumpati ng pangulo upang mas ipahatid ang mga lokal at pangdaigdigang mga sitwasyon mula sa politikal, ekonomikal at kultural na mga aspeto sa panghinaharap. Ang gamit nito ay upang mabuo ang relasyon sa pagitan ng pangulo at nang kanyang mga tagapakinig at manunuod.

Ang pangnakaraan na panahunan ay primaryang ginagamit upang ipakita ang mga plano at mga dapat asahan sa hinaharap. Ang panahunang ito ay nakakatulong sa pangulo upang mailatag niya o ng kanyang gobyerno ang mga

sumusunod na reporma o hakbang na dapat gawin ng kanyang bansa upang tumibay ang kanyang nasyon at ang mga kaakibat na pagbabago o resulta ng mga hakbang na ito. Sa ganitong paraan, ang tunguhin ng gobyerno ay maipapakita rin kasabay ng pagtitiwala ng mga manunuod sa pagbuo ng inaasam-asam na kagandahan at yaman ng kanilang kinabukasan. Isang magiging natural na resulta na ang mga Pilipino ay susunod sa direksyon ng pamahalaan at gabay nito sa susunod na anim na taon at kung gayon nga ang hangarin ng mga talumpating ito ay kanilang makakamit. Ang nakaraan at kasalukuyang panahunan naman ay karaniwang tumutukoy sa mga bagay na ginagawa o ginawa na sa nakaraan. Ang gamit ng mga ito ay nakabatay sa bagong halal na pangulo at sa kanyang mga pagbanggit sa mga nakamit ng nakaraang administrasyon o pagbabalik tanaw sa mga positibo o negatibong karanasan noong nakaraan bilang partisan sa mga gagawin niya pa lamang ngayon. Sa ganitong paraan, ang kanyang paggalang sa nakaraan ay maipapakita at ang kanya ring mga plano ay maipapaliwang niya ng buo. (Cheng Yumin, 2007).

Ganito rin ang sinabi ni Wang (2010) sa kanyang pag-aaral na: *"the use of simple present tence facilitates creation of a close relationaship between the president and his audience and the easy identification and acceptation of the validity of the assrtions contained in the speaking".*

Pansinin ang mga sumusunod na pahayag ni pangulong PNoy:

*"Mulat po tayong kaakibat ng kalayaang **maghayag** ng opinyon ay ang katotohanang minsan, **magtataliwas** ang mga opinyong ito. Ngunit kampi ka man sa Dallas o Miami: Pro or Anti- Responsible Parenthood ka man, iisa ang sentimyento nating bilang Pilipino; hindi natin gusto ang sitwasyon; alam nating may mas maganda pa rito, at gusto nating **marating** iyong mas magandang iyon. Siguro naman po nagkakaisa tayo sa katotohanang nakapagtanim na tayo ng pagbabago".*

*"Ngayon pong magiging kasabay na ng botohan sa ARMM ang buong bansa, **masisimulan** na sa wakas ang **pagsasaayos** ng sistemang electoral doon, at **maririnig** na ang buong lakas ng tinig ng mga taga ARMM. Tagumpay po ito hindi lamang ng Mindanao, kundi ng lahat ng Pilipino."*

### 5.2.10. PANGHALIP PANAO

Gamit ang tekstwal analysis, Napag-alaman ng mananaliksik na malalagom sa mga pagsusuri sa teksto ng mga talumpati ni PNoy na madalas gamitin na panghalip panaong "Natin", sumunod ang panghalip panaong "Atin", gayundin ang panghalip panaong "Tayo"

Batay sa interpersonal function ni Halliday (1985) ay ganito ang isinasaad "*Mood is composed of functional elements of subject and finite in wich subject approves or disapproves arguments. In clauses, pronouns may be used as subject."*

Sa pag-aaral ni Shayegh at Nabifar (2012), inilahad na *The use of First person **"we"** shorts the distance between the speaker and the audience, regardless of their disparity in age, social status and professions ets. It may include both speaker and the listener into the same arena, and thus make the audience feel close to the speaker and his points.*

Mapapansin ang mga sumusunod na pahayag ni pangulong PNoy:

"*Hindi **natin** ipagpapaliban ang mga pangangailanagan ng **ating** mga estudyante, kaya't sisikapin **nating** punan ang kakulangan sa **ating** mga silid-aralan."*

**"***Hindi kami magiging sanhi ng inyong pasakit at perwisyo. Palalakasin **natin** ang koleksyon at pupuksain **natin** ang korapsyon sa kawanihan ng Rentas Internas at Bureau of Customs para mapondohan **natin** ang **ating** mga hinahangad para sa lahat".*

Nabatid ng mananaliksik na ang madalas na paggamit ng panghalip panao na "Natin" ng pangulo ay nagpapakita lamang na lahat ng kanyang mga ginagawang bagay, pagtalima sa batas at pagpapasya ay may kasama siya o mga naniniwala sa kanya (mga tagapakinig/ sambayanang Pilipino) batay sa pangngangailangan ng nakakararami.

## 5.2.8 PAGTUKOY SA ISTILO NG MGA PILING TALUMPATI NI PNOY

Gamit pa din ang tekstwal analisis, natuklasan ng mananaliksik na ang mga talumpati ni PNoy ay katatapukan ng limang bahagi:

Una ay ang **Introduksyon**, gaya ng mga pahayag na ito:

***"Sabi ko nga sa inyo, nagagalak akong Makita kayong lahat ngayon."***

***"Kung ang makikita po natin tuwing eleksyon ay ganito: mga botanteng dinidiktahan kung sino ang isusulat sa balota, may demokrasya pa kaya ba?"***

***"Hayaan po ninyong simulan ko ang aking talumpati sa mungkahi ng isang dating hepe ng PNP nang siya ay nanunungkulan pa, na hanggang ngayon ay hindi ko po sigurado kung pabiro niyang sinabi…"***

Pangalawa ay ang pagtatampok ng mga mabuting nagawa ng kanyang administrasyon, gaya ng mga sumusunod na halimbawa:

***"Taos pusong pasasalamat sa kongreso para sa pagpapasa ng batas kasama na ang mga taong tumulong upang mabuo ito at maimplementa."***

***"Nakalaan na rin po ang pondo para dagdagan ang mga inspector ng DOLE para siguruhing nasusunod ang Department Order 18-A"***

Pangatlo ay ang pangagaral na nagbibigay pag-asa, gaya ng mga sumusunod na pahayag:

***"Edukasyon ang susi sa pangmatagalang kaunlaran ng bansa. Ang pagkakaraoon nga po ng matibay na pundasyon sa edukasyon ang siyang pagbubukas sa maraming pagkakataon upang umunlad sa buhay. Kapag nakapag-aral ka nang mabuti, kipkip mo rin ang kakayahang maghanap ng magandang trabaho o hanapbuhay, na siya namang magiging kasangkapan mo sa pagsisikap sa maginhawang buhay."***

Pang-apat ay ang pagtalakay sa magiging bunga ng polisiyang tuwid na daan gaya ng mga sumusunod na pahayag:

***"Magtuloy-tuloy lang po tayo sa pagtutulungan, at hindi po malayong maabot na natin ang maliwanag na bukas na ating inaasam".***

***"KATAHIMIKAN AT KAPAYAPAAN ANG SUSI NG ATING PAG-UNLAD BILANG ISANG BANSA"***

Pang-lima ay ang pagkita ng sinagtala, o pagtatapos na may matalinghagang konotasyon tulad ng mga sumusunod na pahayag:

***"Tinatawag kayong Sinagtala—liwanag na nasisilayan sa pagtingala natin sa kalangitan, na siyang kanlungan ng ating mga pinakamatayog na adhikain."***

Natukoy din ng mananaliksik ang iba pang estilo ni PNoy kaugnay sa palalahad ng piling kaisipan, pangungusap at retorikang pamamaraan sa paghahatid ng mensahe sa kanyang tagapakinig o manonood batay sa mga piling sitwasyon:

Pagbibigay halimbawa ng **“Rules of Three”**

- ***“…ang mahalaga sa taumbayan ay resulta: hindi pagpapapogi, hindi headline, at mas lalong hindi ang pagkapit sa kapangyarihan.”***
- ***“Pilipino ako, kaya na akong tulungan ng aking gobyerno, kaya na akong tulungan ng kapwa ko Pilipino, at kaya ko na ring tumulong sa buong mundo…”***
- ***“…sa pangalan ng buong Pilipinas ang karapatang makapamuhay nang malaya at nagsasarili, hiwalay at kalag na kalag sa kapangyarihan ng Espanya.”***
- ***“…kaya’t ipinakita natin sa mga namumuhunan na hindi natin sila gagatasan, hindi natin sila papahirapan, at hindi natin bubukulan***

Pagtukoy sa halimbawa ng “**Kontrast”**

- ***“Sila po ang tunay na bida sa kaso, ngunit death threats pa po ang ibinabayad sa kanila.”***
- ***“Nakita naman po natin ang katakot-takot na problemang minana natin, ngunit di po tayo patitinag.”***
- ***“…aminado silang hindi natin maiwawasto agad ang lahat ng problema, pero naniniwala silang patungo na tayo roon.”***
- ***“… mga taong gusto lamang ituloy ang kanilang kaligayahan, habang binabalewala naman ang sakripisyo ng taumbayan.”***

Pagtukoy sa **“Nakalipas”**

- ***"Nilabanan ng aking ama nag diktatura at ibinuwis niya ang kanyang buhay para tubusin ang ating demokrasya. Inialay ng aking ina ang kanyang buhay upang pangalagaan ang demokrasyang ito."***
- ***"Sigaw natin noong kampanya: "Kung walang corrupt, walang mahirap."***
- ***"Bubuhayin natin ang programang "emergency employment" ng dating pangulong Corazon Aquino sa pagtatayo ng mga bagong imprastraktura na ito."***
- ***"Kung dati ay may fertilizer scam…"***
- ***"Binuhay natin ang diwa ng people power noong kampanya."***
- ***"Kamakailan lamang, ang bawat isa sa atin ay naninindigan sa presinto…"***

### 5.2.9 PAGSUSURI NG RETORIKAL NA PAGPAPAHAYAG

Gamit ang tekswal analisis, natuklasan ng mananaliksik sa mga pagsusuri sa teksto ng mga talumpati ni PNoy ang paggamit ng mga matatalinhagang pahayag o "tayutay". Madalas gumamit ang pangulo ng mga **Retorikal na Tanong** ng mga tayutay na salita. Nakita rin halos ng mananaliksik ang pinaka karaniwan niyang ginagamit ay ang **Eupemismo o Paglulumanay**. Ang madalas niyang paggamit ng mga ito ay mainam upang maaabot niya ang puso ng kanyang mga manunood o tagapakinig. Sa paggamit niya ng eupemismo, nabibigyan ng lumanay at pagdadahan-dahan ang kanyang mga linya kahit na halata namang may mas nag-aalab na damdaming

nakapaloob dito at malamang ay ginagawa niya lang ito upang magpakita ng propresyunalismo sa kanyang trabaho ay hindi basta-bastang padadala sa mga panunuya sa kanya ng ibang mga kritiko. Maiinam din ang paggamit niya ng mga **retorikal na tanong** sapagkat naiiwanan nito ng bagay upang bulay-bulayin ang kanyang mga mununuod o tagapakinig at mas nailalagay nito ang mga tao sa posisyon niya bilang isang pangulo ng bansa, kung saan sila'y mas makapag-iisip ng malalim tungkol sa mga nasabing isyu o problemang kinakaharap ng ating bansa sa kasalukuyan.

Ayon sa aklat nina Bisa (2008) na ang retorika ay pagsaalang-alang sa maingat na pagpili ng mga salita, sa mabisang paghahanay ng mga ito at sa paggamit ng mga panretorika. May mga binanggit sina Alejandro (1970) at Susan Lardner (sa pagkasipi nina Halsey at Friedman 1979) kaugnay ng mga alusyon o tukoy at mga talinhaga o tayutay.

Pansinin ang paggamit ni pangulong PNoy ng mga tayutay sa kanyang mga piling talumpati gaya ng mga sumusunod na pahayag:

"*Kasuklam suklam ang kalakarang ito.* ***Pera na naging bato pa****… ang sagot… ay ang makabago at malikhaing mga paraan para tugunan ang mga pagkatagal-tagal nang problema."*

*"Inilihim at sadyang iniligaw ang ating mamamayan sa totoong kalagayan ng ating bansa…* ***Pagbabayaran ng kinabukasan ang kasakiman***

***ng nakaraan****…Ang taumbayan, matapos pagsakripisyuhin ay lalo pang pinahirapan.”*

### 5.2.10 ANG UGNAYAN NG KAPANGYARIHAN AT IDEOLOHIYA SA PAGKOKONSEPTWALISA NG DEMOKRASYA SA PILIPINAS

Sa kabuuan naunawaan ng mananaliksik ang pagkakakugnayan ng wika, ideolohiya at kapangyarihan sa teksto ng mga talumpati ni PNoy. Ginagamit ng pangulo ang wika para mailahad ang mga atityud na nagpapamalas ng adhikaing maisulong ang mga adyendang politikal at maipahatid ng malinaw ang layunin ng tuwid na daan para mapaunlad ang bansa. Ayon sa pag-aaral nina Shayegh at Nabifar (2012) na binanggit ni Norman Fairlough sa kanyang aklat na Language and Power (2001) “Systemic Functional theory of language is particularly helpful in textual analysis (Halliday 1978; 1985; Hodge and Kress 1988; Thibault 1991), *both because its approach to studying grammar and other aspect of language form is a functional one, and because it is systematically oriented to studying the relationship between the texture of text and their social context and Systemic Functional Lingguistics also has a view of text which is a potentially powerful basis not only for analysis of what is in text, but also for analysis of what is absent or omitted from text.”*


Napatunayan ng mananaliksik na naging epektibo sa mga nakikinig o manonood ang  paghahatid ni PNoy ng kanyang mga mensahe sa mga piling

talumpati kaugnay sa mga ideolohiya na kanyang ipinararating sa madla gayundin ang kapangyarihan ng wika kung paano nakuha ni Pangulong PNoy ang tiwala ng mga nakararaming Pilipino batay sa mga lumabas na satisfactory rate ng pangulo.

Ayon sa ipinalabas ng Rappler. Com noong Setyembre 19, 2012 ganito ang isinasaad:

> *Manila, Philippines- President Benigno Aquino III's approval and trust ratings improved significantly in September, with 78% of Filipinos saying there're not only satisfied with his performance but trust him too. The Pulse Asia survey results are almost similar to his ratings of 79% and 80% trust in May 2010, that the height of the presidential election which he eventually won by a landslide. The survey, conducted from August 31 to September 7, found that Aquino and trust ratings were both at 78%, an improvement from last May's 67% approval and 65% trust ratings. Only 4% of Filipinos are critical of Aquino and distrust him while 18% are ambivalent. Aquino registered majority approval and trust ratings across all geographic areas (75% to 80% and 71% to 80%, respectively) and socio-economic classes (72% to 83% and 75% to 86%, respectively).*

Maliwanag kung ganoon na nailapit ni PNoy ang kanyang mga ideolohiya bilang pangulo gayundin kapangyarihan ng wika bilang kasangkapan ng komunikasyon. Mula sa kinalabasan ay mabubuo ang isang konsepto na ang isang diskursong pampolitika ay maaaring masuri sa pamamagitan ng tekstwal, sosyolohikal, at konseptwal, na ang paggamit ng wika ay matutukoy ang ideolohiya ng gumagamit at kung paano ang wikang ito ay magbibigay sa kanya ng kapangyarihang makakuha ng interes at simpatiya ng madla. Ipinapakita rin na kapag binago mo ang wika, magbabago ang ideolohiya at kapangyarihan. Samakatuwid ang bawat isa ay dumedepende sa isa't isa.


wika
ideolohiya
Tekstwal na Pagsusuri
Sosyolohikal na Pagsusuri
Kontekstwal na Pagsusuri
diskursong pampolitika
kapangyarihan

## 5.3 KONKLUSYON

Bunga ng mga natuklasan sa pag-aaral ng mga piling talumpati ni pangulong PNoy, nabuo ang mga sumusunod na kongklusyon ng naturang pag-aaral gaya ng mga sumusunod:

5.3.1 Naisagawa ang pagbuo ng umuunlad na Ekonomiya ng bansa sa pamamagitan ng kapangyarihang diskursiv ni pangulong PNoy.

5.3.2 Sa paraang Linggwistika na ginamit ni pangulong PNoy sa diskors ay bumubuo ng positibong paglalarawan na umuunlad na ekonomiya ng bansang Pilipinas. Nagbibigay diin din ito sa kapangyarihang diskursiv ni PNoy.

5.3.3. Ang pangulong PNoy ay may "Ideological Square" na ginamit niya sa pagtatalumpati upang mapalitaw ang **positibong presentasyon sa atin (Us)** at **negatibong presentasyon sa kanila (Them).**

5.3.4 Sa pagpapahayag ng mga piling talumpati ni PNOy, ang magagalang na salita ang siyang nagbibigay ng motibasyon sa (consumer) o tagapakinig bilang "Ideological Dimension".

5.3.5 Ginagamit ng estratehiyang Legitimasyon ng mga piling talumpati ni PNoy upang igiit ang kapangyarihan ng (prodyuser) ng diskors sa bansa, kongreso at ng publiko.

5.3.6 Ang mga piling talumpati ni PNoy ay nakatuon sa "Over good things" at "Their bad things", bilang "Ideological square".

5.3.7 Ang mga piling talumpati ni PNoy ay may mapagmanipulang diskors na kaya nitong manipulahin ang sambayanang Pilipino upang lubos na isipin na ang bansang Pilipinas ay nasa mabuting kalagayan ng ekonomiya.

5.3.8 Masasabi na ang mga salita, pangungusap at diskursong ginamit ni PNoy ay pawang payak, maikli at madaling maintindihang wika upang maabot ng panguloang puso at damdamin ng kanyang (consumer) o tagapakinig.

5.3. 9 Naipakita na ang dalawang partido, ang kongreso at mamamayang Pilipino ay walang magkatulad na lakas o kapangyarihan gaya ng sa pangulo ng diskors. Sila ay kapwa tagapakinig lamang na walang kakayahang magbigay ng tugon gaya ng sa isang usapan o talakayan.

5.3.10 Naipahayag kung paano ipinakita ang wikang ginagamit ng pangulong PNoy ang ideolohiya niya at nagagamit din ang wikang ito upang magpakita ng kapangyarihan o dominasyon sa pagkokonseptwalisa ng demokrasya sa bansang Pilipinas.

## 5. 4 REKOMENDASYON

Batay sa kinalabasan ng isinagawang pag-aaral, ang mga sumusunod ay mga rekomendasyon na magkapagpapalawak sa pag-aaral na ito:

### 5.4.1 Sa mga Posibilidad na Pananaliksik

5.4.1.1 Ang kasalukuyang pag-aaral ay magagamit bilang batayan sa diskors analisis, sosyolinggwistik, saykolinggwistiks at antropolohiya bilang paksa ng pananaliksik sa mataas na pag-aaral.

5.4.1.2 Magkaraoon ng kahawig na pag-aaral ngunit sa ibang mataas na kawani ng gobyerno, sa kilalang personalidad ng midya, sa mga religious leader , mga kilalang artista o sa iba pang mataas na personalidad sa lipunan.

5.4.1.3 Maaaring sikapin ng mga mananaliksik na suriin ang mga salitang mas binibigyang pansin batay sa kapangyarihan ng wika kung ano ang mas mangingibabaw sa aspetong panggagahum o Hegemony ng wika.

### 5.4.2 Mga Posibilidad na Pedagohikal

5.4.2.1 Maaaring suriin ang mga ilang mahahalagang paggamit ng mga matatalinhagang salita o tayutay bilang pagsusuri ng mga akdang pampanitikan.

5.4.2.2 Maaaring maipabatid ng mga guro ang panghalip panao, kapanahunan ng pandiwa ay maging lunsaran o batayan sa pagbubuo ng mga batayang – aklat sa Filipino.

5.4.2.3 Dahil sa kinalabasan ng pag-aaral, maaring isama ng guro sa kanilang pagtuturo ang kahalagahan ng wika kung paano nakakaapekto ang mga idelohiyang nais iparating ng speaker sa kanyang tagapakinig.

5.4.2.4 Maaaring isama ng mga guro sa kanyang pagtuturo kung paano maging mapanuri ang kanyang mga mag-aaral sa mga talumpating naririnig mula sa mga opisyal ng ating pamahalaan at maging sa iba pang kalahok sa usapan.

5.4.2.5 Maaaring isama ng mga guro kung paano sumulat ng isang masining na talumpati gamit ang mga retorikang pamamaraan.

**5.5 Sa mga Posibilidad na Pagpaplanong Pangwika:**

5.5.1 Maaaring ikunsidera ng mga nagpaplano ng wika ang mga pagsusuri sa ginawang pag-aaral bilang kontribusyon sa pagsusuri ng mga panghalip, kapanahunan ng pandiwa at mga modal sa pagbubuo ng mga tuntunin sa gramatika at ortograpiyang Filipino.

5.5.2 Maaaring pagbatayan din ang mga nabuong pananaliksik sa paraan ng pagsulat ng masining na talumpati batay sa istruktura nito.

5.5.3 Maaaring pagbatayan ang mga piling salita, pahayag upang magamit ng wasto ang mga salitang makapagbibigay ng kasiningan ng pagtatalumpati.

# BIBLIOGRAPIYA


Alcoberes, Philip Jay N. (2010) Ang Retorika sa pagpapayong Paglalakbay. Disertasyon. PNU. Manila.

Ampil, Roberto L. (2010) Mga Panayam sa Radio at Telebisyon: Pagsusuri sa Pasalitang Diskors sa Media. Disertasyon PNU. Manila.

Basil Bernstein (1996). Pedagogy, symbolic control and identity. London: Taylor & Francis. In British Journal of Sociology of Education, 18(1), pp.119-124.

Bernstein, B. (1971). Class, Codes and Control (Volume 1). London: Routledge & Kegan Paul.

Bisa, Simplicio, at mga kasama. 2008. Masining na Pagpapahayag (Dulog Modyular) Lungsod Quezon: C & E Publishing, Inc.

Bloommaert, J. (2005) Discourse, A Critical Introduction. Cambrige University Press.

Bushman, J.H (2001). Honesty in Language: Is This the Way to Achieve Power? English Journal, National Council of Teachers of English

Cheng Yumin.(2007). An Analysis of Style Features of Inaugural Speeches Given by American presidents based on the Functional theory of Han Lide. From the thesis of a master. Tai Yuan Science University.

Chilton, Paul. 2004. Analysing Political Discourse. Theory and Practice. London: Routledge.

—. 2004. Analysing Political Discourse. Theory and Practice. London: Routledge.

Christie, F. (2002) Classroom Discourse Analysis: A Functional Perspective. Continuum.

Dai Weihua, Gao Jun. (2002). A Critical Discourse Analysis: Theory Comment and Examples Analysis. Foreign Language Issue 6.P85-88.

David, R.S. (1996) Politika ng Wika, Wika ng Politika. Daluyan 7 (1-2), 19-28.

De Leon, Veronidia L. (2000) An Analisis of Retoric of Written Discourse of Selected Business Management. Disertaion PNU Manila.

De Quiros, C. (1996)Ang Kapangyarihan ng Wika, Ang Wika ng Kapangyarihan. Daluyan 7 (1-2). 29-35.

Dellinger, B. (1995) Views of CNN Television News: A Critical Cross-Cultural Analysis of the American Commercial Discourse Style. Vaasa: Universitas Wasaensis.

Edelman, M.J (1977). Political Language: words that succeed and policies that fail, Academic Press.

Edwards, D.M (2006) Worship 365: The Power of A Worshipping Life. B&H Publishing Group.

Eggins, S. (2004) An Introduction to Systemic Functional Linguistics. Continuum.

Fairclough, N (2006). Language and Globalization. London and New York: Routledge.

Fairclough, N (2003). Analysing Discourse: Textual Analysis for Social Research. London and New York: Routledge.

Fairclough, N. (2000), *Language Power*. 2nd Edition New York: Longman.

Fairclough, N. L. and Wodak, R. (1997). Critical discourse analysis. In T. A. van Dijk (ed.), Discourse Studies. A Multidisciplinary Introduction, Vol. 2. Discourse as Social Interaction (pp. 258-84). London: Sage.

Fairclough, N. (1997). Critical discourse analysis: The critical study of language. London: Longman Group Limited.

Fairclough, N. &Wodak, R. (1997).Critical Discourse Analysis. In T. Van Dijk (Ed.) Discourse in Social Interaction. London: Sage.

Fairclough, N. (1996), “Rhetoric and Critical Discourse Analysis: A Reply to Titus Ensinkand Christoph Saucer”, Current Issues in Language and Society. 3(3):286-289.

Fairclough, N. (1995): *Critical Discourse Analysis*. London: Longman.

Fairclough, N. (1993): “Critical Discourse Analysis and the Commodification of Public Discourse”, Discourse & society. 4.2: 133-168.

Fairclough, N.(1992). Discourse and Text: Linguistic Intertextual Analysis Within Discourse Analysis. Discourse and Society 3(2): 193-217.

Fairclough, N. (1989): *Language and Power*. London: Longman.

Fasold, R. (2006). An Introduction to Language and Linguistics. Georgetown University, Washington D.C.

Foucault, M. (1976). “The Meshes of Power”(Lecture given at the University of Bahia, Brazil, November 1st 1976). Crampton, Jeremy W. &Elden, Stuart (Ed). (2007). Space, Knowledge and Power: Foucault and Geography. Ashgate Publishing, Limited. Abingdon, Oxon GBR.

Foucault, M. (1980a). Seksualities  Histories. Spartakus for Lag.

Foucault, M. (1980b). Power/Knowledge: Selected Interviews and Other Writings. Gordon, Colin (ed.). Pantheon Books. New York.

Friedman, Jaclyn &Valenti, Jessica. (2008). Yes Means Yes: Visions of Female Sexual Power and A World Without Rape. Seal Press. Jackson TN.

Filardo Llamas, L. ; Gonzales-Cascos Jimenez, E. and Riesco Canduela, L. (2011) On the Validity of Systemic Functional Approaches as a Tool for selecting Materials in CLIL Contexts. A Case Study. Porta Linguarum. Vol. 16, pp. 65-74.

Gilligan, Carol. (1982) In A Different Voice. Harvard University Press. Cambridge.

Gonong, Gina O.(2007) Image Construction of a Developing Nation in Presidential Rhetoric: A Critical Discourse Analysis. Disertation PNU. Manila.

Gramsci, Antonio. (1971). Selections from the Prison Notebooks. International Publishers Co. New York.

Halliday, M.A.K. & Martin, J.R. (1993). Writing Science: Literacy and Discursive Power. London: Routledge.

Halliday, M.A.K. (1985) Dimensions of Discourse Analysis: Grammar. In The Handbook of Discourse Analysis, Vol 2: Dimensions of Discourse. London: Academic Press. Reprinted in full in On Grammar, Volume 1 in the Collected Works of M.A.K. Halliday. London and New York: Continuum. p262.

Halliday, M.& Hasan, R.(1989) Language, Context and Text: A Social Semiotic Perspective. Oxford: Oxford University Press.

Halliday, M.A.K. (1985) 1994. An Introduction to Functional Grammar, London: Edward Arnold.

Halliday, M.A.K. (1979). Linguistic Function and Literary Style: An Inquiry Into The Language of William Golding's The Inheritors. In Linguistic Studies of Text and Discourse. Ed. Jonathan J. Webster. 88-125. Peking; Peking University Press.

Holmes, J. (1992) An Introduction to Sociolinguistics. London: Longman.

Horvarth, J. (2009) Critical discourse analysis of Obama's political discourse. Language, Literature and Culture in a Changing Transatlantic World International Conference Proceeding, University Library of Presov University, 22-23.

Hu Zhuanglin. (1988). A Course of Linguistics. Peking: Peking University Press.

--1988. "Poetry as Scientific Discourse", in Birch, David, & Michael O'Toole, eds., Functions of Style, London: Pinter Publishers.

Irvine, J. (1989)"When talk isn't cheap:Language and Political Economy.A" meican ethnologist,16: 248-2Labov, W.(1963) The Social Motivation of a Sound Change. Word 19:273-309.

Junling Wang. (2010). A Critical Discourse Analysis of Baracks Obama's Speeches. Journal of language Teaching and Research, Vol. 1, No.3, pp.254-261. Finland. Academy Publisher.

Kaplan, R. (1990) "Concluding Essay: On Applied Linguistics and Discourse Analysis," Robert Kaplan, ed., Annual Review of Applied Linguistics, Vol. II.

Kress, G. (1990) "Critical Discourse Analysis," Robert Kaplan, ed., Annual Review of Applied Linguistics, II.

Labov, W. (1970) The Study of Language in its Social Context. Studium Generale. 23: 66-84

Labov, W. (1966) The Social Stratification of English in New York City. Washington DC: Center for Applied Linguistics.

Lin Wei, Yang Yuchen. (2007). English Discourse Analysis. Shanghai; Fu Dan University Press.

Luo Li. (2007). A Critical Discourse Analysis of A Political Speech. Science and Education Collection P193-194.

Palma Joan P. (2008) The Retoric of Self-And Other Presentation in Computer-Mediated Communication (CMC) Context: A Discourse Analysis. Disertaion PNU. Manila.

Schaffner, C. (1996). Editorial: Political Discourse and Political Speeches. Current Issues in Language and Society 3(3):201-204

Shayegh Kamal, Nabifar Nesa (2012) Power in Political Discourse of Barak Obama, Journal of Basic Applied Scientific Research TextRoad Publication.

Titscher, S., Meyer, M., Wodak, R., Vetter, E. (2000) Methods of Text and Discourse Analysis: In Search. Sage.

Van Dijk, T. A. (2006): Discourse and Manipulation. Discourse & Society 17(3): 359-383.

____________ (2003) The discourse-knowledge interface. In: Weiss, G. and R. Wodak (eds.), Multidisciplinary CDA. (London, Longman), 85-109.

Van Dijk, T. A (2001). Critical discourse analysis. In Schiffrin et al. (Eds.) The handbook of discourse analysis. USA: Blackwell.

____________ (1999) Context models in discourse processing. In: Van Ostendorp, H. and S. R. Goldman (eds.), The Construction of Mental Repre- sentations during Reading. Mahwah, NJ, USA: Lawrence Erl- baum Associates, 123-148.

Van Dijk, T. A. (1998) Ideology. A Multidisciplinary Approach. London: Sage.

Van Dijk, T. A. (1993a). Elite Discourse and Racism. Newbury Park, CA: Sage.

Van Dijk, T. A (1993). Principles of Critical Discourse Analysis.Discourse and Society, 4. Retrieved October 2, 2006, from http://das.sagepub.com/

Van Dijk, (1985). A handbook of Discourse Analysis London Academic Press Limited. Volume 4.

Wang, J. (2010) A critical Discourse Analysis of Barak Obama’s Speeches, Journal of language testing and Reasearch, 1(3), 254-261.

Wardhaugh, R. (1986) An Introduction to Sociolinguistics. Oxford: Basil Blackwell.

Wareing, S. (2004). What is Language and What Does It Do? In L. Thomas, S. Singh, J. Peccei J.

Wittgenstein, L. (1965) Philosophical Investigations. New York: The Macmillan Company.

Wei Fang. (2005). Language Feature Analysis and Translation Method of Political Speeches. Journal of Peking Printing College Volumn 13, Issue 6. P75-78.

Wodak, R. (2000); "What is CDA about- a summary of its history, important concepts and its developments", in R. Wodak and M. Meyer (Eds): *Methods of Critical Discourse Analysis*. London: Sage Publications, Inc.: 1-13.

Wodak.R. (1989). (Ed): *Language Power and Ideology: Studies in Political Discourse*. London: Benjamin Publishing Company.

Wolfram, W. & Schilling-Estes, N. (2006) "Language Evolution or Dying Traditions: The state of American Dialects." American Voices. Ed. Walt Wolfram and Ben Ward. Malden/Oxford: Blackwell, 1-7.

Wolfram, W. & Schilling-Estes, N. (2006). American English: Dialects and Variation, Second Edition. Malden, MA: Blackwell.

Xiong Li. (2004). A Study of Kennedy's Writing Style from Words of His Inaugural Speech. Journal of Southwest National University, Issue 6. P 407-410.

Xu Xiaoxia. (2008). A Critical Discourse Analysis of Sino-American Political News Report. From the thesis of a master. Shan Dong Normal University.

Zhuanglin, H. (1988) A course of Linguistics. Peking University Press.

http:// www.president.gov.ph/speeches/

# APENDIKS A
## PAGSUSURI SA MGA SALITANG MADALAS GAMITIN SA MGA TALUMPATI

| AGENDA | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| EKONOMIYA | SALITA | T1 | T2 | T3 | T4 | T5 | T6 | T7 | T8 | T9 | T10 | KABUUAN |
| | proyekto/project | 7 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 7 |
| | programa | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 2 |
| | **pondo/fund** | **15** | **0** | **0** | **0** | **0** | **2** | **0** | **2** | **0** | **0** | **19** |
| | budget | 7 | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 2 | 0 | 0 | 11 |
| | porsyento/percent | 8 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 4 | 0 | 2 | 0 | 14 |
| | trillion piso | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 4 | 0 | 6 |
| | **billion piso** | **12** | **8** | **0** | **2** | **2** | **0** | **0** | **2** | **3** | **0** | **29** |
| | million piso | 8 | 2 | 0 | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 12 |
| | million dollars | 0 | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 2 |
| | billion dollars | 2 | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 4 |
| | dollars | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 6 | 0 | 6 |
| | bonus | 6 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 6 |
| | utang/pautang | 11 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 11 |
| | buwis | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 2 |
| | sahod | 3 | | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 3 |
| | stock | 0 | 4 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 4 |
| | interest | 0 | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 2 |
| | kontrata | 0 | 3 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 3 |
| | **trabaho** | **0** | **0** | **3** | **0** | **2** | **0** | **0** | **4** | **11** | **0** | **20** |
| | kahirapan | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| | korapsyon | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 2 | 0 | 0 | 0 | 0 | 2 |
| | kinabukasan | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 |
| | kahirapan | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 5 | 2 | 0 | 0 | 2 | 9 |
| | kinabukasan | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 3 | 0 | 0 | 3 |
| KAPAYAPAAN | SALITA | T1 | T2 | T3 | T4 | T5 | T6 | T7 | T8 | T9 | T10 | KABUUAN |
| | problema | 2 | | | | | | | | | | 2 |
| | suliranin | 1 | | | | | | | | | | 1 |
| | people power | | | 3 | | | | | | | | 3 |
| | **ARRM** | | | | | | **2** | **22** | | | | **24** |
| | relihiyon | | | | | | | 4 | | | | 4 |
| | krimen | | | | | | | | | | 6 | 6 |
| | carnapping | | | | | | | | | | 6 | 6 |
| | kapulisan | | | | | | | | | | 7 | 7 |
| | sumalakay | | | | | | | | | | 4 | 4 |
| | **EDSA** | | | | **8** | | | | | | | **8** |
| | **demokrasya** | | | | **8** | | | | | | | **8** |
| | **kalayaan** | | | | **5** | | **3** | | | | | **8** |
| | **solusyon** | | | | | | | | | **7** | | **7** |
| POLITIKA | SALITA | T1 | T2 | T3 | T4 | T5 | T6 | T7 | T8 | T9 | T10 | KABUUAN |
| | **taumbayan** | **6** | **6** | | | **2** | **3** | | | **3** | | **20** |
| | **batas** | **4** | | **2** | | | | **5** | **12** | | **4** | **27** |
| | tuwid na daan/landas | 2 | | 3 | 3 | 1 | | 2 | | | | **11** |
